

Paris Talks	Mga Pagsasalita sa Paris
Addresses Given by ‘Abdu’l-Bahá in 1911	Mga Talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong 1911

Part One	BAHAGI I
– 1 –	1
The Duty of Kindness and Sympathy towards Strangers and Foreigners	Ang Tungkulin ng Kagandahang-loob at Pagdamay sa mga Hindi Kilala at mga Dayuhan
October 16th and 17th, 1911	<i>Oktubre 16 at 17, 1912</i>
1.1 When a man turns his face to God he finds sunshine everywhere. All men are his brothers. Let not conventionality cause you to seem cold and unsympathetic when you meet strange people from other countries. Do not look at them as though you suspected them of being evildoers, thieves and boors. You think it necessary to be very careful, not to expose yourselves to the risk of making acquaintance with such, possibly, undesirable people.	1.1 Kapag ibinabaling ng isang tao ang kaniyang mukha sa Diyos, natatagpuan niya ang kaliwanagan sa alinmang panig. Ang lahat ng tao ay kaniyang kapatid. Huwag itulot na ang inyong sinusunod na kaugalian ay maging dahilan upang kayo ay maging malamig at mawalan ng pagdamay kapag nakatatagpo kayo ng mga taong hindi kilala buhat sa ibang mga bansa. Huwag silang tingnan para bagang kayo ay naghihinalang sila ay may ginagawang masama, mga magnanakaw at may magaspang na pag-uugali. Iniisip ninyo na kailangang kayo ay maging maingat, na ang inyong mga sarili ay hindi dapat ipakipagsapalaran sa pakikipagkilala sa mga gayong tao, na maaaring hindi kanais-nais.
1.2 I ask you not to think only of yourselves. Be kind to the strangers, whether come they from Turkey, Japan, Persia, Russia, China or any other country in the world.	1.2 Hinihiling kong huwag ninyong alalahanin ang inyong mga sarili lamang. Maging mabuti kayo sa mga dayuhan maging sila ay galing sa Turkiya, Hapon, Persiya, Rusya, Tsina o sa alinmang bansa sa daigdig.
1.3 Help to make them feel at home; find out where they are staying, ask if you may render them any service; try to make their lives a little happier.	1.3 Tulungan silang makadama na para silang nasa sariling tahanan, alamin kung saan sila nanunuluyan, itanong kung mayroon kayong maipaglilingkod sa kanila; sikap ang kanilang mga buhay ay maragdagan ng kahit kaunti man lamang kaligayahan.
1.4 In this way, even if, sometimes, what you at first suspected should be true, still go out of your way to be kind to them—this kindness will help them to become better.	1.4 Sa ganitong paraan, kahit na ang paghihinala ninyo sa simula ay totoo, kailangan pilitin pa rin ninyong maging mabait sa kanila—sapagkat ang kagandahang-loob na iyan ang makatutulong upang sila ay maging lalong mabuti.
1.5 After all, why should any foreign people be treated as strangers?	1.5 Sa ano’t anoman, bakit kailangang ituring na mga di-kilala ang sinumang mga dayuhan?
Let those who meet you know, without your proclaiming the fact, that you are indeed a Bahá’í.	1.6 Hayaang ang makatatagpo Ninyo, kahit hindi ninyo ipaalam, ay mabatid na kayo ay sadyang isang Bahá’í.
1.7 Put into practice the Teaching of Bahá’u’lláh, that of kindness to all nations. Do not be content with showing friendship in words alone, let your heart burn with loving kindness for all who may cross your path.	1.7 Isagawa ang Katuruan ni Bahá’u’lláh, na yaon ay kagandahang-loob sa lahat ng mga bansa. Huwag masiyahan sa pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng salita lamang, hayaang ang puso ninyo ay mag-alab sa mapagmahal na kagandahang-loob para sa lahat ng makatatagpo ninyo sa inyong landas.
1.8 Oh, you of the Western nations, be kind to those who come from the Eastern world to sojourn among you. Forget your conventionality when you speak with them; they are not accustomed to it. To Eastern peoples this demeanor seems cold, unfriendly. Rather let your	1.8 O kayong mga Kanluranin, maging mabait kayo sa mga taga-Silangang nakikipanuluyan sa inyo. Kalimutan ang inyong sinusunod na kaugalian kung kayo ay nakikipag-usap sa kanila; hindi sila hirati sa ganiyan. Sa mga Silanganin, ang ganitong gawi ay

manner be sympathetic. Let it be seen that you are filled with universal love. When you meet a Persian or any other stranger, speak to him as to a friend; if he seems to be lonely try to help him, give him of your willing service; if he be sad console him, if poor succor him, if oppressed rescue him, if in misery comfort him. In so doing you will manifest that not in words only, but in deed and in truth, you think of all men as your brothers.	parang malamig, di-magiliw. Sa halip, pakitaan sila ng asal na madamayin. Ipakita ninyong kayo ay puspos ng pagmamahal sa lahat. Kapag nakatagpo kayo ng isang Persiyano o ng sinumang hindi ninyo kakilala, kausapin ninyo siyang tulad ng isang kaibigan; kung siya ay nalulumbay, siya ay tulungan, pag-ukulan siya ng kusa ninyong paglilingkod; kung siya ay nalulungkot, siya ay aliwin; kung naghihirap, siya ay saklolohan; kung naaapi, siya ay iligtas, kung nagdarahop, siya ay pasiglahin. Sa pamamagitan niyan ay maipakikilala ninyong hindi sa salita lamang kundi sa gawa at sa katotohanan, itinuturing ninyong ang lahat ng tao ay inyong mga kapatid.
1.9 What profit is there in agreeing that universal friendship is good, and talking of the solidarity of the human race as a grand ideal? Unless these thoughts are translated into the world of action, they are useless.	1.9 Anong pakinabang mayroon sa pagsang-ayon na ang pandaigdig na pakikipagkaibigan ay mabuti, na pagsasabing ang pagkakaisa ng mga tao ay dakilang huwaran? Maliban na lamang kung ang mga kaisipang ito ay maisasalin sa daigdig ng pagsasakatuparan, ang mga ito ay walang kabuluhan.
1.10 The wrong in the world continues to exist just because people talk only of their ideals, and do not strive to put them into practice. If actions took the place of words, the world's misery would very soon be changed into comfort.	1.10 Ang mga kamalian dito sa mundo ay nagpapatuloy na umiral sapagkat ang mga tao ay nagsasabi lamang ng kanilang mga mithiin ngunit hindi sila nagsisikap na ang mga ito ay maisagawa. Kung ang mga gawa lamang ang mangyayari sa halip na salita, ang mga paghihirap sa mundo ay mapapalitan ng ginhawa.
1.11 A man who does great good, and talks not of it, is on the way to perfection.	1.11 Ang isang taong gumagawa ng dakilang kabutihan nang hindi pinagmamalaki iyon ay nasa landas ng kasakdalan.
1.12 The man who has accomplished a small good and magnifies it in his speech is worth very little.	1.12 Ang taong nakagawa ng isang munting kabutihan at ipinalalaki iyon sa kaniyang pananalita ay kakaunti lamang ang halaga.
1.13 If I love you, I need not continually speak of my love—you will know without any words. On the other hand if I love you not, that also will you know—and you would not believe me, were I to tell you in a thousand words, that I loved you.	1.13 Kung iniibig kita, hindi ko kailangang ulit-uliting magsalita tungkol sa aking pag-ibig—malalaman mo iyon kahit walang salita. Sa kabilang dako, kung hindi kita iniibig, iyon ay malalaman mo rin—at hindi ka maniniwala kung sabihin ko man sa isang libong salita, na iniibig kita.
1.14 People make much profession of goodness, multiplying fine words because they wish to be thought greater and better than their fellows, seeking fame in the eyes of the world. Those who do most good use fewest words concerning their actions.	1.14 May mga taong ipinagmamalaki ang kabutihan, nagdaragdag ng magagandang mga salita sapagkat nais nilang isipin ng iba na sila ay higit na dakila at mabuti kaysa sa kapwa nila, naghahangad ng katanyagan sa mata ng daigdig. Ang mga gumagawa ng higit na kabutihan ay gumagamit lamang ng ilang salita hinggil sa kanilang mga ginawa.
1.15 The children of God do the works without boasting, obeying His laws.	1.15 Ang mga anak ng Diyos ay gumagawa nang walang pagmamalaki, sumusunod sa Kaniyang mga batas.
1.16 My hope for you is that you will ever avoid tyranny and oppression; that you will work without ceasing till justice reigns in every land, that you will keep your hearts pure and your hands free from unrighteousness.	1.16 Ang pag-asa ko sa inyo ay iiwasan ninyo habang panahon ang paniniil at pang-aapi; na kayo ay gagawa nang hindi maghuhumpay hanggang sa ang katarungan ay makapaghari sa lahat ng dako, na iingat ninyong maging dalisay ang inyong mga puso at maging ligtas ang inyong mga kamay sa di-mabuting mga gawa.
1.17 This is what the near approach to God requires from you, and this is what I expect of you.	1.17 Ito ang hinihingi ko sa inyo upang makalapit sa Diyos, at ito ang inaasahan ko sa inyo.

– 2 –	2
The Power and Value of True Thought Depend upon Its Manifestation in Action	Ang Kapangyarihan at Kahalagahan ng Tunay na Kaisipan ay Nakasalalay sa Paghahayag sa Gawa
October 18th	Oktubre 18
2.1 The reality of man is his thought, not his material body. The thought force and the animal force are partners. Although man is part of the animal creation, he possesses a power of thought superior to all other created beings.	2.1 Ang realidad ng isang tao ay ang kaniyang kaisipan, hindi ang kaniyang katawang materyal. Ang pangkaisipang lakas at ang panghayop na lakas ay magkasama. Bagaman ang tao ay kabilang sa sangkalikhaang hayop, siya ay nag-aangkin ng lakas ng kaisipang higit na mataas kaysa iba pang mga nilikha.
2.2 If a man's thought is constantly aspiring towards heavenly subjects then does he become saintly; if on the other hand his thought does not soar, but is directed downwards to center itself upon the things of this world, he grows more and more material until he arrives at a state little better than that of a mere animal.	2.2 Kung ang kaisipan ng isang tao ay lagi nang naglulungtati tungo sa mga bagay na makalangit, siya ay nagiging banal; kung sa kabilang dako, ang kaniyang kaisipan ay hindi pumapailanglang, at sa halip ay lumalandas nang pababa upang pumagitna sa mga bagay na pangkamunduhan, siya ay lalo at lalong nagiging materyal sa kaniyang paglaki hanggang marating niya ang isang kalagayang nakahihigit lamang nang kaunti sa katayuan ng isang hamak na hayop.
2.3 Thoughts may be divided into two classes: (1st) Thought that belongs to the world of thought alone. (2nd) Thought that expresses itself in action.	2.3 Ang mga kaisipan ay mahahati sa dalawang uri: (Una) Kaisipang nabibilang sa daigdig ng kaisipan lamang. (Ikalawa) Kaisipang inihahayag sa gawa.
2.4 Some men and women glory in their exalted thoughts, but if these thoughts never reach the plane of action they remain useless: the power of thought is dependent on its manifestation in deeds. A philosopher's thought may, however, in the world of progress and evolution, translate itself into the actions of other people, even when they themselves are unable or unwilling to show forth their grand ideals in their own lives. To this class the majority of philosophers belong, their teachings being high above their actions. This is the difference between philosophers who are Spiritual Teachers, and those who are mere philosophers: the Spiritual Teacher is the first to follow His own teaching; He brings down into the world of action His spiritual conceptions and ideals. His Divine thoughts are made manifest to the world. His thought is Himself, from which He is inseparable. When we find a philosopher emphasizing the importance and grandeur of justice, and then encouraging a rapacious monarch in his oppression and tyranny, we quickly realize that he belongs to the first class: for he thinks heavenly thoughts and does not practice the corresponding heavenly virtues.	2.4 Ang ilang mga lalaki at mga babae ay naluluwalhatian sa kanilang marangal na mga kaisipan, ngunit kung ang mga kaisipang ito ay hindi makaaabot sa antas ng gawa, ang mga ito ay mananatiling walang kabuluhan; ang kapangyarihan ng kaisipan ay nakasalalay sa pagpapakilala nito sa gawa. Ang kaisipan ng isang pilosopo, gayunman, sa daigdig ng kaunlaran at ebolusyon, ay maaaring maisalin sa mga gawa ng ibang tao kahit na ang mga taong ito ay hindi kaya o hindi nakahandang magpamalas ng kanilang dakilang mga mithiin sa kanilang sariling buhay. Sa uring ito nabibilang ang marami sa mga pilosopo, ang kanilang mga aral ay higit na mataas pa kaysa sa kanilang mga gawa. Ito ang pagkakaiba ng mga pilosopong mga Gurong Espiritwal at ng mga natuturingang pilosopo lamang; ang Gurong Espiritwal ay Siyang unang sumusunod sa Kaniyang Sariling aral; ipinakikita Niya sa daigdig ng paggawa ang Kaniyang mga palagay at mithiing espiritwal. Ang Kaniyang mga kaisipang Banal ay ipinakikita sa daigdig. Ang Kaniyang kaisipan ay ang Kaniyang Sarili, at dito ay hindi Siya maaaring ihiwalay. Kapag tayo ay makakita ng isang pilosopong nagbibigay-diin sa halaga at kadakilaan ng katarungan, at pagkatapos ay nagpapasigla sa isang mapanagpang na hari sa pang-aapi at pagmamalupit, agad nating napatunayang siya ay nabibilang sa unang uri; sapagkat iniisip niya ang mga kaisipang makalangit at hindi isinasagawa ang kaukulang mga makalangit na kabutihan.
2.5 This state is impossible with Spiritual Philosophers, for they ever express their high and noble thoughts in actions.	2.5 Ang kalagayang ito ay hindi mangyayari sa mga Pilosopong Espiritwal sapagkat ang mga ito ay lagi nang nagpapahayag ng Kanilang mataas at marangal na mga kaisipan sa mga gawa.

– 3 –	3
God Is the Great Compassionate Physician Who Alone Gives True Healing	Ang Diyos ang Dakilang Maawaing Manggagamot na Siyang Tanging Makapagbibigay ng Tunay na Lunas
October 19th	<i>Oktubre 19</i>
3.1 All true healing comes from God! There are two causes for sickness, one is material, the other spiritual. If the sickness is of the body, a material remedy is needed, if of the soul, a spiritual remedy.	3.1 Ang lahat ng tunay na lunas ay galing sa Diyos! May dalawang dahilan ng pagkakasakit, isa ay materyal, yaong isa naman ay espiritwal. Kung ang sakit ay sa katawan, ang isang lunas na materyal ay kinakailangan, kung sa kaluluwa, isang lunas na espiritwal.
3.2 If the heavenly benediction be upon us while we are being healed then only can we be made whole, for medicine is but the outward and visible means through which we obtain the heavenly healing. Unless the spirit be healed, the cure of the body is worth nothing. All is in the hands of God, and without Him there can be no health in us!	3.2 Kung ang makalangit na bendisyon ay sumasaatin habang tayo ay ginagamot, ito lamang ang makapagbubuo sa atin, sapagkat ang gamot ay siyang tanging panlabas at nakikitang paraan sa pagtatamo natin ng makalangit na lunas. Maliban kung ang espiritu ay gumaling, ang paggamot sa katawan ay walang halaga. Ang lahat ay nasa mga kamay ng Diyos, at kung wala Siya ay wala tayong kalusugan.
3.3 There have been many men who have died at last of the very disease of which they have made a special study. Aristotle, for instance, who made a special study of the digestion, died of a gastric malady. Avicenna was a specialist of the heart, but he died of heart disease. God is the great compassionate Physician who alone has the power to give true healing.	3.3 Maraming tao ay nangamatay rin sa mga sakit na pinag-ukulan nila ng matamang pag-aaral. Halimbawa, si Aristotle na gumawa ng tanging pag-aaral sa panunawan ay namatay sa sakit sa bituka. Si Avicenna ay isang espesyalista sa puso, ngunit namatay siya sa sakit sa puso. Ang Diyos ay ang dakilang maawaing Manggagamot na tanging nag-aangkin ng kapangyarihang makapagbibigay ng tunay na lunas.
3.4 All creatures are dependent upon God, however great may seem their knowledge, power and independence.	3.4 Ang lahat ng mga nilikha ay umaasa sa Diyos, gaanuman wari kadakila ang kanilang karunungan, kapangyarihan at kalayaan.
3.5 Behold the mighty kings upon earth, for they have all the power in the world that man can give them, and yet when death calls they must obey, even as the peasants at their gates.	3.5 Tingnan ang mga makapangyarihang hari sa ibabaw ng lupa, nag-aangkin ng lahat ng kapangyarihan dito sa daigdig na maaaring maibigay sa kanila ng tao, gayunman, kapag kamatayan na ang tumatawag, sumusunod sila katulad ng mga magsasaka sa kanilang mga tarangkahan.
3.6 Look also at the animals, how helpless they are in their apparent strength! For the elephant, the largest of all animals, is troubled by the fly, and the lion cannot escape the irritation of the worm. Even man, the highest form of created beings, needs many things for his very life; first of all he needs air, and if he is deprived of it for a few minutes, he dies. He is also dependent on water, food, clothing, warmth, and many other things. On all sides he is surrounded by dangers and difficulties, against which his physical body alone cannot cope. If a man looks at the world around him, he will see how all created things are dependent and are captive to the laws of Nature.	3.6 Masdan din ang mga hayop, anong hihina nila, walang magawa sa kanilang naturingang angking lakas! Sapagkat ang elepante, pinakamalaki sa lahat ng mga hayop, ay nagagambala ng mga langaw, at ang leon ay hindi makaiwas sa kating idinudulot ng uod. Maging ang tao, ang pinakamataas na anyo ng sangnilikha, ay nangangailangan ng maraming mga bagay para sa kaniyang ikabubuhay; una sa lahat, kailangan niya ang hangin, at kung siya ay mapagkakaitan nito sa ilang sandali, siya ay mamamatay. Siya ay umaasa rin sa tubig, pagkain, pananamit, init at marami pang ibang mga bagay. Sa lahat ng panig, siya ay naliligid ng mga panganib at mga kahirapan, at sa mga ito ay hindi kayang makibaka ng kaniyang katawang materyal lamang. Kung ang isang tao ay titingin sa daigdig na nakapaligid sa kaniya, makikita niya kung paanong ang lahat ng mga bagay na nilikha ay umaasa at bihag sa mga batas ng Kalikasan.
3.7 Man alone, by his spiritual power, has been able to free himself, to soar above the world of matter and to make it his servant.	3.7 Tanging ang tao, sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihang espiritwal, ang nangyaring makapagpalaya sa kaniyang sarili, at makaigpaw sa

	rurok ng daigdig ng kabagayan at gawin itong isa niyang utusan.
3.8 Without the help of God man is even as the beasts that perish, but God has bestowed such wonderful power upon him that he might ever look upward, and receive, among other gifts, healing from His divine Bounty.	3.8 Kung wala ang tulong ng Diyos, ang tao ay kaparis lamang ng mga hayop na namamatay, subalit biniyayaan siya ng Diyos ng kahanga-hangang kapangyarihan upang siya ay laging makatingin sa itaas, at makatanggap, kasama ng iba pang mga alaala, ng panlunas na galing sa Kaniyang banal na Kagandahang-loob.
3.9 But alas! man is not grateful for this supreme good, but sleeps the sleep of negligence, being careless of the great mercy which God has shown towards him, turning his face away from the light and going on his way in darkness.	3.9 Subalit sayang! Ang tao ay walang pasasalamat sa sukdulang kabutihang ito, at bagkus siya ay nagpabaya at hindi nagpakundangan sa dakilang awang ipinakita ng Diyos sa kaniya, tuloy tinalikuran ang liwanag at tinungo ang kaniyang landas sa kadiliman.
3.10 It is my earnest prayer, that ye be not like unto this, but rather that ye keep your faces steadfastly turned to the light, so that ye may be as lighted torches in the dark places of life.	3.10 Idinadalangin kong mataimtim na huwag kayong matulad rito, kundi bagkus sikaping ang inyong mga mukha ay matatag na maiharap sa liwanag, nang sa gayon ay maging nagniningas na sulo kayo sa madidilim na lunan ng buhay.

– 4 –	4
The Need for Union between the Peoples of the East and West	Ang Pangangailangan ng Pagkakaisa ng mga Mamamayan ng Silangan at ng Kanluran
Friday, October 20th	<i>Biyernes, Oktubre 20</i>
4.1 ‘Abdu’l-Bahá said: In the past, as in the present, the Spiritual Sun of Truth has always shone from the horizon of the East.	4.1 Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá: Sa nakalipas na panahon, gaya rin ng sa kasalukuyan, ang Araw na Espiritwal na Katotohanan ay laging sumisikat mula sa guhit-tagpuan ng Silangan.
4.2 Abraham appeared in the East. In the East Moses arose to lead and teach the people. On the Eastern horizon arose the Lord Christ. Muḥammad was sent to an Eastern nation. The Báb arose in the Eastern land of Persia. Bahá’u’lláh lived and taught in the East. All the great Spiritual Teachers arose in the Eastern world. But although the Sun of Christ dawned in the East the radiance thereof was apparent in the West, where the effulgence of its glory was more clearly seen. The divine light of His Teaching shone with a greater force in the Western world, where it has made a more rapid headway than in the land of its birth.	4.2 Si Abraham ay lumitaw sa Silangan. Sa Silangan ay sumulpot si Moises upang akayin at turuan ang mga mamamayan. Sa guhit-tagpuan sa Silangan lumitaw ang Panginoong Hesukristo. Si Muḥammad ay isinugo sa isang bansang Silanganin. Ang Báb ay sumulpot sa Silangang lupa ng Persiya. Si Bahá’u’lláh ay nanirahan at nangaral sa Silangan. Ang lahat ng dakilang mga Gurong Espiritwal ay lumitaw sa Silangang daigdig. Ngunit bagaman ang Araw ni Kristo ay sa Silangan sumilay, ang luningning niyon ay nabanaagan din sa Kanluran, at doon ang liwanag ng luwalhati ay nakitang higit na malinaw. Ang banal na liwanag ng Kaniyang mga Aral ay sumilahis nang ibayong bisa sa Kanlurang daigdig na kinatamuhan ng lalong mabilis na pagkasulong kaysa sa bayang sinilangan ng naturan.
4.3 In these days the East is in need of material progress and the West is in want of a spiritual idea. It would be well for the West to turn to the East for illumination, and to give in exchange its scientific knowledge. There must be this interchange of gifts.	4.3 Sa mga araw na ito, ang Silangan ay nangangailangan ng kaunlarang materyal at ang Kanluran ay nasasalat sa mithiing espiritwal. Makabubuti para sa Kanluran na makitungo sa Silangan upang magtamo ng liwanag, at bilang kapalit ay magkaloob naman ng karunungan nito sa agham. Kailangang magkaroon ng ganitong pagpapalitan ng mga handog.
4.4 The East and the West must unite to give to each other what is lacking. This union will bring about a true civilization, where the spiritual is expressed and carried out in the material.	4.4 Ang Silangan at ang Kanluran ay dapat magkaisa at magbigay ng kung ano ang kulang ng bawat isa. Ang kaisahang ito ay magbibigay ng tunay na kabihasan, kung saan ang espiritwal ay nahahayag at naisasakatuparan sa materyal.
4.5 Receiving thus the one from the other the greatest harmony will prevail, all people will be united, a state of great perfection will be attained, there will be a firm cementing, and this world will become a shining mirror for the reflection of the attributes of God.	4.5 Sa pagtanggap ng isa mula sa kabila, ang napakalaking pagkakasundo ay mananaig, ang lahat ng tao ay magkakaisa, ang isang kalagayan ng dakilang kasakdalan ay matatamo, magkakaroon ng matibay na pagsasama, at ang mundong ito ay magiging isang makinang na salamin na katatalusan ng mga katangian ng Diyos.
4.6 We all, the Eastern with the Western nations, must strive day and night with heart and soul to achieve this high ideal, to cement the unity between all the nations of the earth. Every heart will then be refreshed, all eyes will be opened, the most wonderful power will be given, the happiness of humanity will be assured.	4.6 Tayong lahat, ang mga bansang Silanganin at Kanluranin, ay dapat na magsikap araw at gabi, nang buong puso at kaluluwa, upang makamtan ang mataas na mithiing ito, at magawang matibay ang pagkakaisa ng mga bansa sa ibabaw ng lupa. Ang bawat puso sa gayon ay mapananariwa, ang lahat ng mga mata ay mamumulat, ang lubos na kahanga-hangang kapangyarihan sa lahat ay makakamit, at ang kaligayahan ng sangkatauhan ay magiging tiyak.
4.7 We must pray that by the Bounty of God, Persia will be enabled to receive the material and mental	4.7 Dapat nating ipanalangin na sa pamamagitan ng Kagandahang-loob ng Diyos, ang Persiya ay mangyari

civilization of the West, and by Divine Grace to give in return her spiritual light. The devoted energetic work of the united peoples, occidentals and orientals, will succeed in establishing this result, for the force of the Holy Spirit will aid them.	sanang tumanggap ng kabihasnang pangkaisipan at materyal ng Kanluran, at sa pamamagitan ng Banal na Awa ay ipagkaloob naman nito bilang ganti ang kaniyang liwanag na espiritwal. Ang puspusan at walang-humpay na paggawa ng nagkakaisang mga mamamayan, mga kanluranin at mga silanganin, ay magtatagumpay sa pagtatayo ng mithiing ito, sapagkat ang lakas ng Espiritu Santo ay tutulong sa kanila.
^{4.8} The principles of the Teachings of Bahá'u'lláh should be carefully studied, one by one, until they are realized and understood by mind and heart—so will you become strong followers of the light, truly spiritual, heavenly soldiers of God, acquiring and spreading the true civilization in Persia, in Europe, and in the whole world.	^{4.8} Ang mga simulain ng mga Aral ni Bahá'u'lláh ay kailangang pag-aralang maingat, isa-isa, hanggang sa mapatunayan at maunawaan ng isip at puso—nang sa gayon ay maging malalakas na tagasunod kayo ng liwanag, tunay na espiritwal, at makalangit na mga kawal ng Diyos na nagtatamo at nagpapalaganap ng tunay na kabihasnan sa Persiya, sa Europa, at sa buong mundo.
^{4.9} This will be the paradise which is to come on earth, when all mankind will be gathered together under the tent of unity in the Kingdom of Glory.	^{4.9} Ito ang magiging paraiso na daratal sa ibabaw ng lupa, kung ang lahat ng sangkatauhan ay matitipong sama-sama sa ilalim ng bubong ng pagkakaisa sa Kaharian ng Luwalhati.

– 5 –	5
God Comprehends All; He Cannot Be Comprehended	Nauunawaan ng Diyos ang Lahat; Siya ay Hindi Nauunawaan
Friday evening, October 20th	<i>Biyernes ng gabi, Oktubre 20</i>
5.1 ‘Abdu’l-Bahá said: Numerous meetings are held in Paris every day for different purposes, to discuss politics, commerce, education, art, science and many other subjects.	5.1 Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá: Maraming pagpupulong ang idinaraos sa Paris araw-araw ukol sa iba’t ibang layunin, upang pag-usapan ang politika, pangangalakal, edukasyon, sining, agham at marami pang ibang paksa.
5.2 All these meetings are good: but <i>this</i> assembly has met together to turn their faces towards God, to learn how best to work for the good of humanity, to seek how prejudices may be abolished, and the seed of love and universal brotherhood sown in the heart of man.	5.2 Ang lahat ng pagpupulong na ito ay mabuti: ngunit ang kapulungang <i>ito</i> ay nagpupulong upang ibaling ang kanilang mga mukha sa Diyos, nang matutunan ang pinakamabuting paraan ng paggawa sa ikabubuti ng sangkatauhan, upang hanapin ang paraan kung papaanong ang mga pagkiling ay maalis, at ang binhi ng pag-ibig at pandaigdig na pagkakapatiran ay maitatanim sa puso ng tao.
5.3 God approves of the motive of our gathering together and gives us His blessing.	5.3 Sinasang-ayunan ng Diyos ang layunin ng pagtitipon nating ito at ibinibigay Niya sa atin ang Kaniyang basbas.
5.4 In the Old Testament we read that God said, “Let us make man in Our own image.” In the Gospel, Christ said, “I am in the Father, and the Father in Me.”¹ In the Qur’án, God says, “Man is my Mystery and I am his.” Bahá’u’lláh writes that God says, “Thy heart is My home; purify it for My descent. Thy spirit is My place of revelation; cleanse it for My manifestation.”	5.4 Sa Matandang Tipan ay nabasa natin na sinabi ng Diyos, “Gawin natin ang tao sa Sarili nating larawan.” Sa Ebanghelyo, sinabi ni Kristo. “Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin.”¹ Sa Qur’án, sinabi ng Diyos, “Ang tao ay aking Hiwaga at Ako ay ang kaniyang hiwaga.” Sinulat ni Bahá’u’lláh na sinabi ng Diyos, “Ang iyong puso ay ang Aking tahanan; pakabanalín iyon para sa Aking pagpanaog. Ang iyong espiritu ay ang Aking lugar ng pagpapahayag; linisin iyon para sa Aking pagpapakilala.”
5.5 All these sacred words show us that man is made in God’s image: yet the Essence of God is incomprehensible to the human mind, for the finite understanding cannot be applied to this infinite Mystery. God contains all: He cannot be contained. That which contains is superior to that which is contained. The whole is greater than its parts.	5.5 Ang lahat ng mga banal na salitang ito ay nagpapakita sa atin na ang tao ay nilikha sa larawan ng Diyos: gayunman ang diwa ng Diyos ay hindi lubos na maunawaan ng isipan ng tao, sapagkat ang may-katapusang pagkaunawa ay hindi maaaring humulo sa walang-katapusang kahiwagaang ito. Ang Diyos ay lumalagom sa lahat: hindi Siya maaaring lagumin. Siya na lumalagom ay nakahihigit sa nilalagom. Ang kabuuan ay nakahihigit kaysa sa mga bahagi nito.
5.6 Things which are understood by men cannot be outside their capacity for understanding, so that it is impossible for the heart of man to comprehend the nature of the Majesty of God. Our imagination can only picture that which it is able to create.	5.6 Ang mga bagay na nauunawaan ng tao ay hindi maaaring nasa labas ng kanilang kakayahan sa pag-unawa, anupa’t hindi mangyayaring maunawaan ng puso ng tao ang likas na katangian ng Kamahalan ng Diyos. Ang ating pandamulat ay maaaring makapaglarawan lamang ng bagay na kaya nitong likhain.
5.7 The power of the understanding differs in degree in the various kingdoms of creation. The mineral, vegetable, and animal realms are each incapable of understanding any creation beyond their own. The mineral cannot imagine the growing power of the plant. The tree cannot understand the power of movement in the animal, neither can it comprehend what it would	5.7 Ang kapangyarihan ng pang-unawa ay nagkakaiba-iba sa antas sa iba’t ibang kaharian ng sangnilikha. Ang mga kahariang mineral, halaman at hayop ay walang-kakayahang maunawaan ang alinmang nilikhang nakatataas sa mga sarili nito. Hindi madadalumat ng mineral ang kapangyarihan sa pagyabong ng halaman. Hindi mauunawaan ng punongkahoy ang kapangyarihan ng pagkilos sa hayop, ni hindi rin nito mauunawaan kung ano ang magiging

mean to possess sight, hearing or the sense of smell. These all belong to the physical creation.	kabuluhan ng pag-aangkin ng paningin, pandinig o ng pang-amoy. Ang lahat ng mga ito ay nauukol sa kalikhaang pangkatawan.
5.8 Man also shares in this creation; but it is not possible for either of the lower kingdoms to understand that which takes place in the mind of man. The animal cannot realize the intelligence of a human being, he only knows that which is perceived by his animal senses, he cannot imagine anything in the abstract. An animal could not learn that the world is round, that the earth revolves round the sun, or the construction of the electric telegraph. These things are only possible to man. Man is the highest work of creation, the nearest to God of all creatures.	5.8 Ang tao ay kabahagi rin sa nilikhang ito; subalit hindi maaari para sa alinman sa mabababang kaharian na maunawaan ang anumang nagaganap sa isipan ng tao. Hindi maalagata ng hayop ang katalinuhan ng isang taong kinapal, batid lamang nito ang bagay na kaniyang nauunawaan sa pamamagitan ng makahayop na pandamdang. Hindi nito madadalumat ang anumang bagay na abstrakto. Hindi natututunan ng hayop na ang mundo ay bilog, na ang mundo ay lumiligid sa araw, o ang pagyari ng telegrapong elektriko. Ang mga bagay na ito ay maaari lamang sa tao. Ang tao ay siyang pinakamataas na gawang-likha, ang pinakamalapit sa Diyos sa lahat ng mga nilikha.
5.9 All superior kingdoms are incomprehensible to the inferior; how therefore could it be possible that the creature, man, should understand the almighty Creator of all?	5.9 Ang lahat ng mga nakatataas na mga kaharian ay di-maunawaan ang mga mabababa; paano kung gayon, mangyayaring ang nilikhang tao ay makauunawa sa lubos na makapangyarihang Lumikha ng lahat?
5.10 That which we imagine, is not the Reality of God; He, the Unknowable, the Unthinkable, is far beyond the highest conception of man.	5.10 Yaong ating dinadalumat ay hindi siyang Katunayan ng Diyos; Siya, ang Di-maaaring Makilala, ang Di-maaaring Matarok, ay malayong-malayo sa pinakamatayog na kaisipan ng tao.
5.11 All creatures that exist are dependent upon the Divine Bounty. Divine Mercy gives life itself. As the light of the sun shines on the whole world, so the Mercy of the infinite God is shed on all creatures. As the sun ripens the fruits of the earth, and gives life and warmth to all living beings, so shines the Sun of Truth on all souls, filling them with the fire of Divine love and understanding.	5.11 Ang lahat ng mga nilikhang nabubuhay ay umaasa sa Banal na Kagandahang-loob. Ang Banal na Awa ay nagbibigay-buhay. Katulad ng liwanag ng araw na sumisilay sa buong daigdig, ang Awa ng walang-hanggang Diyos ay sumisinag sa lahat ng mga nilalang. Habang hinihinog ng araw ang mga bunga ng sangkalupaan, at nagbibigay ng buhay at init sa lahat ng mga nilikhang may-buhay, ang Araw ng Katotohanan ay sumisinag sa lahat ng mga kaluluwa at pinupuspos ang mga iyon ng apoy ng Banal na pag-ibig at pag-unawa.
5.12 The superiority of man over the rest of the created world is seen again in this, that man has a soul in which dwells the divine spirit; the souls of the lower creatures are inferior in their essence.	5.12 Ang kahigitan ng tao sa lahat ng iba pang nilikha sa mundo ay makikitang muli rito, na ang tao ay may kaluluwa kung saan nananahan ang espiritung banal; ang kaluluwa ng mabababang nilikha ay hamak sa kanilang angking diwa.
5.13 There is no doubt then, that of all created beings man is the nearest to the nature of God, and therefore receives a greater gift of the Divine Bounty.	5.13 Walang alinlangan kung gayon, na sa lahat ng mga bagay na nilikha ang tao ay ang pinakamalapit sa likas na katangian ng Diyos, at samakatwid siyang tumatanggap ng higit na handog ng Banal na Kagandahang-loob.
5.14 The mineral kingdom possesses the power of existing. The plant has the power of existing and growing. The animal, in addition to existence and growth, has the capacity of moving about, and the use of the faculties of the senses. In the human kingdom we find all the attributes of the lower worlds, with much more added thereto. Man is the sum of every previous creation, for he contains them all.	5.14 Ang kahariang mineral ay nag-aangkin ng kapangyarihang umiral. Ang halaman ay may kapangyarihang mabuhay at sumibol. Ang hayop dagdag pa sa pagkabuhay at pagsibol, ay may kakayahang gumalaw at gumamit ng mga kapangyarihan ng mga pandama. Sa kaharian ng tao ay makikita natin ang lahat ng mga katangian ng mabababang daigdig, at marami pang naidagdag sa mga iyon. Ang tao ang siyang kabuuan ng bawat unang nangalikha, sapagkat lagom siya ng lahat ng mga iyon.
5.15 To man is given the special gift of the intellect by which he is able to receive a larger share of the light	5.15 Sa tao ibinigay ang tanging handog ng katalinuhan at sa pamamagitan niyon ay nangyayaring

Divine. The Perfect Man is as a polished mirror reflecting the Sun of Truth, manifesting the attributes of God.	matanggap niya ang higit na bahagi ng liwanag na Banal. Ang Taong Sakdal ay kaparis ng isang makinis na salamin na nagpapalos ng Araw ng Katotohanan at naghahayag ng mga katangian ng Diyos.
5.16 The Lord Christ said, "He that hath seen Me hath seen the Father"—God manifested in man.	5.16 Sinabi ng Panginoong Hesukristo, "Siyang nakakita na sa Akin ay nakita na rin ang Ama"—ang Diyos na nahahayag sa tao.
5.17 The sun does not leave his place in the heavens and descend into the mirror, for the actions of ascent and descent, coming and going, do not belong to the Infinite, they are the methods of finite beings. In the Manifestation of God, the perfectly polished mirror, appear the qualities of the Divine in a form that man is capable of comprehending.	5.17 Ang araw ay hindi lumilisan sa kaniyang lunan sa kalangitan at hindi bumababa sa salamin, sapagkat ang gawang pag-akyat at pagbaba, pagdatal at pagyao, ay hindi nauukol sa kawalang-hanggan, ang mga ito ay pamamaraan ng may-hanggan mga nilalang. Sa Kahayagan ng Diyos, ang salaming ganap na malinis, ay lumilitaw ang mga katangian ng Kabanalan sa isang anyo na kayang unawain ng tao.
5.18 This is so simple that all can understand it, and that which we are able to understand we must perforce accept.	5.18 Ito ay lubhang napakapayak, isang bagay na mauunawaan ng lahat, at yaong ating mauunawaan ay kailangang tanggapin natin.
5.19 Our Father will not hold us responsible for the rejection of dogmas which we are unable either to believe or comprehend, for He is ever infinitely just to His children.	5.19 Hindi tayo papanagutin ng ating Ama sa pagtanggì sa mga doktrinang hindi natin kayang panaligan o maunawaan, sapagkat Siya ay lagi nang makatarungang walang-hanggan sa Kaniyang mga anak.
5.20 This example is, however, so logical that it can easily be grasped by all minds willing to give it their consideration.	5.20 Ang halimbawang ito, gayunman, ay lubhang makatwiran, isang bagay na madaling unawain ng lahat ng isipang handang mag-ukol sa naturan ng pagsasaalang-alang.
5.21 May each one of you become a shining lamp, of which the flame is the Love of God. May your hearts burn with the radiance of unity. May your eyes be illumined with the effulgence of the Sun of Truth!	5.21 Maanong ang bawat isa sa inyo ay maging isang nagniningning na lampara na ang ningas ay ang Pag-ibig ng Diyos. Maanong ang inyong mga puso ay pag-alabin ng luningning ng pagkakaisa. Maanong ang inyong mga mata ay papagliwanagin ng kinang ng Araw ng Katotohanan!
5.22 The city of Paris is very beautiful, a more civilized and well-appointed town in all material development it would be impossible to find in the present world. But the spiritual light has not shone upon her for a long time: her spiritual progress is far behind that of her material civilization. A supreme power is needed to awaken her to the reality of spiritual truth, to breathe the breath of life into her dormant soul. You must all unite in this work of arousing her, in reanimating her people by the help of that Superior Force.	5.22 Ang lungsod ng Paris ay napakaganda, ang isang bayang higit pang sibilisado at kompleto sa mga kagamitang nauukol sa materyal na kaunlaran ay di-maaaring makita sa kasalukuyang daigdig. Subalit ang liwanag na espiritwal ay matagal nang hindi sumisikat dito: ang kaunlaran nitong espiritwal ay lubhang nahuhuli sa kabihasnan nitong materyal. Isang mataas na kapangyarihan ang kinakailangan upang gisingin ito sa katunayan ng katotohanang espiritwal, upang dulutan ng hininga ng buhay ang natutulog nitong kaluluwa. Lahat kayo ay dapat na magkaisa sa gawaing ito ng pagpukaw sa kaniya, sa pagbibigay-buhay sa kaniyang mga mamamayan sa tulong ng Nakahihigit na Lakas na iyon.
5.23 When an illness is slight a small remedy will suffice to heal it, but when the slight illness becomes a terrible disease, then a very strong remedy must be used by the Divine Healer. There are some trees that blossom and bear fruit in a cool climate, others there are which need the hottest rays of the sun to bring them to perfect maturity. Paris is one of those trees for whose spiritual unfoldment a great flaming Sun of the Divine Power of God is needed.	5.23 Kapag ang sakit ay hindi malubha, ang isang maliit na lunas ay sapat nang makapagpapagaling dito, subalit kung ang bahagyang karamdaman ay maging isang sakit na malala, ang isang lalong mabisang gamot ay dapat gamitin ng Banal na Manggagamot. May ilang mga punongkahoy na namumulaklak at nagbubunga sa isang malamig na kalagayan, samantalang may iba namang nangangailangan ng pinakamainit na sinag ng araw upang mahusto ang gulang. Ang Paris ay isa sa

	mga punong nangangailangan ng nagliliyab na Araw ng Banal na Kapangyarihan ng Diyos.
5.24 I ask you all, each one of you, to follow well the light of truth, in the Holy Teachings, and God will strengthen you by His Holy Spirit so that you will be enabled to overcome the difficulties, and to destroy the prejudices which cause separation and hatred amongst the people. Let your hearts be filled with the great love of God, let it be felt by all; for every man is a servant of God, and all are entitled to a share of the Divine Bounty.	5.24 Hinihingi ko sa inyong lahat, bawat isa sa inyo, na sundan ng mabuti ang liwanag ng katotohanan sa Banal na mga Aral, at kayo ay palalakasin ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu Santo nang upang mapaglabanan ninyo ang lahat ng mga kagipitan at tuloy mawasak ninyo ang mga pagkiling na nagbubunga ng paghihiwalay at pagkamuhi sa isa't isa sa buntong mga mamamayan. Hayaang mapuno ang inyong mga puso ng dakilang pag-ibig sa Diyos, hayaang ang gayon ay madama ng lahat; sapagkat ang bawat tao ay isang tagapaglingkod ng Diyos, at ang lahat ay may karapatang makibahagi sa biyaya ng Banal na Kagandahang-loob.
5.25 Especially to those whose thoughts are material and retrograde show the utmost love and patience, thereby winning them into the unity of fellowship by the radiance of your kindness.	5.25 Lalo na roon sa mga nag-aangkin ng mga kaisipang materyal at mababa, ipakita ang sukdulang pag-ibig at pagtitiyaga, at sa ganiyan ay maakit silang pumasok sa pagkakaisa ng pagkakapatiran sa pamamagitan ng luningning ng inyong kagandahang-loob.
5.26 If you are faithful to your great work, following the Holy Sun of Truth without swerving, then will the blessed day of universal brotherhood dawn on this beautiful city.	5.26 Kapag kayo ay matapat sa inyong dakilang gawain, umaalinsunod sa Banal na Araw ng Katotohanan nang walang paglihis, sa gayon ay sisilay sa magandang lungsod na ito ang pinagpalang araw ng pandaigdig na pagkakapatiran.

– 6 –	6
The Pitiful Causes of War, and the Duty of Everyone to Strive for Peace	Ang Kahabag-habag na mga Sanhi ng Digmaan at ang Tungkulin ng Bawat Isa na Magsikap para sa Kapayapaan
October 21st	<i>Oktubre 21</i>
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
I hope you are all happy and well. I am not happy, but very sad. The news of the Battle of Benghazi grieves my heart. I wonder at the human savagery that still exists in the world! How is it possible for men to fight from morning until evening, killing each other, shedding the blood of their fellowmen: And for what object? To gain possession of a part of the earth! Even the animals, when they fight, have an immediate and more reasonable cause for their attacks! How terrible it is that men, who are of the higher kingdom, can descend to slaying and bringing misery to their fellow-beings, for the possession of a tract of land!	Inaasahan kong kayong lahat ay maligaya at magaling. Ako ay hindi maligaya, kundi lubhang nalulungkot. Ang balita tungkol sa Sagupaan sa Benghazi ay nakapagpapadalamhati sa aking puso. Ako ay nagtataka sa kalupitan ng tao na hanggang ngayon ay namamayani pa rito sa daigdig! Paanong nangyayari sa mga tao ang maglabanan mula sa umaga hanggang gabi, nagpapatayan, nagpapadanakan ng dugo ng kanilang kapwa-tao: At sa anong bagay? Upang makamtan ang pagmamay-ari sa isang bahagi ng mundo? Maging ang mga hayop kung sila ay maglaban ay may kagyat at higit na makatwirang dahilan sa kanilang pagsalakay! Nakapangingilabot ngang ang tao, na nabibilang sa mataas na kaharian, ay maaaring magpakahamak sa pagpatay at pagdudulot ng karukhaan sa kanilang kapwa-tao, sa paghahangad lamang na makapag-ari ng isang sukat na lupa!
The highest of created beings fighting to obtain the lowest form of matter, earth! Land belongs not to one people, but to all people. This earth is not man’s home, but his tomb. It is for their tombs these men are fighting. There is nothing so horrible in this world as the tomb, the abode of the decaying bodies of men.	Ang pinakamataas na nilikha na naglalaban upang makamit lamang ang pinakamababang anyo ng bagay, ang lupa! Ang lupa ay hindi pag-aari ng isang sambayanan lamang, kundi ng lahat ng sambayanan. Ang lupang ito ay hindi siyang tahanan ng tao, kundi kaniyang libingan. Naglalaban ang mga tao para sa kanilang mga libingan. Wala nang kakila-kilabot pa sa mundong ito kaysa sa libingan, ang tahanan ng nabubulok na mga katawan ng tao.
However great the conqueror, however many countries he may reduce to slavery, he is unable to retain any part of these devastated lands but one tiny portion—his tomb! If more land is required for the improvement of the condition of the people, for the spread of civilization (for the substitution of just laws for brutal customs)—surely it would be possible to acquire peaceably the necessary extension of territory.	Ga anumang kadakila ng isang manlulupig, ga anumang dami ng mga bansang kaniyang masiil sa pagkabusabos, hindi nangyaring ariin niya ang alinmang bahagi ng mga lupang ito na kaniyang winasak liban sa isang maliit na bahagi lamang—ang kaniyang libingan! Kung maraming lupain ang kailangan upang mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan, para sa pagpapalaganap ng kabihasnan (sa pagpapalit ng mga batas na makatarungan sa mga kaugaliang makahayop)—tiyak na maaaring matamo nang matiwasay ang kinakailangang karagdagan ng nasasakupang lupa.
But war is made for the satisfaction of men’s ambition; for the sake of worldly gain to the few, terrible misery is brought to numberless homes, breaking the hearts of hundreds of men and women!	Subalit ang digmaan ay ginagawa sa ikasisiya ng makataong hangarin; dahil sa kapakanan ng pandaigdig na pakinabang para sa iilan, ang kakila-kilabot na karukhaan ay sumapit sa di-mabilang ng mga tahanan at nagwasak sa puso ng daan-daang lalaki at babae!
How many widows mourn their husbands, how many stories of savage cruelty do we hear! How many little orphaned children are crying for their dead fathers, how many women are weeping for their slain sons!	Ilang biyuda ang nagdadalamhati sa pagkawala ng kanilang kaniyak, ilang kasaysayan ng mabangis na kalupitan ang ating naririnig! Ilang maliliit na batang ulila ang umiiyak dahil sa kanilang nangamatay na ama, ilang babae ang nananangis dahil sa kanilang nasawing mga anak na lalaki!

There is nothing so heartbreaking and terrible as an outburst of human savagery!	Wala nang nakababagbag-puso at nakapanghihilakbot pa kaysa sa biglang silakbo ng kabangisan ng tao.
I charge you all that each one of you concentrate all the thoughts of your heart on love and unity. When a thought of war comes, oppose it by a stronger thought of peace. A thought of hatred must be destroyed by a more powerful thought of love. Thoughts of war bring destruction to all harmony, well-being, restfulness and content.	Iniaatas ko sa inyong lahat na bawat isa sa inyo ay magsipag-ukol ng lahat ng mga kaisipan ng inyong puso sa pag-ibig at pagkakaisa. Kung sa guniguni ay gumuhit ang digmaan, salungatin iyon ng lalong malakas na kaisipan sa kapayapaan. Ang isang kaisipan ng pagkapoot ay dapat wasakin ng isang lalong makapangyarihang kaisipan ng pag-ibig. Ang mga kaisipan ng digmaan ay nagdudulot ng pagkawasak sa masarap na pagsasamahan, kagalingan, katiwasayan, at kasiyahan.
Thoughts of love are constructive of brotherhood, peace, friendship, and happiness.	Ang mga kaisipan ng pag-ibig ay nakabubuo ng kapatiran, kapayapaan, pagkakaibigan, at kaligayahan.
When soldiers of the world draw their swords to kill, soldiers of God clasp each other's hands! So may all the savagery of man disappear by the Mercy of God, working through the pure in heart and the sincere of soul. Do not think the peace of the world an ideal impossible to attain!	Kapag ang mga kawal ng daigdig ay nagbubunot ng kanilang mga espada upang pumatay, ang mga kawal ng Diyos ay mahigpit na naghahawakan ng mga kamay. Anupa't ang lahat ng kalupitan ng tao ay mawala nawa sa Awa ng Diyos, at mangyayari ito sa pagiging malinis ng puso at pagiging matapat ng kaluluwa. Huwag isiping ang kapayapaan ng daigdig ay mithiing hindi maaaring makamtan!
Nothing is impossible to the Divine Benevolence of God.	Walang hindi mangyayari sa Banal na Kabutihan ng Diyos.
If you desire with all your heart, friendship with every race on earth, your thought, spiritual and positive, will spread; it will become the desire of others, growing stronger and stronger, until it reaches the minds of all men.	Kung hinahangad ninyo nang buong puso ang pakikipagkaiibigan sa bawat isang lahi sa ibabaw ng lupa, ang inyong kaisipan, espiritwal at positibo, ay lalaganap; iyon ay magiging hangarin ng iba, tutubong palakas nang palakas, hanggang sa makasapit sa isipan ng lahat ng tao.
Do not despair! Work steadily. Sincerity and love will conquer hate. How many seemingly impossible events are coming to pass in these days! Set your faces steadily towards the Light of the World. Show love to all; "Love is the breath of the Holy Spirit in the heart of Man." Take courage! God never forsakes His children who strive and work and pray! Let your hearts be filled with the strenuous desire that tranquillity and harmony may encircle all this warring world. So will success crown your efforts, and with the universal brotherhood will come the Kingdom of God in peace and goodwill.	Huwag kayong mawalan ng pag-asa! Magpakatatag kayo sa paggawa. Ang katapatan at ang pag-ibig ay siyang lulupig sa pagkamuhí. Ilan ng mga pangyayaring wari ay hindi maaaring mangyari ang nagaganap sa mga araw na ito! Buong tatag na iharap ang inyong mga mukha sa Liwanag ng Daigdig. Magpamalas ng pag-ibig sa lahat; "Ang Pag-ibig ay siyang hininga ng Espiritu Santo sa puso ng Tao." Magpakatapang kayo! Ang Diyos ay hindi kailanman bumibigo sa Kaniyang mga anak na nagpupunyagi at gumagawa at nananalangin! Hayaang ang inyong mga puso ay mapuspos ng marubdob na hangaring ang kapanatagan at pagkakasundo ay kumubkob sa naglalabanang daigdig. Sa gayon ang tagumpay ay magiging korona ng inyong mga pagpapakasakit, at kasama ng pandaigdig na kapatiran ay daratal ang Kaharian ng Diyos sa kapayapaan at kabutihan.
In this room today are members of many races, French, American, English, German, Italian, brothers and sisters meeting in friendship and harmony! Let this gathering be a foreshadowing of what will, in very truth, take place in this world, when every child of God realizes that they are leaves of one tree, flowers in one garden, drops in one ocean, and sons and daughters of one Father, whose name is love!	Naririto ngayon sa silid na ito ang mga tao ng maraming lahi, Pranses, Amerikano, Ingles, Aleman, Italyano, mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babaeng nagpupulong sa pagkakaibigan at pagkakasundo! Hayaang ang pagtitipong ito ay maghudyat sa magaganap sa katotohanan sa mundong ito, kapag ang bawat anak ng Diyos ay nakaalagata na sila ay mga dahon ng iisang puno, mga bulaklak ng iisang halamanan, mga patak ng iisang dagat, at mga

	magkakapatid na lalaki at magkakapatid na babae ng iisang Ama na ang pangalan ay pag-ibig!
– 7 –	7
The Sun of Truth	Ang Araw ng Katotohanan
October 22nd	<i>Oktubre 22</i>
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
It is a lovely day, the sun shines brightly upon the earth, giving light and warmth to all creatures. The Sun of Truth is also shining, giving light and warmth to the souls of men. The sun is the life-giver to the physical bodies of all creatures upon earth; without its warmth their growth would be stunted, their development would be arrested, they would decay and die. Even so do the souls of men need the Sun of Truth to shed its rays upon their souls, to develop them, to educate and encourage them. As the sun is to the body of a man so is the Sun of Truth to his soul.	Ito ay isang magandang araw, maliwanag ang sikat ng araw sa ibabaw ng lupa, nagbibigay ng liwanag at init sa lahat ng nilalang. Ang Araw ng Katotohanan ay sumisikat din, nagbibigay ng liwanag at init sa mga kaluluwa ng tao. Ang Araw ang nagbibigay-buhay sa pisikal na katawan ng mga nilikha rito sa ibabaw ng lupa; kung wala ang init, ang pagsibol nila ay magiging mahina, ang pag-unlad nila ay mapipigil, sila ay mabubulok at mamamatay. Gayundin, ang mga kaluluwa ng tao ay nangangailangan ng Araw ng Katotohanan, upang ito ay magbigay ng liwanag sa kanilang mga kaluluwa, upang paunlarin ang mga iyon, upang turuan at pasiglahin ang mga iyon. Kung ano ang araw sa katawan ng tao ay gayundin ang Araw ng Katotohanan sa kaniyang kaluluwa.
A man may have attained to a high degree of material progress, but without the light of truth his soul is stunted and starved. Another man may have no material gifts, may be at the bottom of the social ladder, but, having received the warmth of the Sun of Truth his soul is great and his spiritual understanding is enlightened.	Ang tao ay maaaring makapagtamo ng pinakamataas na antas ng kaunlarang materyal, ngunit kung wala ang liwanag ng katotohanan, ang kaniyang kaluluwa ay mahina at gutom. Ang ibang tao ay maaaring walang mga biyayang materyal, maaaring nasa pinakamababang baitang hagdan ng lipunan, subalit sapagkat tumanggap siya ng init ng Araw ng Katotohanan, ang kaniyang kaluluwa ay dakila at ang kaniyang pang-unawang espirital ay maliwanag.
A Greek philosopher living in the days of the youth of Christianity, being full of the Christian element, though not a professing Christian, wrote thus: “It is my belief that religion is the very foundation of true civilization.” For, unless the moral character of a nation is educated, as well as its brain and its talents, civilization has no sure basis.	Isang pilosopong Griyegong nabuhay sa mga araw ng kabataan ng Kristiyanismo, napuspos ng sangkap na Kristiyano bagama’t hindi isang nagpapakilala bilang Kristiyano, ang sumulat ng ganito: “Naniniwala akong ang relihiyon ay ang mismong batayan ng tunay na kabihasnan.” Sapagkat maliban kung ang ugaling moral ng isang bansa ay tinuruan, nang tulad rin sa utak at talino nito, ang kabihasnan ay walang tiyak na batayan.
As religion inculcates morality, it is therefore the truest philosophy, and on it is built the only lasting civilization. As an example of this, he points out the Christians of the time whose morality was on a very high level. The belief of this philosopher conforms to the truth, for the civilization of Christianity was the best and most enlightened in the world. The Christian Teaching was illumined by the Divine Sun of Truth, therefore its followers were taught to love all men as brothers to fear nothing, not even death! To love their neighbors as themselves, and to forget their own selfish interests in striving for the greater good of humanity. The grand aim	Sapagkat ang relihiyon ay nagkikintal ng kabutihang-asal o moralidad, ito samakatwid, ang pinakatunay na pilosopiya, at sa ibabaw nito itinatayo ang tanging matibay na kabihasnan. Bilang isang halimbawa nito ay tinukoy niya ang mga Kristiyano ng panahong iyon kung kailan ang kanilang moralidad ay nasa mataas na antas. Ang paniniwala ng pilosopong ito ay umaayon sa katotohanan, sapagkat ang kabihasnan ng Kristiyanismo sa panahong iyon ang pinakamabuti at pinakamaliwanag sa daigdig. Ang Kristiyanong Aral ay tinanglawan ng Banal na Araw ng Katotohanan, samakatwid ang mga tagasunod ay tinuruang magmahal

of the religion of Christ was to draw the hearts of all men nearer to God's effulgent Truth.	sa lahat ng tao na parang mga kapatid, na huwag matakot sa kahit ano, kahit pa sa kamatayan! Na ibigin ang kanilang kapwa tulad ng pag-ibig sa kanilang sarili, at kalimutan ang kanilang pansariling kapakanan sa pagpupunyagi ukol sa higit pang kabutihan ng sangkatauhan. Ang dakilang layunin ng relihiyon ni Kristo ay akitin ang mga puso ng lahat ng tao papalapit sa maniningning na Katotohanan ng Diyos.
If the followers of the Lord Christ had continued to follow out these principles with steadfast faithfulness, there would have been no need for a renewal of the Christian Message, no necessity for a reawakening of His people, for a great and glorious civilization would now be ruling the world and the Kingdom of Heaven would have come on earth.	Kung ang mga tagasunod ng Panginoong Hesukristo ay nagpatuloy sa pagsunod sa mga simulaing ito nang buong katapatan, hindi na kinakailangan sana ang muling pagbabago sa Mensaheng Kristiyano, hindi na kailangan sana ang isang muling pagpukaw sa Kaniyang mga mamamayan, sapagkat ang isang dakila at maluwalhating kabihasnan ay dapat sanang namamahala na ngayon sa daigdig at ang Kaharian ng Langit ay sumalupa na sana.
But instead of this, what has taken place! Men turned away their faces from following the divinely illuminated precepts of their Master, and winter fell upon the hearts of men. For, as the body of man depends for life upon the rays of the sun, so cannot the celestial virtues grow in the soul without the radiance of the Sun of Truth.	Datapwat sa halip nito, ano ang nangyari? Ibinaling palayo ng mga tao ang kanilang mga mukha sa pagtunton sa mga simulaing natataglwan ng kabanalan mula sa kanilang Panginoon, at ang panlalamig ay siyang namayani sa mga puso ng tao. Sapagkat isang katotohanang ang katawan ng tao ay umaasa ng pagkabuhay mula sa silahis ng araw, kaya ang mga katangiang makalangit ay hindi maaaring yumabong sa kaluluwa kung walang luningning ang Araw ng Katotohanan.
God leaves not His children comfortless, but, when the darkness of winter overshadows them, then again He sends His Messengers, the Prophets, with a renewal of the blessed spring. The Sun of Truth appears again on the horizon of the world shining into the eyes of those who sleep, awaking them to behold the glory of a new dawn. Then again will the tree of humanity blossom and bring forth the fruit of righteousness for the healing of the nations. Because man has stopped his ears to the Voice of Truth and shut his eyes to the Sacred Light, neglecting the Law of God, for this reason has the darkness of war and tumult, unrest and misery, desolated the earth. I pray that you will all strive to bring each child of God into the radiance of the Sun of Truth, that the darkness may be dissipated by the penetrating rays of its glory, and the winter's hardness and cold may be melted away by the merciful warmth of its shining.	Hindi iniwan ng Diyos ang Kaniyang mga anak nang walang kaginhawaan, subalit kapag ang karimlan ng taglamig ay lumalambong sa mga iyon, isinusugo Niyang muli ang Kaniyang mga Propeta, na taglay ang isang panibagong pinagpalang bukal. Ang Araw ng Katotohanan ay lumilitaw muli sa tagpuang-guhit ng daigdigang sumisinag sa mga mata noong mga nangatatutulong, pinupukaw ang mga iyon upang malasin ang luwalhati ng isang bagong umaga, at sa pagkakagayon, ang punongkahoy ng sangkatauhan ay muling mamumulaklak at magbubunga ng katarungan para sa ikagagaling ng mga bansa. Sapagkat ang tao ay hindi nakinig sa Tinig ng Katotohanan at nagpikit ng mga mata sa Banal na Liwanag, tuloy nakalimot sa Batas ng Diyos, dahil dito, ang karimlan ng digmaan at kaguluhan, kaligaligan at karukhaan ay nagpapanglaw sa daigdig. Idinadalangin kong kayo ay magsipaglunggating mailapit ang bawat anak ng Diyos sa luningning ng Araw ng Katotohanan, nang sa gayon, ang kadiliman ay mapaglaho ng naglalagos na mga sinag ng luwalhati nito, at ang tigas at lamig ng tagginaw ay matunaw ng maawaing init ng pagsikat nito.
- 8 -	8
The Light of Truth Is Now Shining upon the East and the West	Ang Liwanag ng Katotohanan ay Sumisikat na Ngayon sa Silangan at sa Kanluran

Monday, October 23rd	<i>Lunes, Oktubre 23</i>
When a man has found the joy of life in one place, he returns to that same spot to find more joy. When a man has found gold in a mine, he returns again to that mine to dig for more gold.	Kapag natagpuan ng isang tao ang ligaya sa buhay sa isang pook, siya ay nagbabalik sa pook ding iyon upang makatagpo ng higit na ligaya. Kapag ang isang tao ay nakatagpo ng ginto sa isang minahan, siya ay muling nagbabalik sa minahang iyon upang bumungkal pa ng lalong maraming ginto.
This shows the internal force and natural instinct which God has given to man, and the power of vital energy which is born in him.	Ito ay nagpapakilala ng lakas panloob at likas na simbuyong kaloob ng Diyos sa tao, at ang kapangyarihan ng mahalagang lakas na nasa kaniya.
The West has always received spiritual enlightenment from the East. The Song of the Kingdom is first heard in the East, but in the West the greater volume of sound bursts upon the listening ears.	Ang Kanluran ay lagi nang tumatanggap ng tanglaw na espirital mula sa Silangan. Ang Awit ng Kaharian ay unang narinig sa Silangan, datapat sa kanluran, ang lalong malakas na himig ay umuugong sa mga taingang nakikinig.
The Lord Christ arose as a bright Star in the Eastern sky, but the light of His Teaching shone more perfectly in the West, where His influence has taken root more firmly and His Cause has spread to a greater degree than in the land of His birth.	Ang Panginoong Hesukristo ay nagpakitang isang maluningning na Bituin sa Silanganang langit, ngunit ang liwanag ng Kaniyang Aral ay sumikat ng lalong sakdal sa Kanluran, sapagkat dito lalong buong tibay na nag-ugat ang Kaniyang bisa at dito rin lalong naging laganap ang Kaniyang Kapakanan kaysa roon sa lupaing Kaniyang sinilangan.
The sound of the Song of Christ has echoed over all the lands of the Western World and entered the hearts of its people.	Ang himig ng Awit ni Kristo ay umalingawngaw sa lahat ng mga lupain ng Kanlurang Daigdig at nanuot sa mga puso ng mga mamamayan niyon.
The people of the West are firm, and the foundations on which they build are of rock; they are steadfast, and do not easily forget.	Ang mga mamamayan ng Kanluran ay matatatag, at ang mga saligan ng kanilang itinindig ay mga bato; sila ay matatag at hindi madaling makalimot.
The West is like a strong sturdy plant; when the rain falls gently upon it to give it nourishment and the sun shines upon it, then does it blossom in due time and bring forth good fruit. It is a long time since the Sun of Truth mirrored forth by the Lord Christ has shed its radiance upon the West, for the Face of God has been veiled by the sin and forgetfulness of man. But now again, praise be to God, the Holy Spirit speaks anew to the world! The constellation of love and wisdom and power is once more shining from the Divine Horizon to give joy to all who turn their faces to the Light of God. Bahá'u'lláh has rent the veil of prejudice and superstition which was stifling the souls of men. Let us pray to God that the breath of the Holy Spirit may again give hope and refreshment to the people, awakening in them a desire to do the Will of God. May heart and soul be vivified in every man: so will they all rejoice in a new birth.	Ang Kanluran ay katulad ng isang matipunong halaman; kapag ang ulan ay pumatak nang buong suyo upang magbigay ng pagkain at ang araw ay sumikat dito, ito ay namumulaklak sa panahon at nagbibigay ng mabubuting bunga. Matagal ang panahon sapul nang ang Araw ng Katotohanan na sinalamin ng Panginoong Hesukristo ay magsabog ng luningning sa Kanluran, sapagkat ang Mukha ng Diyos ay nalambungan ng pagkakasala at pagkalimot ng tao. Subalit, papurihan natin ang Diyos, muli ngayong ang Espiritu Santo ay nangungusap na naman sa daigdig! Ang sangkatipunang luningning ng pag-ibig at karunungan at kapangyarihan ay minsan pang sumikat mula sa Banal na Tagpuang-guhit upang magdulot ng tuwa sa lahat na nagharap ng kanilang mukha sa Liwanag ng Diyos. Inalis ni Bahá'u'lláh ang lambong ng pagkiling at pamahiin na pumipigil sa pag-unlad sa mga kaluluwa ng tao. Ating idalangin sa Diyos na ang hininga ng Espiritu Santo ay magbigay muli ng pag-asa at bagong buhay sa mga mamamayan, at mapukaw sa kanila ang isang hangaring sundin ang Kalooban ng Diyos. Nawa ang puso at kaluluwa ay pasiglahin sa bawat tao; sa gayon ay muli silang magdiriwang sa panibagong buhay.
Then shall humanity put on a new garment in the radiance of the love of God, and it shall be the dawn of a new creation! Then will the Mercy of the Most Merciful	Kung magkagayon na, ang sangkatauhan ay magbabagong-bihis sa luningning ng pag-ibig ng Diyos, at iyon ang magiging buwang-liwayway ng isang bagong

be showered upon all mankind and they will arise to a new life.	kalikhaan! Sa gayon ang Habag ng Lubos na Mahabagin ay pauulanin sa buong sangkatauhan at sila ay magkakamit ng isang bagong buhay.
My earnest desire is that you will all strive and work for this glorious end; that you will be faithful and loving workers in the building of the new spiritual civilization; the elect of God, in willing joyful obedience carrying out His supreme design! Success is truly near at hand, for the Flag of Divinity has been raised aloft, and the Sun of the Righteousness of God appeareth upon the horizon in the sight of all men!	Ang taimtim kong hangarin ay kayong lahat ay magsikap at gagawa para sa maluwalhating wakas na ito; na kayo ay maging matatapat at mapagmahal na mga manggagawa sa pagtindig ng bagong kabihasnang espirital; mga hirang ng Diyos at kusang-loob at nalulugod na umaalinsunod sa pagsasakatuparan ng Kaniyang kataas-taasang layunin! Ang tagumpay ay tunay na malapit na, sapagkat ang Watawat ng Kabanalan ay nakawagayway na, at ang Araw ng Pagkamatuwid ng Diyos ay nakikita na sa guhit-tagpuang natatanaw ng lahat ng tao!
– 9 –	9
The Universal Love	Ang Pangkalahatang Pag-ibig
October 24th	<i>Oktubre 24</i>
An Indian said to ‘Abdu’l-Bahá:	Sinabi ng isang Indiyano kay ‘Abdu’l-Bahá:
“My aim in life is to transmit as far as in me lies the message of Krishna to the world.”	“Ang aking layunin sa buhay ay ang ipaabot hanggang sa malayo ang pahatid ni Krishna sa daigdig.”
‘Abdu’l-Bahá said: The Message of Krishna is the message of love. All God’s prophets have brought the message of love. None has ever thought that war and hate are good. Everyone agrees in saying that love and kindness are best.	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá: Ang Pahatid ni Krishna ay ang pahatid ng pag-ibig. Ang lahat ng mga propeta ng Diyos ay nagsipagdala ng pahatid ng pag-ibig. Wala pang nakapagpalagay na ang digmaan at alitan ay mabuti. Ang bawat tao ay aayon sa pagsasabing ang pag-ibig at kagandahang-loob ang pinakamabuti.
Love manifests its reality in deeds, not only in words—these alone are without effect. In order that love may manifest its power there must be an object, an instrument, a motive.	Ang pag-ibig ay nagpapakilala ng mga kabutihan nito sa gawa, hindi lamang sa mga salita—ang mga salita lamang ay walang bisa. Upang ang pag-ibig ay makapagpakilala ng kapangyarihan nito, kailangan magkaroon ito ng isang pag-uukulan, isang kasangkapan, isang hangarin!
There are many ways of expressing the love principle; there is love for the family, for the country, for the race, there is political enthusiasm, there is also the love of community of interest in service. These are all ways and means of showing the power of love. Without any such means, love would be unseen, unheard, unfelt—altogether unexpressed, unmanifested! Water shows its power in various ways, in quenching thirst, causing seed to grow, etc. Coal expresses one of its principles in gaslight, while one of the powers of electricity is shown in the electric light. If there were neither gas nor electricity, the nights of the world would be darkness! So, it is necessary to have an instrument, a motive for love’s manifestation, an object, a mode of expression.	Maraming paraan ang pagpapahayag ng simulain ng pag-ibig; may pag-ibig para sa magkakaanak, para sa bayan, para sa lahi, may sigasig sa politika, may pag-ibig din ng sangkapookang kapakanan sa paglilingkod. Ang mga ito ay siyang mga pamamaraan sa pagpapamalas ng kapangyarihan ng pag-ibig. Kung wala ang pamamaraang iyon, ang pag-ibig ay hindi makikita, hindi maririnig, hindi madarama—ang lahat-lahat ay mananatiling hindi maipahayag, hindi maipakilala. Ipinakikita ng tubig ang kapangyarihan nito sa iba’t ibang paraan, sa pagpawi ng uhaw, sa pagpapatubo ng binhi, atbp. Ang karbon ay nagpapahayag ng isa sa mga simulain nito sa ilawang-gas, samantalang ang isa sa mga kapangyarihan ng elektrisidad ay ipinakikita sa ilaw. Kung walang gas o elektrisidad, ang mga gabi sa daigdig ay magiging karimlan! Anupa’t kailangang magkaroon ng

	kasangkapan, isang hangarin para sa pagpapakilala ng pag-ibig, isang pag-uukulan, isang paraan ng pagpapahayag.
We must find a way of spreading love among the sons of humanity.	Kailangang humanap tayo ng paraan ng pagsasabog ng pag-ibig sa mga anak ng sangkatauhan.
Love is unlimited, boundless, infinite! Material things are limited, circumscribed, finite. You cannot adequately express infinite love by limited means.	Ang pag-ibig ay walang takda, walang hanggan, walang katapusan! Ang mga bagay na materyal ay may takda, may kasaklawan, may katapusan. Hindi ninyo maaaring maipahayag nang sapat ang walang-katapusang pag-ibig sa pamamagitan ng may-takdang mga pamamaraan.
The perfect love needs an unselfish instrument, absolutely freed from fetters of every kind. The love of family is limited; the tie of blood relationship is not the strongest bond. Frequently members of the same family disagree, and even hate each other.	Ang pagsintang ganap ay nangangailangan ng walang pag-iimbot na kasangkapan, lubos na malaya sa bawat uri ng sagabal. Ang pag-ibig ng magkakaanak ay may takda; ang tali ng pagkakamag-anak ay hindi siyang pinakamalakas na bigkis. Madalas mangyari na ang mga magkakaanak ay nagtatalo at nangyayari pa ngang mamuhi sa isa't isa.
Patriotic love is finite; the love of one's country causing hatred of all others, is not perfect love! Compatriots also are not free from quarrels amongst themselves.	Ang pag-ibig na makabayan ay may katapusan; ang pag-ibig sa bayan na nagbubunga ng pagkapoot ng iba, ay hindi sakdal na pag-ibig! Ang mga magkababayan man ay hindi ligtas sa pagkakagalit sa isa't isa.
The love of race is limited; there is some union here, but that is insufficient. Love must be free from boundaries!	Ang pag-ibig sa lahi ay may takda; may pagkakaisa rito, subalit hindi sapat. Ang pag-ibig ay dapat na maging ligtas sa mga hangganan!
To love our own race may mean hatred of all others, and even people of the same race often dislike each other.	Ang umibig sa ating lahi ay maaaring mangahulugan ng pagkamuhi naman sa mga iba, at maging ang mga mamamayan ng iisang lahi ay malimit na hindi magkaroon ng unawa sa isa't isa.
Political love also is much bound up with hatred of one party for another; this love is very limited and uncertain.	Ang pag-ibig sa politika man ay labis ding nababalot ng pagkapoot ng isang lapian sa ibang lapian; ang pag-ibig na ito ay lubhang natatakda at hindi maaasahan.
The love of community of interest in service is likewise fluctuating; frequently competitions arise, which lead to jealousy, and at length hatred replaces love.	Ang pag-ibig ng sangkapookang kapakanan sa paglilingkod ay pabago-bago; madalas na magkaroon ng tunggalian, na nauwi sa pangingimbulo, at sa katagalan, ang poot ay pumapalit sa pag-ibig.
A few years ago, Turkey and Italy had a friendly political understanding; now they are at war!	Nang nakalipas na ilang taon, ang Turkiya at ang Italya ay may mabuting pag-uunawaang pampolitika; ngayon ay nagdirigma sila!
All these ties of love are imperfect. It is clear that limited material ties are insufficient to adequately express the universal love.	Ang lahat ng mga taling ito ng pag-ibig ay hindi sakdal. Maliwanag na ang mga takdang bigkis na materyal ay hindi sapat upang maipahayag nang husto ang pag-ibig na pandaigdig.
The great unselfish love for humanity is bounded by none of these imperfect, semi-selfish bonds; this is the one perfect love, possible to all mankind, and can only be achieved by the power of the Divine Spirit. No worldly power can accomplish the universal love.	Itong dakila at walang pag-iimbot na pag-ibig sa sangkatauhan ay hindi nahahanggan nitong mga taling hindi ganap at hindi lubos ang kawalan ng pag-iimbot; ito ang tanging pag-ibig na sakdal, na maaari para sa lahat ng sangkatauhan, at matatamo lamang sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Walang makalupang kapangyarihan ang maaaring magsagawa ng pag-ibig na pandaigdig.
Let all be united in this Divine power of love! Let all strive to grow in the light of the Sun of Truth, and reflecting this luminous love on all men, may their	Hayaang magkaisa ang lahat sa Banal na kapangyarihang ito ng pag-ibig! Hayaang lahat ay magsumikap na yumabong sa liwanag ng Araw ng Katotohanan, at sa pagsilahis nila ng maningning na

hearts become so united that they may dwell evermore in the radiance of the limitless love.	pag-ibig na ito sa lahat ng tao, ay tulutang lubos na mabuklod ang kanilang mga puso na mananahan sila magpakailanman sa luningning ng walang-takdang pag-ibig.
Remember these words which I speak unto you during the short time I am amongst you in Paris. I earnestly exhort you: let not your hearts be fettered by the material things of this world; I charge you not to lie contentedly on the beds of negligence, prisoners of matter, but to arise and free yourselves from its chains!	Tandaan ang mga salitang ito na sinasabi ko sa inyo, sa maikling panahon na inilalagi ko sa inyong piling sa Paris. Mataimtim kong hinihimok kayo: huwag pabayaang na ang inyong mga puso ay mahadlangan ng mga bagay na materyal sa mundong ito; tinatagubilin ko kayong huwag mahimbing sa himlayan ng kapabayaang, mga bilanggo ng bagay-bagay, sa halip ay magsipagbalikwas kayo at ihulagpos ang inyong mga sarili sa gayong pagkakatanikala!
The animal creation is captive to matter, God has given freedom to man. The animal cannot escape the law of nature, whereas man may control it, for he, containing nature, can rise above it.	Ang sangkahayupang nilikha ay bihag ng bagay-bagay, ang tao ay binigyan ng Diyos ng kalayaan. Ang hayop ay hindi makatatakas sa batas ng kalikasan, samantalang maaaring masupil ito ng tao, sapagkat siya, sa pagsaklaw sa kalikasan, ay maaring paibabawan iyon.
The power of the Holy Spirit, enlightening man's intelligence, has enabled him to discover means of bending many natural laws to his will. He flies through the air, floats on the sea, and even moves under the waters.	Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na nagkakaloob ng liwanag sa isipan ng tao ay natulungan siyang matuklasan ang mga pamamaraan ng paghubog sa mga batas ng kalikasan ayon sa kaniyang nais. Nakalilipad siya sa himpapawid, nakalulutang siya sa dagat, at maaari din siyang makagalaw sa ilalim ng tubig.
All this proves how man's intelligence has been enabled to free him from the limitations of nature, and to solve many of her mysteries. Man, to a certain extent, has broken the chains of matter.	Ang lahat ng ito ay nagpapatunay kung paanong ang katalinuhan ng tao ay nangyayaring matulungang iligtas ang kaniyang sarili sa mga katakdaan ng kalikasan, at matuklasan niya ang marami sa kababalaghan nito. Nagawang putulin ng tao, sa isang hangganan, ang mga tanikala ng bagay-bagay.
The Holy Spirit will give to man greater powers than these, if only he will strive after the things of the spirit and endeavor to attune his heart to the Divine infinite love.	Ang Espiritu Santo ay magbibigay sa tao ng mga kapangyarihang higit pa sa mga ito, kung lulunggatiin lamang niya ang mga bagay ng espiritu at sisikapang iayon ang kaniyang puso sa Banal na pag-ibig na walang katapusan.
When you love a member of your family or a compatriot, let it be with a ray of the Infinite Love! Let it be in God, and for God! Wherever you find the attributes of God love that person, whether he be of your family or of another. Shed the light of a boundless love on every human being whom you meet, whether of your country, your race, your political party, or of any other nation, color or shade of political opinion. Heaven will support you while you work in this ingathering of the scattered peoples of the world beneath the shadow of the almighty tent of unity.	Kung iniibig ninyo ang isang kaanak, o isang kababayan, hayaang iyon ay sa pamamagitan ng sinag ng Walang-katapusanang Pag-ibig! Hayaang iyon ay ipasa-Diyos at iukol sa Diyos! Saanman matagpuan ang mga katangian ng Diyos, ibigin ang taong iyon, maging siya ay kaanak o hindi man. Isabog ang liwanag ng isang walang-hanggang pag-ibig sa bawat tao na inyong masalubong, maging siya ay kababayan, kalahi, kalapian, o mula sa alinmang bayan, lahi, o kuro sa politika. Pagpapalain kayo ng Langit habang itinataguyod ang paglalapit na ito ng mga nakakalat na tao ng daigdig sa ilalim ng lilim ng makapangyarihang tolda ng pagkakaisa.
You will be servants of God, who are dwelling near to Him, His divine helpers in the service, ministering to all Humanity. <i>All Humanity! Every human being! Never forget this!</i>	Kayo ang magiging mga tagapaglingkod ng Diyos, na nananahang malapit sa Kaniya, mga banal na katulong Niya sa paglilingkod, tumutulong sa lahat ng sangkatauhan! <i>Lahat ng Sangkatauhan! Bawat isang tao! Huwag kalilimutan ito!</i>
Do not say, he is an Italian, or a Frenchman, or an American, or an Englishman, remember only that he is a son of God, a servant of the Most High, a man! All are	Huwag ninyong sasabihin, siya ay isang Italyano, o isang Pranses, o isang Amerikano, o isang Ingles; alalahanin lamang na siya ay isang anak ng Diyos, isang

<i>men! Forget nationalities; all are equal in the sight of God!</i>	lingkod ng Pinakamataas, isang tao! Ang lahat ay <i>tao!</i> Kalimutan ang mga nasyonalidad; <i>ang lahat ay pantay-pantay sa paningin ng Diyos!</i>
Remember not your own limitations; the help of God will come to you. Forget yourself. God's help will surely come!	Huwag alalahanin ang inyong mga sariling katakdaan; ang tulong ng Diyos ay darating sa inyo. Kalimutan ang inyong sarili. Ang tulong ng Diyos ay tiyak na darating!
When you call on the Mercy of God waiting to reinforce you, your strength will be tenfold.	Sa pagtawag ninyo sa Habag ng Diyos na umaantabay sa pagpapalakas sa inyo, ang inyong lakas ay magiging sampung ibayo.
Look at me: I am so feeble, yet I have had the strength given me to come amongst you: a poor servant of God, who has been enabled to give you this message! I shall not be with you long! One must never consider one's own feebleness, it is the strength of the Holy Spirit of Love, which gives the power to teach. The thought of our own weakness could only bring despair. We must look higher than all earthly thoughts; detach ourselves from every material idea, crave for the things of the spirit; fix our eyes on the everlasting bountiful Mercy of the Almighty, who will fill our souls with the gladness of joyful service to His command "Love One Another."	Tingnan ninyo ako: ako ay napakarupok, gayunman ay nakapag-angkin ako ng lakas na ibinibigay sa akin upang makaharap sa inyo: isang dukhang tagapaglingkod ng Diyos, na nagagawang makapaghatid sa inyo ng aral na ito! Hindi ako mananatiling matagal sa piling ninyo! Kailanman ay hindi dapat isipin ng tao ang kaniyang kahinaan; tanging ang lakas ng Espiritu Santo ng Pag-ibig ang magbibigay ng kapangyarihang magturo. Ang pag-isip sa sariling kahinaan ay makapagdudulot lamang ng kawalan ng pag-asa. Kailangang tumingin tayo nang lampas pa sa mga kaisipang makalupa; iwalay ang ating mga sarili sa bawat materyal na bagay, hangarin ang mga bagay ng espiritu; ituon ang mga paningin sa walang-katapusan at mabiyayang Habag ng Lubos na Makapangyarihan, na pupuspos sa ating mga kaluluwa ng kaluguran sa maligayang paglilingkod sa Kaniyang utos na "Umibig sa Isa't Isa."
– 10 –	10
The Imprisonment of 'Abdu'l-Bahá	Ang Pagkabilanggo ni 'Abdu'l-Bahá
4 Avenue de Camoëns,	4 Avenue de Camoëns,
Wednesday, October 25th	Miyerkules, Oktubre 25
I regret much that I have kept you waiting this morning, but I have so much to do in a short time for the Cause of the love of God.	Dinaramdam ko na pinapaghintay ko kayo sa umagang ito, ngunit lubhang napakarami ang dapat kong gawin sa maikling panahon ukol sa Kapakanan ng pag-ibig sa Diyos.
You will not mind having waited a little to see me. I have waited years and years in prison, that I might come to see you now.	Hindi ninyo mamasamain ang pagkakapaghintay ng kaunti upang makita ako. Ako ay naghintay ng maraming maraming taon sa piitan, upang sa ngayon ay makipagkita sa inyo.
Above all, God be praised, our hearts are always in unison, and with one aim are drawn to the love of God. By the Bounty of the Kingdom our desires, our hearts, our spirits, are they not united in one bond? Our prayers, are they not for the gathering together of all men in harmony? Therefore are we not always together?	Higit sa lahat, purihin ang Diyos, ang ating mga puso ay lagi nang nagkakaisa, at sa isang layunin ay nabubunsod sa pag-ibig ng Diyos. Bunga ng Biyaya ng Kaharian, ang ating mga hangarin, mga puso, mga espiritu, hindi бага nagkakaisa sa isang bigkis? Ang ating mga panalangin, hindi бага ang mga iyon ay para sa pagtitipon ng lahat ng tao sa pagkakasundo? Samakatwid, hindi бага tayo ay lagi nang magkakasama?

Yesterday evening when I came home from the house of Monsieur Dreyfus I was very tired—yet I did not sleep, I lay awake thinking.	Kagabi, nang makauwi ako mula sa bahay ni Ginoong Dreyfus, ako ay pagod na pagod—gayunman, hindi pa rin ako natulog, ako ay nanatiling gising na nag-iisip.
I said, O God, Here am I in Paris! What is Paris and who am I? Never did I dream that from the darkness of my prison I should ever be able to come to you, though when they read me my sentence I did not believe in it.	Sinabi ko, O Diyos, ako ay narito sa Paris! Ano ang Paris at sino na ako? Hindi ko pinangarap na mula sa karimlan ng aking piitan ay mangyayaring makadulog ako sa inyo, bagaman nang basahin nila sa akin ang aking hatol ay hindi ako naniwala roon.
They told me that ‘Abdu’l-Ḥamīd had ordered my everlasting imprisonment, and I said, “This is impossible! I shall not always be a prisoner. If ‘Abdu’l-Ḥamīd were immortal, such a sentence might possibly be carried out. It is certain that one day I shall be free. My body may be captive for a time, but ‘Abdu’l-Ḥamīd has no power over my spirit—free it must remain—that can no man imprison.”	Sinabi nila sa akin na iniutos ni ‘Abdu’l-Ḥamīd ang aking walang-hanggang pagkabilanggo, at aking sinabi, “Ito ay hindi mangyayari! Hindi ako maaaring maging bilanggo tuwina. Kung walang kamatayan si ‘Abdu’l-Ḥamīd, ang gayong hatol marahil ay maaaring matupad. Tiyak isang araw ay magiging malaya ako. Ang aking katawan ay maaaring maging bihag sa isang panahon, subalit walang kapangyarihan sa aking espiritu si ‘Abdu’l-Ḥamīd—mananatili iyong malaya—ang <i>iyon</i> ay hindi maaaring ipiit ng sinumang tao.”
Released from my prison by the Power of God I meet here the friends of God, and I am thankful unto Him.	Sa aking paglabas sa bilangguan sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos ay natagpuan ko rito ang mga kaibigan ng Diyos, at ako ay nagpapasalamat sa Kaniya.
Let us spread the Cause of God, for which I suffered persecution.	Ating palaganapin ang Pananampalataya ng Diyos, na alang-alang doon ay tiniis ko ang pag-uusig.
What a privilege it is for us to meet here in freedom. How happy for us that God has so decided that we may work together for the coming of the Kingdom!	Tunay na isang tanging karapatan para sa atin ang magtagpo tayo rito nang may kalayaan. Napakaligaya natin na ipinasiya ng Diyos na tayo ay sama-samang gumawa para sa pagdating ng Kaharian!
Are you pleased to receive such a guest, freed from his prison to bring the glorious Message to you? He who never could have thought such a meeting possible! Now by the Grace of God, by His wonderful Power, I, who was condemned to perpetual imprisonment in a far off town of the East, am here in Paris talking with you!	Kayo ba ay natutuwang tumanggap sa isang panauhing pinalabas mula sa Kaniyang piitan upang dalhin ang maluwalhating Aral sa inyo? Siya na hindi kailanman nag-akalang ang ganiyang pagtatagpo ay maaaring mangyari! Ngayon, sa Pagpapala ng Diyos, sa Kaniyang kahanga-hangang Kapangyarihan, ako na pinarusahan ng habang buhay na pagkabilanggo sa isang malayong bayan sa Silangan, ay naririto sa Paris at nakikipag-usap sa inyo!
Henceforward we shall always be together, heart and soul and spirit, pressing forward in the work till all men are gathered together under the tent of the Kingdom, singing the songs of peace.	Mula ngayon ay magiging magkasama tayong lagi, puso at kaluluwa at espiritu, masigasig na isinusulong ang gawain hanggang ang lahat ng tao ay matipong sama-sama sa silong ng Kaharian, umaawit ng mga awitin ng kapayapaan.
– 11 –	11
God’s Greatest Gift to Man	Ang Pinakadakilang Handog ng Diyos sa Tao
Thursday, October 26th	<i>Huwebes, Oktubre 26</i>
God’s greatest gift to man is that of intellect, or understanding.	Ang pinakadakilang handog ng Diyos sa tao ay ang isipan, o pang-unawa.

The understanding is the power by which man acquires his knowledge of the several kingdoms of creation, and of various stages of existence, as well as of much which is invisible.	Ang pang-unawa ay ang kapangyarihan na sa pamamagitan nito ay natatamo ng tao ang kaalaman ng ilang kaharian ng sangnilikha, at ng iba't ibang yugto ng pagkabuhay, at gayundin ng maraming bagay na hindi nakikita.
Possessing this gift, he is, in himself, the sum of earlier creations—he is able to get into touch with those kingdoms; and by this gift, he can frequently, through his scientific knowledge, reach out with prophetic vision.	Sa pag-aangkin ng handog na ito, siya, sa kaniyang sarili, na kabuuan ng mga naunang mga likha—ay nagagawang makapasok sa mga kahariang iyon; at sa pamamagitan ng handog na ito, ay nangyayaring sa tulong ng kaniyang kaalamang pang-agham, ay makaabot ayon sa kaniyang malapropetang paningin.
Intellect is, in truth, the most precious gift bestowed upon man by the Divine Bounty. Man alone, among created beings, has this wonderful power.	Ang isipan, sa katotohanan, ay siyang pinakamahalagang handog na kaloob sa tao ng Banal na Kagandahang-loob. Tanging ang Tao, sa buntong ng mga nilikha, ang nagtataglay ng ganitong kahanga-hangang kapangyarihan.
All creation, preceding Man, is bound by the stern law of nature. The great sun, the multitudes of stars, the oceans and seas, the mountains, the rivers, the trees, and all animals, great or small—none is able to evade obedience to nature's law.	Ang lahat ng nilikha, una sa Tao, ay natatalian ng mahigpit na batas ng kalikasan. Ang dakilang araw, ang kawan ng mga bituin, ang mga mumunti at malalaking karagatan, ang mga bundok, mga ilog, mga punongkahoy, at ang lahat ng mga hayop, malaki at maliit—wala alinman sa mga ito ang makapangyaring makaiwas sa pag-alinsunod sa batas ng kalikasan.
Man alone has freedom, and, by his understanding or intellect, has been able to gain control of and adapt some of those natural laws to his own needs. By the power of his intellect he has discovered means by which he not only traverses great continents in express trains and crosses vast oceans in ships, but, like the fish he travels under water in submarines, and, imitating the birds, he flies through the air in airships.	Ang tao ay natatanging may kalayaan, at sa pamamagitan ng kaniyang pang-unawa, ay nangyaring masupil niya at maiayon ang mga batas na iyon ng kalikasan sa kaniyang sariling mga pangangailangan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kaniyang pang-unawa, ay natuklasan niya ang mga pamamaraan na sa tulong nito ay hindi lamang nakuha niyang malakbay ang malalaking lupalop sa loob ng isang mabilis na tren at matawid ang malalawak na karagatan sa loob ng mga barko, kundi, katulad ng isda, nangyaring makapaglakbay siya sa ilalim ng dagat sa loob ng mga submarino, at, kagaya ng mga ibon, lumipad siya sa himpapawid sakay ng mga eroplano.
Man has succeeded in using electricity in several ways—for light, for motive power, for sending messages from one end of the earth to the other—and by electricity he can even hear a voice many miles away!	Nagtagumpay ang tao sa paggamit ng elektrisidad sa ilang paraan—para sa ilaw, para sa pagpapakilos ng bagay, para sa paghahatid ng mga balita mula sa isang panig ng daigdig hanggang sa kabilang panig—at sa pamamagitan ng elektrisidad, nangyaring makarinig siya ng tinig mula sa maraming milyang kalayuan!
By this gift of understanding or intellect he has also been able to use the rays of the sun to picture people and things, and even to capture the form of distant heavenly bodies.	Sa handog na ito ng pang-unawa o isipan, nangyaring magamit niya ang mga sinag ng araw sa paglalarawan ng mga tao at mga bagay, at gayundin sa pagkuha sa anyo ng malalayong planeta.
We perceive in what numerous ways man has been able to bend the powers of nature to his will.	Nahulo natin na sa kung ilang paraan nangyaring nahubog ng tao ang mga kapangyarihan ng kalikasan ayon sa kaniyang kagustuhan.
How grievous it is to see how man has used his God-given gift to frame instruments of war, for breaking the Commandment of God “Thou shalt not kill,” and for defying Christ's injunction to “Love one another.”	Nakalulungkot makita kung paanong ginamit ng tao ang kaloob ng handog ng Diyos sa pagbalangkas ng mga kagamitan ng digma, sa paglabag sa Utos ng Diyos na “Huwag kang papatay,” at sa pagsumang sa utos ni Kristo na “Mag-ibigan ang isa't isa.”

God gave this power to man that it might be used for the advancement of civilization, for the good of humanity, to increase love and concord and peace. But man prefers to use this gift to destroy instead of to build, for injustice and oppression, for hatred and discord and devastation, for the destruction of his fellow-creatures, whom Christ has commanded that he should love as himself!	Ipinagkaloob ng Diyos ang kapangyarihang ito sa tao upang gamitin sa pagpapaunlad ng kabihasnan, para sa kagalingan ng sangkatauhan, upang dagdagan ang pag-ibig at pagkakasundo at kapayapaan. Subalit minabuti ng tao na gamitin ang handog na ito sa pagwasak sa halip na sa pagtatayo, para sa kawalan ng katarungan at panlulupig, para sa pagkamuhi at hindi pagkakasundo at pagkasira, para sa pagwawakas ng kaniyang mga kapwa-nilikha sa iniutos pa naman sa kaniya ni Kristo na mahalín na kagaya ng kaniyang sarili!
I hope that you will use <i>your</i> understanding to promote the unity and tranquillity of mankind, to give enlightenment and civilization to the people, to produce love in all around you, and to bring about the universal peace.	Inaasahan kong gagamitin ninyo ang <i>inyong</i> pang-unawa sa pagtataguyod sa pagkakaisa at katahimikan ng sangkatauhan, sa pagbibigay ng liwanag at kabihasnan sa mga mamamayan, sa paglikha ng pag-ibig sa inyong mga paligid, at sa pagpapairal ng kapayapaang pandaigdig.
Study the sciences, acquire more and more knowledge. Assuredly one may learn to the end of one's life! Use your knowledge always for the benefit of others; so may war cease on the face of this beautiful earth, and a glorious edifice of peace and concord be raised. Strive that your high ideals may be realized in the Kingdom of God on earth, as they will be in Heaven.	Pag-aralan ang mga agham, magtamo ng dagdag na mga karunungan. Sa ganiyang paraan ay matitiyak ng sinuman ang pagkatuto hanggang sa wakas ng buhay ng isang tao! Gamitin ng lagi ang inyong kaalaman sa kapakinabangan ng iba; upang sa ganiyang paraan ay mahinto ang digmaan sa ibabaw ng magandang sangkalupaang ito, at isang maluwalhating gusali ng kapayapaan at pagkakasundo ay maipatayo. Lunggatiing ang inyong matatayog na hangarin ay maganap sa Kaharian ng Diyos sa lupa, na gaya ng sa Langit.
– 12 –	12
The Clouds That Obscure the Sun of Truth	Ang mga Ulap na Lumalambong sa Araw ng Katotohanan
4 Avenue de Camoëns,	4 Avenue de Camoëns,
Morning of Friday, October 27th	Umaga ng Biyernes, Oktubre 27
The day is fine, the air is pure, the sun shines, no mist nor cloud obscures its radiance.	Ang araw ay masaya, ang hangin ay dalisay, ang araw ay sumisikat, at walang ambon ni ulap na lumalambong sa liwanag na niyon.
These brilliant rays penetrate into all parts of the city; so may the Sun of Truth illumine the minds of men.	Ang makikinang na sinag ay pumapasok sa lahat ng bahagi ng lungsod, sa gayunding paraan ay marapat sanang ang Araw ng Katotohanan ay tumanglaw sa mga isipan ng tao.
Christ said, "They shall see the Son of Man coming in the clouds of Heaven." ¹ Bahá'u'lláh said, "When Christ came for the first time He came upon the clouds." ² Christ said that He had come from the sky, from Heaven—that He came forth from God—while He was born of Mary, His Mother. But when He declared that He had come from Heaven, it is clear that He did not mean the blue firmament but that He spoke of the Heaven of the Kingdom of God, and that from this Heaven He descended upon the clouds. As clouds are	Sinabi ni Kristo, "Makikita nila ang Anak ng Tao na buhat sa mga ulap ng Kalangitan." ² Isinaad ni Bahá'u'lláh, "Nang si Kristo ay maparito sa unang pagkakataon, Siya ay lumitaw sa ibabaw ng mga ulap." ³ Sinabi ni Kristo na Siya ay nagmula sa kaitaasan, sa Kalangitan—na Siya ay nagbuhat sa Diyos—samantalang Siya ay nakita ni Maria, ang Kaniyang Ina. Subalit nang Kaniyang pahayag na Siya ay nanggaling sa Kalangitan, maliwanag na hindi ang bughaw na karurukan ang Kaniyang pinakahuhulugan

obstacles to the shining of the sun, so the clouds of the world of humanity hid from the eyes of men the radiance of the Divinity of Christ.	kundi ang Kalangitan ng Kaharian ng Diyos, at mula sa Kalangitang iyon ay bumaba Siya sa ibabaw ng mga ulap. Sapagkat ang mga ulap ay kumakanlong sa pagsikat ng araw, sa gayunding kaparaanan, ikinukubli ng mga ulap ng daigdig ng sangkatauhan sa mga mata ng tao ang liwanag ng pagkamaka-Diyos ni Kristo.
Men said, "He is of Nazareth, born of Mary, we know Him and we know His brethren. What can He mean? What is He saying? That He came forth from God?"	Sinabi ng mga tao, "Siya ay tubo sa Nazareth, na iniluwal ni Maria, kilala namin Siya at kilala namin ang Kaniyang mga kapatid. Ano ang maaari Niyang ipakahulugan? Ano ang Kaniyang sinasabi? Na Siya ay naparito mula sa Diyos?"
The Body of Christ was born of Mary of Nazareth, but the Spirit was of God. The capacities of His human body were limited but the strength of His spirit was vast, infinite, immeasurable.	Ang Katawan ni Kristo ay iniluwal ni Maria ng Nazareth, subalit ang Espiritu ay sa Diyos. Ang mga kakayahan ng Kaniyang katawang-tao ay may takda datapwat ang lakas ng Kaniyang espiritu ay malawak, walang katapusan, hindi masusukat.
Men asked, "Why does He say He is of God?" If they had understood the reality of Christ, they would have known that the body of His humanity was a cloud that hid His Divinity. The world only saw His human form, and therefore wondered how He could have "come down from Heaven."	Itinatanong ng mga tao, "Bakit Niya sinasabing Siya ay galing sa Diyos?" Kung naunawaan lamang nila ang katunayan ni Kristo, natalos na sana nila na ang katawan ng Kaniyang katauhan ay isang ulap na kumukubli sa Kaniyang pagkamaka-Diyos. Nakita lamang ng daigdig ang Kaniyang katawang-tao, anupa't pinagtakahan nila kung paanong Siya ay "nakapanaog mula sa Langit."
Bahá'u'lláh said, "Even as the clouds hide the sun and the sky from our gaze, even so did the humanity of Christ hide from men His real Divine character."	Sinabi ni Bahá'u'lláh, "Sa paraang itinatago ng mga ulap ang araw at ang karurukan sa ating pananaw, sa gayunding paraan ay ikinubli sa mga tao ng pagiging tao ni Kristo ang Kaniyang tunay na Banal na pagkatao."
I hope that you will turn with unclouded eyes towards the Sun of Truth, beholding not the things of earth, lest your hearts be attracted to the worthless and passing pleasures of the world; let that Sun give you of His strength, then will not the clouds of prejudice veil His illumination from your eyes! Then will the Sun be without clouds for you.	Inaasahan kong kayo ay magtutuon ng inyong mga mata na walang lambong tungo sa Araw ng Katotohanan, titingin hindi sa mga bagay ng kalupaan, sapagkat baka ang inyong mga puso ay maakit ng walang-kabuluhan at panandaliang aliw ng daigdig; hayaang mabigyan kayo ng Araw ng Kaniyang lakas, nang sa gayon, mula sa inyong mga mata ang Kaniyang liwanag ay hindi malambungan ng ulap ng walang-batayang paniniwala. At kung magkagayon na, ang Araw ay walang ulap para sa inyo.
Breathe the air of purity. May you each and all share in the Divine Bounties of the Kingdom of Heaven. May the world be for you no obstacle hiding the truth from your sight, as the human body of Christ hid His Divinity from the people of His day. May you receive the clear vision of the Holy Spirit, so that your hearts may be illumined and able to recognize the Sun of Truth shining through all material clouds, His splendor flooding the universe.	Langhapin ninyo ang hangin ng kadalisan. Sana ang bawat isa at lahat sa inyo ay makababahagi sa Banal na Kagandahang-loob ng Kaharian ng Langit. Sana ang daigdig ay huwag maging sagabal sa inyong paningin na magkukubli ng katotohanan, kagaya ng katawang-tao ni Kristo na nagtago ng Kaniyang pagkamaka-Diyos sa mga mamamayan ng Kaniyang panahon. Sana ay tumanggap kayo ng malinaw na pang-unawa sa Espiritu Santo, upang ang inyong mga puso ay matanglawan at mangyaring makilala ang Araw ng Katotohanan na naglalagos sa lahat ng mga ulap na materyal, at nagbubuhos ng Kaniyang dingal sa buong santinakpan.
Let not the things of the body obscure the celestial light of the spirit, so that, by the Divine Bounty, you may enter with the children of God into His Eternal Kingdom.	Huwag tulutang ang mga bagay ng katawan ay makapagpalabo sa makalangit na liwanag ng espiritu, nang sa gayon, sa pamamagitan ng Banal na Kagandahang-loob, kayo ay makapasok na kasama ng mga anak ng Diyos sa Kaniyang Walang-hanggang Kaharian.
This is my prayer for you all.	Ito ang aking panalangin para sa inyong lahat.

– 13 –	13
Religious Prejudices	Mga Walang-batayang Paniniwala sa Relihiyon
October 27th	<i>Oktubre 27</i>
The basis of the teaching of Bahá'u'lláh is the <i>Unity of Mankind</i> , and His greatest desire was that love and goodwill should live in the heart of men.	Ang saligan ng aral ni Bahá'u'lláh ay ang <i>Kaisahan ng Sangkatauhan</i> , at ang Kaniyang pinakadakilang hangarin ay ang pamumugad ng pag-ibig at mabuting kalooban sa puso ng tao.
As He exhorted the people to do away with strife and discord, so I wish to explain to you the principal reason of the unrest among nations. The chief cause is the misrepresentation of religion by the religious leaders and teachers. They teach their followers to believe that their own form of religion is the only one pleasing to God, and that followers of any other persuasion are condemned by the All-Loving Father and deprived of His Mercy and Grace. Hence arise among the peoples, disapproval, contempt, disputes and hatred. If these religious prejudices could be swept away, the nations would soon enjoy peace and concord.	Gaya ng Kaniyang paghimok sa mga tao na isantabi ang labanan at di-pagkakasundo, gayundin, nais kong ipaliwanag sa inyo ang pangunahing dahilan ng paghihimagsik ng mga bansa. Ang pangunahing sanhi ay ang di-wastong pagpapahayag ng relihiyon ng kani-kaniyang mga pinuno at mga guro ng relihiyon. Tinuturuan nila ang kanilang mga tagasunod na maniwala na ang kanilang sariling anyo ng relihiyon ang tanging kalugod-lugod sa Diyos, at yaong mga tagasunod naman ng iba pang pananampalataya ay isinusumpa ng Amang Lubos na Mapagmahal at sa gayon ay pinagkakaitan ng Kaniyang Habag at Biyaya. Anupa't ito ay nabubunga sa mga tao ng hindi pagsang-ayon, pagsuway, mga sigalutan at pagkamuhi. Kung ang ganitong mga walang-batayang paniniwala sa relihiyon ay mawawala, hindi malalaunan at ang mga bansa ay magtatamasa ng kapayapaan at pagkakasundo-sundo.
I was once at Tiberias where the Jews have a Temple. I was staying in a house just opposite the Temple, and there I saw and heard a Rabbi speaking to his congregation of Jews, and he spoke thus:	Minsan ay nasa Tiberias ako na kinaroroonan ng isang Templo ng mga Hudyo. Nanunuluyan ako sa isang bahay na katapat ng Templo, at doon ay nakita ko at narinig ang isang Rabbi na nangungusap sa harap ng nakatipong mga Hudyo, at kaniyang sinabi:
“O Jews, you are in truth the people of God! All other races and religions are of the devil. God has created you the descendants of Abraham, and He has showered His blessings upon you. Unto you God sent Moses, Jacob and Joseph, and many other great prophets. These prophets, one and all, were of your race.	“O mga Hudyo, kayo sa katotohanan ang mga mamamayan ng Diyos! Ang iba pang mga lahi at mga relihiyon ay sa diyablo. Nilikha kayo ng Diyos na mga inapo ni Abraham, at isinabog sa inyo ang mga pagpapala Niya. Sa inyo ipinadala ng Diyos sina Moises, Jacob at Joseph, at marami pang ibang dakilang propeta. Ang mga propetang ito, lahat at bawat isa, ay nabibilang sa inyong lahi.
“It was for you that God broke the power of Pharaoh and caused the Red Sea to dry up; to you also He sent manna from above to be your food, and out of the stony rock did He give you water to quench your thirst. You are indeed the chosen people of God, you are above all the races of the earth! Therefore, all other races are abhorrent to God, and condemned by Him. In truth you will govern and subdue the world, and all men shall become your slaves.	“Dahil sa inyo kung kaya winasak ng Diyos ang mga Kapangyarihan ni Paraon at tinuyuan ang Dagat na Pula, sa inyo rin inihatid Niya ang mga biyaya mula sa kaitaasan upang maging pagkain ninyo, at mula sa mabatong kuta ay binigyan Niya kayo ng tubig upang pawiin ang inyong uhaw. Tunay na kayo nga ang piniling mamamayan ng Diyos, kayo ang nakahihigit sa lahat ng mga lahi sa lupa! Samakatwid, lahat ng iba pang mga lahi ay kasuklam-suklam sa Diyos, at sila ay isinumpa Niya. Sa katotohanan, kayo ang mamamahala at lulupig sa mundo, at ang lahat ng tao ay magiging alipin ninyo.

“Do not profane yourselves by consorting with people who are not of your own religion, make not friends of such men.”	“Huwag ninyong hamakin ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng pakikisalamuha ninyo sa mga taong hindi nabibilang sa inyong relihiyon; huwag makipagkaibigan sa mga gayong tao.”
When the Rabbi had finished his eloquent discourse, his hearers were filled with joy and satisfaction. It is impossible to describe to you their happiness!	Sa pagtatapos ng Rabbi sa kaniyang mahusay na pagpapahayag, ang kaniyang mga tagapakinig ay napuspos ng galak at kasiyahan. Hingi maaaring mailarawan sa inyo ang kanilang kaligayahan!
Alas! It is misguided ones like these who are the cause of division and hatred upon earth. Today there are millions of people who still worship idols, and the great religions of the world are at war among themselves. For 1,300 years, Christians and Muslims have been quarreling, when with very little effort their differences and disputes could be overcome and peace and harmony could exist between them and the world could be at rest!	Sayang! Ang nangapaligaw na mga nilikhang tulad nito ang siyang dahilan ng pagkakahati-hati at pagkakapoot sa ibabaw ng lupa. Sa araw na ito ay angaw-angaw pa ang mga taong sumasamba sa mga diyos-diyusan, at ang pangunahing mga relihiyon sa daigdig ay nagpapaligsahan sa isa’t isa. Sa loob ng 1,300 taon, ang mga Kristiyano at mga Muslim ay nag-aalitan, samantalang sa kaunting pagsisikap lamang maaaring malutas ang kanilang mga di-pagkakaunawaan at mga sigalot, at ang kapayapaan at pagkakaayon ay maaaring umiral sa kanila at ang daigdig naman ay matahimik!
In the Qur’án we read that Muḥammad spoke to His followers, saying:	Sa Qur’án ay matutunghayan nating sinabi ni Muḥammad sa Kaniyang mga tagasunod, na anyá:
“Why do you not believe in Christ, and in the Gospel? Why will you not accept Moses and the Prophets, for surely the Bible is the Book of God? In truth, Moses was a sublime Prophet, and Jesus was filled with the Holy Spirit. He came to the world through the Power of God, born of the Holy Spirit and of the blessed Virgin Mary. Mary, His mother, was a saint from Heaven. She passed her days in the Temple at prayer and food was sent to her from above. Her father, Zacharias, came to her and asked her from whence the food came, and Mary made answer, ‘From on high.’ Surely God made Mary to be exalted above all other women.”	“Bakit hindi kayo naniniwala kay Kristo at sa Banal na Kasulatan? Bakit hindi ninyo tanggapin si Moises at ang mga Propeta, gayong tiyak na ang Banal na Kasulatan ay Aklat ng Diyos? Sa katunayan, si Moises ay isang dakilang Propeta, at si Hesus ay napuspos ng Espiritu Santo. Naparito Siya sa Mundo sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos, iniluwal ng Espiritu Santo at ng pinagpalang Birhen Maria. Si Maria, ang Kaniyang Ina, ay isang santa mula sa Kalangitan. Pinararaan niya ang kaniyang mga araw sa pananalangin sa loob ng Templo at ang pagkain ay ipinapanaog sa kaniya mula sa Kalangitan. Ang kaniyang ama, si Zacarias, ay lumapit sa kaniya at itinanong kung saan nagbubuhat ang pagkaing iyon, at si Maria ay sumagot, ‘Mula sa kaitaasan.’ Anupa’t tiyak na si Maria ay sinadya ng Diyos na maging katangi-tangi sa ibabaw ng tanang ibang babae.”
This is what Muḥammad taught His people concerning Jesus and Moses, and He reproached them for their lack of faith in these great Teachers, and taught them the lessons of truth and tolerance. Muḥammad was sent from God to work among a people as savage and uncivilized as the wild beasts. They were quite devoid of understanding, nor had they any feelings of love, sympathy and pity. Women were so degraded and despised that a man could bury his daughter alive, and he had as many wives to be his slaves as he chose.	Ito ang itinuro ni Muḥammad sa Kaniyang mga mamamayan hinggil kina Hesus at Moises, at binigyang-sala Niya ang mga iyon sa kawalan ng pananalig sa mga dakilang Gurong ito, at itinuro sa kanila ang mga araw ng katotohanan at pagpaparaya. Si Muḥammad ay ipinadala ng Diyos upang isaayos ang isang lipon ng mababangis na taong salat pa sa kabihasnang kagaya ng mailap na mga hayop. Sila ay dahop pa sa pang-unawa, at salat pa sila sa mga damdamin ng pag-ibig, pagdamay at habag. Ang mga babae ay lubhang mababa at hamak sa kanilang paningin kaya’t nangyayaring ilibing nang buhay ng isang lalaki ang kaniyang anak na babae, at kumuha ng kahit gaanong karaming asawa upang maging alipin niya hanggang kaniyang maibigan.
Among these half animal people Muḥammad was sent with His divine Message. He taught the people that idol worship was wrong, and that they should reverence Christ, Moses and the Prophets. Under His influence	Sa sinapupunan ng mga taong ito na may kalahating pagkahayop, si Muḥammad ay isinugong taglay ang Kaniyang Banal na Aral. Itinuro Niya sa mga mamamayan na ang pagsamba sa mga diyos-diyusan ay

they became a more enlightened and civilized people and arose from the degraded state in which He found them. Was not this a good work, and worthy of all praise, respect and love?	hindi wasto, na dapat nilang pagpitaganan si Kristo, si Moises at ang mga Propeta. Sa ilalim ng Kaniyang bisa, sila ay naging mga taong higit na naliwanagan at naging bihasa at napaangat mula sa hamak na kalagayan. Hindi бага ito isang magandang gawain, at karapat-dapat sa lahat ng papuri, paggalang at pag-ibig?
Look at the Gospel of the Lord Christ and see how glorious it is! Yet even today men fail to understand its priceless beauty, and misinterpret its words of wisdom.	Tingnan ang Ebanghelyo ng Panginoong Hesukristo at masdan kung gaano kaluwalhati iyon! Gayunman, hanggang ngayon, hindi pa rin nauunawaan ng tao ang kagandahan niyon na hindi mahahalagahan ng salapi, at binigyan ng ibang kahulugan ang mga salita ng karunungan.
Christ forbade war! When the disciple Peter, thinking to defend his Lord, cut off the ear of the servant of the High Priest, Christ said to him: "Put up thy sword into the sheath." ¹ Yet, in spite of the direct command of the Lord they profess to serve—men still dispute, make war, and kill one another, and His counsels and teaching seem quite forgotten.	Ibinawal ni Kristo ang digma! Nang tagpasin ng alagad na si Pedro, sa pagtatanggol sa Maestro, ang tainga ng utusan ng Punong Pari, sinabi sa kaniya ni Kristo: "Isalong mo ang iyong tabak sa kaluban." ⁴ Ngunit, gayumpaman sa kabila ng tuwirang utos ng Panginoon na kunwari ay kanilang pinaglilingkuran—ang mga tao ay nag-aalitan pa rin, nagdirigma, at nagpatayan sa isa't isa, at ang Kaniyang mga payo at mga aral ay wari bagang nakalimutan nila.
But do not therefore attribute to the Masters and Prophets the evil deeds of their followers. If the priests, teachers and people, lead lives which are contrary to the religion they profess to follow, is that the fault of Christ or the other Teachers?	Subalit huwag, samakatwid, ninyong iukol sa mga Panginoon at sa mga Propeta ang masasamang ginawa ng kanilang mga tagasunod. Kung ang mga pari, mga guro at ang tao ay kakitaan ninyo ng pamumuhay na salungat sa relihiyong kunwari ay kanilang sinusunod, iyon бага ay kasalanan ni Kristo o ng iba pang mga Guro?
The people of Islám were taught to realize how Jesus came from God and was born of the Spirit, and that He must be glorified of all men. Moses was a prophet of God, and revealed in His day and for the people to whom He was sent, the Book of God.	Ang mga mamamayan ng Islám ay tinuruang alagatain kung papaanong si Hesus ay nagmula sa Diyos at iniluwal ng Espiritu, at sa gayon ay dapat Siya ay luwalhatiin ng lahat ng tao. Si Moises ay isang Propeta ng Diyos, at ibinunyag sa Kaniyang araw at para sa lahat ng mamamayang pinagpadalhan sa Kaniya, ang Aklat ng Diyos.
Muhammad recognized the sublime grandeur of Christ and the greatness of Moses and the prophets. If only the whole world would acknowledge the greatness of Muhammad and all the Heaven-sent Teachers, strife and discord would soon vanish from the face of the earth, and God's Kingdom would come among men.	Kinilala ni Muhammad ang maringal na kadakilaan ni Kristo at ang kadakilaan ni Moises at ng mga propeta. Kung ang buong mundo lamang ay kikilala sa kadakilaan ni Muhammad at ng lahat ng mga isinugong Guro ng Langit, ang pagtutunggali at di-pagkakasundo ay agad na mapapawi sa mukha ng lupa, at ang Kaharian ng Diyos ay daratal sa sinapupunan ng mga tao.
The people of Islám who glorify Christ are not humiliated by so doing.	Ang mga mamamayan ng Islám na lumuluwalhati kay Kristo ay hindi nawawalan ng karangalan dahil sa bagay na ito.
Christ was the Prophet of the Christians, Moses of the Jews—why should not the followers of each prophet recognize and honor the other prophets also? If men could only learn the lesson of mutual tolerance, understanding, and brotherly love, the unity of the world would soon be an established fact.	Si Kristo ay siyang Propeta ng mga Kristiyano, si Moises, ng mga Hudyo—bakit ang mga tagasunod ng bawat propeta ay hindi kumikilala at magparangal din sa ibang mga propeta? Kung matutunan lamang ng tao ang aral ng pagpaparaya sa isa't isa, pag-unawa, at pag-ibig na pangkapatiran, ang pagkakaisa ng sanlibutan ay agad na matutupad.
Bahá'u'lláh spent His life teaching this lesson of Love and Unity. Let us then put away from us all prejudice and intolerance, and strive with all our hearts and souls	Ginugol ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang buhay sa pagtuturo ng aral ng Pag-ibig at Pagkakaisa. Atin na ngang isaisantabi ang paunang paghatol at di-pagpaparaya, at lunggatiin nating buong puso at

to bring about understanding and unity between Christians and Muslims.	kaluluwa na maisagawa ang pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga Kristiyano at mga Muslim.
– 14 –	14
The Benefits of God to Man	Ang mga Kapakinabangan ng Tao Mula sa Diyos
4 Avenue de Camoëns,	4 Avenue de Camoëns,
October 27th	Oktubre 27
God alone ordereth all things and is all-powerful. Why then does He send trials to His servants?	Tanging ang Diyos ang nag-utos ng lahat ng bagay at tanging Siya ang makapangyarihang ganap. Bakit kung gayon nag-uukol Siya ng mga pagsubok sa Kaniyang mga tagapaglingkod?
The trials of man are of two kinds. (a) The consequences of his own actions. If a man eats too much, he ruins his digestion; if he takes poison he becomes ill or dies. If a person gambles he will lose his money; if he drinks too much he will lose his equilibrium. All these sufferings are caused by the man himself, it is quite clear therefore that certain sorrows are the result of our own deeds.	Ang mga pagsubok sa tao ay dalawang uri. (a) Ang mga bunga ng kaniyang sariling mga hakbang. Kung ang isang tao ay kumain nang labis, sinisira niya ang kaniyang pantunaw; kung siya ay tumungga ng lason, siya ay magkakasakit o mamamatay. Kung ang isang tao ay magsusugal, siya ay mawawalan ng salapi; kung siya ay umiinom nang labis, mawawalan siya ng panimbang. Ang lahat ng mga paghihirap na ito ay ibinunga na rin ng tao sa kaniyang sarili, anupa't maliwanag na ang ilang dalamhati ay bunga ng ating sariling mga ginagawa.
(b) Other sufferings there are, which come upon the Faithful of God. Consider the great sorrows endured by Christ and by His apostles!	(b) May iba pang mga tiising dumaraan sa mga Mananampalataya ng Diyos. Alalahanin ang mapapait na pighating dinanas ni Kristo, at ng Kaniyang mga alagad!
Those who suffer most, attain to the greatest perfection.	Yaong mga dumaranas ng pinakamaraming tiisin ay siyang nakapagtamo ng pinakadakilang kaganapan.
Those who declare a wish to suffer much for Christ's sake must prove their sincerity; those who proclaim their longing to make great sacrifices can only prove their truth by their deeds. Job proved the fidelity of his love for God by being faithful through his great adversity, as well as during the prosperity of his life. The apostles of Christ who steadfastly bore all their trials and sufferings—did they not prove their faithfulness? Was not their endurance the best proof?	Yaong nagsipagpahayag ng isang hangaring magsipagtiis nang labis alang-alang kay Kristo ay kailangang magpatunay ng kanilang katapatan; yaong nagpapahayag ng kanilang pagnanasang gumawa ng matinding pagpapakasakit ay maaaring makapagpatunay lamang ng kanilang katotohanan sa pamamagitan ng mga gawa. Pinatunayan ni Jacob ang katapatan ng kaniyang pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng pagiging tapat sa buong panahon ng kaniyang paghihirap, gayundin sa panahon ng kaniyang pananagana sa buhay. Ang mga alagad ni Kristo na buong tatag ng kaloobang tiniis ang kanilang mga pagsubok at mga pagbabata—hindi бага pinatunayan nila ang kanilang katapatan? Ang kanilang pagtitiiis ay hindi бага siyang pinakamabuting katibayan?
These griefs are now ended.	Ang mga pagdadalamhating ito ay natapos na ngayon.
Caiaphas lived a comfortable and happy life while Peter's life was full of sorrow and trial; which of these two is the more enviable? Assuredly we should choose the present state of Peter, for he possesses immortal life whilst Caiaphas has won eternal shame. The trials of	Si Kaipas ay namuhay nang buong ginhawa at saya, samantalang ang buhay ni Pedro ay naputos ng dalamhati at mga pagsubok; alin sa dalawang ito ang lalong nakapananaghili? Tiyak na ang pipiliin natin ay ang kasalukuyang kalagayan ni Pedro, sapagkat angkin

Peter tested his fidelity. Tests are benefits from God, for which we should thank Him. Grief and sorrow do not come to us by chance, they are sent to us by the Divine Mercy for our own perfecting.	niya ang isang buhay na walang kamatayan samantalang si Kaipas ay nagtamo ng walang-hanggang kahihayan. Ang mga pagsubok kay Pedro ay nagpakilala ng kaniyang katapatan. Ang mga pagsubok ay mga kapakinabangan mula sa Diyos na dapat nating ipagpasalamat sa Kaniya. Ang lumbay at dalamhati ay hindi dulot lamang sa atin ng pagkakataon; ang mga iyan ay inihahatid sa ating ng Banal na Awa para sa ating sariling kaganapan.
While a man is happy he may forget his God; but when grief comes and sorrows overwhelm him, then will he remember his Father who is in Heaven, and who is able to deliver him from his humiliations.	Samantalang ang isang tao ay maligaya, maaaring malimutan niya ang kaniyang Diyos; datapwat kung sumapit sa kaniya ang lungkot at ang pighati ay pumutos sa kaniya, maaalala niya ang kaniyang Ama na nasa Langit, at Siyang maaaring humango sa kaniya mula sa kaniyang mga kahihayan.
Men who suffer not, attain no perfection. The plant most pruned by the gardeners is that one which, when the summer comes, will have the most beautiful blossoms and the most abundant fruit.	Ang mga taong hindi nagbabata ay hindi magtatamo ng kasakdalan. Ang halamang lalo nang pinupungasan ng mga hardinero ay yaong kung dumarating ang tag-araw ay siyang magkakaroon ng pinakamagandang mga bulaklak at ng pinakamasaganang mga bunga.
The laborer cuts up the earth with his plough, and from that earth comes the rich and plentiful harvest. The more a man is chastened, the greater is the harvest of spiritual virtues shown forth by him. A soldier is no good General until he has been in the front of the fiercest battle and has received the deepest wounds.	Binubungkal ng magsasaka ang lupa sa pamamagitan ng kaniyang araro, at mula sa lupang iyon ay sumusulpot ang mayaman at manigong ani. Ang isang taong lalong napapahirapan ay siyang kakikitaan ng higit na ani ng mga katangiang espirital. Ang isang kawal ay hindi isang mabuting Heneral hangga't hindi siya galing sa unang hanay ng pinakamabangis na paghahamok at nakatatanggap ng pinakamalalim na mga sugat.
The prayer of the prophets of God has always been, and still is: Oh God, I long to lay down my life in the path to Thee! I desire to shed my blood for Thee, and to make the supreme sacrifice.	Ang panalangin ng mga Propeta ng Diyos ay lagi na at hanggang ngayon ay: O Diyos, hinahangad kong ihandog ang aking buhay sa landas na patungo sa Iyo! Nais kong ibubo ang aking dugo para sa Iyo, at gumawa ng pinakamatinding pagpapakasakit.
– 15 –	15
Beauty and Harmony in Diversity	Ang Kagandahan at ang Pagkakatugunan sa Pagkakaiba-iba
October 28th	Oktubre 28
The Creator of all is One God.	Ang Lumikha ng lahat ay Iisang Diyos.
From this same God all creation sprang into existence, and He is the one goal, towards which everything in nature yearns. This conception was embodied in the words of Christ, when He said, "I am the Alpha and the Omega, the beginning and the end." Man is the sum of Creation, and the Perfect Man is the expression of the complete thought of the Creator—the Word of God.	Mula sa Diyos ding ito, ang lahat ng nilikha ay sumulpot sa buhay, at Siya ang iisang hantungan, na Siyang hinahangad at tinutungo ng bawat bagay sa kalikasan. Ang palagay na ito ay nakalaman sa mga salita ni Kristo, nang Kaniyang sabihin, "Ako ang Alpa at ang ang Omega, ang simula at ang katapusan." Ang tao ay siyang kabuuan ng Kalikhaan, at ang Taong Sakdal ay siyang pagpapahayag ng ganap na kaisipan ng Lumikha—ang Salita ng Diyos.
Consider the world of created beings, how varied and diverse they are in species, yet with one sole origin. All	Isaalang-alang ang daigdig ng nilikhang mga tao, anong dami at iba-iba ang mga ito sa uri, gayong tanging iisa

the differences that appear are those of outward form and color. This diversity of type is apparent throughout the whole of nature.	lamang ang pinagmulan. Ang lahat ng mga pagkakaibang makikita ay pawing sa panlabas na anyo at kulay. Ang pagkakaibang ito ay masasaksihan sa kabuuan ng kalikasan.
Behold a beautiful garden full of flowers, shrubs, and trees. Each flower has a different charm, a peculiar beauty, its own delicious perfume and beautiful color. The trees too, how varied are they in size, in growth, in foliage—and what different fruits they bear! Yet all these flowers, shrubs and trees spring from the self-same earth, the same sun shines upon them and the same clouds give them rain.	Tingnan ang isang marikit na halamanang puno ng mga bulaklak, palumpon at mga punongkahoy. Ang bawat bulaklak ay nag-aangkin ng isang kakaibang pang-akit, isang pambihirang kagandahan, isang sariling masamang halimuyak at magandang kulay. Ang mga punongkahoy man, ano mang pagkakaiba ng mga ito sa laki, sa yabong, sa dahon—at anong mga iba-ibang bunga ang nakikita sa mga ito! Gayon pa man, ang lahat ng mga bulaklak nito, mga palumpon at mga punongkahoy ay sumibol sa iisang lupa, iisang araw ang suminag sa mga ito at iisang mga ulap ang nagdulot sa mga ito ng ulan.
So it is with humanity. It is made up of many races, and its peoples are of different color, white, black, yellow, brown and red—but they all come from the same God, and all are servants to Him. This diversity among the children of men has unhappily not the same effect as it has among the vegetable creation, where the spirit shown is more harmonious. Among men exists the diversity of animosity, and it is this that causes war and hatred among the different nations of the world.	Gayundin ang sa sangkatauhan. Ito ay binubuo ng maraming lahi, at ang mga mamamayan nito ay may iba't ibang kulay, puti, itim, dilaw, kayumanggi at pula—subalit ang lahat ay mga tagapaglingkod Niya. Ang pagkakaiba-ibang ito sa sinapupunan ng mga anak ng tao ay nakalulungkot sabihing nag-aangkin ng bisang kaiba sa kalagayan ng sangkalikhaang halaman na kakikitaan ng espiritung may pagkakatugon. Sa mga tao ay umiiral ang pagkakaiba-ibang salungatan, at ito ang nagiging dahilan ng digmaan at pagkapoot sa isa't isa ng iba't ibang mga bansa dito sa daigdig.
Differences which are only those of blood also cause them to destroy and kill one another. Alas! that this should still be so. Let us look rather at the beauty in diversity, the beauty of harmony, and learn a lesson from the vegetable creation. If you beheld a garden in which all the plants were the same as to form, color and perfume, it would not seem beautiful to you at all, but, rather, monotonous and dull. The garden which is pleasing to the eye and which makes the heart glad, is the garden in which are growing side by side flowers of every hue, form and perfume, and the joyous contrast of color is what makes for charm and beauty. So is it with trees. An orchard full of fruit trees is a delight; so is a plantation planted with many species of shrubs. It is just the diversity and variety that constitutes its charm; each flower, each tree, each fruit, beside being beautiful in itself, brings out by contrast the qualities of the others, and shows to advantage the special loveliness of each and all.	Ang mga pagkakaiba lamang sa dugo ay nagiging dahilan din upang sila ay magwasakan at magpatayan ng isa't isa. Sa wakas! ito pa rin ang siyang nangyayari. Anupa't ang masdan natin ay ang ganda ng pagkakaiba, ang ganda ng pagkakatuugun-tugon, at kumuha tayo ng aral sa kalagayan ng sangkalikhaang halaman. Kung mamalasin ninyo ang isang halamanan na ang lahat ng mga tanim ay magkakatulad na anyo, kulay at bango, iyon marahil ay hindi magiging maganda para sa inyo, manapa ay kahina-hinawa at kabagut-bagot. Ang halamanang nakasisiya sa mga mata at nakapagpapaligaya sa puso ay yaong agapay na sinisibulan ng mga bulaklak na iba't ibang kulay, anyo at bango, at ang nakalulugod na pagkakaiba-iba ng kulay ng mga bulaklak ay siyang nagdulot ng halina at karikitan. Gayundin sa mga punongkahoy. Ang isang halamanan ng mga punong namumunga ay nakatutuwa; gayundin ang isang patanimang natatamnan ng maraming uri ng mga palumpong. Ang pagkakaiba-iba at pagkakasamut-samot nito ang siyang bumubuo ng pang-akit; bawat bulaklak, bawat punongkahoy, bawat bunga, bukod sa pagiging maganda nito sa sarili, ay nagpapalitaw sa mga katangian ng iba sa pamamagitan ng pagkakaiba at ipinapamumukod ang tanging karikitan ng bawat isa at ng lahat.
Thus should it be among the children of men! The diversity in the human family should be the cause of love and harmony, as it is in music where many different notes blend together in the making of a perfect chord. If you meet those of different race and color from yourself, do not mistrust them and withdraw yourself into your	Ganito rin sana ang dapat mangyari sa mga anak ng tao! Ang pagkakaiba-iba sa mga anak ng tao ay dapat maging sanhi ng pag-ibig at pagkakaisa, kagaya rin sa musika na ang maraming iba't ibang nota ay sama-samang naglalakip sa pagbuo ng isang sakdal na taginting. Kung inyong masasalubong ang iba't ibang lahi at kulay,

shell of conventionality, but rather be glad and show them kindness. Think of them as different colored roses growing in the beautiful garden of humanity, and rejoice to be among them.	huwag ninyo silang paghinalaan ng masama at huwag ilayo ang inyong sarili dahil lamang sa mga kinagisnang pag-uugali, kundi sa halip ay magalak kayo at pakitaan sila ng kagandahang-loob. Isiping sila ay mga rosas na may ibang kulay lamang na tumutubo rin sa magandang halamanan ng sangkatauhan, at malugod kayo sa pagkakasama ninyo sa kanila.
Likewise, when you meet those whose opinions differ from your own, do not turn away your face from them. All are seeking truth, and there are many roads leading thereto. Truth has many aspects, but it remains always and forever one.	Gayundin, kung makatatagpo ninyo ang mga taong may mga kurukurong kaiba sa inyong sarili, huwag ninyong talikuran sila. Ang lahat ay naghahanap ng katotohanan, at maraming mga landas na patungo roon. Ang katotohanan ay nag-aangkin ng maraming panig, ngunit nananatili itong lagi at magpakailan man ay iisa.
Do not allow difference of opinion, or diversity of thought to separate you from your fellowmen, or to be the cause of dispute, hatred and strife in your hearts.	Huwag ninyong tulutang ang pagkakaiba-iba ng kuro-kuro, o ang pagkakaiba-iba ng kaisipan ay magwalay sa inyo sa inyong kapwa-tao, o maging dahilan ng pagtatalo, alitan at tunggalian sa inyong mga puso.
Rather, search diligently for the truth and make all men your friends.	Sa halip, hanaping matiyaga ang katotohanan at kaibiganin ang lahat ng tao.
Every edifice is made of many different stones, yet each depends on the other to such an extent that if one were displaced the whole building would suffer; if one is faulty the structure is imperfect.	Ang bawat gusali ay yari sa iba't ibang mga bato, gayunman ang bawat isa nito ay umaasa sa iba sa isang hanggan na kung ang isa ay matinag, ang buong gusali ay mapipinsala; kung ang isa ay mali, ang gusali ay hindi matibay.
Bahá'u'lláh has drawn the circle of unity, He has made a design for the uniting of all the peoples, and for the gathering of them all under the shelter of the tent of universal unity. This is the work of the Divine Bounty, and we must all strive with heart and soul until we have the reality of unity in our midst, and as we work, so will strength be given unto us. Leave all thought of self, and strive only to be obedient and submissive to the Will of God. In this way only shall we become citizens of the Kingdom of God, and attain unto life everlasting.	Iginuhit ni Bahá'u'lláh ang kabilugan ng pagkakaisa, gumawa Siya ng banghay para sa pag-iisa sa lahat ng mga mamamayan, at sa pagtitipon sa kanilang lahat sa ilalim ng bubong nga tolda ng pagkakaisang pandaigdig. Ito ang ginawa ng Banal na Kagandahang-loob, at tayong lahat ay dapat na maglunggating buong puso at kaluluwa hanggang sa makamtan natin ang realidad ng pagkakaisa, at samantalang tayo ay gumagawa, ang lakas ay ipagkakaloob sa atin. Isaisantabi ang pag-aalala sa sarili, at sikapin lamang na maging masunurin at mapagpakumbaba sa Kalooban ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang tayo magiging mamamayan ng Kaharian ng Diyos, at makapagtamo ng buhay na walang hanggan.
– 16 –	16
The True Meaning of the Prophecies Concerning the Coming of Christ	Ang Tunay na Kahulugan ng mga Propesiya Hinggil sa Pagdating ni Kristo
October 30th	<i>Oktubre 30</i>
In the Bible there are prophecies of the coming of Christ. The Jews still await the coming of the Messiah, and pray to God day and night to hasten His advent.	Sa Bibliya ay may mga hula hinggil sa pagdating ni Kristo. Ang mga Hudyo ay naghihintay pa rin sa pagdating ng Mesiyas, at nananalangin sa Diyos araw-gabi na daliin ang Kaniyang pagdatal.
When Christ came they denounced and slew Him, saying: "This is not the One for whom we wait. Behold	Nang si Kristo ay dumatal, Siya ay itinatwa nila, at kanilang sinabi: "Hindi Ito ang aming hinihintay.

when the Messiah shall come, signs and wonders shall testify that He is in truth the Christ. We know the signs and conditions, and they have not appeared. The Messiah will arise out of an unknown city. He shall sit upon the throne of David, and behold, He shall come with a sword of steel, and with a scepter of iron shall He rule! He shall fulfill the law of the Prophets, He shall conquer the East and the West, and shall glorify His chosen people the Jews. He shall bring with Him a reign of peace, during which even the animals shall cease to be at enmity with man. For behold the wolf and the lamb shall drink from the same spring, and the lion and the doe shall lie down in the same pasture, the serpent and the mouse shall share the same nest, and all God's creatures shall be at rest."	Malasin sa pagdating ng Mesiyas, ang mga palatandaan at mga kababalaghan ay magpapatunay na Siya nga ang tunay na Kristo. Alam natin ang mga palatandaan at mga kalagayan at ang mga iyan ay hindi pa nakikita. Ang Mesiyas ay magbabangon sa isang hindi pa nakikilalang lungsod. Siya ay uupo sa trono ni David, at pagmasdan, Siya ay darating na may espadang asero at taglay ang isang sentrong bakal, Siya ay maghahari! Kaniyang tutuparin ang batas ng mga Propeta, Kaniyang sasakupin ang Silangan at ang Kanluran, at luluwalhatiin ang Kaniyang piniling mga mamamayan, ang mga Hudyo. Loloobin Niya ang isang paghahari ng kapayapaan, at sa pagkakataong iyon, pati ang mga hayop ay hindi na magiging kaaway ng tao. Anupa't tingnan at ang lobo at ang tupa ay iinom sa iisang batis, at ang leon at ang usa ay mahihiga sa iisang pastulan, ang ahas at ang daga ay magsasama sa iisang pugad, at ang lahat ng mga nilikha ng Diyos ay magiging tiwasay."
According to the Jews, Jesus the Christ fulfilled none of these conditions, for their eyes were holden and they could not see.	Sang-ayon sa mga Hudyo, si Hesus na Kristo ay walang ipinakita sa mga kalagayang ito, sapagkat ang kanilang mga mata ay nakapikit at hindi sila nakakikita.
He came from Nazareth, no unknown place. He carried no sword in His hand, nor even a stick. He did not sit upon the Throne of David, He was a poor man. He reformed the Law of Moses, and broke the Sabbath Day. He did not conquer the East and the West, but was Himself subject to the Roman Law. He did not exalt the Jews, but taught equality and brotherhood, and rebuked the Scribes and Pharisees. He brought in no reign of peace, for during His lifetime injustice and cruelty reached such a height that even He Himself fell a victim to it, and died a shameful death upon the cross.	Siya ay nanggaling sa Nazareth, isang kilalang pook. Wala Siyang taglay na espada sa Kaniyang kamay, kahit na isang patpat. Hindi Siya umupo sa Trono ni David, Siya ay isang taong dukha, Kaniyang binago ang Batas ni Moises, at Kaniyang nilabag ang Araw ng Sabbath. Hindi Niya sinakop ang Silangan at ang Kanluran, kundi Siya pa nga ay napasakop sa Batas ng Romano. Hindi Niya dinakila ang mga Hudyo, kundi ipinangaral pa Niya ang pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran, at Kaniyang kinagalitan ang mga Eskriba at mga Pariseo. Hindi Siya nakapagbunsod ng paghahari ng kapayapaan, sapagkat sa Kaniyang kapanahunan ang kawalang-katarungan at kalupitan ay sumapit sa sukdulang bagay na pati ang Kaniyang Sarili na rin ay nasawi at tumagpo ng isang nakahihiyang kamatayan sa krus.
Thus the Jews thought and spoke, for they did not understand the Scriptures nor the glorious truths that were contained in them. The letter they knew by heart, but of the life-giving spirit they understood not a word.	Anupa't gayon nga ang naging isipan at pananalita ng mga Hudyo, sapagkat hindi nila naunawaan ang Banal na Kasulatan, ni ang maluluwalhating mga katotohanan na roon ay nakalaman. Ang titik ay alam nila sa puso, ngunit hinggil sa espiritung nagbibigay-buhay, wala silang naunawaan dito kahit na isang salita.
Hearken, and I will show you the meaning thereof. Although He came from Nazareth, which was a known place, He also came from Heaven. His body was born of Mary, but His Spirit came from Heaven. The sword He carried was the sword of His tongue, with which He divided the good from the evil, the true from the false, the faithful from the unfaithful, and the light from the darkness. His Word was indeed a sharp sword! The Throne upon which He sat is the Eternal Throne from which Christ reigns forever, a heavenly throne, not an earthly one, for the things of earth pass away but heavenly things pass not away. He reinterpreted and completed the Law of Moses and fulfilled the Law of the Prophets. His word conquered the East and the West. His Kingdom is everlasting. He exalted those Jews who	Pakinggan ninyo, at ipakikita ko sa inyo ang kahulugan niyon. Bagaman Siya ay nagbuhat sa Nazareth, na isang kilalang pook, Siya ay nanggaling din sa Langit. Ang Kaniyang katawan ay isinilang ni Maria, ngunit ang Kaniyang Espiritu ay nagmula sa Langit. Ang espadang Kaniyang dala ay ang espada ng Kaniyang dila na sa pamamagitan nito ay Kaniyang ibinuklod ang mabuti sa masama, ang katotohanan sa kabulaanan, ang matapat sa lilo, at ang liwanag sa karimlan. Ang Kaniyang Salita ay tunay na isang matalim na espada! Ang Tronong Kaniyang niluklukan ay ang Walang-hanggang Trono sa pinagmumulan ng paghaharing habang-buhay ni Kristo, isang makalangit na trono, hindi isang pangkalupaan lamang, sapagkat ang mga bagay ng kalupaan lumilipas ngunit ang pangkalangitang mga bagay ay hindi

recognized Him. They were men and women of humble birth, but contact with Him made them great and gave them everlasting dignity. The animals who were to live with one another signified the different sects and races, who, once having been at war, were now to dwell in love and charity, drinking together the water of life from Christ the Eternal Spring.	mawawala. Kaniyang pinakahulugang panibago at tinapos ang batas ni Moises at tinupad ang Batas ng mga Propeta. Ang Kaniyang salita ay sumakop sa Silangan at sa Kanluran. Ang Kaniyang kaharian ay walang hanggan. Kaniyang dinakila ang mga Hudiyong kumilala sa Kaniya. Ang mga iyon ay mga lalaki at mga babaeng mula sa hamak na kinamulatan, datapwat ang pakikitungo ng mga iyon sa Kaniya ay siyang nagpadakila sa kanila at nagbigay sa kanila ng walang-hanggang karangalan. Ang mga hayop na dapat mamuhay ng magkakasama ay nagpapakilala ng iba't ibang mga sekta at mga lahi, sila, na noong araw ay mandirigma, ngayon ay nananahan sa pag-ibig at kawanggawa, umiinom nang magkakasama sa tubig ng buhay mula kay Kristo, ang Walang-hanggang Batis.
Thus, all the spiritual prophecies concerning the coming of Christ were fulfilled, but the Jews shut their eyes that they should not see, and their ears that they should not hear, and the Divine Reality of Christ passed through their midst unheard, unloved and unrecognized.	Anupa't ang lahat ng mga hulang espirital hinggil sa pagparito ni Kristo ay nangatupad, subalit ang mga Hudyo ay nagpikit ng kanilang mga mata nang hindi sila makakita, nagtakip ng kanilang mga tainga ng hindi sila makarinig, at ang Banal na Katunayan ni Kristo ay nagdaan sa kanilang sinapupunan nang hindi nila dininig, hindi nila minahal at hindi nila kinilala.
It is easy to read the Holy Scriptures, but it is only with a clean heart and a pure mind that one may understand their true meaning. Let us ask God's help to enable us to understand the Holy Books. Let us pray for eyes to see and ears to hear, and for hearts that long for peace.	Madaling basahin ang mga Banal na Kasulatan, ngunit tanging ang nagtataglay ng isang malinis na puso at isang dalisay na isipan ang makauunawa sa tunay na kahulugan niyon. Hilingin natin ang tulong ng Diyos upang mangyaring maunawaan natin ang mga Banal na Aklat. Manalangin tayo para sa mga mata upang ang mga ito ay makakita, para sa mga tainga upang ang mga ito ay makarinig, at para sa mga pusong naghahangad ng kapayapaan.
God's eternal Mercy is immeasurable. He has always chosen certain souls upon whom He has shed the Divine Bounty of His heart, whose minds He has illumined with celestial light, to whom He has revealed the sacred mysteries, and kept clear before their sight the Mirror of Truth. These are the disciples of God, and His goodness has no bounds. You who are servants of the Most High may be disciples also. The treasures of God are limitless.	Ang walang-hanggang Awa ng Diyos ay hindi masusukat. Lagi Siyang pumipili ng ilang kaluluwa na nililikuban Niya ng Banal na Kagandahang-loob ng Kaniyang puso, ang mga isipan nito ay Kaniyang tinatanglawan ng makalangit na liwanag, sa mga ito ay Kaniyang ibinubunyag ang mga banal na misteryo o kababalaghan, at sa paningin ng mga ito ay pinanatili Niyang malinaw ang Salamin ng Katotohanan. Ang mga ito ang mga alagad ng Diyos at ang Kaniyang kabutihan ay walang hanggan. Kayo na mga tagapaglingkod ng Pinakamataas ay maaaring maging alagad rin. Ang mga kabanyaman ng Diyos ay walang takda.
The Spirit breathing through the Holy Scriptures is food for all who hunger. God Who has given the revelation to His Prophets will surely give of His abundance daily bread to all those who ask Him faithfully.	Ang Espiritung humihinga sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan ay pagkain para sa lahat ng mga nagugutom. Ang Diyos na nagbigay ng Kaniyang pagbubunyag sa Kaniyang mga Propeta ay tiyak na magbibigay ng Kaniyang masaganang pagkain sa araw-araw sa lahat ng sa Kaniya ay humihingi nang buong katapatan.
- 17 -	17

The Holy Spirit, the Intermediary Power between God and Man	Ang Espiritu Santo, ang Tagapamagitan ng Kapangyarihan sa Pagitan ng Diyos at Tao
4 Avenue de Camoëns,	<i>4 Avenue de Camoëns,</i>
October 31st	<i>Oktubre 31</i>
The Divine Reality is Unthinkable, Limitless, Eternal, Immortal and Invisible.	Ang Banal na Katunayan ay Hindi-kayang-isipin, Walang-takda, Walang-hanggan, Walang-kamatayan, at Hindi-makita.
The world of creation is bound by natural law, finite and mortal.	Ang daigdig ng sangkalikhaan ay naliligiran ng batas ng kalikasan, may hanggan, at may kamatayan.
The Infinite Reality cannot be said to ascend or descend. It is beyond the understanding of man, and cannot be described in terms which apply to the phenomenal sphere of the created world.	Ang Walang-hanggang Katunayan ay hindi masasabing umaakyat o bumababa. Ito ay nasa kabila pa ng pagkaunawa ng tao, at hindi mailalarawan sa mga salita ng gamit sa nadaramang sinukuban ng nilikhang daigdig.
Man, then, is in extreme need of the only Power by which he is able to receive help from the Divine Reality, that Power alone bringing him into contact with the Source of all life.	Ang tao, kung gayon, ay nasa sukdulang pangangailangang makapagtamo ng tanging Kapangyarihang sa tulong nito ay siya ay makapangyayaring tumanggap ng tulong mula sa Banal na Katunayan, tanging Kapangyarihan ang makapaglalapit sa kaniya sa Pamulaan ng lahat ng buhay.
An intermediary is needed to bring two extremes into relation with each other. Riches and poverty, plenty and need: without an intermediary power there could be no relation between these pairs of opposites.	Ang isang tagapamagitan ay kinakailangan upang makapag-ugnay sa isa't isa ang dalawang panukdulan. Kayamanan at karalitaan, kasaganaan at pangangailangan: kung walang tagapamagitan ng kapangyarihan ay hindi magkakaroon ng pagkakaugnay ang mga tambal na ito ng magkakasalungat ng mga bagay.
So we can say there must be a Mediator between God and Man, and this is none other than the Holy Spirit, which brings the created earth into relation with the "Unthinkable One," the Divine Reality.	Anupa't masasabi nating dapat na magkaroon ng isang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng Tao, at ito ay walang iba kundi ang Espiritu Santo na siyang nag-uugnay sa nilikhang lupa sa "Isang Hindi-kayang-isipin," ang Banal na Katunayan.
The Divine Reality may be likened to the sun and the Holy Spirit to the rays of the sun. As the rays of the sun bring the light and warmth of the sun to the earth, giving life to all created beings, so do the "Manifestations" ¹ bring the power of the Holy Spirit from the Divine Sun of Reality to give light and life to the souls of men.	Ang Banal na Katunayan ay maaaring itulad sa araw at ang Espiritu Santo sa mga sinag ng araw. Kung papaanong ang mga sinag ng araw ay siyang nagdadala ng liwanag at init ng araw sa lupa, nagkakaloob ng buhay sa lahat ng mga bagay na nilikha, sa gayon ding paraan, ang mga "Kahayagan" ⁵ ay siya na ring nagdadala ng kapangyarihan ng Espiritu Santo mula sa Banal na Araw ng Katunayan upang magbigay liwanag at buhay sa mga kaluluwa ng tao.
Behold, there is an intermediary necessary between the sun and the earth; the sun does not descend to the earth, neither does the earth ascend to the sun. This contact is made by the rays of the sun which bring light and warmth and heat.	Tingnan, may isang tagapamagitan kailangan sa pagitan ng araw at ng lupa; ang araw ay hindi bumababa sa lupa. Ang pag-uugnay ay ginawa sa pamamagitan ng mga sinag ng araw na siyang naghahatid ng liwanag at sigla at init.
The Holy Spirit is the Light from the Sun of Truth bringing, by its infinite power, life and illumination to all mankind, flooding all souls with Divine Radiance, conveying the blessings of God's Mercy to the whole world. The earth, without the medium of the warmth and	Ang Espiritu Santo ay siyang Liwanag mula sa Araw ng Katotohanan na nagdadala, sa pamamagitan ng walang-hanggang kapangyarihan nito, ng buhay at kaliwanagan sa sangkatauhan, sinasabugan ang lahat ng mga kaluluwa ng Banal na Luningning, inihahatid ang mga pagpapala ng Awa ng Diyos sa buong daigdig. Ang

light of the rays of the sun, could receive no benefits from the sun.	lupa, kung wala ng pamamagitan ng init at liwanag ng mga sinag ng araw, ay hindi makatatanggap ng mga biyaya mula sa araw.
Likewise the Holy Spirit is the very cause of the life of man; without the Holy Spirit he would have no intellect, he would be unable to acquire his scientific knowledge by which his great influence over the rest of creation is gained. The illumination of the Holy Spirit gives to man the power of thought, and enables him to make discoveries by which he bends the laws of nature to his will.	Sa gayon ding kaparaanan, ang Espiritu Santo ay siyang pinakasanhi ng buhay ng tao; kung walang Espiritu Santo, siya ay hindi mag-aangkin ng isipan, hindi sana nangyaring makapagtamo siya ng kaalamang pang-agham na siyang dahilan ng pagkakaroon niya ng malaking kapangyarihan sa ibabaw ng lahat ng iba pang mga nilikha. Ang tanglaw ng Espiritu Santo ay nagbigay sa tao ng kapangyarihan ng isipan, at pinapangyayari itong makagawa ng mga pagtuklas na siyang naghuhubog sa mga batas ng kalikasan ayon sa kaniyang kalooban.
The Holy Spirit it is which, through the mediation of the Prophets of God, teaches spiritual virtues to man and enables him to attain Eternal Life.	Ang Espiritu Santo ang siyang nagtuturo ng mga katangiang espiritwal na tao at pinapangyayari itong makapagtamo ng Walang-hanggang Buhay sa pamamagitan ng mga Propeta ng Diyos.
All these blessings are brought to man by the Holy Spirit; therefore we can understand that the Holy Spirit is the Intermediary between the Creator and the created. The light and heat of the sun cause the earth to be fruitful, and create life in all things that grow; and the Holy Spirit quickens the souls of men.	Ang lahat ng mga pagpapalang ito ay inihahatid sa tao ng Espiritu Santo; samakatwid ay mauunawaan natin na ang Espiritu Santo ay Siyang Tagapamagitan sa pagitan ng Lumikha at ng nilikha. Ang liwanag at init ng Araw ay siyang sanhi ng pagiging mabunga ng lupa, at lumilikha ng buhay sa lahat ng mga bagay na tumutubo; at ang Espiritu Santo ay nagpapasigla sa mga kaluluwa ng tao.
The two great apostles, St. Peter and St. John the Evangelist, were once simple, humble workmen, toiling for their daily bread. By the Power of the Holy Spirit their souls were illumined, and they received the eternal blessings of the Lord Christ.	Ang dalawang dakilang alagad, si San Pedro at si San Juan, ang Ebanghelista, ay dating mga payak, mapagkumbabang manggagawa na gumagawa upang humanap ng kanilang kakanin sa araw-araw. Sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kanilang mga kaluluwa ay naliwanagan, at sila ay tumanggap ng walang-hanggang pagpapala ng Panginoong Hesukristo.
- 18 -	18
The Two Natures in Man	Ang Dalawang Katangiang Likas sa Tao
November 1st	<i>Nobyembre 1</i>
Today is a day of rejoicing in Paris! They are celebrating the Festival of "All Saints." Why do you think that these people were called "Saints?" The word has a very real meaning. A saint is one who leads a life of purity, one who has freed himself from all human weaknesses and imperfections.	Ngayon ay araw ng pagsasaya sa Paris! Ipinagdiriwang nila ang Pista ng "Lahat ng mga Santo." Bakit sa akala ninyo tinaguriang mga "Santo" ang mga taong ito? Ang salitang ito ay tunay na nag-aangkin ng isang totooang kahulugan. Ang isang santo ay isang nagtataguyod ng buhay na malinis, isang nagligtas na sa kaniyang sarili sa lahat ng mga kahinaan at di-kasakdalan ng tao.
In man there are two natures; his spiritual or higher nature and his material or lower nature. In one he approaches God, in the other he lives for the world alone. Signs of both these natures are to be found in men. In his material aspect he expresses untruth, cruelty	Sa tao ay may dalawang likas na katangian; ang kaniyang likas na katangiang espiritwal o mataas at ang kaniyang likas na katangiang materyal o mababa. Sa isa ay lumalapit siya sa Diyos, doon naman sa kabila ay nabubuhay siya tanging para sa daigdig lamang. Ang

and injustice; all these are the outcome of his lower nature. The attributes of his Divine nature are shown forth in love, mercy, kindness, truth and justice, one and all being expressions of his higher nature. Every good habit, every noble quality belongs to man's spiritual nature, whereas all his imperfections and sinful actions are born of his material nature. If a man's Divine nature dominates his human nature, we have a saint.	mga palatandaan ng likas na mga katangiang ito ay matatagpuan sa mga tao. Sa kaniyang katauhang materyal ay nagpapahayag siya ng kabulaanan, kalupitan at kawalang-katarungan; ang lahat ng mga ito ay bunga ng kaniyang mababang kalikasan. Ang mga palatandaan ng kaniyang likas na katangiang Banal ay ipinamamalas sa pag-ibig, habag, kagandahang-loob, katotohanan at katarungan, ang bawat isa at ang lahat ng ito ay pawang mga pagpapahayag ng kaniyang likas na katangiang mataas. Ang bawat mabuting asal, ang bawat marangal na kagalingan ay pag-aari ng likas na katangiang espiritwal ng tao, samantalang ang lahat ng kaniyang di-kasakdalan at makasalanang mga hakbang ay mula sa kaniyang likas na katangiang materyal. Kapag ang likas na katangiang Banal ng tao ay siyang nananaig sa kaniyang likas na katangiang pangkatawan, tayo ay may isang santo.
Man has the power both to do good and to do evil; if his power for good predominates and his inclinations to do wrong are conquered, then man in truth may be called a saint. But if, on the contrary, he rejects the things of God and allows his evil passions to conquer him, then he is no better than a mere animal.	Ang tao ay may kapangyarihang gumawa ng kapuwa mabuti at masama; kapag ang kaniyang kapangyarihan para sa kabutihan ang siyang namayani at ang kaniyang mga hilig sa paggawa ng masama ay nalupig, kung magkagayon na, ang taong iyan ay tunay na ngang masasabing santo. Subalit, kung sa kabaliktaran, kaniyang tinatanggihan ang mga bagay ng Diyos at tinutulutan niya ang kaniyang masamang mga hilig na lupigin ang kaniyang sarili, sa pagkakagayon, siya ay hindi nakahihigit sa isang hamak ng hayop.
Saints are men who have freed themselves from the world of matter and who have overcome sin. They live in the world but are not of it, their thoughts being continually in the world of the spirit. Their lives are spent in holiness, and their deeds show forth love, justice and godliness. They are illumined from on high; they are as bright and shining lamps in the dark places of the earth. These are the saints of God. The apostles, who were the disciples of Jesus Christ, were just as other men are; they, like their fellows, were attracted by the things of the world, and each thought only of his own advantage. They knew little of justice, nor were the Divine perfections found in their midst. But when they followed Christ and believed in Him, their ignorance gave place to understanding, cruelty was changed to justice, falsehood to truth, darkness into light. They had been worldly, they became spiritual and divine. They had been children of darkness, they became sons of God, they became saints! Strive therefore to follow in their steps, leaving all worldly things behind, and striving to attain to the Spiritual Kingdom.	Ang mga santo ay mga taong nagpalaya ng kanilang mga sarili mula sa daigdig ng mga bagay at nakapanaig sa kasalanan. Sila ay nabubuhay sa daigdig ngunit hindi ukol dito, ang kanilang mga kaisipan ay nagpapatuloy sa daigdig ng espiritu. Ang kanilang mga buhay ay iniuukol nila sa kabanalan, at ang kanilang mga gawa ay nagpapakita ng pag-ibig, katarungan at kabanalan. Sila ay natatagpuan mula sa itaas; sila ay maliliwanag at maniningning na ilaw sa madilim na pook ng sandaigdig. Ang mga ito ang mga santo ng Diyos. Ang mga apostol, na mga disipulo ni Hesukristo, ay kagaya rin ng ibang mga tao; sila, katulad rin ng kanilang mga kapwa, ay naaakit sa mga bagay ng daigdig, at ang bawat isa ay nag-iisip lamang ng kaniyang ikabubuti. Kaunti lamang ang kanilang nababatid ukol sa katarungan, at walang gaanong Banal na kasakdalang matatagpuan sa kanilang sinapupunan. Subalit nang sila ay sumunod kay Kristo at sumampalataya sa Kaniya, ang kanilang kamangmangan ay nagbigay-daan sa pagkaunawa, ang kalupitan ay napalitan ng katarungan, ang kabulaanan, ng katotohanan, at ang karimlan ay nauwi sa kaliwanagan. Sila ay dating makamundo, ngunit naging espiritwal at banal. Sila ay dating mga anak ng kadiliman, ngunit naging mga anak ng Diyos, naging mga santo! Samakatwid ay maglunggati kayong sumunod sa kanilang mga yapak, talikuran ang lahat ng mga bagay ng kamunduhan, at sikaping makasapit sa Kahariang Espiritwal.
Pray to God that He may strengthen you in divine virtue, so that you may be as angels in the world, and beacons	Manalangin sa Diyos na kayo nawa ay palakas sa banal na katangian, sa gayon ay maging anghel kayo rito sa daigdig, at maging mga patnubay ng liwanag na

of light to disclose the mysteries of the Kingdom to those with understanding hearts.	magbubunyag ng mga hiwaga ng Kaharian sa mga taong nag-aangkin ng maunawaing mga puso.
God sent His Prophets into the world to teach and enlighten man, to explain to him the mystery of the Power of the Holy Spirit, to enable him to reflect the light, and so in his turn, to be the source of guidance to others. The Heavenly Books, the Bible, the Qur'án, and the other Holy Writings have been given by God as guides into the paths of Divine virtue, love, justice and peace.	Isinugo ng Diyos ang kaniyang mga Propeta rito sa daigdig upang magturo at magpaliwanag sa tao, upang liwanagin sa kaniya ang hiwaga ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang tulungan siyang matalos niya ang liwanag ng ilaw, at nang pagkatapos, siya naman ay maging patnubay sa iba. Ang mga Makalangit na Aklat, ang Bibliya, ang Qur'án, at iba pang mga Banal na Kasulatan ay ipinagkaloob ng Diyos bilang mga patnubay sa mga landasin ng Banal na katangian, pag-ibig, katarungan at kapayapaan.
Therefore I say unto you that ye should strive to follow the counsels of these Blessed Books, and so order your lives that ye may, following the examples set before you, become yourselves the saints of the Most High!	Samakatwid, sinabi ko sa inyo na dapat kayong magsikap na makasunod sa payo ng mga Banal na Aklat, at atasan ang inyong mga buhay nang kayo sana ay sumunod sa mga halimbawang ipinakita sa inyo, at kayo ay maging mga santo ng Kataas-taasan.
– 19 –	19
Material and Spiritual Progress	Ang Kaunlarang Materyal at Espiritwal
November 2nd	<i>Nobyembre 2</i>
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
How beautiful the weather is today, the sky is clear, the sun shines, and the heart of man is made glad thereby!	Anong ganda ng panahon ngayong araw na ito, ang langit ay aliwalas, ang araw ay sumisikat, at ang mga puso ng tao ay nagagalak sa kaniyang kalagayan!
Such bright and beautiful weather gives new life and strength to man, and if he has been sick, he feels once more in his heart the joyous hope of health renewed. All these gifts of nature concern the physical side of man, for it is only his body that can receive material benefits.	Ang ganiyang kaliwanag at kagandang panahon ang nagbibigay ng bagong buhay at lakas sa tao, at kung siya ay may sakit nararamdaman niyang muli sa kaniyang puso ang malugod na pag-asa ng isang panibagong kalusugan. Ang lahat ng mga handog na ito ng kalikasan ay may kinalaman sa pangkatauhang panig ng tao, sapagkat tanging ang kaniyang katawan lamang ang maaaring tumanggap ng mga kapakinabang materyal.
If a man is successful in his business, art, or profession he is thereby enabled to increase his physical wellbeing and to give his body the amount of ease and comfort in which it delights. All around us today we see how man surrounds himself with every modern convenience and luxury, and denies nothing to the physical and material side of his nature. But, take heed, lest in thinking too earnestly of the things of the body you forget the things of the soul: for material advantages do not elevate the spirit of a man. Perfection in worldly things is a joy to the body of a man but in no wise does it glorify his soul.	Kung ang isang tao ay magtagumpay sa kaniyang negosyo, sining, o propesyon, siya ay nangyayaring makapagdagdag ng kaniyang kagalingang pangkatauhan at makapagbigay sa kaniyang katawan ng kinakailangang luwag at ginhawa na ikasisiya nito. Sa paligid-ligid natin ngayon ay nakikita natin kung paanong pinaliligiran ng tao ang kaniyang sarili ng bawat makabagong kaginhawahan at karangyaan, at hindi nagkakait ng anuman sa panig na pangkatawan at materyal ng kaniyang kalikasan. Subalit mag-ingat, baka sa pag-iisip mataman sa mga bagay ng katawan ay malimot ninyo ang mga bagay ng kaluluwa: sapagkat ang mga kapakinabang materyal ay hindi nakapagpapaluwalhati sa espiritu ng isang tao. Ang kasakdalan sa mga bagay na pangkamunduhan ay isang ligaya sa katawan ng isang tao datapwat sa anumang

	kaparaanan ay hindi ito nakapagpapaluwalhati sa kaniyang kaluluwa.
It may be that a man who has every material benefit, and who lives surrounded by all the greatest comfort modern civilization can give him, is denied the all important gift of the Holy Spirit.	Maaaring ang isang tao na nagtataglay ng bawat kapakinabangang materyal, at nabubuhay na sa paligid niya ay naroon ang lahat ng pinakamalaking mga kaginhawahang maaaring ibigay sa kaniya ng makabagong kabihasnan, ay mapagkaitan naman ng handog ng Espiritu Santo na siyang mahalaga sa lahat.
It is indeed a good and praiseworthy thing to progress materially, but in so doing, let us not neglect the more important spiritual progress, and close our eyes to the Divine light shining in our midst.	Tunay ngang isang mabuti at kapuri-puring bagay ang magtamo ng kaunlarang materyal, subalit, sa pagkakagayon ay huwag nating kalimutan ang lalong mahalagang kaunlarang espiritwal, at huwag nating ipikit ang ating mga mata sa Banal na liwanag na nagniningning sa ating sinapupunan.
Only by improving spiritually as well as materially can we make any real progress, and become perfect beings. It was in order to bring this spiritual life and light into the world that all the great Teachers have appeared. They came so that the Sun of Truth might be manifested, and shine in the hearts of men, and that through its wondrous power men might attain unto Everlasting Light.	Tanging sa pamamagitan lamang ng pagpapabuting espiritwal at materyal maaaring tayo ay makagawa ng tunay na kaunlaran, at maging mga nilikhang sakdal. At sa hangaring madala rito sa daigdig ang espiritwal na buhay at liwanag sa mundo, kung kaya ang lahat ng mga dakilang Guro ay sumipot. Naparito Sila upang ang Araw ng Katotohanan ay maipakilala, at suminag sa mga puso ng tao, at sa pamamagitan ng kahanga-hangang kapangyarihan nito, matamo ng mga tao ang Walang-hanggang Liwanag.
When the Lord Christ came He spread the light of the Holy Spirit on all around Him, and His disciples and all who received His illumination became enlightened, spiritual beings.	Nang ang Panginoong Hesukristo ay naparito, Kaniyang isinabog ang liwanag ng Espiritu Santo sa lahat ng nakapaligid sa Kaniya, at ang Kaniyang mga disipulo at ang lahat ng mga tumanggap ng Kaniyang liwanag ay nangatanglawang mga nilikhang espiritwal.
It was to manifest this light that Bahá'u'lláh was born, and came into the world. He taught Eternal Truth to men, and shed the rays of Divine Light in all lands.	Upang maipakilala ang liwanag na ito kung kaya si Bahá'u'lláh ay isinilang, at dumating sa daigdig. Kaniyang itinuro ang Walang-hanggang Katotohanan sa mga tao, at isinabog ang mga sinag ng Banal na Liwanag sa lahat ng mga lupain.
Alas! behold how man disregards this Light. He still goes on his way of darkness, and disunity, and quarrels and fierce war are still rife.	At sa wakas! tingnan kung paanong hindi pinapansin ng tao ang liwanag na ito. Siya ay patuloy rin sa kaniyang landas ng karimlan, at ang pagkakawatak-watak, at mga sigalutan, at mabangis na paghahamok ay laganap pa rin.
He uses material progress to gratify his lust for war, and he makes destructive implements and appliances to destroy his brother man.	Ginagamit niya ang kaunlarang materyal upang mapagbigyan ang kaniyang matinding hangarin sa pakikidigma, at siya ay gumagawa ng mga nakapipinsalang kasangkapan at mga kagamitan upang wasakin ang kaniyang kapatid na nilikha.
But let us rather exert ourselves for the attainment of spiritual advantages, for this is the only way of true progress, that which cometh from God and is alone Godly.	Anupa't sa halip ay sikapin nating makapagtamo ng mga kapakinabangang espiritwal, sapagkat ito lamang ang tanging paraan ng tunay na kaunlaran, ito ay mula sa Diyos at ito ay natatanging maka-Diyos.
I pray for you one and all that you may receive the Bounties of the Holy Spirit; so will you become in truth enlightened, and progress ever onward and upward to the Kingdom of God. Then shall your hearts be prepared to receive the glad tidings, your eyes shall be opened and you will see the Glory of God; your ears shall be unstopped and you will hear the call of the Kingdom,	Nananalangin ako para sa lahat at bawat isa sa inyo na nawa ay tumanggap kayo ng mga Biyaya ng Espiritu Santo; at nang sa gayon ay maliwanagan kayo sa katotohanan, at patuloy na umunlad kayo tungo sa Kaharian ang Diyos. At kung magkagayon na, ang inyong mga puso ay magiging handa na sa pagtanggap sa mga nakalulugod na pabalita, ang inyong mga mata ay mamumulat na at inyo nang makikita ang Luwalhati

and with tongue made eloquent shall you call men to the realization of the Divine Power and Love of God!	ng Diyos; ang inyong mga tainga ay hindi na mapipigil at inyo nang maririnig ang tawag ng Kaharian, at sa pamamagitan ng inyong mahusay na dila ay matatawagan na ninyo ang mga tao sa katuparan ng Banal na Kapangyarihan at Pag-ibig ng Diyos!
– 20 –	20
The Evolution of Matter and Development of the Soul	Ang Ebolusyon ng Bagay at ang Pag-unlad ng Kaluluwa
November 3rd	<i>Nobyembre 3</i>
Paris is becoming very cold, so cold that I shall soon be obliged to go away, but the warmth of your love still keeps me here. God willing, I hope to stay among you yet a little while; bodily cold and heat cannot affect the spirit, for it is warmed by the fire of the Love of God. When we understand this, we begin to understand something of our life in the world to come.	Ang Paris ay nagiging napakalamig, lubhang maginaw, bagay na ako ay hindi na malalaunan at mapipilitang umalis, subalit ang init ng inyong pag-ibig ay siya pa ring pumipigil dito sa akin. Kung ipahihintulot ng Diyos, inaasahan kong makapamalagi pa sa inyong piling ng kaunti pang panahon; ang lamig at init sa katawan ay hindi makapipinsala sa kaluluwa, sapagkat ito ay pinasisigla ng apoy ng Pag-ibig ng Diyos. Kapag naunawaan natin ito, tayo ay nagsisimulang maunawaan ang isang bagay sa ating buhay sa mundong darating.
God, in His Bounty, has given us a foretaste here, has given us certain proofs of the difference that exists between body, soul and spirit.	Ang Diyos, sa Kaniyang Kagandahang-loob, ay nagbigay sa atin ng paunang aliw rito, nagbigay sa atin ng ilang katibayan ng pagkakaibang umiiral sa pagitan ng katawan, kaluluwa at espiritu.
We see that cold, heat, suffering, etc., only concern the <i>body</i> , they do not touch the spirit.	Nakita natin na ang lamig, init, pagbabata, atbp., ay nauukol lamang sa <i>katawan</i> , hindi dumadantay ang mga ito sa espiritu.
How often do we see a man, poor, sick, miserably clad, and with no means of support, yet spiritually strong. Whatever his body has to suffer, his spirit is free and well! Again, how often do we see a rich man, physically strong and healthy, but with a soul sick unto death.	Anong dalas nating makakita ng isang tao, mahirap, may karamdaman, abang nararamtan, at walang ikinabubuhay, ngunit nag-aangkin ng lakas na espiritwal. Anuman ang dapat ipaghirap ng kaniyang katawan, ang kaniyang espiritu ay malaya at malusog! Gayundin, anong limit nating makakita ng isang taong mayaman, malakas ang katawan at malusog, datapwat nag-aangkin ng isang kaluluwang nag-aagaw-buhay.
It is quite apparent to the seeing mind that a man's spirit is something very different from his physical body.	Nakikita natin na sa tumitinging isipan ang espiritu ng isang tao ay isang bagay na lubhang naiiba sa kaniyang pangkatauhang katawan.
The spirit is changeless, indestructible. The progress and development of the soul, the joy and sorrow of the soul, are independent of the physical body.	Ang espiritu ay hindi nagbabago, hindi nawawasak. Ang pag-unlad at pagkalinang ng kaluluwa, ang ligaya at dalamhati ng kaluluwa, ay hiwalay sa kaniyang pangkatauhang katawan.
If we are caused joy or pain by a friend, if a love prove true or false, it is the soul that is affected. If our dear ones are far from us—it is the soul that grieves, and the grief or trouble of the soul may react on the body.	Kung tayo ay nadudulutan ng ligaya o sakit ng isang kaibigan, kung ang isang pag-ibig ay mapatunayang tunay o balatkayo, ang kaluluwa ang siyang nagdaranas. Kung ang ating mga mahal sa buhay ay malayo sa atin—ang kaluluwa ang siyang namimighati, at ang dusa o ligalig ng kaluluwa ay maaaring madama sa katawan.

Thus, when the spirit is fed with holy virtues, then is the body joyous; if the soul falls into sin, the body is in torment!	Anupa't kung ang espiritu ay busog sa mga banal na kalinisang-puri o katangian, ang katawan ay maligaya; kung ang kaluluwa ay mahulog sa pagkakasala, ang katawan ay pinaghihirapan ng kalooban!
When we find truth, constancy, fidelity, and love, we are happy; but if we meet with lying, faithlessness, and deceit, we are miserable.	Kapag nakatatagpo tayo ng katotohanan, katatagan, katapatan, at pag-ibig, tayo ay maligaya; ngunit kapag ang natagpuan natin ay kasinungalingan, kaliluhan, at pagdaraya, tayo ay kahabag-habag.
These are all things pertaining to the soul, and are not <i>bodily</i> ills. Thus, it is apparent that the soul, even as the body, has its own individuality. But if the body undergoes a change, the spirit need not be touched. When you break a glass on which the sun shines, the glass is broken, but the sun still shines! If a cage containing a bird is destroyed, the bird is unharmed! If a lamp is broken, the flame can still burn bright!	Ang lahat ng mga bagay na ito ay nauukol sa kaluluwa, at hindi sa sakit ng <i>katawan</i> . Anupa't maliwanag na ang kaluluwa, kagaya rin ng katawan, ay may sariling kakayahan. Ngunit kapag ang katawan ay pumailalim sa isang pagbabago, ang espiritu ay hindi kailangang mabagabag. Kapag tayo ay nakabasag ng isang salamin na sinisikatan ng araw, ang salamin ay nabasag, ngunit ang araw ay patuloy pa rin sa pagsikat! Kapag ang isang hawla na may ibon ay nawasak, ang ibon ay hindi nasasaktan! Kapag ang isang lampara ay nasira, ang ningas ay patuloy pa rin sa liwanag nito!
The same thing applies to the spirit of man. Though death destroy his body, it has no power over his spirit—this is eternal, everlasting, both birthless and deathless.	Ganiyan din ang nangyayari sa espiritu ng tao. Kahit na wasakin ng kamatayan ang kaniyang katawan, iyon ay walang kapangyarihan sa kaniyang espiritu—ito ay walang hanggan, walang katapusan, kapuwa walang pinagmulan at walang kamatayan.
As to the soul of man after death, it remains in the degree of purity to which it has evolved during life in the physical body, and after it is freed from the body it remains plunged in the ocean of God's Mercy.	Tungkol sa kaluluwa ng tao pagkatapos niyang mamatay, ito ay nananatili sa kalagayang malinis sang-ayon sa kaniyang iniunlad noong nabubuhay pa ang kaniyang katawan, at pagkatapos na ito ay tumakas mula sa katawan ito ay nananatiling nakalusong sa karagatan ng Awa ng Diyos.
From the moment the soul leaves the body and arrives in the Heavenly World, its evolution is spiritual, and that evolution is: <i>The approaching unto God</i> .	Mula sa sandaling ang kaluluwa ay humiwalay sa katawan at makasapit sa Makalangit na Daigdig, ang ebolusyon nito ay espiritwal, at ang ebolusyong iyan ay: <i>Ang paglapit sa Diyos</i> .
In the physical creation, evolution is from one degree of perfection to another. The mineral passes with its mineral perfections to the vegetable; the vegetable, with its perfections, passes to the animal world, and so on to that of humanity. This world is full of seeming contradictions; in each of these kingdoms (mineral, vegetable and animal) life exists in its degree; though when compared to the life in a man, the earth appears to be dead, yet she, too, lives and has a life of her own. In this world things live and die, and live again in other forms of life, but in the world of the spirit it is quite otherwise.	Sa pangkatauhang kalikhaan, ang ebolusyon ay buhat sa isang antas ng kasakdalan tungo sa iba. Ang mineral [o mga salik o sangkap na walang buhay sa alabok na lupa] ay lumilipat sa mga kasakdalan nito tungo sa mga halaman; ang halaman, taglay nito ang mga kasakdalan, ay lumilipat sa daigdig ng mga hayop, at patuloy hanggang sa mapasangkap sa sangkatauhan. Ang mundong ito ay puno ng mga pagkakasalungatan man din; sa bawat isa sa mga kahariang ito (mineral, halaman, hayop) ang buhay ay umiiral sa kaantasan nito; bagaman, kung inihahambing sa buhay ng isang tao, ang lupa ay lilitaw na patay, gayumpaman, ito ay nabubuhay rin at may buhay na sarili. Sa daigdigang ito, ang mga bagay-bagay ay nabubuhay at namamatay, at nabubuhay nang muli sa ibang mga kaanyuan ng buhay, subalit sa daigdig ng espiritu, ang kabaligtaran nito ang siyang nangyayari.
The soul does not evolve from degree to degree as a law—it only evolves nearer to God, by the Mercy and Bounty of God.	Ang kaluluwa ay hindi umuusbong nang paantas-antas bilang isang batas—ito ay sumisibol lamang nang palapit sa Diyos, sa pamamagitan ng Awa at Kagandahang-loob ng Diyos.

It is my earnest prayer that we may all be in the Kingdom of God, and near Him.	Mataimtim kong dalanging maanong tayong lahat at mapasa-Kaharian ng Diyos, at malapit sa Kaniya.
– 21 –	21
The Spiritual Meetings in Paris	Ang mga Pagpupulong na Espiritwal sa Paris
November 4th	<i>Nobyembre 4</i>
All over Europe today one hears of meetings and assemblies, and societies of all kinds are formed. There are those interested in commerce, science, and politics, and many others. All these are for <i>material</i> service, their desire being for the progress and enlightenment of the world of matter. But rarely does a breath from the spirit world breathe upon them. They seem unconscious of the Divine Voice, careless concerning the things of God. But this meeting in Paris is a truly spiritual one. The Divine Breath is poured forth in your midst, the light of the Kingdom is shining in all hearts. The Divine love of God is a power among you, and with souls athirst, ye receive the glad tidings of great joy.	Sa buong Europa ngayon ang sinuman ay makaririnig ng mga pagpupulong at mga kapulungan, at mga kapisanan ng lahat ng uri ay binubuo. Mayroon noong mga may hilig sa komersiyo, sa agham, sa politika, at marami pang iba. Ang lahat ng mga ito ay ukol sa paglilingkod na <i>materyal</i> , sapagkat ang kanilang hangarin ay ukol sa pag-unlad at pagtanglaw sa kabagayan ng sanlibutang ito. Subalit pambihirang mangyari na ang hininga mula sa mundong espiritwal ay sumapi sa mga ito. Mandin ay hindi nila namamalayan ang Banal na Tinig, nakakaligtaan ang mga bagay na nauukol sa Diyos. Datapwat ang pulong na ito sa Paris ay tunay na espiritwal. Ang Banal na Hininga ay sumainyong sinapupunan, ang liwanag ng Kaharian ay sumisilalis sa lahat ng mga puso. Ang Banal na pag-ibig ng Diyos ay isang kapangyarihang uhaw, tinatanggap ninyo ang masasayang mga pabalita ng may kaligayahan.
You are all met here with one accord, heart drawn to heart, souls overflowing with Divine love, working and longing for the unity of the world.	Kayong lahat ay natitipon dito na sakbibi ng isang pagkakaunawaan, puso sa puso, ang mga kaluluwa ay pinag-aapawan ng Banal na pag-ibig, gumagawa at naghahangad ng pagkakaisa ng daigdig.
Verily this assembly is a spiritual one! It is like unto a beautiful perfumed garden! On it the Heavenly Sun sheds the golden rays, and the warmth thereof penetrates and gladdens each waiting heart. The love of Christ, which passeth all knowledge, is among you, the Holy Spirit is your help.	Tunay, ang kapulungang ito ay espiritwal! Maitutulad ito sa isang magandang halamanang humahalimuyak! Dito isinasabog ng Makalangit na Araw ang ginintuang mga sinag, at ang init ng mga iyon ay nanunuot at nagpapaligaya sa bawat naghihintay na puso. Ang pag-ibig ni Kristo, na dumaraan sa lahat ng kaalaman, ay sumainyo, ang Espiritu Santo ay inyong katulong.
Day by day this meeting will grow and become more powerful until gradually its spirit will conquer the whole world!	Araw-araw, ang pulong na ito ay lalago at magiging lalong makapangyarihan hanggang sa unti-unting mabihag ng espiritu nito ang buong daigdig.
Try with all your hearts to be willing channels for God's Bounty. For I say unto you that He has chosen you to be His messengers of love throughout the world, to be His bearers of spiritual gifts to man, to be the means of spreading unity and concord on the earth. Thank God with all your hearts that such a privilege has been given unto you. For a life devoted to praise is not too long in which to thank God for such a favor.	Subukin ninyo ng buong puso at pag-ibig na maging isang daan ng Kagandahang-loob ng Diyos. Sapagkat sinasabi ko sa inyo na pinili kayo Niya na maging tagahatid Niya ng pag-ibig sa buong sanlibutan, maging tagapagdala Niya ng mga handog na espiritwal sa tao, maging tagapagkalat ng pagkakaiba at pagkakasundo sa ibabaw ng lupa. Buong puso ninyong pasalamatan ang Diyos sa pagkakaloob sa inyo ng tanging karapatang iyan. Sapagkat ang isang buhay na iniukol sa pagpuri ay hindi lubhang malawig upang hindi makapagpasalamat sa Diyos sa ganiyang biyaya.
Lift up your hearts above the present and look with eyes of faith into the future! Today the seed is sown, the grain	Itaas ang inyong mga puso sa ibabaw ng kasalukuyan at tumingin nang may pananalig sa kinabukasan! Ang binhi

falls upon the earth, but behold the day will come when it shall rise a glorious tree and the branches thereof shall be laden with fruit. Rejoice and be glad that this day has dawned, try to realize its power, for it is indeed wonderful! God has crowned you with honor and in your hearts has He set a radiant star; verily the light thereof shall brighten the whole world!	ay ipinunla ngayon, ang butil ay nahulog sa lupa, ngunit tingnan na darating ang araw na iyon ay magiging isang maluwalhating punongkahoy at ang mga sanga niyon ay mahihitik ng mga bunga. Magdiwang at matuwa na ang araw na ito ay sumapit, piliting maalagata ang kapangyarihan nito, sapagkat ito ay tunay na kahanga-hanga! Pinutungan kayo ng Diyos ng karangalan at sa inyong mga puso ay Kaniyang inilagay ang isang makinang o maluningning na bituin; sa katotohanan, ang liwanag niyon ay lubos na magpaniningning sa buong daigdig!
– 22 –	22
The Two Kinds of Light	Ang Dalawang Uri ng Liwanag
November 5th	<i>Nobyembre 5</i>
Today the weather is gloomy and dull! In the East there is continual sunshine, the stars are never veiled, and there are very few clouds. Light always rises in the East and sends forth its radiance into the West.	Sa araw na ito ay kulimlim at walang sigla ang panahon! Sa Silangan ay patuloy ang sikat ng araw, ang mga bituin ay hindi kailanman nalalambungan, at lubhang kakaunti ang mga ulap. Ang liwanag ay lagi nang sumisilay sa Silangan at naghahatid ng luningning nito sa Kaunlaran.
There are two kinds of light. There is the visible light of the sun, by whose aid we can discern the beauties of the world around us—without this we could see nothing.	May dalawang uri ng liwanag. Nariyan ang nakikitang liwanag ng araw, na sa pamamagitan ng tulong nito ay namamalas natin ang mga karikitan ng daigdig na nasa ating paligid—kung wala nito ay wala tayong mamamasdan.
Nevertheless, though it is the function of this light to make things visible to us, it cannot give us the <i>power</i> to see them or to understand what their various charms may be, for this light has no intelligence, no consciousness. It is the light of the <i>intellect</i> which gives us knowledge and understanding, and without this light the physical eyes would be useless.	Gayunman, bagama't gawin ng liwanag na ito na ilantad ang mga bagay sa ating paningin, hindi nito maibibigay sa atin ang kapangyarihang makita ang mga iyon o maunawaan ang mga angking balani na maaaring taglay ng mga iyon, sapagkat ang liwanag na ito ay walang kaalaman, walang kamalayan. Ang nagkakaloob sa atin ng kabatiran at pang-unawa ay ang liwanag ng <i>isipan</i> , at kung wala ang liwanag na ito, ang mga mata ng ating katawan ay magiging walang kabuluhan.
This light of the intellect is the highest light that exists, for it is born of the <i>Light Divine</i> .	Ang liwanag na ito ng isipan ay siyang pinakamataas na liwanag na umiiral, sapagkat ito ay isinilang mula sa <i>Banal na Liwanag</i> .
The light of the intellect enables us to understand and realize all that exists, but it is only the Divine Light that can give us sight for the invisible things, and which enables us to see truths that will only be visible to the world thousands of years hence.	Ang liwanag ng isipan ay siyang nagbubunsod sa atin na makaunawa at mapaghulo ang lahat ng mga umiiral, datapwat tanging ang Banal na Liwanag ang makapagbibigay sa atin ng paningin para sa mga bagay na hindi nakikita, at siyang makatutulong sa atin na makita ang mga katotohanan na maaari lamang malantad sa daigdig mga libong taon pa mula ngayon.
It was the Divine Light which enabled the prophets to see two thousand years in advance what was going to take place and today we see the realization of their vision. Thus it is this Light which we must strive to seek, for it is greater than any other.	Itong Banal na Liwanag ang nagbigay sa mga propeta ng kapangyarihang makita kung ano ang mangyayari sa darating pang dalawang libong taon at ngayon nakikita na natin ang pagsasakatuparan ng kanilang pangitain. Kaya nga ito ang liwanag na dapat nating pagsikapang

	hanapin sapagkat ito ang pinakadakila kaysa ano pa man.
It was by this Light that Moses was enabled to see and comprehend the Divine Appearance, and to hear the Heavenly Voice which spoke to Him from the Burning Bush. ¹	Sa pamamagitan ng liwanag na ito nangyayaring makita at maunawaan ni Moises ang Banal ng Pagpapakita, at marinig ang Makalangit na Tinig kumausap sa Kaniya mula sa Nagniningas na Palumpong. ⁶
It is of this Light Muhammad is speaking when He says, "Alláh is the light of the Heavens, and of the Earth."	Sa pamamagitan ng Liwanag na ito nagsasalita si Muhammad nang Kaniyang sabihin, "Si Alláh ang liwanag ng mga Langit, at ng Lupa."
Seek with all your hearts this Heavenly Light, so that you may be enabled to understand the realities, that you may know the secret things of God, that the hidden ways may be made plain before your eyes.	Buong-pusong hanapin ninyo ang Makalangit na Liwanag, upang mangyaring maunawaan ninyo ang mga katotohanan, nang inyong malaman ang lihim na mga bagay ng Diyos, nang ang mga natatagong landas ay mapalantad sa inyong mga salita.
This light may be likened unto a mirror, and as a mirror reflects all that is before it, so this Light shows to the eyes of our spirits all that exists in God's Kingdom and causes the realities of things to be made visible. By the help of this effulgent Light all the spiritual interpretation of the Holy Writings has been made plain, the hidden things of God's Universe have become manifest, and we have been enabled to comprehend the Divine purposes for man.	Ang liwanag na ito ay maaaring itulad sa isang salamin, at kung papaanong ipinapalos ng salamin ang lahat ng bagay na nasa harap niyon, sa gayunding paraan ipinakikita ng mga mata ang ating mga kaluluwa ang lahat ng umiiral sa Kaharian ng Diyos at inilalantad ang mga katunayan ng mga bagay-bagay. Sa tulong ng makinang na Liwanag na ito, ang lahat ng mga Kasulatan ay nangyaring maging payak o kauna-unawa, ang mga natatagong kabagayan ng Daigdig ng Diyos ay naging hayag at nangyari nating maunawaan ang Banal na mga hangarin para sa tao.
I pray that God in His mercy may illumine your hearts and souls with His glorious Light, then shall each one of you shine as a radiant star in the dark places of the world.	Idinadalangin ko nawa ay tanglawan ng Diyos sa Kaniyang habag ang inyong mga puso at mga kaluluwa ng Kaniyang maluwalhating Liwanag, at saka pa lamang magniningning ang bawat isa sa inyo na kagaya ng maluningning na bituin sa madilim na mga lunan ng daigdig.
- 23 -	23
Spiritual Aspiration in the West	Mithiing Espiritwal sa Kanluran
'Abdu'l-Bahá said:	Sinabi ni 'Abdu'l-Bahá:
You are very welcome! From Eastern lands I have come to the West to sojourn awhile among you. In the East it is often said that the people of the West are without spirituality, but I have not found it thus. Thank God, I see and feel that there is much spiritual aspiration among the Western peoples, and that in some cases their spiritual perception is even keener than among their Eastern brothers. If the teaching given in the East had been conscientiously spread in the West the world today would be a more enlightened place.	Kayo ay malugod na tinatanggap! Mula sa mga lupain sa Silangan ay naparito ako sa Kanluran upang manirahang ilang araw sa piling ninyo. Doon sa Silangan ay malimit sabihin na ang mga mamamayan ng Kanluran ay walang kadiwang espiritwal, ngunit hindi ko natuklasan ang gayon. Salamat sa Diyos, nakita ko at nadama na may malabis na mithiing espiritwal sa mga mamamayan ng Kanluran, at sa ilang pangyayari, ang kanilang hulong espiritwal ay higit pa ngang matalas kaysa roon sa kanilang mga kapatid na Silanganin. Kung ang pangangaral lamang na ibinigay sa Silangan ay buong sipag at tapat na naikalat sa Kanluran, ang daigdig ngayon ay isa na sanang lugar na natataglawan.
Although in the past all the great Spiritual Teachers have arisen in the East, there are still many men there who are	Bagaman sa nakalipas na panahon, ang lahat ng dakilang mga Gurong Espiritwal ay nagmula sa Silangan, marami

quite devoid of spirituality. With regard to the things of the spirit they are as lifeless as a stone; nor do they wish to be otherwise, for they consider that man is only a higher form of animal and that the things of God concern him not.	pa rin sa mga tao sa dakong iyon ang hanggang ngayon ay salat sa pagkaespiritwal. Hinggil sa mga bagay na espiritu, sila ay walang buhay na kagaya ng isang bato; ni hindi nila hangad na magbago sapagkat itinuturing nilang ang isang tao ay isa lamang mataas-taas na anyo ng hayop at ang mga kabagayan ng Diyos ay walang kinalaman sa kaniya.
But man's ambition should soar above this—he should ever look higher than himself, ever upward and onward, until through the Mercy of God he may come to the Kingdom of Heaven. Again, there are men whose eyes are only open to physical progress and to the evolution in the world of matter. These men prefer to study the resemblance between their own physical body and that of the ape, rather than to contemplate the glorious affiliation between their spirit and that of God. This is indeed strange, for it is only physically that man resembles the lower creation, with regard to his intellect he is totally unlike it.	Subalit ang adhika ng tao ay dapat na tumayog pa—dapat na lagi siyang tumanaw sa mataas pa sa kaniyang sarili, lagi nang pumapaitaas at pasulong, hanggang sa pamamagitan ng Habag ng Diyos ay makarating siya sa Kaharian ng Langit. Gayundin, may mga taong ang mga mata ay mulat lamang sa kaunlarang pangkatawan at sa ebolusyon o patuloy na paglago sa daigdig ng mga kabagayan. Minamabuti ng mga taong ito ang paghahambing ng kanilang katawang-lupa sa kalagayan ng isang unggoy, kaysa pag-isipan ang maluwalhating pagsasanib ng kanilang espiritu at ng sa Diyos. Ito ay tunay na nakapanggigilalas, sapagkat tanging sa laman lamang nawawangis ang tao sa likhang hamak, at bagay sa kaniyang isipan, siya ay ganap na kaiba sa naturan.
Man is always progressing. His circle of knowledge is ever widening, and his mental activity flows through many and varied channels. Look what man has accomplished in the field of science, consider his many discoveries and countless inventions and his profound understanding of natural law.	Ang tao ay lagi nang umuunlad. Ang saklaw ng kaniyang talino ay lagi nang lumalawak, at ang galaw ng kaniyang isipan ay dumadaloy sa marami at iba't ibang mga landasin. Tingnan kung ano na ang nagawa ng tao sa larangan ng agham, isaalang-alang ang marami niyang mga tuklas at di-mabibilang na mga likha o imbento at ang kaniyang malalim na pagkaunawa sa batas ng kalikasan.
In the world of art it is just the same, and this wonderful development of man's faculties becomes more and more rapid as time goes on. If the discoveries, inventions and material accomplishments of the last fifteen hundred years could be put together, you would see that there has been greater advancement during the last hundred years than in the previous fourteen centuries. For the rapidity with which man is progressing increases century by century.	Sa daigdig ng sining ay gayundin, at ang kahanga-hangang pag-unlad ng mga kaisipan ng tao ay nagiging lalo at lalong mabilis habang ang panahon ay lumilipas. Kung ang mga tuklas, mga likha o imbensiyon, at mga materyal na nagawa ng tao nitong nakaraang labinlimang daang taon ay mapagsasama-sama lamang, makikita ninyong nagkaroon ng higit na pagsulong nitong nakalipas na sandaang taon kaysa noong nagdaang labing-apat na siglo.
The power of the intellect is one of God's greatest gifts to men, it is the power that makes him a higher creature than the animal. For whereas, century by century and age by age man's intelligence grows and becomes keener, that of the animal remains the same. They are no more intelligent today than they were a thousand years ago! Is there a greater proof than this needed to show man's dissimilarity to the animal creation? It is surely as clear as day.	Sapagkat, samantalang, sa pagdaraan ng maraming siglo at ng maraming panahon ang katalinuhan ng tao ay lumalago at nagiging lalong matalas, ang sa hayop naman ay nananatiling gaya rin ng dati. Silang mga maaalam ngayon ay hindi na marahil hihigit pa sa bilang kaysa noong nakaraang mga libong taon! Mayroon pa kayang hihigit na katunayan dito kung saan makikita ang pagkakaiba ng tao sa nilikhang hayop? Ito ay tiyak na kasinliwanag ng araw.
As for the spiritual perfections they are man's birthright and belong to him alone of all creation. Man is, in reality, a spiritual being, and only when he lives in the spirit is he truly happy. This spiritual longing and perception belongs to all men alike, and it is my firm conviction that the Western people possess great spiritual aspiration.	Bagay sa mga kasakdalang espiritwal, ang mga iyon ay mga karapatang katutubong angkin ng tao at tanging sa lahat ng nilikha ay sa kaniya lamang nakasangkap. Ang tao, sa katotohanan, ay isang likhang espiritu, at tanging kung siya ay nananahan lamang sa espiritu roon siya nagiging tunay na maligaya. Ang hangarin at hulong itong espiritwal ay nauukol sa lahat ng mga tao, at matatag kong paniwala na ang mga mamamayang

	Kanluranin ay nagtataglay ng dakilang mithiing espiritwal.
It is my fervent prayer that the star of the East will shed its brilliant rays on the Western world, and that the people of the West may arise in strength, earnestness, and courage, to help their brethren in the East.	Idinadalangin kong taimtim na maanong ang bituin ng Silangan ay magsabog ng makikinang na sinag nito sa Kanlurang daigdig, at ang mga mamamayan ng Kanluran ay makabangon sa lakas, kasigasilan, at katapangan, upang tulungan ang kanilang mga kapatid sa Silangan.
– 24 –	24
Lecture Given at a Studio in Paris	Panayam na Binigkas sa isang Istudyo sa Paris
November 6th	<i>Nobyembre 6</i>
This is in truth a Bahá'í house. Every time such a house or meeting place is founded it becomes one of the greatest aids to the general development of the town and country to which it belongs. It encourages the growth of learning and science and is known for its intense spirituality and for the love it spreads among the peoples.	Ito sa katotohanan ay isang tahananang Bahá'í. Tuwinang ang isang tahanan o pulungang-pook na katulad nito ay napapatayo, ito ay nagiging isa sa malalaking tulong sa pangkalahatang pagpapaunlad sa bayan at sa bansa na nag-aari dito. Pinasisigla nito ang pagsulong ng karunungan at agham at nakikilala ito sa marubdob na diwang espiritwal nito at sa pag-ibig na pinalalaganap nito sa mga mamamayan.
The foundation of such a meeting-place is always followed by the greatest prosperity. The first Bahá'í Assembly that existed in Tíhrán was singularly blessed! In one year it had grown so rapidly that its members had increased to nine times their original number. Today, in far-away Persia, there are many such assemblies where the friends of God meet together in the fullness of joy, love and unity. They teach the Cause of God, educate the ignorant, and draw heart to heart in brotherly kindness. It is they who help the poor and needy and give to them their daily bread. They love and care for the sick and are messengers of hope and consolation to the desolate and oppressed.	Ang pagtitindig ng ganiyang mga pulungang-pook ay lagi nang sinusundan ng ibayong kasaganaan. Ang unang Bahá'í Assembly na napatayo sa Tíhrán ay pinagpalang tangi! Sa loob ng isang taon ay lumago ito nang buong bilis hanggang ang mga kasapi ay dumami nang may siyam na ibayo sa unang bilang nito. Sa ngayon, doon sa malayong Persiya, marami nang mga ganiyang kapulungan na pinagpupulungan ng mga kaibigan ng Diyos, sakbibi ng tuwa, pag-ibig at pagkakaisa. Itinuturo nila ang Usapin ng Diyos, tinuturuan ang mga mangmang, at binibigkis ang puso at puso sa isang kapatirang puspos ng kagandahang-loob. Sila rin ang tumutulong sa mahihirap at nangangailangan at binibigyan nila ang mga ito ng tinapay sa araw-araw. Iniibig nila at inaalagaan ang mga maysakit at sila ay tagapaghatid ng pag-asa at aliw sa mga namamanglaw at naaapi.
Oh, ye in Paris, strive that your assemblies may be like unto this, and may bear even greater fruits!	O, kayong nasa Paris, sikaping ang inyong mga kapulungan ay tumulad rito, at nawa ay mahitik kayo ng higit pang dakilang mga bunga!
Oh, friends of God! If ye will trust in the Word of God and be strong; if ye will follow the precepts of Bahá'u'lláh to tend the sick, raise the fallen, care for the poor and needy, give shelter to the destitute, protect the oppressed, comfort the sorrowful and love the world of humanity with all your hearts, then I say unto you that ere long this meeting-place will see a wonderful harvest. Day by day each member will advance and become more and more spiritual. But ye must have a firm foundation and your aims and ambitions must be clearly understood by each member. They shall be as follows:	O, mga kaibigan ng Diyos! Kung kayo ay magtitiwala sa Salita ng Diyos at magiging malakas; kung kayo ay tatalunton sa mga utos ni Bahá'u'lláh tungkol sa pag-aalaga sa maysakit, pagtitindig sa mga nalugmok, pagtulon sa mga maralita at nangangailangan, pagkakaloob ng masisilungan sa mga kapos-palad, pagtatanggol sa mga naaapi, pag-aliw sa mga namimighati at ibigin nang buong puso ang daigdig ng sangkatauhan, kung magkagayon ay sasabihin ko sa inyo na hindi malalaunan at ang pulungang-pook na ito ay kikita ng isang kahanga-hangang ani. Araw-araw ang

	bawat kasapi ay susulong at lalo nang mapupuspos ng espiritu. Ngunit kailangang magkaroon kayo ng isang matatag na tuntungan at ang inyong mga layunin at adhikain ay dapat na buong linaw na munawaan ng bawat isang kasapi. Ang mga iyon ay ang mga sumusunod:
1. To show compassion and goodwill to all mankind.	1. Magpakita ng habag at kagandahang-loob sa lahat ng tao.
2. To render service to humanity.	2. Mag-ukol ng paglilingkod sa sangkatauhan.
3. To endeavor to guide and enlighten those in darkness.	3. Maglunggating mamatnubay at tumanglaw sa mga nasa kadiliman.
4. To be kind to everyone, and show forth affection to every living soul.	4. Maging maawain sa kahit sinuman, at maging masintahin sa bawat nabubuhay na kaluluwa.
5. To be humble in your attitude towards God, to be constant in prayer to Him, so as to grow daily nearer to God.	5. Maging mapagpakumbaba sa inyong pakikitungo sa Diyos, maging madasaling lagi sa Kaniya, upang sa araw-araw ay lalo nang malapit sa Diyos.
6. To be so faithful and sincere in all your actions that every member may be known as embodying the qualities of honesty, love, faith, kindness, generosity, and courage. To be detached from all that is not God, attracted by the Heavenly Breath—a divine soul; so that the world may know that a Bahá'í is a perfect being.	6. Magtiwala ng lagi at maging matapat sa lahat ng iyong mga hakbang upang ang bawat kasapi ay makilalang nagkikimkim ng mga katangian ng katapatan, pag-ibig, pananalig, kabutihan, kagandahang-loob, at katapangan. Humiwalay sa lahat ng laban sa Diyos, naaakit ng Makalangit na Hininga—isang banal na kaluluwa; nang sa gayon ay mabatid ng daigdig na ang isang Bahá'í ay isang nilikhang sakdal.
Strive to attain this at these meetings. Then, indeed and in truth will ye, the friends of God, come together with great joy! Render help one to the other, become as one man, having reached perfect unity.	Lunggatiing matamo ito sa mga pagpupulong na ito. At kung magkagayon na, tunay at sa katotohanan na magkakayakap-yakap kayong mga kaibigan ng Diyos, taglay ang dakilang kaligayahan! Magtulungan sa isa't isa, at magiging isang tao lamang kayo sa pagtatamo ninyo ng sakdal na pagkakaisa.
I pray to God that daily ye may advance in spirituality, that God's love may be more and more manifested in you, that the thoughts of your hearts may be purified, and that your faces may be ever turned towards Him. May you one and all approach to the threshold of unity, and enter into the Kingdom. May each of you be like unto a flaming torch, lighted and burning bright with the fire of the Love of God.	Idinadalangin ko sa Diyos na sa araw-araw ay maanong sumulong kayo sa gawaing espiritwal na ang pag-ibig ng Diyos ay lalo nang sumainyo, na ang mga kaisipan ng inyong mga puso ay maging dalisay, at ang inyong mga mukha ay lagi nang tumingin sa Kaniya. Maano ngang ang lahat at bawat isa sa inyo ay lumapit sa pintuan ng pagkakaisa, at pumasok sa Kaharian. Nawa ang bawat isa sa inyo ay matulad sa isang nagniningas na sulo, nagliliwanag at nag-aalab nang buong ningning sa apoy ng Pag-ibig ng Diyos.
– 25 –	25
Bahá'u'lláh	Si Bahá'u'lláh
November 7th	<i>Nobyembre 7</i>

‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
I will speak to you today of Bahá’u’lláh. In the third year after the Báb had declared His Mission, Bahá’u’lláh, being accused by fanatical Mullás of believing in the new doctrine, was arrested and thrown into prison. The next day, however, several ministers of the Government and other influential men caused Him to be set free. Later on He was again arrested, and the priests condemned Him to death! The Governor hesitated to have this sentence carried out for fear of a revolution. The priests met together in the Mosque, before which was the place of execution. All the people of the town gathered in crowds outside the Mosque. The carpenters brought their saws and hammers, the butchers came with their knives, the bricklayers and builders shouldered their spades, all these men, incited by the frenzied Mullás, were eager to share in the honor of killing Him. Inside the Mosque were assembled the doctors of religion. Bahá’u’lláh stood before them, and answered all their questions with great wisdom. The chief sage in particular, was completely silenced by Bahá’u’lláh, who refuted all his arguments.	Magsasalaysay ako sa inyo sa araw na ito tungkol kay Bahá’u’lláh. Sa ikatlong taon pagkatapos na ipahayag ng Báb ang Kaniyang Misyon, si Bahá’u’lláh na binintangan ng mga panatikong Mullá ng paniniwala sa bagong doktrina o pananampalataya ay dinakip at ipiniit. Gayunman, nang kinabukasan, ang ilang ministro ng Pamahalaan at iba pang makapangyarihan ay gumawa ng paraang siya ay mapalaya. Kapag-kuwan at muli na naman siyang dinakip, at siya ay pinahatulan ng kamatayan ng mga pari! Nag-atubili ang Gobernador na isakatuparan ang hatol sa pangambang magbunga iyon ng himagsikan. Ang mga pari ay nagpulong sa Templo na kinakaharap ng pook na pagdarausan ng pagbitay. Ang lahat ng mga tao sa bayan ay nagkatipon sa labas ng Moske. Dala ng mga karpintero ang kanilang mga lagari at mga martilyo, dumating ang mga mangangatay na taglay ang kanilang mga kutsilyo, ang mga kantero at mga manggagawa ay pasan sa balikang mga pala, ang lahat ng mga taong ito, sa buyo ng hibang na mga Mullá, ay paraparang sabik na makabahagi sa karangalan ng pagpatay sa Kaniya. Sa loob ng Moske ay natipon ang mga paham ng relihiyon. Si Bahá’u’lláh ay tumindig sa harap nila, at sumagot sa lahat ng kanilang mga tanong nang buong talino. Ang punong pantas, lalong-lalo na, ay ganap na napatahimik ni Bahá’u’lláh na nagpabulaan sa kaniyang mga katuwiran.
A discussion arose between two of these priests as to the meaning of some words in the writings of the Báb; accusing Him of inaccuracy, they challenged Bahá’u’lláh to defend Him if He were able. These priests were entirely humiliated, for Bahá’u’lláh proved before the whole assembly that the Báb was absolutely right, and that the accusation was made in ignorance.	Isang pagtatalo ng dalawa sa mga paring ito ang naganap bagay sa kahulugan ng ilang mga salita sa mga sinulat ng Báb; sa paratang na kamalian sa mga sinulat na iyon ay hinamon nila si Bahá’u’lláh na ipagtanggol Siya kung kaya Niya ang gayon. Ang mga paring ito ay lubos na napahiya, sapagkat napatunayan ni Bahá’u’lláh sa harap ng buong kapulungan na ang Báb ay lubos na tumpak, at ang paratang ay isinagawa sa kamangmangan.
The defeated ones now put Him to the torture of the bastinado, and more infuriated than before brought Him out before the walls of the Mosque unto the place of execution, where the misguided people were awaiting His coming.	Inilagay Siya ng mga talunan sa pagpapahirap ng bastinado at lalong galit kaya noong una. Siya ay inilabas sa mga pader ng Moske roon sa lugar ng bibitayan na kinaroroonan ng mga nangaligaw na mamamayang nagsisipaghintay sa Kaniyang pagdating.
Still the Governor feared to comply with the demand of the priests for His execution. Realizing the danger in which the dignified prisoner was placed, some men were sent to rescue Him. In this they succeeded by breaking through the wall of the Mosque and leading Bahá’u’lláh through the opening into a place of safety, but not of freedom; for the Governor shifted the responsibility from off his own shoulders by sending Him to Tíhrán. Here He was imprisoned in an underground dungeon, where the light of day was never seen. A heavy chain was placed about His neck by which He was chained to five other Bábís; these fetters were locked together by strong, very heavy bolts, and screws. His clothes were torn to pieces, also His fez. In this terrible condition He was kept for four months.	Ang Gobernador ay nangamba pa ring umalinsunod sa hinihiling ng mga paring nagpapabitay sa Kaniya. Sa pag-alagata sa panganib na kinalalagyan ng marangal na bilanggo, ng ilang tao ay ipinadala upang saklolohan Siya. Dito ay nagtagumpay sila sa pamamagitan ng paglalagos sa pader ng Moske at kanilang inakay si Bahá’u’lláh sa paglabas sa butas patungo sa isang lugar na ligtas, ngunit hindi sa paglaya; sapagkat ang pananagutan ay inalis ng Gobernador sa kaniyang mga balikang at inilipat sa pamamagitan ng pagpapadala sa Kaniya sa Tíhrán. Dito ay ibinilanggo Siya sa isang piitan sa ilalim ng lupa, isang piitang hindi kinakitaan kailanman ng liwanag ng araw. Isang mabigat na tanikala ang nakasabit sa Kaniyang leeg at sa pamamagitan nito Siya ay nakatanikala pa rin sa lima pang ibang Bábi; ang mga tanikalang ito ay nakakandaduhang sama-sama ng matibay, napakabigat na mga tarangka at mga turnilyo. Ang Kaniyang mga

	damit ay nagkapunit-punit, ganoon din ang Kaniyang fez. Sa kalunos-lunos na kalagayang ito ay nanatili Siya nang apat na buwan.
During this time none of His friends were able to get access to Him.	Sa loob ng panahong ito, isa man sa Kaniyang mga kaibigan ay hindi nangyaring Siya ay madalaw.
A prison official made an attempt to poison Him but, beyond causing Him great suffering, this poison had no effect.	Isang pinuno ng bilangguan ang nagtangkang lumason sa Kaniya, ngunit liban sa idinulot sa Kaniyang malaking paghihirap, ang lasong ito ay hindi nagkabisa.
After a time the Government liberated Him and exiled Him and His family to Baghdád, where He remained for eleven years. During this time He underwent severe persecutions, being surrounded by the watchful hatred of His enemies.	Pagkaraan ng isang panahon ay pinalaya Siya ng Pamahalaan at Siya at ang Kaniyang pamilya ay ipinatapon sa Baghdád na pinamalagian Niya ng may labing-isang taon. Sa loob ng panahong ito ay napailalim Siya sa mahigpit na mga pag-uusig, palibhasa ay naliligiran ng laging nakabantay na poot ng Kaniyang mga kaaway.
He bore all evils and torments with the greatest courage and fortitude. Often when He arose in the morning, He knew not whether He would live until the sun should set. Meanwhile, each day, the priests came and questioned Him on religion and metaphysics.	Binata Niya ang lahat ng mga kasamaan at pagpapahirap nang buong tapang at katatagan ng loob. Kadalasan kung Siya ay nagigising sa umaga, hindi na Niya nalalaman kung Siya ay mabubuhay pa hanggang sa paglubog ng araw. Samantala, sa bawat araw, ang mga pari ay dumarating at tinatanong Siya tungkol sa relihiyon at sa metapisika.
At length the Turkish Governor exiled Him to Constantinople, whence He was sent to Adrianople; here He stayed for five years. Eventually, He was sent to the far off prison fortress of St. Jean d’Acre. Here He was imprisoned in the military portion of the fortress and kept under the strictest surveillance. Words would fail me to tell you of the many trials He had to suffer, and all the misery He endured in that prison. Notwithstanding, it was from this prison that Bahá’u’lláh wrote to all the Monarchs of Europe, and these letters with one exception were sent through the post.	Nang malaon ay ipinatapon Siya ng Gobernador ng Turkiya sa Constantinople, at pagkatapos Siya ay ipinadala sa Adrianople, dito ay nanatili Siya ng limang taon. Kalaunan ay ipinadala Siya sa malayong piitang kuta, St. Jean d’Acre. Dito ay ipiniit Siya sa bahaging militar ng kuta at inilagay sa ilalim ng mahigpit na pagtatanod. Kulang ako sa mga salita upang masabi ko sa inyo ang maraming pagsubok na Kaniyang tiniis, at ang lahat ng kahirapang Kaniyang binate sa piitang iyon. Gayunman, mula sa bilangguang ito sumulat si Bahá’u’lláh sa lahat ng mga Hari sa Europa, at ang mga sulat na ito, liban sa isa ay ipinadala sa pamamagitan ng koreo.
The Epistle of Náṣiri’d-Dín Sháh was confided to a Persian Bahá’í, Mirzá Badí‘ Khurásání, who undertook to deliver it into the Sháh’s own hands. This brave man waited in the neighborhood of Tíhrán for the passing of the Sháh, who had the intention to journey by that way to his Summer Palace. The courageous messenger followed the Sháh to his Palace, and waited on the road near the entrance for several days. Always in the same place was he seen waiting on the road, until the people began to wonder why he should be there. At last the Sháh heard of him, and commanded his servants that the man should be brought before him.	Ang Kalatas kay Náṣiri’d-Dín Sháh ay ipinagkatiwala sa isang Persiyanong Bahá’í, Mirzá Badí‘ Khurásání, na siyang gumawa ng paraan upang iyon ay maiabot sa sariling kamay ng Sháh. Ang matapang na lalaking ito ay naghintay sa pook ng Tíhrán sa pagdaraan ng Sháh na may tangkang doon magdaan patungo sa kaniyang Palasyong Pantag-init. Ang matapang na tagapaghatid ay sumunod sa Sháh hanggang sa Palasyo nito, at naghintay sa lansangang malapit sa pasukan sa loob ng ilang araw. Sa pook na iyon ay lagi siyang nakikitang naghihintay sa lansangan, hanggang sa ang mga tao ay nagsimulang magtaka kung bakit siya ay palaging naroroon. Sa wakas ay nabalitaan siya ng Sháh at ito ay nag-utos sa mga tagapaglingkod na siya ay dalhin sa harapan niya.
“Oh! servants of the Sháh, I bring a letter, which I must deliver into his own hands,” Badí‘ said, and then Badí‘ said to the Sháh, “I bring you a letter from Bahá’u’lláh!”	“O, mga tagapaglingkod ng Sháh, ako ay may dalang isang liham na kailangan kong maiabot sa sarili niyang mga kamay,” sinabi ni Badí‘, at pagkatapos ay sinabi ni Badí‘ sa Sháh, “Ako ay may dalang liham para sa inyo mula kay Bahá’u’lláh!”
He was immediately seized and questioned by those who wished to elicit information which would help them in	Siya ay kaagad na sinunggaban at tinanong ng mga may nais makakuha ng balitang maaaring makatulong sa mga

the further persecutions of Bahá'u'lláh. Badí‘ would not answer a word; then they tortured him, still he held his peace! After three days they killed him, having failed to force him to speak! These cruel men photographed him whilst he was under torture. ¹	ito sa pagtataguyod sa mga pag-uusig pang gagawin kay Bahá'u'lláh. Isa mang salita ay hindi sinagot ni Badí‘; at pagkatapos, siya ay pinahirapan, gayunman, siya ay nanatiling tahimik! Pagkalipas ng limang araw ay pinatay siya sa pagkabigo nilang siya ay mapagsalita! Kinunan pa siya ng larawan ng malulupit na mga taong ito habang siya ay walang-awang pinahihirapan. ⁷
The <u>Sháh</u> gave the letter from Bahá'u'lláh to the priests that they might explain it to him. After some days these priests told the <u>Sháh</u> that the letter was from a political enemy. The <u>Sháh</u> grew angry and said, “This is no explanation. I pay you to read and answer my letters, therefore obey!”	Ibinigay ng <u>Sháh</u> sa mga pari ang liham ni Bahá'u'lláh upang sa kaniya ay maipaliwanag nila iyon. Pagkalipas ng mga araw ay sinabi ng mga paring ito sa <u>Sháh</u> na ang liham ay buhat sa isang kaaway sa politika. Nagalit ang <u>Sháh</u> at nagsabi. “Ito ay hindi paliwanag, binayaran ko kayo upang basahin at sagutin ang aking mga sulat, samakatwid ay sumunod kayo!”
The spirit and meaning of the Tablet to Násiri'd-Dín <u>Sháh</u> was, in short, this: “Now that the time has come, when the Cause of the Glory of God has appeared, I ask that I may be allowed to come to Tíhrán and answer any questions the priests may put to Me.	Ang espiritu at kahulugan ng Tableta kay Násiri'd-Dín <u>Sháh</u> ay, sa maikling sabi, ito: “Ngayong sumapit na ang panahon, na ang Usapin ng Luwalhati ng Diyos ay lumitaw, hinihingi Ko na tulutan Akong makatungo sa Tíhrán at sumagot sa mga nais na itanong ng mga pari sa Akin.
“I exhort you to detach yourself from the worldly magnificence of your Empire. Remember all those great kings who have lived before you—their glories have passed away!”	“Binabalaan Ko kayong ihiwalay ang inyong mga sarili sa makamundong kadakilaan ng inyong Kaharian. Alalahanin ang lahat ng mga dakilang hari na nabuhay nang una sa inyo—ang kanilang mga luwalhati ay nagsipaglahong lahat!”
The letter was written in a most beautiful manner, and continued warning the King and telling him of the future triumph of the Kingdom of Bahá'u'lláh, both in the Eastern and in the Western World.	Ang liham ay nasusulat sa isang napakagandang ayos, at patuloy na nagbabala sa Hari at nagbabadya ng hinaharap na tagumpay ng Kaharian ni Bahá'u'lláh, maging sa Silangan at Kanlurang Daigdig.
The <u>Sháh</u> paid no attention to the warning of this letter and continued to live in the same fashion until the end.	Hindi binigyan ng halaga ng <u>Sháh</u> ang babala sa liham na ito at siya ay nagpatuloy na mamuhay sa dating ayos hanggang sa wakas.
Although Bahá'u'lláh was in prison the great Power of the Holy Spirit was with Him!	Bagaman si Bahá'u'lláh ay nasa bilangguan, ang dakilang Kapangyarihan ng Espiritu Santo ay kapiling Niya!
None other in prison could have been like unto Him. In spite of all the hardships He suffered, He never complained.	Wala sinuman sa piitan na maaaring maitulad sa Kaniya. Sa kabila ng lahat ng kahirapang Kaniyang tiniis, Siya ay hindi dumaing kailanman.
In the dignity of His Majesty, He always refused to see the Governor, or the influential people of the town.	Sa dangal ng Kaniyang Kamaharlikaan, tumanggi Siyang lagi na makipagkita sa Gobernador, o sa mga makapangyarihang mga tao sa bayan.
Although the surveillance was unremittingly strict He came and went as He wished! He died in a house situated about three kilometers from St. Jean d’Acre.	Bagaman ang pagtatanod ay lubhang napakahigpit, Siya ay dumating at umalis ayon sa Kaniyang nais! Siya ay namatay sa isang bahay na nakatayo sa isang pook na humigit-kumulang ay may tatlong kilometro ang layo sa St. Jean D’Acre.
– 26 –	26
Good Ideas Must Be Carried into Action	Ang Mabubuting Ideya ay Dapat na Isakatuparan
November 8th	<i>Nobyembre 8</i>

All over the world one hears beautiful sayings extolled and noble precepts admired. All men say they love what is good, and hate everything that is evil! Sincerity is to be admired, whilst lying is despicable. Faith is a virtue, and treachery is a disgrace to humanity. It is a blessed thing to gladden the hearts of men, and wrong to be the cause of pain. To be kind and merciful is right, while to hate is sinful. Justice is a noble quality and injustice an iniquity. That it is one's duty to be pitiful and harm no one, and to avoid jealousy and malice at all costs. Wisdom is the glory of man, not ignorance; light, not darkness! It is a good thing to turn one's face toward God, and foolishness to ignore Him. That it is our duty to guide man upward, and not to mislead him and be the cause of his downfall. There are many more examples like unto these.	Sa lahat ng panig ng daigdig, ang sinuman ay makaririnig ng magagandang kasabihang pinapupurihan at mararangal na mga simulaing hinahayaan. Ang lahat ng mga tao ay nagsasabi na iniibig nila ang lahat ng mabuti, at kinamumuhian ang bawat bagay na masama! Ang katapatan ay dapat na hangaan, samantalang ang kasinungalingan ay kasuklam-suklam. Ang pananalig ay isang katangian, at ang kataksilan ay isang kahihiyan sa sangkatauhan. Isang banal na bagay ang magpaligaya sa puso ng mga tao, at isang pagkakasala ang maging dahilan ng pagdaramdam. Ang maging mabait at mahabagin ay tumpak, samantalang ang mamuhi ay kasalanan. Ang katarungan ay isang marangal na katangian at ang kawalang-katarungan ay isang kasamaan. Tungkulin ng sinuman ang maging maunawain at huwag puminsala kaninuman, at umiwas sa pangingimbulo at masamang hangarin sa anumang kaparaanan. Ang karunungan ay luwalhati ng tao, hindi ang kamangmangan; ang liwanag, hindi ang karimlan! Isang mabuting bagay ang ibaling ang tingin sa mukha sa Diyos, at isang kaululan ang huwag pumansin sa Kaniya. Isa nating tungkulin ang pumatnubay sa tao sa landas ng pagkadakila at hindi siya iligaw at maging dahilan ng kaniyang pagbagsak. Marami pang mga halimbawang kagaya ng mga ito.
But all these sayings are but words and we see very few of them carried into the world of action. On the contrary, we perceive that men are carried away by passion and selfishness, each man thinking only of what will benefit himself even if it means the ruin of his brother. They are all anxious to make their fortune and care little or nothing for the welfare of others. They are concerned about their <i>own</i> peace and comfort, while the condition of their fellows troubles them not at all.	Subalit ang lahat ng mga kasabihang ito ay paraparang mga salita lamang at nakikita nating iilan lamang sa mga ito ang naisasagawa. Sa kabaligtaran pa nga, nahuhulo natin na ang tao ay umiisip lamang ng kung ano ang pakikinabangan niya kahit man iyon ay mangahulugan ng ikasasama ng kaniyang kapatid. Lahat sila ay nananabik na gumawa ng kanilang kapalaran at walang kamunti mang hangarin para sa kabutihan ng kapwa. Iniintindi nila ang kanilang sariling kapayapaan at kasiyahan, samantalang ang kalagayan ng kanilang mga kasama ay hindi nakababahala sa kanila kamunti man.
Unhappily this is the road most men tread.	Ito ang malungkot na landas na tinatalunton ng karamihang tao.
But Bahá'ís must not be thus; they must rise above this condition. Actions must be more to them than words. By their actions they must be merciful and not merely by their words. They must on all occasions confirm by their actions what they proclaim in words. Their deeds must prove their fidelity, and their actions must show forth Divine light.	Datapwat ang mga Bahá'í ay hindi dapat magkaganiyan; kailangang mapangibabawan nila ang ganiyang kalagayan. Ang mga gawa sa kanila ay dapat na maging higit kaysa sa mga salita. Sa pamamagitan ng kanilang mga gawa, kailangang maging mahabagin sila at hindi sa pamamagitan lamang ng mga salita. Sa lahat ng mga pagkakataon ay dapat nilang patunayan sa gawa ang anumang ipinahayag nila sa salita. Ang kanilang mga ginagawa ay dapat magpatunay ng kanilang katapatan, at ang kanilang mga gawa ay dapat kamalasan ng Banal na liwanag.
Let your actions cry aloud to the world that you are indeed Bahá'ís, for it is <i>actions</i> that speak to the world and are the cause of the progress of humanity.	Hayaang isigaw ng malakas sa daigdig ng inyong mga gawa na kayo ay mga Bahá'í, sapagkat ang mga <i>gawa</i> ng nangungusap sa daigdig ay siyang dahilan ng pag-unlad ng sangkatauhan.
If we are true Bahá'ís speech is not needed. Our actions will help on the world, will spread civilization, will help the progress of science, and cause the arts to develop.	Kung tayo ay mga tunay na Bahá'í, ang salita ay hindi kailangan. Ang ating mga gawa ay tutulong sa daigdig, magkakalat ng kabihasnan, magbubunsod ng kaunlaran

Without action nothing in the material world can be accomplished, neither can words unaided advance a man in the spiritual Kingdom. It is not through lip-service only that the elect of God have attained to holiness, but by patient lives of active service they have brought light into the world.	ng agham, at magbubunsod ng pagsulong ng mga sining. Kung walang gawa, walang anumang sa mundong ito na maaaring maisakatuparan, hindi kailanman magagawa ng mga salita nang walang tulong ang gawa na maitaguyod ang tao sa Kahariang espirital. Hindi sa pamamagitan lamang ng paglilingkod-labi nakapagtamo ng kabanalan ang mga hirang ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng masiglang paglilingkod na puspos ng pagtitiyaga nangyaring makapagdala sila ng liwanag sa daigdig.
Therefore strive that your actions day by day may be beautiful prayers. Turn towards God, and seek always to do that which is right and noble. Enrich the poor, raise the fallen, comfort the sorrowful, bring healing to the sick, reassure the fearful, rescue the oppressed, bring hope to the hopeless, shelter the destitute!	Samakatwid, sikap ang inyong mga gawa sa araw-araw ay maging magagandang panalangin. Suma-Diyos at lunggatiing gawing lagi ang bagay na siyang wasto at marangal. Pagyamanin ang mahirap, itindig ang lugmok, aliwin ang namimighati, dalhan ng lunas ang maysakit, bigyan ng katiyakan ang nangangamba, saklolohan ang api, magbigay ng pag-asa sa mga walang pag-asa, pasilungin ang aba!
This is the work of a true Bahá'í, and this is what is expected of him. If we strive to do all this, then are we true Bahá'ís, but if we neglect it, we are not followers of the Light, and we have no right to the name.	Ito ang gawain ng isang tunay na Bahá'í, at ito ang siyang inaasahan sa kaniya. Kung sisikapin nating gawin ang lahat ng ito, tayo ay tunay na ngang mga Bahá'í, ngunit kung mapabayaang natin ito, tayo ay hindi mga tagasunod ng Liwanag, at wala tayong karapatan sa taguring iyan.
God, who sees all hearts, knows how far our lives are the fulfillment of our words.	Ang Diyos na nakakikita sa ating mga puso ay nakababatid kung hanggang saan ang ating buhay naging katuparan ng ating mga salita.
– 27 –	27
The True Meaning of Baptism by Water and Fire	Ang Tunay na Kahulugan ng Binyag sa Pamamagitan ng Tubig at ng Apoy
November 9th	<i>Nobyembre 9</i>
In the Gospel according to St. John, Christ has said: "Except a man be born of water and the Spirit, he cannot enter into the Kingdom of Heaven." ¹ The priests have interpreted this in meaning that baptism is necessary for salvation. In another Gospel it is said: "He shall baptize you with the Holy Ghost and with fire." ²	Sa Ebanghelyo, ayon kay San Juan, sinabi ni Kristo: "Maliban na lamang kung ang tao ay ipinanganak sa tubig at Espiritu, hindi siya makapapasok sa Kaharian ng Diyos." ⁸ Ipinakahulugan ng mga pari na ang pagbibinyag ay kailangan para sa kaligtasan. Sa ibang Ebanghelyo ay sinabi naman: "Siya ang sa inyo ay magbabawtismo ng Espiritu Santo at apoy." ⁹
Thus the water of baptism and the fire are one! It cannot mean that the "water" spoken of is <i>physical</i> water, for it is the direct opposite of "fire," and one destroys the other. When in the Gospels, Christ speaks of "water," He means <i>that which causes life</i> , for without water no worldly creature can live—mineral, vegetable, animal and man, one and all, depend upon water for their very being. Yes, the latest scientific discoveries prove to us that even mineral has some form of life, and that it also needs water for its existence.	Anupa't ang tubig ng pagbibinyag at ang apoy ay iisa! Hindi maaaring ipakahulugan na ang "tubig" na sinasabi ay <i>tubig na nga</i> , sapagkat ito ay siyang tuwirang kabaliktaran ng "apoy," at ang isa ay nagwawasak doon sa isa. Nang sa mga Ebanghelyo ay bumanggit si Kristo ng "tubig," ang ibig Niyang sabihin ay <i>yaong nagbubunga ng buhay</i> , sapagkat kung walang tubig ay walang nilikhang pansalibutan na maaaring mabuhay—maging sangkap-lupa o mineral, halaman, hayop at tao, isa at lahat, umaasa sa tubig ng ikabubuhay. Oo, ang pinakahuling mga tuklas sa agham ay nagpapatunay sa atin na maging ang mga

	sangkap-lupa ay may ilang anyo ng buhay, at iyon ay nangangailangan din ng tubig upang manatiling buhay.
Water is the cause of life, and when Christ speaks of water, He is symbolizing that which is the cause of <i>Everlasting Life</i> .	Ang tubig ay siyang dahilan ng buhay, at ang banggitin ni Kristo ang tubig, Kaniyang sinasagisag yaong nagbibigay ng <i>Buhay na Walang-hanggan</i> .
This life-giving water of which He speaks is like unto fire, for it is none other than the Love of God, and this love means life to our souls.	Ang tubig na itong nagbibigay-buhay na tinutukoy Niya ay maitutulad sa apoy, sapagkat ang apoy ay wala't dili iba kundi ang Pag-ibig ng Diyos, at ang pag-ibig na ito ay nangangahulugan ng buhay sa ating mga kaluluwa.
By the fire of the Love of God the veil is burnt which separates us from the Heavenly Realities, and with clear vision we are enabled to struggle onward and upward, ever progressing in the paths of virtue and holiness, and becoming the means of light to the world.	Sa pamamagitan ng apoy ng Pag-ibig ng Diyos, nasunog ang belong nagwawalay sa atin sa Makalangit na mga Katotohanan, at lakip ang malinaw na paningin ay nangyaring makibaka tayong pasulong at parurok, umuunlad sa mga landas ng kabutihan at kabanalan, at nagiging daan ng liwanag sa daigdig.
There is nothing greater or more blessed than the Love of God! It gives healing to the sick, balm to the wounded, joy and consolation to the whole world, and through it alone can man attain Life Everlasting. The <i>essence</i> of all religions is the Love of God, and it is the foundation of all the sacred teachings.	Wala nang dadakila pa o hihigit na pinagpala kaysa sa Pag-ibig ng Diyos! Ito ay nagbibigay-lunas sa maysakit, kamanyang sa sugatan, tuwa at aliw sa buong daigdig, at sa pamamagitan nito lamang maaaring ang tao ay makapagtamo ng Buhay na Walang-hanggan. Ang <i>diwa</i> ng lahat ng mga relihiyon ay ang Pag-ibig ng Diyos, at ito ang tuntungan ng lahat ng mga aral na banal.
It was the Love of God that led Abraham, Isaac, and Jacob, that strengthened Joseph in Egypt and gave to Moses courage and patience.	Ang pag-ibig ng Diyos ang siyang umakay kay Abraham, Isaac at Jacob, ang nagpasigla kay Joseph sa Ehipto at nagbigay kay Moises ng lakas at katiyagaan.
Through the Love of God, Christ was sent into the world with His inspiring example of a perfect life of self-sacrifice and devotion, bringing to men the message of Eternal Life. It was the Love of God that gave Muḥammad power to bring the Arabs from a state of animal degradation to a loftier state of existence.	Sa pamamagitan ng Pag-ibig ng Diyos, si Kristo ay isinugo sa daigdig na taglay ang Kaniyang nakapagpapasiglang halimbawa ng isang sakdal na buhay na puspos ng pagpapakasakit sa sarili at pagmamahal, inihahatid sa tao ang kalatas ng Buhay na Walang-hanggan. Ang Pag-ibig ng Diyos ang nagdulot kay Muḥammad ng kapangyarihang madala ang mga Arabe sa mataas-taas na kalagayan ng buhay mula sa hamak na katayuan ng karaniwang hayop.
God's Love it was that sustained the Báḅ and brought Him to His supreme sacrifice, and made His bosom the willing target for a thousand bullets.	Ang Pag-ibig ng Diyos ay siyang kumandili sa Báḅ at nagdala sa Kaniya sa Kaniyang dakilang pagpapakasakit, at gumawa sa Kaniyang sinapupunan na maging laang tagpuan ng libong mga bala.
Finally, it was the Love of God that gave to the East Bahá'u'lláh, and is now sending the light of His teaching far into the West, and from Pole to Pole.	Sa huli, ang Pag-ibig ng Diyos ang siyang nagbigay kay Bahá'u'lláh sa Silangan, at isinisilahi nito ngayon ang liwanag ng Kaniyang aral hanggang doon sa Kanluran, at mula sa isang dulo hanggang sa kabilang dulo ng mundo.
Thus I exhort each of you, realizing its power and beauty, to sacrifice all your thoughts, words and actions to bring the knowledge of the Love of God into every heart.	Anupa't hinihimok ko ang bawat isa sa inyo, sa paghulo sa kapangyarihan at kariktan nito, na ipagpapakasakit ang lahat ng inyong mga kaisipan, mga salita at mga gawa upang maihatid ang kaalaman ng Pag-ibig ng Diyos sa kaibuturan ng bawat puso.
- 28 -	28
Discourse at "I'Alliance Spiritualiste"	Pagsasalita sa "I'Alliance Spiritualiste"

Salle de l'Athénée, St. Germain, Paris,	<i>Salle de l'Athénée, St. Germain, Paris,</i>
November 9th	<i>Nobyembre 9</i>
I wish to express my gratitude for your hospitality, and my joy that you are spiritually minded. I am happy to be present at a gathering such as this, assembled together to listen to a Divine Message. If you could see with the eye of truth, great waves of spirituality would be visible to you in this place. The power of the Holy Spirit is here for all. Praise be to God that your hearts are inspired with Divine fervor! Your souls are as waves on the sea of the spirit; although each individual is a distinct wave, the ocean is one, all are united in God.	Nais kong ipahayag ang aking pasasalamat sa inyong magiliw na pakikitungo, at ang aking pagkalugod sa inyong pag-aangkin ng isipang espiritwal. Naliligayahan akong mapabilang sa isang pagtitipong katulad nito, nagpupulong upang makinig sa Banal na Pahatid. Kung makakikita kayo sa pamamagitan ng mata ng katotohanan ang mga dakilang alon ng espiritu ay magiging malinaw sa inyo sa pook na ito. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay narito para sa lahat. Papurihan ang Diyos na ang inyong mga puso ay pinasisigla ng Banal na damdamin! Ang inyong mga kaluluwa ay mga alon sa dagat ng espiritu; bagaman ang bawat isa sa inyo ay isang hiwalay na alon, ang dagat ay iisa, ang lahat ay nagkakaisa sa Diyos.
Every heart should radiate unity, so that the Light of the one Divine Source of all may shine forth bright and luminous. We must not consider the separate waves alone, but the entire sea. We should rise from the individual to the whole. The spirit is as one great ocean and the waves thereof are the souls of men.	Bawat puso ay dapat mamanaag ng pagkakaisa, upang sa gayon ang Liwanag ng iisang Banal na Pinagmulan ng lahat ay nagniningning at nagliliwanag. Hindi natin dapat isaalang-alang ang hiwa-hiwalay na mga alon lamang, kundi ang buong karagatan. Dapat tayong tumindig mula sa pagiging iisang tao tungo sa kabuuan. Ang espiritu ay katulad ng isang dagat at ang mga alon niyon ay siyang mga kaluluwa ng tao.
We are told in the Holy Scripture that the New Jerusalem shall appear on earth. Now it is evident that this celestial city is not built of material stones and mortar, but that it is a city not made with hands, eternal in the Heavens.	Sinabi sa atin ng Banal na Kasulatan na ang Bagong Herusalem ay susulpot sa ibabaw ng lupa. Ngayon ay maliwanag na ang makalangit na lungsod na ito ay hindi binubuo ng mga bato at buhangin; sa halip ito ay isang lungsod na walang hanggan sa mga Langit, at hindi maitatag ng mga kamay.
This is a prophetic symbol, meaning the coming again of the Divine Teaching to enlighten the hearts of men. It is long since this Holy Guidance has governed the lives of humanity. But now, at last, the Holy City of the New Jerusalem has come again to the world, it has appeared anew under an Eastern sky; from the horizon of Persia has its effulgence arisen to be a light to lighten the whole world. We see in these days the fulfillment of the Divine Prophecy. Jerusalem had disappeared. The heavenly city was destroyed, now it is rebuilt; it was razed to the ground, but now its walls and pinnacles have been restored, and are towering aloft in their renewed and glorious beauty.	Ito ay isang sagisag na hula, nangangahulugan ng pagparitong muli ng Banal na Aral upang bigyang-liwanag ang mga puso ng tao. Malaon nang pinamahalaan ng Banal na Patnubay ang mga buhay ng sangkatauhan. Ngunit ngayon, sa wakas, ang Banal na Lungsod ng Bagong Herusalem ay sumapit na muli sa daigdig, nakitang muli sa silong ng Silangang langit; mula sa guhit-tagpuan sa Persiya, ang kinang na ito ay suminag upang maging isang liwanag na magpapaningning sa buong daigdig. Nakikita natin sa mga araw na ito ang katuparan ng Hulang Banal. Ang Herusalem ay naglaho. Ang makalangit na lungsod ay nawasak, ngayon ay muli itong itinatayo; ito ay iginuho sa lupa, subalit ngayon ang mga moog at mga tore nito ay muling ibinalik sa dati, at nangingibabaw muli sa kanilang panibago at maluwalhating kariktan.
In the Western world material prosperity has triumphed, whilst in the East the spiritual sun has shone forth. I am very glad to see such an assembly as this in Paris, where spiritual and material progress are met together in unity.	Sa Kanlurang daigdig, ang kasaganaang materyal ay nagtagumpay, samantalang sa Silangan ang araw na espiritwal ay sumikat. Nalulugod akong makita ko ang isang kapulungang gaya nito sa Paris, na pinagpupulungan sa pagkakaisa ng kanlurang materyal at espiritwal.
Man—the true man—is soul, not body; though physically man belongs to the animal kingdom, yet his soul lifts him above the rest of creation. Behold how the	Ang tao—ang tunay na tao—ay kaluluwa, hindi katawan; bagaman sa kauriang pisikal o pangkatawan ang tao ay nabibilang sa kaharian ng mga hayop,

light of the sun illuminates the world of matter: even so doth the Divine Light shed its rays in the kingdom of the soul. The soul it is which makes the human creature a celestial entity!	gayunman ang kaniyang kaluluwa ay pinapangibabaw siya sa lahat ng nilikha. Malasin kung paanong ang liwanag ng araw ay nagsabog ng liwanag sa daigdig ng kabagayan. Sa lalong higit na kaparaanan ang Banal na Liwanag ay sasabog ang mga sinag nito sa kaharian ang kaluluwa. Ang kaluluwa na siyang nilikhang tao ay ginagawa itong isang makalangit na bagay!
By the power of the Holy Spirit, working through his soul, man is able to perceive the Divine reality of things. All great works of art and science are witnesses to this power of the Spirit.	Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal ng Espiritu na gumagawa sa kaibuturan ng kaniyang kaluluwa, ang tao ay nangyayaring mahulo ang Banal na katotohanan ng mga bagay-bagay. Ang lahat ng dakilang mga likhang-sining at ng agham ay mga saksi sa kapangyarihang ito ng Espiritu.
The same Spirit gives Eternal Life.	Ang nasabi ring Espiritu ay nagbibigay ng Buhay na Walang-hanggan.
Those alone who are baptized by the Divine Spirit will be enabled to bring all peoples into the bond of unity. It is by the power of the Spirit that the Eastern World of spiritual thought can intermingle with the Western realm of action, so that the world of matter may become Divine.	Tanging ang nabinyagan sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang makapangyayaring makapagdala sa lahat ng mga tao sa bigkis ng pagkakaisa. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ay maaaring makisalamuha ang Silangang Daigdig ng kaisipang espiritu sa Kanluran ng gawa, upang sa gayon ang daigdig ng mga bagay ay maging Banal.
It follows that all who work for the Supreme Design are soldiers in the army of the Spirit.	Anupa't ang lahat ng gumagawa para sa Pinakamataas na Plano ay mga kawal sa hukbo ng Espiritu.
The light of the celestial world makes war against the world of shadow and illusion. The rays of the Sun of Truth dispel the darkness of superstition and misunderstanding.	Ang liwanag ng makalangit na daigdig ay nakikidigma laban sa daigdig ng anino at malikmata. Ang mga sinag ng Araw ng Katotohanan ay nagwawaksi sa silim ng pamahiin at di-pagkakaunawaan.
You are of the Spirit! To you who seek the truth, the Revelation of Bahá'u'lláh will come as a great joy! This teaching is of the Spirit, in it is no precept which is not of the Divine Spirit.	Kayo ay mga tao ng Espiritu! Sa inyo na humanap sa katotohanan ang Pagbubunyag ni Bahá'u'lláh ay sasapat bilang isang dakilang tuwa! Ang aral na ito mula sa espiritu, dito ay walang simulaing hindi mula sa Espiritu Santo.
Spirit cannot be perceived by the material senses of the physical body, excepting as it is expressed in outward signs and works. The human body is visible, the soul is invisible. It is the soul nevertheless that directs a man's faculties, that governs his humanity.	Ang espiritu ay hindi madarama sa pamamagitan ng mga panamdang materyal ng katawang-tao, liban sa pagkakapahayag ng naturan sa panlabas na palatandaan at gawain. Ang katawang-tao ay nakikita, ang kaluluwa ay hindi nakikita, ngunit ang kaluluwa ang siyang nagtuturo sa mga kapangyarihan ng isip, siyang namamahala ng kaniyang pagkatao.
The soul has two main faculties. (a) As outer circumstances are communicated to the soul by the eyes, ears, and brain of a man, so does the soul communicate its desires and purposes through the brain to the hands and tongue of the physical body, thereby expressing itself. The spirit in the soul is the very essence of life. (b) The second faculty of the soul expresses itself in the world of vision, where the soul inhabited by the spirit has its being, and functions without the help of the material bodily senses. There, in the realm of vision, the soul sees without the help of the physical eye, hears without the aid of the physical ear, and travels without dependence upon physical motion. It is, therefore, clear that the spirit in the soul of man can function through the physical body by using the organs of the ordinary senses, and that it is able also to live and act without	Ang kaluluwa ay may dalawang kapangyarihan ng isip. (a) Sapagkat ang panlabas na mga kalagayan ay inihahatid sa kaluluwa sa pamamagitan ng mga mata, tainga, at utak ng isang tao, sa gayunding paraan ay inihahatid ng kaluluwa ang mga hangarin at layunin nito sa pamamagitan ng utak doon sa mga kamay at dila ng katawang-tao, at sa gayon ay inihahayag ang sarili nito. Ang espiritu sa kaluluwa ay siyang pinakabuod ng buhay. (b) Ang ikalawang kapangyarihang-isip ng kaluluwa ay nangungusap sa daigdig ng haraya, at dito, ang kaluluwang tinatahanan ng espiritu ay nagkakaroon ng kaniyang kasarinlan, at kumikilos nang hindi katulong ang mga panamdang materyal ng katawan. Doon, sa sinapupunan ng haraya, ang kaluluwa ay nakakikita kahit na hindi tulungan ng mata ng katawan, nakaririnig kahit na hindi tulungan ng tainga ng

their aid in the world of vision. This proves without a doubt the superiority of the soul of man over his body, the superiority of spirit over matter.	katawan, nakakapaglakbay nang hindi umaasa sa galaw ng katawan. Maliwanag, kung gayon, na ang espiritu sa kaluluwa ng tao ay maaaring gumawa sa loob ng katawang-tao sa pamamagitan ng paggamit ng mga sangkap ng karaniwang mga pandama, at iyo ay nangyayari ding mamuhay at gumawa kahit hindi tulungan ng mga ito sa daigdig ng haraya. Pinatutunayan nito nang walang alinlangan ang kahigitan ng kaluluwa ng tao kaysa sa kaniyang katawan, ang kahigitan ng kaluluwa sa kabagayan.
For example, look at this lamp: is not the light within it superior to the lamp which holds it? However beautiful the form of the lamp may be, if the light is not there its purpose is unfulfilled, it is without life—a dead thing. The lamp needs the light, but the light does not need the lamp.	Halimbawa, tingnan ang lamparang ito: hindi ba't ang liwanag na nasa loob nito ay mahigit kaysa ilawang humahawak sa naturan? Gaano mang kaganda ang anyo ng lamparang iyan, kung ang liwanag ay wala ryan ang layon niyan ay hindi nagaganap, iyon ay walang buhay—isang patay na bagay. Ang lampara ay nangangailangan ng liwanag, ngunit ang liwanag ay hindi nangangailangan ng lampara.
The spirit does not need a body, but the body needs spirit, or it cannot live. The soul can live without a body, but the body without a soul dies.	Ang kaluluwa ay hindi nangangailangan ng isang katawan, ngunit ang katawan ay nangangailangan ng kaluluwa, kung hindi ay hindi ito mabubuhay. Ang kaluluwa ay maaaring mabuhay ng walang katawan, ngunit ang katawan, kung walang kaluluwa ay mamamatay.
If a man lose his sight, his hearing, his hand or his foot, should his soul still inhabit the body he lives, and is able to manifest divine virtues. On the other hand, without the spirit it would be impossible for a perfect body to exist.	Kapag ang isang tao ay nawalan ng paningin, ng kaniyang pandinig, ng kaniyang kamay, o ng kaniyang paa, kailanman at ang kaluluwa ay nasa loob pa rin ng kaniyang katawan, siya ay mabubuhay pa rin at makakapagpahayag pa rin ng banal na mga katangian. Sa kabilang dako, kung walang kaluluwa, hindi mangyayaring ang isang malusog mang katawan ay manatiling buhay.
The greatest power of the Holy Spirit exists in the Divine Manifestations of the Truth. Through the power of the Spirit the Heavenly Teaching has been brought into the World of Humanity. Through the power of the Spirit life everlasting has come to the children of men. Through the power of the Spirit the Divine Glory has shone from East to West, and through the power of the same Spirit will the divine virtues of humanity become manifest.	Ang pinakadakilang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nabubuhay sa Banal na mga Pagpapakilala ng Katotohanan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ng Makalangit na Pangaral ay nakarating sa sinapupunan ng Daigdig ng Sangkatauhan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, ang Banal na Luwalhati sa Kanluran, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng nasabi ring Espiritu ang mga banal na katangian ng sangkatauhan ay magiging hayag.
Our greatest efforts must be directed towards detachment from the things of the world; we must strive to become more spiritual, more luminous, to follow the counsel of the Divine Teaching, to serve the cause of unity and true equality, to be merciful, to reflect the love of the Highest on all men, so that the light of the Spirit shall be apparent in all our deeds, to the end that all humanity shall be united, the stormy sea thereof calmed, and all rough waves disappear from off the surface of life's ocean henceforth unruffled and peaceful. Then will the New Jerusalem be seen by mankind, who will enter through its gates and receive the Divine Bounty.	Ang ating mga pinakadakilang pagsisikap ay dapat na itaon sa pagwawalay sa atin sa mga kamunduhan; lunggatiin nating maging higit na makaespiritu, higit na makinang, sumunod sa payo ng Banal na Aral, maglingkod sa kapakanan ng pagkakaisa at tunay na pagkakapantay-pantay, maging maawain, ipakilala ang pag-ibig ng Pinakamataas sa lahat ng ating mga gawa hanggang ang buong sangkatauhan ay mapagkaisa, ang maunos na dagat ay mapaging tahimik, at ang lahat ng malalaking alon ay mawala sa ibabaw ng tubig ng look ng buhay at mawalan ng ligalig at maging tahimik. Kung magkagayon na ay saka pa lamang makikita ang Bagong Herusalem ng sangkatauhan na papasok sa mga pintuan ng naturan at tatanggap ng Banal na Kagandahang-loob.

I thank God that I have been present amongst you this afternoon, and I thank you for your spiritual feeling.	Nagpapasalamat ako sa Diyos at ako ay napapiling sa inyo ngayong hapon, at pinasasalamatan ko kayo sa inyong damdaming espiritwal.
I pray that you may grow in Divine fervor, and that the power of unity in the Spirit will augment, so that the prophecies may be fulfilled, and that in this great century of the Light of God all the glad tidings written in the Sacred Books may come to pass. This is the glorious time of which the Lord Jesus Christ spoke when He told us to pray "Thy Kingdom come, Thy Will be done on earth as it is in Heaven." I hope that this is also your expectation and great desire.	Idinadalangin kong nawa ay lumago kayo sa Banal na init, at maanong ang kapangyarihan ng pagkakaisa sa Espiritu ay maragdagan, upang ang mga hula ay magaganap, at sa dakilang siglong ito ng Liwanag ng Diyos ang lahat ng nakalulugod na mga balitang nasulat sa Banal na mga Aklat ay mangatupad. Ito ang maluwalhating panahon na tinukoy ng Panginoong Hesukristo nang Kaniyang sabihin sa atin na tayo ay manalangin ng "Ang Iyong Kaharian ay sumaamin matupad ang Kalooban Mo sa lupa gaya ng sa Langit." Inaasahan kong ito rin ang inyong inaasam at dakilang hangarin.
We are united in the one aim and hope that all shall be as one and every heart illumined by the Love of our Divine Father, God!	Tayo ay nagkakaisa sa iisang layunin at pag-asa na tayong lahat ay magiging isa at ang bawat puso ay maliliwanagan ng Pag-ibig ng ating Banal na Ama, ang Diyos!
May all our actions be spiritual, and all our interests and affections be centered in the Kingdom of Glory!	Maanong ang lahat ng ating mga gawa ay maging espiritwal, at ang lahat ng ating mga kapakanan at mga paggiliw mapaukol sa Kaharian ng Luwalhati!
- 29 -	29
The Evolution of the Spirit	Ang Ebolusyon ng Espiritu
15 Rue Greuze, Paris,	15 Rue Greuze, Paris,
November 10th	Nobyembre 10
'Abdu'l-Bahá said:	Sinabi ni 'Abdu'l-Bahá:
Tonight I will speak of the evolution or progress of the spirit.	Ngayong gabi ay tatalakayin ko ang ebolusyon o ang pag-unlad ng espiritu.
Absolute repose does not exist in nature. All things either make progress or lose ground. Everything moves forward or backward, nothing is without motion. From his birth, a man progresses physically until he reaches maturity, then, having arrived at the prime of his life, he begins to decline, the strength and powers of his body decrease, and he gradually arrives at the hour of death. Likewise a plant progresses from the seed to maturity, then its life begins to lessen until it fades and dies. A bird soars to a certain height and having reached the highest possible point in its flight, begins its descent to earth.	Ang lubos na pamamahinga ay hindi umiiral sa kalikasan. Ang pagkilos ng lahat ng bagay ay pasulong, o kung hindi, ito ay paurong. Ang bawat bagay ay gumagalaw ng pasulong o paurong, walang hindi kumikilos. Mula sa kaniyang pagsilang, ang isang tao ay umuunlad na sa kaniyang katawang alabok hanggang sa siya ay makasapit sa kaniyang kaganapan sa gulang, at pagkatapos, kung masapit na niya ang kasariwaan ng kaniyang buhay, siya ay nagsisimulang humupa, ang lakas at mga kapangyarihan ng kaniyang katawan ay nababawasan, at siya ay unti-unting sumasapit sa oras ng kamatayan. Gayundin, ang isang halaman ay lumalago mula sa pagiging buto hanggang sa kahinugan, pagkatapos, ang buhay nito ay nagsisimulang mabawasan hanggang manguluntoy at mamatay. Ang isang ibon ay pumapailanlang hanggang sa isang karurukan at kung marating na ang pinakamataas na tugatog na maaaring malipad nito ay magsisimula na itong bumaba sa lupa.

Thus it is evident that movement is essential to all existence. All material things progress to a certain point, then begin to decline. This is the law which governs the whole physical creation.	Anupa't maliwanag na ang paggalaw ay kailangan sa pagkabuhay. Ang lahat ng mga bagay na materyal ay umuunlad hanggang sa isang kalagayan, pagkatapos ay magsisimulang humupa. Ito ang batas na sumasaklaw sa buong sangnilikha.
Now let us consider the soul. We have seen that movement is essential to existence; nothing that has life is without motion. All creation, whether of the mineral, vegetable or animal kingdom, is compelled to obey the law of motion; it must either ascend or descend. But with the human soul, there is no decline. Its only movement is towards perfection; growth and progress alone constitute the motion of the soul.	Ngayon ay ating isaalang-alang ang kaluluwa. Nakita natin na ang paggalaw ay lubhang mahalaga sa pagkabuhay; walang anumang may buhay na hindi nangangailangan ng pagkilos. Ang lahat ng nilikha, maging ito ay mula sa mineral o sangkap-lupa, halaman o kaharian ng hayop, ay pilit na aalinsunod sa batas ng paggalaw; ito ay kailangang umakyat o bumaba. Subalit ang kaluluwa ng tao ay walang pagbagsak. Ang tangi nitong galaw ay patungo sa kaganapan; tanging pagyabong at pag-unlad ang bumubuo ng galaw ng kaluluwa.
Divine perfection is infinite, therefore the progress of the soul is also infinite. From the very birth of a human being the soul progresses, the intellect grows and knowledge increases. When the body dies the soul lives on. All the differing degrees of created physical beings are limited, but the soul is limitless!	Ang banal na kasakdalan ay walang katapusan, samakatwid, ang kaunlaran ng kaluluwa ay wala ring katapusan. Sapul pa sa pagsilang ng isang tao, ang kaluluwa ay umuunlad, ang isipan ay lumalago at ang kaalaman ay nararagdagan. Kung ang katawan ay mamatay, ang kaluluwa ay nananatiling buhay. Ang lahat ng nangagkakaibang antas ng nilikhang katawang-tao ay may takda, subalit ang kaluluwa ay walang takda!
In all religions the belief exists that the soul survives the death of the body. Intercessions are sent up for the beloved dead, prayers are said for their progress and for the forgiveness of their sins. If the soul perished with the body all this would have no meaning. Further, if it were not possible for the soul to advance towards perfection after it had been released from the body, of what avail are all these loving prayers, of devotion?	Sa lahat ng mga relihiyon ay umiiral ang paniwalang ang kaluluwa ay nananatiling buhay sa pagkamatay ng katawan. Ang mga pamamagitan ay ipinararating para sa mga minamahal na yumao, ang mga panalangin ay inuusal para sa kanilang kaunlaran at para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Kung ang kaluluwa ay naglalahong kasama ng katawan ang lahat ng ito ay mawawalan ng kahulugan. Tangi sa riyon, kung ang kaluluwa ay wala nang pagsulong patungo sa kasakdalan pagkatapos na ito ay makaalpas sa katawan, para ano pa ang lahat ng mga mataimtim na panalangin ito ng pagmamahal?
We read in the sacred writings that "all good works are found again."¹ Now, if the soul did not survive, this also would mean nothing!	Nabasa natin sa banal na mga kasulatan na "ang lahat ng mabubuting gawain ay muling nasumpungan."¹⁰ Ngayon, kung ang kaluluwa ay hindi nananatiling buhay, ito man ay mawawalan ng kahulugan!
The very fact that our spiritual instinct, surely never given in vain, prompts us to pray for the welfare of those, our loved ones, who have passed out of the material world: does it not bear witness to the continuance of their existence?	Ang pangyayari na lamang na ang ating katutubong simbuyong espirituwal, na tiyak na hindi ibinigay nang walang kabuluhan ay nagbunsod sa ating manalangin para sa kagalingan ng mga mahal natin sa buhay na pumanaw na sa mundong ito: hindi ba iyan ay isa nang saksi sa pagpapatuloy ng kanilang pagkabuhay?
In the world of spirit there is no retrogression. The world of mortality is a world of contradictions, of opposites; motion being compulsory everything must either go forward or retreat. In the realm of spirit there is no retreat possible, all movement is bound to be towards a perfect state. "Progress" is the expression of spirit in the world of matter. The intelligence of man, his reasoning powers, his knowledge, his scientific achievements, all these being manifestations of the spirit, partake of the	Sa daigdig ng espiritu ay walang pag-urong. Ang daigdig ng pagkamatay ay isang daigdig ng mga pagsasalungatan, ng mga magkakatuwas; sa galaw na sapilitan na bawat bagay ay kailangang kumilos ng pasulong o paurong. Sa sinapupunan ng espiritu ay walang pag-urong na maaari, ang lahat ng galaw ay kailangang patungo sa isang kalagayang sakdal. Ang "pag-unlad" ay isang pahayag ng espiritu sa daigdig ng kabagayan. Ang isipan ng tao, ang kaniyang mga kapangyarihan sa pagmamatuwid, ang kaniyang

inevitable law of spiritual progress and are, therefore, of necessity, immortal.	kaalaman, ang kaniyang mga nagawa sa agham, ang lahat ng mga ito bilang pagpapakilala ng espiritu, ay bahagi ng di-maiiwasang batas ng kaunlarang espiritwal at, samakatwid, hinihingi ng pangangailangang maging walang kamatayan.
My hope for you is that you will progress in the world of spirit, as well as in the world of matter; that your intelligence will develop, your knowledge will augment, and your understanding be widened.	Ang pag-asa ko sa inyo ay ang kayo ay umunlad sa daigdig ng espiritu, gayundin sa daigdig ng kabagayan; na ang inyong katalinuhan ay umunlad, ang inyong kabatiran ay maragdagan, at ang inyong pang-unawa ay lumawak.
You must ever press forward, never standing still; avoid stagnation, the first step to a backward movement, to decay.	Kailangang kayo ay humayong pasulong, huwag manatiling walang-kilos; iwasan ang di-pagkilos na siyang unang hakbang sa paurong na galaw, sa pagkabulok.
The whole physical creation is perishable. These material bodies are composed of atoms; when these atoms begin to separate decomposition sets in, then comes what we call death. This composition of atoms, which constitutes the body or mortal element of any created being, is temporary. When the power of attraction, which holds these atoms together, is withdrawn, the body, as such, ceases to exist.	Ang buong sangnilikhang alabok ay maaaring maparam. Ang mga katawang materyal na ito ay nabubuo ng mga atomo; sa oras na ang mga atomong ito ay magsimula nang maignas, siya nang pagsapit ng tinatawag na kamatayan. Ang pagsasangkap-sangkap na ito ng mga atomo na siyang bumubuo ng katawan o ng elementong mortal ng alinmang nilikhang bagay ay pansamantala. Sa sandaling ang kapangyarihang nagsasapi sa mga atomong ito ay maalís, ang katawan, sa pagkakagayon, ay kapaparaman ng buhay.
With the soul it is different. The soul is not a combination of elements, it is not composed of many atoms, it is of one indivisible substance and therefore eternal. It is entirely out of the order of the physical creation; it is immortal!	Bagay sa kaluluwa, iba ang pangyayari. Ang kaluluwa ay hindi isang kombinasyon o pagsasama ng mga sangkap, hindi ito binubuo ng maraming atomo, ito ay isa lamang sustansiyang hindi nahahati, samakatwid, ay walang hanggan. Ito ay lubos na labas sa hanay ng nilikhang katawan; ito ay walang kamatayan!
Scientific philosophy has demonstrated that a <i>simple</i> element (“simple” meaning “not composed”) is indestructible, eternal. The soul, not being a composition of elements, is, in character, as a simple element, and therefore cannot cease to exist.	Ipinakita ng pilosopiyang pang-agham na ang isang <i>payak</i> na elemento (“payak” ay nangangahulugang “hindi pinagsangkap”) ay hindi mawawasak, walang hanggan. Ang kaluluwa, sapagkat hindi isang pinagsama-samang sangkap, ay, sa katangiang bilang isang payak na sangkap, at samakatwid ay hindi maaaring tumigil mabuhay.
The soul, being of that one indivisible substance, can suffer neither disintegration nor destruction, therefore there is no reason for its coming to an end. All things living show signs of their existence, and it follows that these signs could not of themselves exist if that which they express or to which they testify had no being. A thing which does not exist, can, of course, give no sign of its existence. The manifold signs of the existence of the spirit are forever before us.	Ang kaluluwa, sa pagiging isang sustansiyang hindi mahahati, ay hindi maaaring dumanas ng pagkaagnas o pagkawasak, samakatwid ay walang dahilan sa pagsapit nito sa isang kawakasan. Ang lahat ng mga bagay na nabubuhay ay nagpapakita ng mga palatandaan ng kanilang pagkabuhay, at napagkikilalang ang mga palatandaang ito ay hindi maaaring manatili kung iyon na kanilang ipinahahayag o kanilang pinatutunayan ay hindi umiiral. Ang isang bagay na hindi umiiral, ay hindi maaaring magbigay, hindi kasi nga, ng tanda ng pagkabuhay. Ang maraming mga tanda ng pagkabuhay ng kaluluwa ay lagi nang nasa ating harapan.
The traces of the Spirit of Jesus Christ, the influence of His Divine Teaching, are present with us today, and are everlasting.	Ang mga bakas ng Espiritu ni Hesukristo, ang bisa ng Kaniyang Banal na Aral, ay kasama natin ngayon, at iyo ay walang hanggan.
A nonexistent thing, it is agreed, cannot be seen by signs. In order to write a man must exist—one who does not exist cannot write. Writing is, in itself, a sign of the writer’s soul and intelligence. The Sacred Writings (with	Ang isang bagay na hindi umiiral, ito ay ating inaamin, ay hindi makikita sa pamamagitan ng mga tanda. Upang sumulat, ang isang tao ay kailangang nabubuhay—ang isang di-nabubuhay ay hindi makasusulat. Ang pagsulat,

ever the same Teaching) prove the continuity of the spirit.	sa sarili nito, ay isang tanda ng kaluluwa at talino ng sumusulat. Ang Sagradong mga Sinulat (na kinaroroonan lagi ng nasabi ring mga Aral) ay nagpapatunay ng pagpapatuloy ng kaluluwa.
Consider the aim of creation: is it possible that all is created to evolve and develop through countless ages with this small goal in view—a few years of a man's life on earth? Is it not unthinkable that this should be the final aim of existence?	Isaalang-alang ang layunin ng pagkakalikha: maaari kayang ang lahat ng nilikha upang payabungin at paunlarin sa di-mabilang na mga panahon na taglay lamang ang maliit na hangaring ito—ang ilang taon ng buhay ng tao sa lupa? Hindi ba mahirap na isiping ito ang pangwakas na layunin ng pagkabuhay?
The mineral evolves till it is absorbed in the life of the plant, the plant progresses till finally it loses its life in that of the animal; the animal, in its turn, forming part of the food of man, is absorbed into human life.	Ang sangkap-lupa o mineral ay patuloy sa paglago hanggang sa masipsip sa buhay ng halaman, ang halaman ay yumayabong hanggang sa huli ay mawala ang buhay nito sa sinapupunan ng hayop: ang hayop naman, sa bahagi nito, sa pagbuo ng bahagi ng pagkain ng tao, ay napapasapi naman sa katawan ng buhay ng tao.
Thus, man is shown to be the sum of all creation, the superior of all created beings, the goal to which countless ages of existence have progressed.	Anupa't ang tao ay ipinakitang siyang kabuuan ng lahat ng nilikha, ang pinakamataas sa lahat ng mga nilikhang bagay, ang hantungan na siyang tinutumpa ng di-mabilang ng mga panahon ng pagkabuhay at pag-unlad.
At the best, man spends four-score years and ten in this world—a short time indeed!	Sa kasukdulan, ang isang tao ay gumugugul ng apat ng dalawampung taon at sampu sa daigdig na ito—tunay na isang maikling panahon lamang!
Does a man cease to exist when he leaves the body? If his life comes to an end, then all the previous evolution is useless, all has been for nothing! Can one imagine that Creation has no greater aim than this?	Ang isang tao ba ay tinitigilan ng pagkabuhay kung ito ay mawalay na sa katawan? Kung ang kaniyang buhay ay sumapit na sa wakas, ang lahat ng mga nakaraang panahon ng pag-unlad ay walang kabuluhan, ang lahat ay naukol lamang sa wala! Madadalumat kaya ng sinuman na ang Pagkakalikha ay walang layunin higit na dakila sa rito?
The soul is eternal, immortal.	Ang kaluluwa ay walang hanggan, walang kamatayan.
Materialists say, "Where is the soul? What is it? We cannot see it, neither can we touch it."	Ang materyalista ay nagsasabi, "Nasaan ang kaluluwa? Ano iyon? Hindi natin makita iyon, ni hindi rin natin mahipo."
This is how we must answer them: However much the mineral may progress, it cannot comprehend the vegetable world. Now, that lack of comprehension does not prove the nonexistence of the plant!	Sa ganitong paraan dapat nating sagutin sila: Gaano man ang pag-unlad ng sangkap-lupa o mineral, ito ay hindi makauunawa sa daigdig ng halaman. Ngayon, ang kawalang iyan ng pagkaunawa ay hindi nagpapatunay ng pagkawala ng halaman!
To however great a degree the plant may have evolved, it is unable to understand the animal world; this ignorance is no proof that the animal does not exist!	Sa anumang antas lumago ang halaman, hindi rin nito mauunawaan ang kaharian ng mga hayop; ang kamangmangang ito ay hindi katibayan na ang hayop ay hindi umiiral!
The animal, be he never so highly developed, cannot imagine the intelligence of man, neither can he realize the nature of his soul. But, again, this does not prove that man is without intellect, or without soul. It only demonstrates this, that one form of existence is incapable of comprehending a form superior to itself.	Ang hayop, maging ito ay hindi pa kailanman umunlad na lubha, ay hindi makadadalumat sa katalinuhan ng tao, ni hindi nito maaalagata ang kalikasan ng kaniyang kaluluwa. Ngunit gayundin, ito ay hindi nagpapatunay na ang tao ay walang isipan, o walang kaluluwa. Ipinakikilala lamang nito na ang isang anyo ng pagkabuhay ay walang-kakayahang umunawa sa isang anyong mataas pa sa sarili nito.

This flower may be unconscious of such a being as man, but the fact of its ignorance does not prevent the existence of humanity.	Ang bulaklak na ito ay maaaring hindi nakamamalay ng pagkamayroon ng isang bagay na gaya ng tao, datapwat ang kamangmangan nito ay hindi pumipigil sa pagkabuhay ng sangkatauhan.
In the same way, if materialists do not believe in the existence of the soul, their unbelief does not prove that there is no such realm as the world of spirit. The very existence of man's intelligence proves his immortality; moreover, darkness proves the presence of light, for without light there would be no shadow. Poverty proves the existence of riches, for, without riches, how could we measure poverty? Ignorance proves that knowledge exists, for without knowledge how could there be ignorance?	Sa ganiyan ding kaparaanan, kung ang mga materyalista ay hindi naniniwala sa pagkabuhay ng kaluluwa, ang kanilang di-paniniwalang iyan ay hindi nagpapatunay na wala ngang sinapupunang gaya ng espiritu. Ang pagkabuhay na rin ng katalinuhan ng tao ay magpapatunay ng kaniyang kawalang-kamatayan; gayundin, kung walang liwanag ay wala sanang anino. Ang karalitaan ay nagpapatunay ng pagkakaroon ng kamatayan, sapagkat kung walang kamatayan, papaano natin masusukat ang karalitaan? Ang kamangmangan ay nagpapatunay ng pagkakaroon ng karunungan, sapagkat kung walang karunungan ay papaanong nagkaroon ng kamangmangan?
Therefore the idea of mortality presupposes the existence of immortality—for if there were no Life Eternal, there would be no way of measuring the life of this world!	Samakatwid, ang sapantaha ukol sa pagkakaroon ng kamatayan ay nagpapahiwatig ng pag-iral ng kawalan ng kamatayan—sapagkat kung walang Buhay na Walang-hanggan, wala sanang paraan ng pagsukat sa buhay ng daigdig na ito!
If the spirit were not immortal, how could the Manifestations of God endure such terrible trials?	Kung ang kaluluwa ay may kamatayan, papaano matatagalan ng mga Pagpapahayag ng Diyos ang gayong nakapangingilabot na mga pagsubok?
Why did Christ Jesus suffer the fearful death on the cross?	Bakit dinanas ni Hesukristo ang nakasisindak na kamatayan sa krus?
Why did Muḥammad bear persecutions?	Bakit napaglabanan ni Muḥammad ang mga pag-uusig?
Why did the Báb make the supreme sacrifice and why did Bahá'u'lláh pass the years of His life in prison?	Bakit nagawa ng Báb ang dakilang pagpapakasakit at bakit ginugol ni Bahá'u'lláh ang tao ng Kaniyang buhay sa loob ng bilangguan?
Why should all this suffering have been, if not to prove the everlasting life of the spirit?	Bakit nangyari ang lahat ng mga pagpapakasakit na ito, kung hindi rin lamang upang patunayan ang kawalang-hanggan buhay ng kaluluwa?
Christ suffered, He accepted all His trials because of the immortality of His spirit. If a man reflects he will understand the spiritual significance of the law of progress; how all moves from the inferior to the superior degree.	Si Kristo ay nagpakahirap, tinanggap Niya ang lahat ng Kaniyang mga paglilitis dahil sa kawalang-kamatayan ng Kaniyang Espiritu. Kapag ang isang tao ay nagnilay, mauunawaan niya ang kahulugang espiritwal ng batas ng kaunlaran; kung paaanong ang lahat ay gumagalaw mula sa mababa hanggang sa mataas na antas.
It is only a man without intelligence who, after considering these things, can imagine that the great scheme of creation should suddenly cease to progress, that evolution should come to such an inadequate end!	Tanging ang isang taong walang katalinuhan, pagkatapos maisaalang-alang ang mga bagay na ito, ay makadadalumat na ang dakilang banghay ng sangnilikha ay dapat na tumigil at sukat sa pag-unlad, ang pag-unlad ay dapat na sumapit sa ganiyang hindi sapat na wakas!
Materialists who reason in this way, and contend that we are unable to see the world of spirit, or to perceive the blessings of God, are surely like the animals who have no understanding; having eyes they see not, ears they have, but do not hear. And this lack of sight and hearing is a proof of nothing but their own inferiority; of whom we read in the Qur'án, "They are men who are blind and deaf to the Spirit." They do not use that great gift of God, the power of the understanding, by which they might see with the eyes of the spirit, hear with spiritual	Ang mga materyalistang nagmamatuwid sa ganitong kaparaanan, at nagpapalagay na hindi natin maaaring makita ang daigdig ng espiritu, o mahulo ang mga pagpapala ng Diyos, ay tunay na katulad ng mga hayop na walang pang-unawa; may mga mata ay hindi nakakakita; may mga tainga ay hindi nakaririnig. At ang kawalang ito ng paningin at pandinig ay walang pinatutunayan kundi ang kanilang sariling kababaan; ang mga ito ang siyang nabasa natin sa Qur'án. "Sila ay mga taong bulag at bingi sa Espiritu." Hindi nila ginagamit

ears and also comprehend with a Divinely enlightened heart.	ang dakilang alaala o handog ng Diyos, ang kapangyarihan ng pang-unawa na sa paggamit nito ay makakita sila sa pamamagitan ng mga mata ng kaluluwa, makarinig sa pamamagitan ng mga taingang espiritwal at tuloy makaunawa sa pamamagitan ng isang Makalangit na pusong waliwanagan.
The inability of the materialistic mind to grasp the idea of the Life Eternal is no proof of the nonexistence of that life.	Ang di-kakayahan ng isipang materyalista na masakyan ang bagay na may kinalaman sa Buhay na Walang-hanggan ay hindi isang pagpapatunay ng hindi pag-iral ng nasabing buhay.
The comprehension of that other life depends on our spiritual birth!	Ang pagkaunawa ng ibang buhay ay nasasalig sa ating pagsilang na espiritwal!
My prayer for you is that your spiritual faculties and aspirations may daily increase, and that you will never allow the material senses to veil from your eyes the glories of the Heavenly Illumination.	Ang panalangin ko para sa inyo ay ang inyong mga kapangyarihang espiritwal at mga hangarin ay maanong maragdagan sa araw-araw, at maanong hindi na ninyo ipahintulot na sa inyong mga mata ay maikubli ng inyong mga pangdamang materyal ang mga kaluwalhatian ng Makalangit na Tanglaw.
– 30 –	30
The Desires and Prayers of ‘Abdu’l-Bahá	Ang mga Hangarin at mga Panalangin ni ‘Abdu’l-Bahá
November 15th	<i>Nobyembre 15</i>
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
You are all very welcome, and I love you all most dearly.	Lahat kayo ay lubos na tinatanggap, at iniibig ko lahat ng lubos.
Day and night I pray to Heaven for you that strength may be yours, and that, one and all, you may participate in the blessings of Bahá’u’lláh, and enter into the Kingdom.	Sa araw at gabi ay nananalangin ako sa Langit na nawa ay sumainyo ang lakas, at ang lahat ng bawat isa sa inyo, ay mapasama sa mga pagpapala ni Bahá’u’lláh, at makapasok sa Kaharian.
I supplicate that you may become as new beings, illumined with the Divine Light, like unto shining lamps, and that from one end of Europe to the other the knowledge of the Love of God may spread.	Hinihiling ko na kayo ay mangagbagong-buhay, matanglawan ng Banal na Liwanag, kagaya ng nagniningning ng mga lampara, at mula sa isang dulo ng Europa hanggang sa kabila ang karunungan ng Pag-ibig ng Diyos ay lumaganap.
May this boundless love so fill your hearts and minds that sadness may find no room to enter and may you with joyful hearts soar like birds into the Divine Radiance.	Maanong ang walang-hanggang pag-ibig ay sumainyong mga puso at mga isipan nang sa gayon ang kalungkutan ay hindi magkaroon ng silid na mapapasukan at maanong kayo, sakbibi ng kaligayahan ang mga puso, ay makapailanlang na kagaya ng mga ibon doon sa Banal na Sinag.
May your hearts become clear and pure like unto polished mirrors in which may be reflected the full glory of the Sun of Truth.	Mangyaring ang inyong mga puso ay maging malinaw at dalisay kagaya ng mga salaming makinis na kinapapalusan ng luwalhati ng Araw ng Katotohanan.
May your eyes be opened to see the signs of the Kingdom of God, and may your ears be unstopped so that you may hear with a perfect understanding the Heavenly Proclamation sounding in your midst.	Mangyaring ang inyong mga mata ay mamulat upang makita ang mga palatandaan ng Kaharian ng Diyos, at maanong ang inyong mga tainga ay hindi mapigil upang marinig ninyo nang may ganap na pagkaunawa ang

	Makalangit na Pagpapahayag na tumataginting sa inyong sinapupunan.
May your souls receive help and comfort, and, being so strengthened, may they be enabled to live in accordance with the teachings of Bahá'u'lláh.	Mangyaring ang inyong mga kaluluwa ay tumanggap ng tulong at ginhawa, at, sa ganitong pagpapalakas, nawa ay mangyaring makapamuhay sila nang alinsunod sa mga aral ni Bahá'u'lláh.
I pray for each and all that you may be as flames of love in the world, and that the brightness of your light and the warmth of your affection may reach the heart of every sad and sorrowing child of God.	Idinadalangin ko para sa bawat isa at lahat sa inyo na maanong kayo ay maging kagaya ng mga ningas ng pag-ibig sa daigdig, at ang ningning ng inyong liwanag at ang init ng inyong pagmamahal ay maanong maabot ang puso ng bawat nalulungkot at namimighating anak ng Diyos.
May you be as shining stars, bright and luminous forever in the Kingdom.	Maanong kayo ay maging sumisikat na mga bituin, maningning at maliwanag sa habang panahon sa Kaharian.
I counsel you that you study earnestly the teachings of Bahá'u'lláh, so that, God helping you, you may in deed and truth become Bahá'ís.	Pinapayuhan ko kayo na pag-aralan ninyong mataman ang mga aral ni Bahá'u'lláh, upang sa gayon, sa tulong ng Diyos, kayo ay maging mga Bahá'í sa gawa at sa katotohanan.
– 31 –	31
Concerning Body, Soul and Spirit	Hinggil sa Katawan, Kaluluwa at Espiritu
4 Avenue de Camoëns, Paris,	4 Avenue de Camoëns, Paris,
Friday morning, November 17th	Biyernes ng umaga, Nobyembre 17
There are in the world of humanity three degrees; those of the body, the soul, and spirit.	Sa daigdig ng sangkatauhan ay may tatlong antas; yaong sa katawan, sa kaluluwa, at sa espiritu.
The body is the physical or animal degree of man. From the bodily point of view man is a sharer of the animal kingdom. The bodies alike of men and animals are composed of elements held together by the law of attraction.	Ang katawan ay siyang antas na pisikal o panghayop ng tao. Mula sa pananaw ng pangkatawan, ang tao ay bahagi ng kahariang hayop. Kapuwa ang tao at ang hayop ay nabubuo ng elementong samang pinagsanib ng batas ng pang-akit.
Like the animal, man possesses the faculties of the senses, is subject to heat, cold, hunger, thirst, etc.; unlike the animal, man has a rational soul, the human intelligence.	Katulad ng hayop, ang tao ay nagtataglay ng kapangyarihan ng mga pandama, dumaranas ng init, lamig, gutom, uhaw, atbp.; di-tulad ng hayop, ang tao ay may makatwirang kaluluwa, ang makataong katalinuhan.
This intelligence of man is the intermediary between his body and his spirit.	Ang katalinuhang ito ng tao ay siyang tagapamagitan ng kaniyang katawan at ng kaniyang kaluluwa.
When man allows the spirit, through his soul, to enlighten his understanding, then does he contain all Creation; because man, being the culmination of all that went before and thus superior to all previous evolutions, contains all the lower world within himself. Illumined by the spirit through the instrumentality of the soul, man's radiant intelligence makes him the crowning-point of Creation.	Kapag tinulutan ng tao ang espiritu, sa pamamagitan ng kaniyang kaluluwa, na tanglawan ang kaniyang pang-unawa, sa gayon ay angkin niya ang lahat ng Sangnilikha; sapagkat ang tao, sa pagiging tugatog ng lahat na naganap na, at sa gayon ay nakahihigit sa lahat ng nagdaang ebolusyon, ay lumalagom sa lahat ng nakabababang daigdig sa sinapupunan ng kaniyang sarili. Pinapagniningning ng espiritu sa pamamagitan ng kaluluwa, ang maringal na katalinuhan ng tao ay ginagawa siyang pinakaputong ng Sangnilikha.

But on the other hand, when man does not open his mind and heart to the blessing of the spirit, but turns his soul towards the material side, towards the bodily part of his nature, then is he fallen from his high place and he becomes inferior to the inhabitants of the lower animal kingdom. In this case the man is in a sorry plight! For if the spiritual qualities of the soul, open to the breath of the Divine Spirit, are never used, they become atrophied, enfeebled, and at last incapable; whilst the soul's material qualities alone being exercised, they become terribly powerful—and the unhappy, misguided man, becomes more savage, more unjust, more vile, more cruel, more malevolent than the lower animals themselves. All his aspirations and desires being strengthened by the lower side of the soul's nature, he becomes more and more brutal, until his whole being is in no way superior to that of the beasts that perish. Men such as this plan to work evil, to hurt and to destroy; they are entirely without the spirit of Divine compassion, for the celestial quality of the soul has been dominated by that of the material. If, on the contrary, the spiritual nature of the soul has been so strengthened that it holds the material side in subjection, then does the man approach the Divine; his humanity becomes so glorified that the virtues of the Celestial Assembly are manifested in him; he radiates the Mercy of God, he stimulates the spiritual progress of mankind, for he becomes a lamp to show light on their path.	Subalit sa kabilang dako, kapag hindi binubuksan ng tao ang kaniyang isipan at puso sa pagpapala ng espiritu, at itinatungo ang kaniyang kaluluwa sa panig na materyal, tungo sa pangkatawang bahagi ng kaniyang kalikasan, siya ay maituturing na bumagsak mula sa kaniyang kinalalagyang mataas na kalagayan at siya ay nagiging mababa kaysa mga mamamayan ng mababang kaharian ng hayop. Sa ganitong pangyayari, ang tao ay nasa malungkot na katayuan! Sapagkat kapag ang mga katangiang espiritwal ng kaluluwa, bukas sa hininga ng Espiritu Santo, ay hindi kailanman ginamit, ang mga ito ay natutuyot, humihina, at sa huli ay nagiging walang kakayahan; samantalang ang mga katangiang materyal ng kaluluwa kung ginagamit lamang, ang mga ito ay nagiging lubhang makapangyarihan—at ang nalulumbay, naliligaw na tao, ay nagiging lalong mabangis, lalong hindi makatwiran, lalong imbi, lalong malupit, lalong mapaminsala kaysa sa mababang uri ng mga hayop. Ang lahat ng kaniyang mga adhikain at hangarin na pinalalakas ng lalong mababang panig ng kalikasan ng diwa, siya ay nagiging higit at higit na malupit, hanggang ang kaniyang buong katauhan ay hindi na nalalayo sa mababangis na hayop na nangamamatay. Ang mga taong gaya nito ay nag-aakalang gumawa ng masama, maminsala at mangwasak; sila ay ganap na walang espiritu ng Banal na awa, sapagkat ang makalangit na katangian ng kaluluwa ay napaghaharian ng katangiang materyal. Kung, sa kabaligtaran, ang kalikasang espiritwal ng kaluluwa ay pinalakas na lubhang sa paraang daig nito ang panig na materyal, sa gayon ang tao ay nalalapit sa Kabanalan; ang katauhan ay nagiging lubhang maluwalhating bagay na ang katangian ng Makalangit na Kapulungan ay lumilitaw sa kaniya; kaniyang isinisilalis ang Awa ng Diyos, kaniyang pinasisigla ang kaunlarang espiritwal ng sangkatauhan, sapagkat siya ay nagiging isang lamparang nagsasabog ng liwanag sa kanilang landas.
You perceive how the soul is the intermediary between the body and the spirit. In like manner is this tree¹ the intermediary between the seed and the fruit. When the fruit of the tree appears and becomes ripe, then we know that the tree is perfect; if the tree bore no fruit it would be merely a useless growth, serving no purpose!	Mahuhulo ninyo kung paanong ang kaluluwa ay siyang tagapamagitan ng katawan at ng espiritu. Sa gayunding kaparaanan, ang punongkahoy¹¹ na ito ang siyang tagapamagitan ng binhi at ng bunga. Kung ang bunga ng punongkahoy ay lumitaw at maging hinog, mababatid na natin na ang puno ay ganap na mahusay; kung ang punongkahoy ay hindi mamunga, ang paglago niyon ay walang kabuluhan, walang silbi!
When a soul has in it the life of the spirit, then does it bring forth good fruit and become a Divine tree. I wish you to try to understand this example. I hope that the unspeakable goodness of God will so strengthen you that the celestial quality of your soul, which relates it to the spirit, will forever dominate the material side, so entirely ruling the senses that your soul will approach the perfections of the Heavenly Kingdom. May your faces, being steadfastly set towards the Divine Light, become so luminous that all your thoughts, words and actions will shine with the Spiritual Radiance dominating your souls, so that in the gatherings of the world you will show perfection in your life.	Kapag ang siyang kaluluwa ay nag-aangkin ng buhay ng espiritu, iyon ay nagdudulot ng mabuting bunga at nagiging isang Banal na punongkahoy. Nais kong subukin ninyong unawain ang halimbawang ito. Inaasahan kong ang hindi maipahahayag na kabutihan ng Diyos ay magpapasigla sa inyo upang ang makalangit na katangian ng inyong kaluluwa, na siyang nag-uugnay rito sa espiritu, ay siyang lagi nang mananaig sa panig ng materyal, mamahalang lubos sa lahat ng mga pandama nang sa gayon ang kaluluwa ay malalapit sa kasakdalan ng Makalangit na Kaharian. Maanong ang inyong mga mukha, na matatag ang pagharap sa Banal na Liwanag, ay maging lubhang maningning at na ang

	lahat ng inyong mga kaisipan, mga salita at mga gawa ay kuminang na ang Dingal na Espiritwal ay namamayani sa inyong mga kaluluwa, upang sa mga pagtitipon ng daigdig ay maipamalas ninyo ang kasakdalan ng inyong buhay.
Some men's lives are solely occupied with the things of this world; their minds are so circumscribed by exterior manners and traditional interests that they are blind to any other realm of existence, to the spiritual significance of all things! They think and dream of earthly fame, of material progress. Sensuous delights and comfortable surroundings bound their horizon, their highest ambitions center in successes of worldly conditions and circumstances! They curb not their lower propensities; they eat, drink, and sleep! Like the animal, they have no thought beyond their own physical well-being. It is true that these necessities must be dispatched. Life is a load which must be carried on while we are on earth, but the cares of the lower things of life should not be allowed to monopolize all the thoughts and aspirations of a human being. The heart's ambitions should ascend to a more glorious goal, mental activity should rise to higher levels! Men should hold in their souls the vision of celestial perfection, and there prepare a dwelling-place for the inexhaustible bounty of the Divine Spirit.	Ang ilang buhay ng tao ay tanging abala sa mga kabagayan ng daigdig na ito; ang kanilang mga isipan ay natatakdaan ng mga panlabas na asal at pinagkaugaliang mga kapakanan kaya't bulag ang mga ito sa alinmang iba pang sinapupunan ng pagkabuhay, sa katuturang espiritwal ng lahat ng mga bagay! Umiisip sila at nangangarap ng kabantugang makalupa, ng kaunlarang materyal. Ang nadaramang mga kaluguran ay kasiya-siyang mga paligid ay humahanga sa kanilang hugpungang-guhit, ang kanilang pinakamatayog na mga adhikain ay nababatay sa mga tagumpay ng pangkamunduhang mga kalagayan at pangyayari! Hindi nila sinusugpo ang kanilang mabababang hilig; sila ay kumakain, umiinom, at natutulog! Kagaya ng hayop, sila ay walang iniisip na lalampas pa sa kanilang kagalingang pangkatawan. Totoo na ang mga pangangailangang ito ay dapat na gawin. Ang buhay ay isang pasaning dapat na itaguyod samantalang tayo ay nasa ibabaw ng lupa, subalit ang pangangalaga sa lalong mababang mga bagay sa buhay ay hindi dapat tuluyang lumagom sa lahat ng mga kaisipan at mga hangarin ng isang nilikha. Ang mga adhikain ng puso ay dapat na iparurok sa lalong maluwalhating hantungan, ang gawaing pangkaisipan ay dapat na iukol sa lalong mataas na mga kalagayan! Ang tao ay dapat na magkimkim sa kanilang mga puso ng pangitain ng makalangit na kasakdalan, at doon ay maghanda ng isang silungan para sa walang-pagkaubos na kagandahang-loob ng Espiritu Santo.
Let your ambition be the achievement on earth of a Heavenly civilization! I ask for you the supreme blessing, that you may be so filled with the vitality of the Heavenly Spirit that you may be the cause of life to the world.	Hayaang ang inyong mga adhikain ang maging bunga rito sa lupa ng isang Makalangit na kabihasan! Hinihingi ko para sa inyo ang dakilang pagpapala, nawa'y mapuspos kayo ng sigla ng Makalangit na Espiritu upang kayo ang maging dahilan ng buhay sa mundo.
– 32 –	32
The Bahá'ís Must Work with Heart and Soul to Bring About a Better Condition in the World	Ang mga Bahá'í ay Dapat na Gumawang Buong Puso at Kaluluwa Upang Maisakatuparan ang Lalong Mabuting Kalagayan sa Daigdig
November 19th	<i>Nobyembre 19</i>
How joyful it is to see such a meeting as this, for it is in truth a gathering together of "heavenly men."	Anong ligayang masaksihan ang isang pagpupulong na gaya nito, sapagkat sa katotohanan ito ay isang pagtitipon ng "makalangit na mga tao."

We are all united in one Divine purpose, no material motive is ours, and our dearest wish is to spread the Love of God throughout the world!	Tayong lahat ay nabubuklod sa iisang banal na layunin, walang hangaring materyal ang atin, at ang ating pinakataimtim na mithiin ay ang ikalat ang Pag-ibig ng Diyos sa buong daigdig!
We work and pray for the unity of mankind, that all the races of the earth may become one race, all the countries one country, and that all hearts may beat as one heart, working together for perfect unity and brotherhood.	Tayo ay gumagawa at nananalangin para sa pagkakaisa ng sangkatauhan nang ang lahat ng mga lahi sa ibabaw ng lupa ay maging iisang lahi, ang lahat ng mga bansa, maging iisang bansa, at ang lahat ng mga puso ay tumibok na iisang puso, gumagawang magkasama para sa sakdal na pagkakaisa at kapatiran.
Praise be to God that our efforts are sincere and that our hearts are turned to the Kingdom. Our greatest longing is that truth may be established in the world, and in this hope we draw near to one another in love and affection. Each and all are wholehearted and selfless, willing to sacrifice all personal ambition to the grand ideal towards which they strive: Brotherly love and peace and union among men!	Papurihan ang Diyos sa pagiging matapat ng ating mga pagsisikap at ang ating mga puso ay nakatuon sa Kaharian. Ang ating pinakadakilang hangarin ay maitatag ang katotohanan dito sa lupa, at sa ganitong pag-asa ay magkalapit-lapit tayo sa isa't isa sa pag-ibig at pagmamahal. Bawat isa at lahat ay buong puso at walang pag-iimbot, nalalaang magpakasakit ng lahat ng kanilang pansariling adhikain para sa dakilang hangarin pinagpupunyagian: pag-ibig na magkapatiran at kapayapaan at kaisahan ng mga tao!
Doubt not that God is with us, on our right hand and on our left, that day by day He will cause our numbers to increase, and that our meetings will grow in strength and usefulness.	Huwag pag-alinlanganan na ang Diyos ay sumasaatin, sa ating kanan at sa kaliwa, na sa araw-araw ay pangyarihin Niyang maragdagan ang ating mga bilang, at ang ating mga pulong ay palalaguin Niya sa lakas at kabuluhan.
It is my dearest hope that you may all become a blessing to others, that you may give sight to the spiritually blind, hearing to the spiritually deaf and life to those who are dead in sin.	Lubos kong inaasahan na kayong lahat ay nagiging isang pagpapala sa mga iba, na mangyaring makapagbigay kayo ng paningin sa mga bulag na espiritwal, pandinig sa mga binging espiritwal at buhay sa mga patay sa pagkakasala.
May you help those sunk in materiality to realize their Divine son-ship, and encourage them to arise and be worthy of their birthright; so that by your endeavor the world of humanity may become the Kingdom of God and of His elect.	Maanong matulungan ninyo yaong mga nakalubog sa kapaniwalaang materyal upang maalagata ang kanilang pagiging anak ng Espiritu Santo, at maibuyo silang magbalikwas at maging karapat-dapat sa kanilang likas na karapatan upang sa inyong pagpupunyagi ang daigdig ng sangkatauhan ay maging Kaharian ng Diyos at ng Kaniyang hirang.
I thank God that we are at one in this grand ideal, that my longings are also yours and that we work together in perfect unity.	Pinasasalamatan ko ang Diyos sa pagiging isa natin sa dakilang mithiing ito, na ang aking mga lunggatiin ay siya rin ninyong mga lunggatiin at tayo ay gumagawang magkakasama sa sakdal ng pagkakaisa.
Today, upon the earth, one sees the sad spectacle of cruel war! Man slays his brother man for selfish gain, and to enlarge his territories! For this ignoble ambition hate has taken possession of his heart, and more and more blood is shed!	Sa araw na ito, dito sa ibabaw ng lupa, makikita ang malungkot na tagpo ng malupit na digmaan! Pinapatay ng tao ang kaniyang kapatid dahil sa mapag-imbot na pakinabang, at upang palawakin ang kaniyang mga nasasakupang lupa. Dahil sa imbing adhikaing ito ang pagkamuhi ay namamayani sa kaniyang puso, at higit na dugo ang dumadanak.
Fresh battles are fought, the armies are increased, more cannon, more guns, more explosives of all kinds are sent out—so does bitterness and hate augment from day to day!	May mga bagong paghahamok ang nagaganap, ang mga hukbo ay nararagdagan, maraming paputok na iba't ibang uri ang dinadala sa larangan—anupa't ang saklap at poot ay nararagdagan sa araw-araw!
But this assembly, thank God, longs only for peace and unity, and must work with heart and soul to bring about a better condition in the world.	Ngunit ang kapulungang ito, salamat sa Diyos, ay naghahangad lamang ng kapayapaan at pagkakaisa, at dapat na gumawa nang sakbibi ang puso at kaluluwa

	upang makapagdulot ng lalong mabuting kalagayan sa daigdig.
You who are the servants of God fight against oppression, hate and discord, so that wars may cease and God's laws of peace and love may be established among men.	Kayo ang mga tagapaglingkod ng Diyos na siyang lalaban sa panlulupig, poot at hidwaan, nang ang mga digmaan ay matigil at ang mga batas ng Diyos ukol sa kapayapaan at pag-ibig ay maitindig sa sinapupunan ng sangkatauhan.
Work! Work with all your strength, spread the Cause of the Kingdom among men; teach the self-sufficient to turn humbly towards God, the sinful to sin no more, and await with glad expectation the coming of the Kingdom.	Gumawa! Gumawa nang buong lakas, isabog ang Kapakanan ng Kaharian sa mga tao; turuan ang mga nakaririwasa na magpakumbaba sa harap ng Diyos, na ang mga makasalan ay huwag nang magkasala pa, at hintaying buong pananabik ang pagdatal ng Kaharian.
Love and obey your Heavenly Father, and rest assured that Divine help is yours. Verily I say unto you that you shall indeed conquer the world!	Ibigin at sundin ang inyong Makalangit na Ama, at pakaasahan ang Banal na tulong ay sasainyo. Anupa't sinasabi ko sa inyo na tunay ngang inyong mabibihag ang daigdig!
Only have faith, patience and courage—this is but the beginning, but surely you will succeed, for God is with you!	Kailangan lamang na kayo ay magkaroon ng pananalig, pagtitiis at tapang—ito pa lamang ang simula, ngunit tiyak na kayo ay magtatagumpay, sapagkat ang Diyos ay sumasainyo!
– 33 –	33
On Calumny	Hinggil sa Paninirang Puri
Monday, November 20th	<i>Lunes, Nobyembre 20</i>
From the beginning of the world until the present time each “Manifestation” ¹ sent from God has been opposed by an embodiment of the “Powers of Darkness.”	Sa pasimula ng daigdig hanggang sa panahong ito, bawat “Kahayagan” ¹² na pahatid mula sa Diyos ay sinasalungat sa pamamagitan ng isang pagsasanib ng mga “Kapangyarihan ng Karimlan.”
This dark power has always endeavored to extinguish the light. Tyranny has ever sought to overcome justice. Ignorance has persistently tried to trample knowledge underfoot. This has, from the earliest ages, been the method of the material world.	Ang madilim na kapangyarihang ito ay lagi nang naglulunggating papaglahuin ang liwanag. Ang paniniil ay lagi nang nagsisikap na pangibabawan ang katarungan. Ang kamangmangan ay mapumilit na nagmimithing yurakan ang karunungan. Ito, mula pa sa kauna-unahang mga panahon, ang naging pamamaraan ng sangkatauhan.
In the time of Moses, Pharaoh set himself to prevent the Mosaic Light being spread abroad.	Sa panahon ni Moises, si Paraon ay naghanda sa kaniyang sarili sa pagsansala sa paglaganap sa ibang bansa ng Liwanag na mga aral ni Moises.
In the day of Christ, Annas and Caiaphas inflamed the Jewish people against Him and the learned doctors of Israel joined together to resist His Power. All sorts of calumnies were circulated against Him. The Scribes and Pharisees conspired to make the people believe Him to be a liar, an apostate, and a blasphemer. They spread these slanders throughout the whole Eastern world against Christ, and caused Him to be condemned to a shameful death!	Sa panahon ni Kristo, sinulsulan nina Annas at Kaipas ang mga mamamayang Hudyo laban sa Kaniya at ang mga butihing paham ng Israel ay nagsama-sama upang hadlangan ang Kaniyang Kapangyarihan. Ang lahat ng uri ng paninirang-puri ay kanilang ikinalat laban sa Kaniya. Ang mga Eskriba at mga Pariseo ay nagsabwatan upang papaniwalain ang mga tao na Siya ay isang sinungaling, isang nagtaksil sa Kaniyang relihiyon, at isang lapastangan sa Diyos. Ikinalat nila ang mga paninirang-puring ito sa buong Silangang

	daigdig laban kay Kristo, at pinapangyaring Siya ay pahatulan ng isang nakahihiyang kamatayan!
In the case of Muḥammad also, the learned doctors of His day determined to extinguish the light of His influence. They tried by the power of the sword to prevent the spread of His teaching.	Sa panig man ni Muḥammad, ang butihing mga paham ng Kaniyang panahon ay tiniyak na papaglahuin ang liwanag ng Kaniyang kapangyarihan. Sinubok nila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng espada na mahadlangan ang paglaganap ng Kaniyang aral.
In spite of all their efforts the Sun of Truth shone forth from the horizon. In every case the army of light vanquished the powers of darkness on the battlefield of the world, and the radiance of the Divine Teaching illumined the earth. Those who accepted the Teaching and worked for the Cause of God became luminous stars in the sky of humanity.	Sa kabila ng lahat ng kanilang mga pagsisikap ang Araw ng Katotohanan ay sumikat mula sa tagpuang-guhit. Sa bawat pangyayari ay nagapi ng hukbo ng kaliwanagan ang mga kapangyarihan ng karimlan sa larangan ng daigdig, at ang kinang ng Banal na Aral ay tumanglaw sa kalupaan. Ang mga tumanggap sa Aral at gumawa ukol sa Kapakanan ng Diyos ay naging mga maniningning na tala sa langit ng sangkatauhan.
Now, in our own day, history repeats itself.	Ngayon sa panahong ito, ang kasaysayan ay nauulit.
Those who would have men believe that religion is their own private property once more bring their efforts to bear against the Sun of Truth: they resist the Command of God; they invent calumnies, not having arguments against it, neither proofs. They attack with masked faces, not daring to come forth into the light of day.	Ang mga nagpapaniwala sa mga tao na ang relihiyon ay pansarili lamang nilang ari-arian ay minsan pang nagsisikap na sumalungat sa Araw ng Katotohanan: hinadlangan nila ang Utos ng Diyos; lumilikha sila ng mga paninirang-puri, gayong walang mga matuwid, ni walang mga katibayan. Sumasalakay silang may mga takip sa mukha, hindi magkalakas ng loob na sumagupa sa liwanag ng araw.
Our methods are different, we do not attack, neither calumniate; we do not wish to dispute with them; we bring forth proofs and arguments; we invite them to confute our statements. They cannot answer us, but instead, they write all they can think of against the Divine Messenger, Bahá'u'lláh.	Ang ating mga pamamaraan ay naiiba, hindi tayo dumadaluyong, ni hindi naninirang-puri; hindi natin nais na makipagtalo sa kanila; naghaharap tayo ng mga katibayan at mga matuwid; inaanyayahan natin sila na magpabulaan sa ating mga sinasabi. Hindi nila tayo masagot, ngunit sa halip, sinusulat nila ang lahat ng maaari nilang maisip laban sa Banal na Sugo, si Bahá'u'lláh.
Do not let your hearts be troubled by these defamatory writings! Obey the words of Bahá'u'lláh and answer them not. Rejoice, rather, that even these falsehoods will result in the spread of the truth. When these slanders appear inquiries are made, and those who inquire are led into a knowledge of the Faith.	Huwag tulutan ang inyong mga puso na guluhin ng mga sinulat nilang ito na mga paninirang-puri! Sundin ang mga salita ni Bahá'u'lláh at huwag silang tugunin. Sa halip ay matuwa, na maging ang mga kasinungalingang iyon nila ay lumitaw, magkakaroon ng maraming pagtatanong, at yaong mga nagtatanong ay mauwi sa pagkabatid sa Pananampalataya.
If a man were to declare, "There is a lamp in the next room which gives no light," one hearer might be satisfied with his report, but a wiser man goes into the room to judge for himself, and behold, when he finds the light shining brilliantly in the lamp, he knows the truth!	Kapag ang isang tao ay nagsabi, "May isang lampara sa kasunod na silid na hindi nagbibigay ng liwanag," ang isang nakapakinig ay maaaring masiyahan sa kaniyang ulat, subalit ang isang lalong matalinong tao ay magtutuloy sa silid upang hatulan para sa kaniyang sarili ang gayon, at sa wakas, kapag nakita niya ang liwanag ay nagniningning ng buong dingal sa lampara, mababatid niya ang katotohanan!
Again, a man proclaims: "There lies a garden in which there are trees with broken branches bearing no fruit, and the leaves thereof are faded and yellow! In that garden, also, there are flowering plants with no blooms, and rose bushes withered and dying—go not into that garden!" A just man, hearing this account of the garden, would not be content without seeing for himself whether it be true or not. He, therefore, enters the garden, and behold, he finds it well tilled; the branches of the trees	Gayundin, ang isang tao ay nagsabi: "May isang halamanang kinaroroonan ng mga punongkahoy na nagtataglay ng mga baling sanga na hindi nagbubunga, at ang mga dahon niyon ay luoy at madilaw! Sa halamanan ding iyon ay may mga bulaklaking halaman na walang bulaklak at ang mga rosas ay nangaluntoy at nangangamatay—huwag magtungo sa halamanang iyan!" Ang isang makatwirang tao, sa pagkakarinig sa ulat na ito tungkol sa hardin, ay hindi masisiyahan na

are sturdy and strong, being also loaded with the sweetest of ripe fruits amongst the luxuriance of beautiful green leaves. The flowering plants are bright with many-hued blossoms; the rose bushes are covered with fragrant and lovely roses and all is verdant and well tended. When the glory of the garden is spread out before the eyes of the just man, he praises God that, through unworthy calumny, he has been led into a place of such wondrous beauty!	lamang nang hindi nakikita para sa kaniyang sarili kung iyon ay totoo o hindi. Siya, samakatwid, ay papasok sa halamanan, at hayun, nakita niyang iyon ay maaayos ang pagkakabungkal; ang mga sanga ng mga punongkahoy ay pawang malalaki at malalakas, nahihitik din ng pinakamatatamis na bungang hinog sa gitna ng malagong lunting dahon na naggagandahan. Ang mga bulaklaking halaman ay nagdirilagan sa iba't ibang kulay; ang mga tangkay ng mga rosas at ang lahat ay luntian at alagang alaga. Kapag ang luwalhati ng halaman ay nalantad na sa mga mata ng makatwirang tao, kaniyang papupurihan ang Diyos, dahil sa walang-kasaysayang paninirang-puring iyon, siya ay inakay sa isang lugar na may kahanga-hangang kagandahan.
This is the result of the slanderer's work: to be the cause of guiding men to a discovery of the truth.	Ito ang kalalabasan ng gawain ng maninirang-puri; maging dahilan ng pagkakapatnubay sa tao sa pagkakatuklas sa katotohanan.
We know that all the falsehoods spread about Christ and His apostles and all the books written against Him, only led the people to inquire into His doctrine; then, having seen the beauty and inhaled the fragrance, they walked evermore amidst the roses and the fruits of that celestial garden.	Alam natin na ang lahat ng mga kabulaanang ikinalat tungkol kay Kristo at sa Kaniyang mga alagad at ang lahat ng mga aklat na nasulat laban sa Kaniya, ay nag-akay lamang sa mga taong nagsipagsiyasat sa Kaniyang doktrina, anupa't pagkatapos makita ang kagandahan at masimsim ang bango, sila ay namalagi nang tumalunton sa gitna ng mga rosas at mga bunga ng makalangit na halamanan.
Therefore, I say unto you, spread the Divine Truth with all your might that men's intelligence may become enlightened; this is the best answer to those who slander. I do not wish to speak of those people nor to say anything ill of them—only to tell you that slander is of no importance!	Samakatwid, sinasabi ko sa inyo, palaganapin ang Banal na Katotohanan sa lubos ng inyong kaya upang ang katalinuhan ng tao ay maliwanagan; ito ang pinakamabuting tugon sa mga naninirang-puri. Hindi ko nais magsalita ng tungkol sa mga taong ito ni magwika ng anumang masama tungkol sa kanila—upang sabihin lamang sa inyo na ang paninirang-puri ay walang kabuluhan!
Clouds may veil the sun, but, be they never so dense, his rays will penetrate! Nothing can prevent the radiance of the sun descending to warm and vivify the Divine Garden.	Ang mga ulap ay maaaring lumambong sa araw, datapwat maging ang iyon ay walang kasingkapal kailanman, ang mga sinag ay maglalagos. Walang makahahadlang sa silahis ng araw na bumababa upang sabugan ng init at bigyan ng buhay ang Banal na Halamanan.
Nothing can prevent the fall of the rain from Heaven.	Walang makasasansala sa patak ng ulan mula sa Langit.
Nothing can prevent the fulfillment of the Word of God!	Walang makapipigil sa pagkaganap ng Salita ng Diyos!
Therefore when you see books and papers written against the Revelation, be not distressed, but take comfort in the assurance that the cause will thereby gain strength.	Samakatwid kapag nakakita kayo ng mga aklat at mga papel na nasusulat laban sa Pagbubunyag, huwag kayong mabahala, kundi bagkus masiyahan sa katiyakan na ang usapin ay magtatamo ng lakas.
No one casts stones at a tree without fruit. No one tries to extinguish a lamp without light!	Walang sinumang maghahagis ng mga bato sa isang punongkahoy na walang bunga, walang sinumang susubok na pumatay sa isang lamparang walang ilaw!
Regard the former times. Had the calumnies of Pharaoh any effect? He affirmed that Moses was a murderer, that he had slain a man and deserved to be executed! He also declared that Moses and Aaron were fomenters of discord, that they tried to destroy the religion of Egypt and therefore must be put to death. These words of	

Pharaoh were vainly spoken. The light of Moses shone. The radiance of the Law of God has encircled the world!	
When the Pharisees said of Christ that He had broken the Sabbath Day, that He had defied the Law of Moses, that He had threatened to destroy the Temple and the Holy City of Jerusalem, and that He deserved to be crucified—We know that all these slanderous attacks had no result in hindering the spread of the Gospel!	Nang sabihin ng mga Pariseo na nilabag ni Kristo ang araw ng Sabbath, na Kaniyang hindi-sinunod ang Batas ni Moises, na Kaniyang binalaang wasakin ang Templo at ang Banal na Lungsod ng Herusalem, at sa pagkakagayon ay karampatang Siya ay ipako sa krus—alam natin na ang lahat ng mga batikos at paninirang-puring ito ay walang saysay sa pagsansala sa paglaganap ng Ebanghelyo!
The Sun of Christ shone brilliantly in the sky, and the breath of the Holy Spirit wafted over the whole earth!	Ang araw ni Kristo ay sumikat nang buong ningning sa langit, at ang hininga ng Espiritu Santo ay namayani sa buong kalupaan!
And I say unto you that no calumny is able to prevail against the Light of God; it can only result in causing it to be more universally recognized. If a cause were of no significance, who would take the trouble to work against it!	At sinasabi ko sa inyo na walang paninirang-puring mangyayaring makapaghari laban sa Liwanag ng Diyos; iyon ay mauuwi lamang sa lalo pang pagkakaroon nito ng pandaigdig na pagkilala, sino ang mag-aabalang gumawa laban sa naturan?
But always the greater the cause the more do enemies arise in larger and larger numbers to attempt its overthrow! The brighter the light the darker the shadow! Our part it is to act in accordance with the teaching of Bahá'u'lláh in humility and firm steadfastness.	Datapwat sabihin pa, habang lalong dakila ang isang kapakanan lalo naman na ang mga kaaway ay magbabangon sa lalo at lalong malaking bilang upang sikaping ibagsak iyon! Kapag lalong maningning ang liwanag, lalong madilim ang anino! Ang tungkulin natin ay ang kumilos alinsunod sa aral ni Bahá'u'lláh sa kababaang-loob at mahigpit na katatagan.
– 34 –	34
There Can Be No True Happiness and Progress without Spirituality	Hindi Maaaring Magkaroon ng Tunay na Kaligayahan at Kaunlaran nang Walang Diwang Espiritwal
November 21st	<i>Nobyembre 21</i>
Ferocity and savagery are natural to animals, but men should show forth the qualities of love and affection. God sent all His Prophets into the world with one aim, to sow in the hearts of men love and goodwill, and for this great purpose they were willing to suffer and to die. All the sacred Books were written to lead and direct man into the ways of love and unity; and yet, in spite of all this, we have the sad spectacle of war and bloodshed in our midst.	Ang kalupitan at kabangisan ay likas sa mga hayop, subalit ang tao ay dapat magpakita ng mga katangian ng pag-ibig at pagmamahal. Isinugo ng Diyos ang lahat ng Kaniyang mga Propeta rito sa daigdig sa isang layunin, upang ihasik sa puso ng mga tao ang pag-ibig at kagandahang-loob, at para sa dakilang pakay na ito ay nagsilaan silang mapakasakit at mamatay. Ang lahat ng mga banal na aklat ay isinulat upang akayin at ituro ang tao sa mga landas ng pag-ibig at pagkakaisa; at gayunman, sa kabila ng lahat ng ito, nakikita natin ang malungkot na tagpo ng digma at pagbaha ng dugo sa ating sinapupunan.
When we look into the pages of history, past and present, we see the black earth reddened by human blood. Men kill each other like the savage wolves, and forget the laws of love and tolerance.	Kung ating tutunghayan ang mga dahon ng kasaysayan, ang lumipas at ang kasalukuyan, makikita natin ang maitim na kalupaang pinapula ng dugo ng tao. Ang mga tao ay nagpapatayan sa isa't isa kagaya ng mababangis na mga lobo, at nalimutan nila ang mga batas ng pag-ibig at pagpaparaya.

Now this luminous age has come, bringing with it wonderful civilization and material progress. Men's intellects have widened, their perceptions grown, but alas, in spite of all this, fresh blood is being spilt day by day. Look at the present Turco-Italian war; consider for a moment the fate of these unhappy people! How many have been killed during this sad time? How many homes are ruined, wives desolate, and children orphans! And what is to be gained in exchange for all this anguish and heartache? Only a corner of the earth!	Ngayon ang makinang na panahong ito ay dumatal, sakbibi ng kahanga-hangang kabihasnan at kaunlarang materyal. Ang isip ng tao ay lumawak, ang kanilang mga panghulo ay yumabong, subalit sa kabila ng lahat ng ito, ang sariwang dugo ay nabububo araw-araw. Tingnan ang kasalukuyang digmaang Turko-Italyano; limiing ilang sandali ang kapalaran ng mga namimighating mamamayang ito! Ilan ang nangamatay sa loob ng malungkot na panahong ito? Ilan ang mga tahanang nagsiguho, mga maybahay na namamanglaw bilang kapalit ng lahat ng pangipuspos na ito at pagkawasak ng puso? Isa lamang sulok ng kalupaan!
This all shows that material progress alone does not tend to uplift man. On the contrary, the more he becomes immersed in material progress, the more does his spirituality become obscured.	Ang lahat ng ito ay nagpapatunay na ang kaunlarang materyal ay hindi makapagbibigay ng mataas na uri ng pamumuhay ng tao. Bagkus, samantalang siya ay nalululong sa kaunlarang materyal, lalo namang ang kaniyang pagkamakadiyos ay nanlalabo.
In times gone by progress on the material plane was not so rapid, neither was there bloodshed in such profusion. In ancient warfare there were no cannons, no guns, no dynamite, no shells, no torpedo boats, no battleships, no submarines. Now, owing to material civilization, we have all these inventions, and war goes from bad to worse! Europe itself has become like one immense arsenal, full of explosives, and may God prevent its ignition—for, should this happen, the whole world would be involved.	Sa mga panahong lumipas na ang kaunlaran sa kalagayang materyal ay hindi gaanong mabilis, wala rin noong masaganang pagbaha ng dugo. Sa sinaunang pagdirigma ay wala niyang mga kanyon, walang baril, walang dinamita, walang karturso, walang mga bapor na may torpedo, walang mga pandigmang sasakyang-dagat, walang mga submarino. Ngayon dahil sa kabihasnang materyal, mayroon tayo ng lahat ng mga likhang ito, at ang digma ay sumama nang sumamang higit! Ang Europa na lamang ay naging isang napakalawak na arsenal, puno ng mga paputok, at maanong hadlangan ng Diyos ang pagsabog niyon—sapagkat kung ito ay mangyayari, ang buong mundo ay mapapasangkot.
I want to make you understand that <i>material</i> progress and spiritual progress are two very different things, and that only if material progress goes hand in hand with spirituality can any real progress come about, and the Most Great Peace reign in the world. If men followed the Holy Counsels and the Teachings of the Prophets, if Divine Light shone in all hearts and men were really religious, we should soon see peace on earth and the Kingdom of God among men. The laws of God may be likened unto the soul and material progress unto the body. If the body were not animated by the soul, it would cease to exist. It is my earnest prayer that spirituality may ever grow and increase in the world, so that customs may become enlightened and peace and concord may be established.	Nais kong maunawaan ninyo na ang kaunlarang <i>materyal</i> at ang kaunlarang espiritwal ay dalawang lubhang magkaibang bagay, at tanging kung ang kaunlarang materyal ay kaabay ng kaunlarang espiritwal maaaring magkaroon ng tunay na kaunlaran, at ang Kadakidakilang Kapayapaan ay maghahari sa sanlibutan. Kapag sinunod ng tao ang Banal na mga Payo at ang mga Turo ng mga Propeta, at kung ang Banal na Liwanag ay magningning sa lahat ng mga puso at ang mga tao ay sadyang relihiyoso, makikita natin sa lalong malapit na panahon ang kapayapaan sa ibabaw ng lupa at ang Kaharian ng Diyos sa sinapupunan ng mga tao. Ang mga batas ng Diyos ay maaaring itulad sa kaluluwa at ang kaunlarang materyal, sa katawan. Kapag ang katawan ay hindi nabibigyang buhay ng kaluluwa, ito ay hindi mananatiling buhay. Mataimtim kong dalangin na nawa ay yumabong na lagi na at maragdagan sa mundo ang diwa ng espiritu, upang ang mga kaugalian ay mapuspos ng liwanag at ang kapayapaan at pagkakasundo ay maging matatag.
War and rapine with their attendant cruelties are an abomination to God, and bring their own punishment, for the God of love is also a God of justice and each man must inevitably reap what he sows. Let us try to understand the commands of the Most High and to order our lives as He directs. True happiness depends on spiritual good and having the heart ever open to receive the Divine Bounty.	Ang digmaan at pagdarambungan na may kasamang mga kalupitan ay kamuhi-muhi sa Diyos, at nagdadala ng kanilang sariling kaparusahan, sapagkat ang Diyos ng pag-ibig ay Diyos din ng katarungan at bawat tao ay dapat umani ng kung ano ang kaniyang inihasik. Subukin nating unawain ang mga utos ng Kataas-taasan at itunton ang ating mga buhay ayon sa Kaniyang pag-uutos. Ang tunay na kaligayahan ay nasasalig sa

	kabutihang espiritwal at sa pagiging laging bukas ng puso upang tumanggap ng Banal na Kagandahang-loob.
If the heart turns away from the blessings God offers how can it hope for happiness? If it does not put its hope and trust in God's Mercy, where can it find rest? Oh, trust in God! for His Bounty is everlasting, and in His Blessings, for they are superb. Oh! put your faith in the Almighty, for He faileth not and His goodness endureth forever! His Sun giveth Light continually, and the Clouds of His Mercy are full of the Waters of Compassion with which He waters the hearts of all who trust in Him. His refreshing Breeze ever carries healing in its wings to the parched souls of men! Is it wise to turn away from such a loving Father, Who showers His blessings upon us, and to choose rather to be slaves of matter?	Kung ang puso ay tatalikod sa mga pagpapala na inihandog ng Diyos, paano ito makaaasa ng kaligayahan? Kung hindi nito inilalagay ang pag-asa at pagtitiwala sa awa ng Diyos, saan ito tatagpo ng pamamahinga? O, magtiwala sa Diyos! sapagkat ang Kaniyang Kagandahang-loob ay walang hanggan, at sa Kaniyang mga Pagpapala, sapagkat ang mga iyon ay marilag. O! ilagay ang inyong pananalig sa Lubos na Makapangyarihan, sapagkat hindi Siya bumibigo at ang Kaniyang kabutihan ay nananatili sa habang panahon! Ang Kaniyang Araw ay nagbibigay ng Liwanag nang patuloy, at ang mga Ulap ng Kaniyang Habag ay punong-puno ng mga Tubig ng Awa na siyang ginagamit Niyang pandilig sa mga puso ng lahat ng mga nagtitiwala sa Kaniya. Ang Kaniyang sariwang Simoy ay lagi nang may panlunas na dala sa mga bagwis nito para sa nangauuhaw na mga kaluluwa ng tao! Katinuan kayang tumalikod sa ganiyang isang mapagmahal na Ama, na nagsasabog ng Kaniyang mga pagpapala sa atin, at piliing tayo ay maging alipin ng kabagayan?
God in His infinite goodness has exalted us to so much honor, and has made us masters over the material world. Shall we then become her slaves? Nay, rather let us claim our birthright, and strive to live the life of the spiritual sons of God. The glorious Sun of Truth has once again risen in the East. From the far horizon of Persia its radiance is spreading far and wide, dispersing the dense clouds of superstition. The light of the unity of mankind is beginning to illumine the world, and soon the banner of Divine harmony and the solidarity of nations will be flying high in the Heavens. Yea, the breezes of the Holy Spirit will inspire the whole world!	Ang Diyos sa Kaniyang walang-katapusang kabutihan ay itinampok tayo sa lubhang napakaraming karangalan at ginawa tayong mga panginoon sa ibabaw ng mundong materyal. Tayo бага pagkatapos ay magiging mga alipin ng mundong ito? Hindi, sa halip ay ating habulin ang ating likas na karapatan at sikaping mabuhay ng buhay ng mga anak na espiritwal ng Diyos. Ang maluwalhating Araw ang Katotohanan ay muling sumikat sa Silangan. Mula sa malayong tagpuang-guhit ng Persiya, ang liwanag nito ay lumaganap sa lahat ng sulok, itinataboy ang makapal na mga ulap ng pamahiin. Ang liwanag ng pagkakaisa ng sangkatauhan ay nagsisimulang tumanglaw sa sanlibutan, at hindi maglalaon at ang sagisag ng Banal na pagkakasundo at kaisahan ng mga bansa ay wawagayway nang mataas sa mga Langit. Oo, ang mga simoy ng Espiritu Santo ay aakit sa buong daigdig!
Oh, peoples and nations! Arise and work and be happy! Gather together under the tent of the unity of mankind!	O, mga mamamayan at mga bansa! Magsipagbalikwas at gumawa at maging maligaya! Magtipong sama-sama sa ilalim ng tolda ng pagkakaisa ng sangkatauhan.
– 35 –	35
Pain and Sorrow	Sakit at Dalamhati
November 22nd	<i>Nobyembre 22</i>
In this world we are influenced by two sentiments, <i>Joy</i> and <i>Pain</i> .	Sa mundong ito ay nadadala tayo ng dalawang damdamin, <i>Tuwa</i> at <i>Sakit</i> .
Joy gives us wings! In times of joy our strength is more vital, our intellect keener, and our understanding less clouded. We seem better able to cope with the world and	Ang tuwa ay nagbibigay sa atin ng mga bagwis! Sa mga oras ng tuwa, ang ating lakas ay lalong mahalaga, ang ating isipan ay lalong matalas, at ang ating pang-unawa

to find our sphere of usefulness. But when sadness visits us we become weak, our strength leaves us, our comprehension is dim and our intelligence veiled. The actualities of life seem to elude our grasp, the eyes of our spirits fail to discover the sacred mysteries, and we become even as dead beings.	ay hindi gaaanong maulap. May mabuti-buti tayong kakayahang makibaka sa mundo at kumita ng ating kaukulang kahalagahan. Ngunit kapag dinadalaw tayo ng lumbay, tayo ay nagiging mahina, iniwan tayo ng ating lakas, ang ating pang-unawa ay malabo at an ating talino ay nalalambungan. Ang mga tunay na pangyayari sa ating buhay ay para bagang tumatakas sa ating pang-unawa, ang mga mata ng ating mga kaluluwa ay nabibigo sa pagtuklas ng banal na mga hiwaga at himala at tayo ay nagiging mistulang mga nilikhang patay.
There is no human being untouched by these two influences; but all the sorrow and the grief that exist come from the world of matter—the spiritual world bestows only the joy!	Walang taong hindi inaabot ng dalawang damdaming ito; ngunit ang lahat ng dalamhati at ang kalumbayang umiiral ay nanggagaling sa mundo ng kabagayan—ang mundong espiritwal ay siyang nagbibigay lamang ng tuwa!
If we suffer it is the outcome of material things, and all the trials and troubles come from this world of illusion.	Kapag tayo ay naghirap, iyon ay bunga ng mga bagay na materyal, at ang lahat ng mga pagsubok at mga ligalig ay nagmula sa mundong ito ng malikmata.
For instance, a merchant may lose his trade and depression ensues. A workman is dismissed and starvation stares him in the face. A farmer has a bad harvest, anxiety fills his mind. A man builds a house which is burnt to the ground and he is straightway homeless, ruined, and in despair.	Halimbawa, isang mangangalakal ang maaaring mawalan ng kaniyang negosyo at ang pagsasalat ay sumapit. Ang isang manggagawa ay natiwalag at ang pagkagutom ay nakatitig sa kaniyang mukha. Isang magsasaka ang nagkaroon ng masamang ani, ang pagkabalisa ay sumilid sa kaniyang isipan. Isang lalaki ang nagtayo ng isang bahay na naging abo sa lupa at siya ay mistulang walang tahanan, lugmok, at nasa kawalang pag-asa.
All these examples are to show you that the trials which beset our every step, all our sorrow, pain, shame and grief, are born in the world of matter; whereas the spiritual Kingdom never causes sadness. A man living with his thoughts in this Kingdom knows perpetual joy. The ills all flesh is heir to do not pass him by, but they only touch the surface of his life, the depths are calm and serene.	Ang lahat ng mga halimbawang ito ay upang ipakita sa inyo na ang mga pagsubok na lagi nang nakaagapay sa bawat hakbang natin, ang lahat ng ating dalamhati, sakit, pagkapahiya, at paghihimutok, ay isinilang sa mundo ng kabagayan; samantalang ang Kahariang espiritwal ay hindi kailanman nagbubunga ng pighati. Ang isang taong nabubuhay sa kaniyang mga kaisipan sa Kahariang ito ay nakakikilala ng walang-hanggang tuwa. Ang mga kasamaang minana ng lahat ng laman ay hindi nagdaraan sa kaniya, ngunit sumasagi lamang sila sa panlabas na guhit ng kaniyang buhay, ang mga kailaliman ay tahimik at aliwalas.
Today, humanity is bowed down with trouble, sorrow and grief, no one escapes; the world is wet with tears; but, thank God, the remedy is at our doors. Let us turn our hearts away from the world of matter and live in the spiritual world! It alone can give us freedom! If we are hemmed in by difficulties we have only to call upon God, and by His great Mercy we shall be helped.	Sa araw na ito, ang sangkatauhan ay yuko sa ligalig, dalamhati at himutok, walang sinumang makaaalpas; ang mundo ay basa ng luha; subalit salamat sa Diyos, ang lunas ay nasa ating mga pintuan. Atin nang italikod ang ating mga puso sa mundo ng kabagayan at mabuhay sa mundong espiritwal! Tanging iyon lamang ang makapagbibigay sa atin ng kalayaan! Kung tayo ay napapaligiran ng mga kahirapan, kailangan lamang nating tumawag sa Diyos, at sa pamamagitan ng Kaniyang dakilang Habag, tayo ay matutulungan.
If sorrow and adversity visit us, let us turn our faces to the Kingdom and heavenly consolation will be outpoured.	Kung ang dalamhati at kahirapan ay dumarating sa atin, iharap natin ang ating mga mukha sa Kaharian at ang makalangit na kaaliwan ay sasaatin.
If we are sick and in distress let us implore God's healing, and He will answer our prayer.	Kung tayo ay may sakit at nasa panganib, tayo ay sumamo sa lunas ng Diyos at diringgin Niya ang ating panalangin.

When our thoughts are filled with the bitterness of this world, let us turn our eyes to the sweetness of God's compassion and He will send us heavenly calm! If we are imprisoned in the material world, our spirit can soar into the Heavens and we shall be free indeed!	Kapag ang ating pag-iisip ay punong-puno ng mga kapaitan sa mundong ito, ibaling natin ang ating mga mata sa kalugud-lugod na pagdamay ng Diyos at tayo ay padadalhan Niya ng makalangit na kapayapaan! Kung tayo ay nabibilanggo sa mundong materyal, ang ating espiritu ay maaaring pumailanlang sa mga Kalangitan at tayo ay magiging tunay na malaya!
When our days are drawing to a close let us think of the eternal worlds, and we shall be full of joy!	Kung ang ating mga araw ay nalalapit na sa pagwawakas, alalahanin natin ang walang-hanggang daigdig, at tayo ay malilipos ng kaligayahan!
You see all round you proofs of the inadequacy of material things—how joy, comfort, peace and consolation are not to be found in the transitory things of the world. Is it not then foolishness to refuse to seek these treasures where they may be found? The doors of the spiritual Kingdom are open to all, and without is absolute darkness.	Sa paligid ninyo ay inyong makikita ang mga katibayan ng kakulangan ng mga bagay na materyal—kung paanong ang ligaya, kaginhawahan, kapayapaan at kaaliwan ay hindi matatagpuan sa lumilipas na mga bagay rito sa mundo. Hindi nga бага isang kabaliwang tanggihang hanapin ang mga kayamanang ito kung saan sila maaaring matagpuan? Ang mga pinto ng Kahariang espiritwal ay bukas sa lahat, at sa labas ay lubos na karimlan.
Thank God that you in this assembly have this knowledge, for in all the sorrows of life you can obtain supreme consolation. If your days on earth are numbered, you know that everlasting life awaits you. If material anxiety envelops you in a dark cloud, spiritual radiance lightens your path. Verily, those whose minds are illumined by the Spirit of the Most High have supreme consolation.	Salamat sa Diyos at kayo sa kapulungang ito ay nag-aangkin ng kaalamang ito, sapagkat sa lahat ng mga dalamhati sa buhay ay makapagtatamo kayo ng marubdob na kaaliwan. Kung ang inyong mga araw sa lupa ay nabibilang na, batid na ninyo na ang walang-hanggang buhay ay naghihintay sa inyo. Kapag ang pagkabalisansang materyal ay bumalot sa inyo sa isang madilim na ulap, ang luningning na espiritwal ay tatanglaw sa inyong landas. Tunay, yaong ang mga isipan ay nasisinagan ng Espiritu ng Kataas-taasan ay may marubdob na kaaliwan.
I myself was in prison forty years—one year alone would have been impossible to bear—nobody survived that imprisonment more than a year! But, thank God, during all those forty years I was supremely happy! Every day, on waking, it was like hearing good tidings, and every night infinite joy was mine. Spirituality was my comfort, and turning to God was my greatest joy. If this had not been so, do you think it possible that I could have lived through those forty years in prison?	Ako sa aking sarili ay nabilanggo ng apatnapung taon—isang taon lamang ay di-mangyayaring matiis—wala sinumang nabuhay pa sa gayong pagkabilanggong mahigit pa sa isang taon! Ngunit salamat sa Diyos, sa loob ng apatnapung taong iyon, ako ay ganap na maligaya! Sa bawat araw, sa aking paggising ay para бага akong nakarinig ng magagandang mga balita, at tuwing gabi ay sumasaakin ang walang-hanggang kaligayahan. Diwang espiritwal ang sa akin ay umaaliw, at ang pagbaling sa Diyos ang aking pinakadakilang tuwa. Kung hindi ganito ang nangyari, inaakala kaya ninyong ako ay maaaring mabuhay pa sa loob ng apatnapung taong iyon sa loob ng bilangguan?
Thus, spirituality is the greatest of God's gifts, and "Life Everlasting" means "Turning to God." May you, one and all, increase daily in spirituality, may you be strengthened in all goodness, may you be helped more and more by the Divine consolation, be made free by the Holy Spirit of God, and may the power of the Heavenly Kingdom live and work among you.	Anupa't ang diwang espiritwal ay siyang pinakadakila sa mga handog ng Diyos, at ang "Buhay na Walang-hanggan" ay nangangahulugan ng "Pagbaling sa Diyos". Maanong kayo, bawat isa at lahat, ay maragdagan araw-araw sa diwang espiritwal, maanong kayo ay lumakas sa lahat ng kabutihan, maanong kayo ay tulungang lalo at lalo ng Banal na kaaliwan, palayain ng Espiritu Santo ng Diyos, at nawa ang kapangyarihan ng Makalangit na Kaharian ay mabuhay at gumawa sa inyong sinapupunan.
This is my earnest desire, and I pray to God to grant you this favor.	Ito ang aking marubdob na nasa, at idinadalangin ko sa Diyos na ipagkaloo sa inyo ang tulong na ito.

– 36 –	36
The Perfect Human Sentiments and Virtues	Mga Sakdal na Damdamin at Kapurihan ng Tao
November 23rd	<i>Nobyembre 23</i>
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
You should all be very happy and thankful to God for the great privilege that is yours.	Kayong lahat ay dapat na maging maligaya at dapat magpasalamat sa Diyos sa malaking pribilehiyong ipinagkaloob sa inyo.
This is purely a spiritual meeting! Praise be to God, your hearts are turned to Him, your souls are attracted to the Kingdom, you have spiritual aspirations, and your thoughts soar above the world of dust.	Ito ay isang pulong na ganap na espiritwal! Papurihan ang Diyos, ang inyong mga puso ay bumaling sa Kaniya, ang inyong mga kaluluwa ay naaakit sa Kaharian, kayo ay may mga mithiing espiritwal, at ang inyong mga kaisipan ay pumapailanlang sa daigdig ng alabok.
You belong to the world of purity, and are not content to live the life of the animal, spending your days in eating, drinking, and sleeping. You are indeed men! Your thoughts and ambitions are set to acquire human perfection. You live to do good and to bring happiness to others. Your greatest longing is to comfort those who mourn, to strengthen the weak, and to be the cause of hope to the despairing soul. Day and night your thoughts are turned to the Kingdom, and your hearts are full of the Love of God.	Kayo ay nabibilang sa daigdig ng kalinisan, at hindi nangasisiyang mabuhay ng buhay ng hayop, gumugugol ng inyong mga araw sa pagkain, pag-inom at pagtulog. Kayo ay tunay ngang mga tao! Ang inyong mga kaisipan at mga hangarin ay ang magtamo ng makataong kasakdalan. Nabubuhay kayo upang makagawa ng mabuti at upang magbigay ng kaligayahan sa iba. Ang inyong pinakadakilang hangarin ay ang aliwin ang mga namimighati, palakasin ang mahina, at maging dahilan ng pag-asa sa kaluluwang nawawalan ng pag-asa. Sa araw at gabi ang inyong mga kaisipan ay nakabaling sa Kaharian, at ang inyong mga puso ay puno ng Pag-ibig ng Diyos.
Thus you know neither opposition, dislike, nor hatred, for every living creature is dear to you and the good of each is sought.	Anupa’t wala kayong nakikilalang pagsalungat, pag-ayaw, o pagkamuhi, sapagkat ang bawat nabubuhay na nilikha ay mahal sa inyo at ang kabutihan ng bawat isa ang inyong hinahanap.
These are perfect human sentiments and virtues. If a man has none of these, he had better cease to exist. If a lamp has ceased to give light, it had better be destroyed. If a tree bear no fruit, it had better be cut down, for it only cumbereth the ground.	Ang mga ito ay mga sakdal na damdamin at katangian ng tao. Kapag ang isang tao ay wala nang mga ito, mabuti pang siya ay patay na. Kapag ang isang lampara ay hindi na makapagbibigay pa ng liwanag, mabuti pang ito ay wasakin na. Kapag ang isang punongkahoy ay hindi namumunga, mabuti pang ito ay putulin na, sapagkat iyon ay makasasagabal lamang sa lupa.
Verily, it is better a thousand times for a man to die than to continue living without virtue.	Tunay, makalilibong ulit na mabuti pa para sa isang tao ang mamatay kaysa patuloy na mabuhay ng walang kapurihan.
We have eyes wherewith to see, but if we do not use them how do they profit us? We have ears wherewith to hear, but if we are deaf of what use are they?	May mga mata tayong gamit natin upang makakita, subalit kung ang mga iyon ay hindi natin ginagamit ay paano tayo makikinabang sa mga iyon? May mga tainga tayong gamit sa pandinig, subalit kung tayo ay bingi ay ano ang kabuluhan ng mga iyon?
We have a tongue wherewith to praise God and proclaim the good tidings, but if we are dumb how useless it is!	Mayroon tayong isang dilang gamit sa pagpuri sa Diyos at pagpahayag ng mgabubuting balita, datapwat kung tayo ay pipi ay ano pa ang saysay niyon!

The All-Loving God created man to radiate the Divine light and to illumine the world by his words, action and life. If he is without virtue he becomes no better than a mere animal, and an animal devoid of intelligence is a vile thing.	Ang Mapagmahal sa Lahat na Diyos ay lumikha sa tao upang ito ay suminag ng Banal na liwanag at tumanglaw sa daigdig sa pamamagitan ng kaniyang mga salita, gawa at buhay. Kung siya ay walang kapurihan, siya ay hindi na humihigit pa sa isang karaniwang hayop, at ang isang hayop na walang katalinuhan ay isang hamak na bagay.
The Heavenly Father gave the priceless gift of intelligence to man so that he might become a spiritual light, piercing the darkness of materiality, and bringing goodness and truth into the world. If ye will follow earnestly the teachings of Bahá'u'lláh, ye shall indeed become the light of the world, the soul for the body of the world, the comfort and help for humanity, and the source of salvation for the whole universe. Strive therefore, with heart and soul, to follow the precepts of the Blessed Perfection, and rest assured that if ye succeed in living the life he marks out for you, Eternal Life and everlasting joy in the Heavenly Kingdom will be yours, and celestial sustenance will be sent to strengthen you all your days.	Ang Makalangit na Ama ay nagbigay ng walang-kasinghalagang handog ng katalinuhan sa tao upang ito ang maging ilaw na espiritwal na maglalagos sa karimlang materyal, at magdala ng kabutihan at katotohanan sa daigdig. Kung susundin ninyong mataimtim ang mga aral ni Bahá'u'lláh, kayo ay tunay na magiging ilaw ng sandaigdig, ang kaluluwa para sa katawan ng daigdig, ang kaginhawahan at tulong para sa sangkatauhan, at ang pamulaan ng kaligtasan para sa buong santinakpan. Maglunggati, samakatwid, nang buong puso at kaluluwa, na sumunod sa mga simulain ng Pinagpalang Kasakdalan, at asahan ninyo na kapag kayo ay nagtagumpay na mamuhay ng buhay na itinakda para sa inyo, ang Buhay na Walang-hanggan at ang walang-katapusang tuwa sa Makalangit na Kaharian ay magiging inyo, at ang pangkalangitang tulong ay ipadadala sa inyo upang bigyan kayo ng lakas sa lahat ng inyong mga araw.
It is my heartfelt prayer that each one of you may attain to this perfect joy!	Taos-puso kong idinadalangin na ang bawat isa sa inyo ay magtamo nawa ng ganap na kaligayahang ito.
– 37 –	37
The Cruel Indifference of People towards the Suffering of Foreign Races	Malupit na Pagwawalang-bahala ng mga Mamamayan tungo sa Paghihirap ng mga Lahing Banyaga
November 24th	<i>Nobyembre 24</i>
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
I have just been told that there has been a terrible accident in this country. A train has fallen into the river and at least twenty people have been killed. This is going to be a matter for discussion in the French Parliament today, and the Director of the State Railway will be called upon to speak. He will be cross-examined as to the condition of the railroad and as to what caused the accident, and there will be a heated argument. I am filled with wonder and surprise to notice what interest and excitement has been aroused throughout the whole country on account of the death of twenty people, while they remain cold and indifferent to the fact that thousands of Italians, Turks, and Arabs are killed in Tripoli! The horror of this wholesale slaughter has not disturbed the Government at all! Yet these unfortunate people are human beings too.	May nakapagsabi pa lamang sa akin na may nangyaring nakapanghihilakbot na sakuna sa bansang ito. Isang tren ang nahulog sa ilog at di-kukulangin sa dalawampung tao ang nangamatay. Ito ay magiging isang bagay na pag-uusapan ngayon sa Batasang Pranses, at ang Patnugot ng Perokaril ng Bansa ay tatawagin upang magpaliwanag. Siya ay susuliting mataman tungkol sa kalagayan ng daang-bakal at sa kung ano ang naging dahilan ng kapahamakan, at magkaroon ng mainitang pagtatalo. Ako ay lipos ng pagtataka at pagkamangha sa kung anong pang-akit at kaguluhan ang nakapukaw sa buong bansa sa pagkamatay ng dalawampung katao, samantalang nanatili silang malamig at walang pagmamalasakit sa katotohanang libo-libong mga Italyano, Turko at Arabe ang nangasawi sa Tripoli! Ang nakapanghihilakbot na paglipol na ito ay hindi man lamang nakagimbal sa Pamahalaan! At hindi kasi nga

	ang kapos-palad na mga mamamayang ito ay mga tao rin namang nilalang.
Why is there so much interest and eager sympathy shown towards these twenty individuals, while for five thousand persons there is none? They are all men, they all belong to the family of mankind, but they are of other lands and races. It is no concern of the disinterested countries if these men are cut to pieces, this wholesale slaughter does not affect them! How unjust, how cruel is this, how utterly devoid of any good and true feeling! The people of these other lands have children and wives, mothers, daughters, and little sons! In these countries today there is hardly a house free from the sound of bitter weeping, scarcely can one find a home untouched by the cruel hand of war.	Ano kaya ang dahilan at labis-labis ang malasakit at sabik na pakikiramay sa may dalawampung taong ito, samantalang sa limang libong katao ay wala? Lahat sila ay mga tao, lahat sila ay nabibilang sa mag-aanak ng sangkatauhan, subalit iba nga lamang ang kanilang mga lupain at mga lahi. Walang kailangan para sa walang kinalamang mga bansa kung ang mga tao mang ito ay nangagkaputul-putol ang katawan, ang minsanang paglipol na ito ay hindi nakagagambala sa kanila! Anong pagkawalang-katarungan, anong pagkalupit ito, anong pagkawalang-kabutihan at katapatan ng damdamin! Ang mga mamamayang ito ng ibang mga lupain ay may mga anak at mga asawa, mga ina, mga anak na babae at mumunting mga anak na lalaki! Sa mga bansang ito ngayon ay halos walang bahay na ligtas sa piyapis ng mapapait na panangis, bibihirang makakita ng isang bahay na hindi naabot ng nakapanghihilakbot na kamay ng digmaan.
Alas! we see on all sides how cruel, prejudiced and unjust is man, and how slow he is to believe in God and follow His commandments.	At sa wakas! Makikita natin sa lahat ng panig kung gaano kalupit, mapaniwala ng walang batayan, at walang katarungan ang tao, at kung gaaano kabagal niya sa paniniwala sa Diyos at pagsunod sa Kaniyang mga utos.
If these people would love and help one another instead of being so eager to destroy with sword and cannon, how much nobler would it be! How much better if they would live like a flock of doves in peace and harmony, instead of being like wolves and tearing each other to pieces.	Kung ang mga taong ito ay nagmamahalan at magtutulungan sa isa't isa sa halip na magsigasisig sa pamiminsala sa pamamagitan ng sable at kanyon, anong higit na kadakilaan ang mangyayari! Anong inam sana kung sila ay mamumuhay na tulad sa mga kalapati sa kapayapaan at pagkakasundo, sa halip na tumulad sa mga lobo at magtagaan sa isa't isa.
Why is man so hard of heart? It is because he does not yet know God. If he had knowledge of God he could not act in direct opposition to His laws; if he were spiritually minded such a line of conduct would be impossible to him. If only the laws and precepts of the prophets of God had been believed, understood and followed, wars would no longer darken the face of the earth.	Bakit kaya matigas ang puso ng tao? Dahil baga sa hindi pa niya pagkilala sa Diyos? Kung siya ay may pagkakilala sa Diyos, hindi siya hahakbang ng tuwirang pagsalungat sa Kaniyang mga batas; kung siya ay may isipang espiritwal, ang ganiyang mga asal ay hindi makikita sa kaniya. Kung ang mga batas lamang at mga aral ng mga propeta ng Diyos ay pinaniwalaan, inunawa at sinunod, ang mga digmaan ay hindi na mangyayari pang makapagpadilim sa mukha ng sandaigdigan.
If man had even the rudiments of justice, such a state of things would be impossible.	Kung ang mga tao ay mayroon man lamang ng mga pangunang simulain ng katarungan, ang ganiyang kalagayan ay hindi siyang mangyayari.
Therefore, I say unto you pray—pray and turn your faces to God, that He, in His infinite compassion and mercy, may help and succor these misguided ones. Pray that He will grant them spiritual understanding and teach them tolerance and mercy, that the eyes of their minds may be opened and that they may be endued with the gift of the spirit. Then would peace and love walk hand in hand through the lands, and these poor unhappy people might have rest.	Samakatwid, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magsipanalangin—manalangin at iharap ang inyong mga mukha sa Diyos, nang sa gayon, Siya, at ang Kaniyang walang-hanggang awa at habag, ay tumulong at sumaklolo sa mga nangaliligaw na ito. Ipanalanging bigyan Niya sila ng pagkaunawang espiritwal at turuan sila ng pagpaparaya at pagkahabag, na ang mga mata ng kanilang mga isipan ay mangabuksan nawa at nang sila ay sakbibihin ng handog ng espiritu. Kung magkagayon na, ang kapayapaan at pag-ibig ay magkakaakbay sa lahat ng mga lupain, at ang mga dukha at nalulumbay na mga taong ito ay magkakaroon ng katiwasayan.
Let us all strive night and day to help in the bringing about of better conditions. My heart is broken by these	Lunggatiin nating lahat araw-gabi na tumulong sa pagkakaroon ng mabubuting mga kalagayan. Ang aking

terrible things and cries aloud—may this cry reach other hearts!	puso ay winasak ng nakapanghihilakbot na mga pangyayaring ito at malakas na tumatangis—maano ang mga panaghoy kung ito ay makarating sa ibang mga puso!
Then will the blind see, the dead will be raised, and Justice will come and reign upon the earth.	Kung magkagayon na, ang bulag ay makakikita, ang patay ay mabubuhay, at ang Katarungan ay daratal at maghahari sa ibabaw ng lupa.
I beseech you all to pray with heart and soul that this may be accomplished.	Hinihiling ko sa inyong lahat na manalangin nang buong puso at kaluluwa at ang ito ay matupad.
– 38 –	38
We Must Not Be Discouraged by the Smallness of Our Numbers	Hindi Tayo Dapat Mawalan ng Sigla sa Kaliitan ng Ating Bilang
November 25th	<i>Nobyembre 25</i>
When Christ appeared He manifested Himself at Jerusalem. He called men to the Kingdom of God, He invited them to Eternal Life and He told them to acquire human perfections. The Light of Guidance was shed forth by that radiant Star, and He at length gave His life in sacrifice for humanity.	Nang si Hesus ay nagpakita ay ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili sa Herusalem. Tinawag Niya ang mga tao sa Kaharian ng Diyos, inanyayahan Niya sila sa Buhay na Walang-hanggan at Kaniyang sinabi sa kanila na magsipagtamo ng mga kasakdalang pangkatauhan. Ang Liwanag ng Pamamatnubay ay isinabog ng maluningning na Talang yaon, at Siya sa buong panahon ay nagbigay ng Kaniyang buhay sa pagpapakasakit alang-alang sa sangkatauhan.
All through His blessed life He suffered oppression and hardship, and in spite of all this humanity was His enemy!	Sa buong panahon ng Kaniyang pinagpalang buhay, Siya ay nagdanas ng pagkaapi at paghihirap, at sa kabila ng lahat ng ito, ang sangkatauhan ay naging kaaway Niya!
They denied Him, scorned Him, ill-treated Him and cursed Him. He was not treated like a man—and yet in spite of all this He was the embodiment of pity and of supreme goodness and love.	Siya ay kanilang itinatwa, nilibak, pinahirapan, at isinumpa. Hindi Siya inuring tao—gayunman, sa kabila ng lahat ng ito, Siya pa rin ang kabuuan ng awa at ng dakilang kabutihan at pagmamahal.
He loved all humanity, but they treated Him as an enemy and were incapable of appreciating Him. They set no value on His words and were not illumined by the flame of His love.	Iniibig Niya ang lahat ng mga tao, ngunit Siya ay itinuring na isang kaaway at hindi nangyaring sila ay magpahalaga sa Kaniya. Hindi sila nagpahalaga sa Kaniyang mga salita at hindi sila nangatanglawan ng ningas ng Kaniyang pag-ibig.
Later they realized who He was; that He was the Sacred and Divine Light, and that His words held Eternal Life.	Nang malaunan ay nakilala nila kung sino Siya; na Siya ang Sagrado at Banal na Liwanag, at ang Kaniyang mga Salita ay may Buhay na Walang-hanggan.
His heart was full of love for all the world, His goodness was destined to reach each one—and as they began to realize these things, they repented—but He had been crucified!	Ang Kaniyang puso ay puno ng pag-ibig para sa buong daigdig, ang Kaniyang kabutihan ay nakalaang abutin ang bawat isa—at samantalang nagsisimula silang mapatunayan ang mga bagay na ito, sila ay nagsipagsisi—subalit Siya ay napabayubay sa krus!
It was not until many years after His ascension that they knew who He was, and at the time of His ascension He had only a very few disciples; only a comparatively small following believed His precepts and followed His laws. The ignorant said, “Who is this individual; He has only a few disciples!” But those who knew said: “He is	Marami nang taon ang lumipas pagkatapos na Siya ay umakyat sa langit saka pa lamang nila nakilala kung sino Siya, at sa panahon ng kaniyang pagkamatay ay mayroon Siyang ilang alagad lamang; isang maliit lamang na bilang ng mga tagasunod na naniniwala sa Kaniyang mga simulain at umaalinsunod sa Kaniyang

the Sun who will shine in the East and in the West, He is the Manifestation who shall give life to the world.”	mga batas. Ang mga mangmang ay nagsabi, “Sino ang taong ito; Siya ay may ilang alagad lamang!” Ngunit yaong mga nakakikilala ay nagsabi: “Siya ang Araw na sisikat sa Silangan at sa Kanluran, Siya ang Kaliwanagan na magbibigay buhay sa sandaigdigan.”
What the first disciples had seen the world realized later.	Kung ang nakita ng mga unang alagad ay siyang napatunayan ng daigdig nang malaunan.
Therefore, you who are in Europe, do not be discouraged because you are few or because people think that your Cause is of no importance. If few people come to your gatherings do not lose heart, and if you are ridiculed and contradicted be not distressed, for the apostles of Christ had the same to bear. They were reviled and persecuted, cursed and ill-treated, but in the end they were victorious and their enemies were found to be wrong.	Samakatwid, kayong nasa Europa ay huwag mangawalan ng pag-asa dahil sa kayo ay ilan lamang o sapagkat ang mga tao ay nag-akalang ang inyong Usapin ay walang halaga. Kung kaunting tao lamang ang dumalo sa inyong mga pagtitipon ay huwag kayong mawalan ng sigla, at kung kayo ay kinukutya at sinasalungat ay huwag ninyong ipaghirap ng kalooban, sapagkat ang mga alagad ni Kristo ay gayundin ang mga dinanas. Sila ay inalimura at pinag-uusig, isinumpa at pinarusahan, ngunit sa wakas, sila ay nagsipagtagumpay at ang kanilang mga kaaway ay nangapatunayang nagsipagkasala.
If history should repeat itself and all these same things should happen to you, do not be saddened but be full of joy, and thank God that you are called upon to suffer as holy men of old suffered. If they oppose you be gentle with them, if they contradict be firm in your faith, if they desert you and flee from before you, seek them out and treat them kindly. Do harm to nobody; pray for all; try to make your light shine in the world and let your banner fly high in the Heavens. The beautiful perfume of your noble lives will permeate everywhere. The light of truth kindled in your hearts will shine out to the distant horizon!	Kung ang kasaysayan ay mag-uulit sa sarili nito at ang lahat ng mga bagay ring iyan ang siyang mangyari sa inyo, huwag kayong malungkot, kundi bagkus maligayahan kayo, at magpasalamat sa Diyos na kayo ang napiling magpakasakit na katulad ng mga pagpapakasakit ng mga unang banal. Kung kayo ay kalabanin, maging maginoo kayo sa kanila; kung sila ay sumalungat, maging matatag kayo sa pananampalataya; kung sila ay lumisan at lumayo sa inyo, paghanapin ninyo sila at pakitunguhang mabuti. Huwag kayong maminsala kaninuman; manalangin para sa lahat; sikaping paningningin ang inyong liwanag sa daigdig at hayaang ang inyong watawat ay mawagayway sa rurok ng mga Langit! Ang kaayayang pabango ng inyong dakilang buhay ay hahalimuyak sa lahat ng dako. Ang liwanag ng katotohanan na pinapagningas sa inyong mga puso ay sisinag hanggang sa malayong tagpuang-guhit!
The indifference and scorn of the world matters not at all, whereas your lives will be of the greatest importance.	Ang pagpapabaya at paglibak ng daigdig ay walang kabuluhan, samantalang ang inyong mga buhay ay magiging higit na mahalaga.
All those who seek truth in the Heavenly Kingdom shine like the stars; they are like fruit trees laden with choice fruit, like seas full of precious pearls.	Ang lahat ng naghahanap ng katotohanan sa Makalangit na Kaharian ay magniningning na tulad sa mga bituin; sila ay katulad ng mga punong namumunga na hitik sa mga piling bunga, katulad ng mga karagatan na puno ng mahahalagang mga perlas.
Only have faith in the Mercy of God, and spread the Divine Truth.	Magkaroon lamang ng pananalig sa Awa ng Diyos, at palaganapin ang Banal na Katotohanan.
– 39 –	39
Words Spoken by ‘Abdu’l-Bahá in Pastor Wagner’s Church (Foyer de l’Ame) in Paris	Mga Salitang Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá sa Simbahan ni Pastor Wagner (Foyer de l’Ame) sa Paris
November 26th	<i>Nobyembre 26</i>

I am deeply touched by the sympathetic words which have been addressed to me, and I hope that day by day true love and affection may grow among us. God has willed that love should be a vital force in the world, and you all know how I rejoice to speak of love.	Ang aking damdamin ay matinding naantig dahil sa mga salitang lipos ng pagdamay na iniukol sa akin, at inaasahan kong araw-araw ang tunay na pag-ibig at pagmamahal ay sisibol sa ating lahat. Niloob ng Diyos na ang pag-ibig ay maging isang mahalagang lakas dito sa mundo, at batid ninyong lahat kung gaano ang aking kasiyahang magsalita ng tungkol sa pag-ibig.
All down the ages the prophets of God have been sent into the world to serve the cause of truth—Moses brought the law of truth, and all the prophets of Israel after him sought to spread it.	Sa lahat ng panahon, ang mga propeta ng Diyos ay isinugo sa daigdig upang maglingkod sa usapin ng katotohanan—dinala ni Moises ang batas ng katotohanan, at ang lahat ng mga propeta ng Israel na sumunod sa kaniya ay nagsikap na ikalat iyon.
When Jesus came He lighted the flaming torch of truth, and carried it aloft so that the whole world might be illumined thereby. After Him came His chosen apostles, and they went far and wide, carrying the light of their Master's teaching into a dark world—and, in their turn, passed on.	Nang si Hesus ay dumating, Kaniyang pinapagdingas ang naglalagablab na sulo ng katotohanan, at ito ay kaniyang itinaas upang ang buong daigdig ay maliwanagan sa gayong paraan. Pagkatapos Niya ay sumunod ang Kaniyang mga piling alagad, at sila ay dumako sa malayo at sa kalawakan, taglay ang liwanag ng aral ng kanilang Guro sa karimlan ng daigdig—at, gayundin sila ay yumao pagdating ng kanilang takdang panahon.
Then came Muḥammad, who in His time and way spread the knowledge of truth among a savage people; for this has always been the mission of God's elect.	Pagkuwan ay lumitaw si Muḥammad, na sa Kaniyang panahon at paraan ay nagpalaganap ng kaalaman ng katotohanan sa sinapupunan ng mababangis na mga mamamayan; sapagkat sa tuwina ay ito ang misyon ng hirang ng Diyos.
So, at last, when Bahá'u'lláh arose in Persia, this was His most ardent desire, to rekindle the waning light of truth in all lands. All the holy ones of God have tried with heart and soul to spread the light of love and unity throughout the world, so that the darkness of materiality might disappear and the light of spirituality might shine forth among the children of men. Then would hate, slander and murder disappear, and in their stead love, unity and peace would reign.	Anupa't sa huli, nang si Bahá'u'lláh ay magbangon sa Persiya, ito ang Kaniyang marubdob na hangarin, na mapag-alab na muli ang lumalabong liwanag ng katotohanan sa lahat ng mga lupain. Ang lahat ng mga banal na alagad ng Diyos ay nagsikap nang buong puso at kaluluwang maikalat ang liwanag ng pag-ibig at pagkakaisa sa buong daigdig, upang ang karimlang materyal ay maglaho at ang liwanag na espirital ay siyang suminag sa mga anak ng tao. Kung magkagayon na, ang pagkamuhi, ang paninirang-puri, at ang pagpatay ay mangawawala, at sa halip sa mga ito, ang pag-ibig, pagkakaisa at kapayapaan ay siyang maghahari.
All the Manifestations of God came with the same purpose, and they have all sought to lead men into the paths of virtue. Yet we, their servants, still dispute among ourselves! Why is it thus? Why do we not love one another and live in unity?	Ang lahat ng Pagpapakilala ng Diyos ay sumapit na taglay ang ganiyan ding layunin, at ang mga ito ay nagsipagsikap na maakay ang mga tao sa mga landas ng kapurihan. Gayumpaman, tayong mga tagapaglingkod ay nagtatalu-talo pa rin. Bakit nga ba gayon? Bakit hindi tayo mag-ibigan sa isa't isa at mamuhay sa pagkakaisa?
It is because we have shut our eyes to the underlying principle of all religions, that God is one, that He is the Father of us all, that we are all immersed in the ocean of His mercy and sheltered and protected by His loving care.	Ang dahilan ay sapagkat ipinikit natin ang ating mga mata sa batayang simulain ng lahat ng mga relihiyon, na ang Diyos ay iisa, na Siya ang Ama nating lahat, na tayong lahat ay nakalubog sa dagat ng Kaniyang awa at sumisilong at napakukupkop sa Kaniyang masintahing pangangalaga.
The glorious Sun of Truth shines for all alike, the waters of Divine Mercy immerse each one, and His Divine favor is bestowed on all His children.	Ang maluwalhating Araw ng Katotohanan ay sumisikat para sa lahat, ang mga tubig ng Banal na Awa ay pumupuspos sa bawat isa, at ang kaniyang Banal na kandili ay ipinagkaloob sa lahat ng Kaniyang mga anak.

This loving God desires peace for all His creatures—why, then, do they spend their time in war?	Ang masintahing Diyos na ito ay nagnanasa ng kapayapaan para sa lahat ng Kaniyang mga nilikha—bakit, kung gayon, ginugugol nila ang kanilang panahon sa digmaan?
He loves and protects all His children—why do they forget Him?	Iniibig at pinangangalagaan Niya ang lahat ng Kaniyang mga anak—bakit nalilimutan nila Siya?
He bestows His Fatherly care on us all—why do we neglect our brothers?	Ipinagkakaloob Niya ang Kaniyang Makaamang paglingap sa ating lahat—bakit natin nalilimutan ang ating mga kapatid?
Surely, when we realize how God loves and cares for us, we should so order our lives that we may become more like Him.	Tiyak na kapag naalagata natin kung paanong iniibig at nililingap tayo ng Diyos, nararapat na ating ialinsunod ang ating mga buhay sa paraang tayo ay maging lalong katulad Niya.
God has created us, one and all—why do we act in opposition to His wishes, when we are all His children, and love the same Father? All these divisions we see on all sides, all these disputes and opposition, are caused because men cling to <i>ritual</i> and outward observances, and forget the simple, underlying truth. It is the <i>outward practices</i> of religion that are so different, and it is they that cause disputes and enmity—while the <i>reality</i> is always the same, and one. The Reality is the Truth, and truth has no division. Truth is God’s guidance, it is the light of the world, it is love, it is mercy. These attributes of truth are also human virtues inspired by the Holy Spirit.	Nilikha ng Diyos tayo, isa at lahat—bakit tayo umaasal nang taliwas sa Kaniyang mga nasa, gayong tayong lahat ay Kaniyang mga anak, at umiibig tayong lahat sa iisang Ama? Ang lahat ng mga pagkakahati-hating nakikita natin sa lahat ng panig, ang lahat ng mga pagtatalo at salungatan, ay nangyayari sapagkat ang mga tao ay nanghahawakan sa <i>seremonya</i> at mga paimbabaw na mga gawain, at nakalilimot sa payak, at batayang katotohanan. Ang mga paimbabaw na gawi ng relihiyon ay siyang lubhang magkakaiba, at ang mga iyan ang siyang nagiging dahilan ng mga pagtatalo at pagkakapoot—samantalang ang <i>katunayan</i> ay iyon din at iisa. Ang Katunayan ay ang Katotohanan, at ang katotohanan ay walang pagkakahati. Ang Katotohanan ay siyang patnubay ng Diyos, iyan ang ilaw ng daigdig, iyan ay pag-ibig, iyan ay habag. Ang mga katangiang ito ng katotohanan ay makataong mga kapurihan ding pinasigla ng Espiritu Santo.
So let us one and all hold fast to truth, and we shall be free indeed!	Anupa’t ang isa at lahat sa atin ay manghawakang buong higpit sa katotohanan, at tayo ay magiging malayang tunay!
The day is coming when all the religions of the world will unite, for in principle they are one already. There is no need for division, seeing that it is only the outward forms that separate them. Among the sons of men some souls are suffering through ignorance, let us hasten to teach them; others are like children needing care and education until they are grown, and some are sick—to these we must carry Divine healing.	Darating ang araw na ang lahat ng mga relihiyon sa daigdig ay magkakaisa, sapagkat sa simulain, ang mga ito ay iisa nang talaga. Hindi na kailangan pa ang paghahati-hati, sapagkat makikitang ang panlabas na mga anyo lamang ang siyang nagwawalay sa kanila. Sa mga anak ng tao, ang ilang kaluluwa ay nagdurusa dahil sa kamangmangan, agad-agad nating turuan sila; ang mga iba ay tulad ng mga batang nangangailangan ng paglingap at kapanutuhan hanggang sa sila ay mangagsilaki, at ang ilan naman ay may sakit—sa mga ito ay magdulot tayo ng Banal na panlunas.
Whether ignorant, childish or sick, they must be loved and helped, and not disliked because of their imperfection.	Maging mangmang, hangal o may sakit, sila ay nararapat na mahalín at tulungan, at hindi dapat kayamutan dahil lamang sa kanilang di-kasakdalan.
Doctors of religion were instituted to bring spiritual healing to the peoples and to be the cause of unity among the nations. If they become the cause of division they had better not exist! A remedy is given to cure a disease, but if it only succeeds in aggravating the complaint, it is better to leave it alone. If religion is only to be a cause of disunion it had better not exist.	Ang mga manggagamot ng relihiyon ay inatasang magbigay ng lunas na espirituwal sa mga mamamayan at maging sanhi ng pagkakaisa ng lahat ng mga bansa. Kung sila ang magiging dahilan ng pagkakahati-hati ay mabuti pang hindi sila lumitaw! Ang isang lunas ay ipinagkaloob upang pagalingin ang isang sakit, ngunit kung ito ay magtatagumpay lamang sa pagpapalubha sa karamdaman mabuti pang pabayaang na lamang iyon.

	Kung ang relihiyon ay magiging dahilan lamang ng pagkakawatak-watak, mabuti pang hindi na ito umiral.
All the Divine Manifestations sent by God into the world would have gone through their terrible hardships and sufferings for the single hope of spreading Truth, unity and concord among men. Christ endured a life of sorrow, pain and grief, to bring a perfect example of love into the world—and in spite of this we continue to act in a contrary spirit one towards the other!	Ang lahat ng mga Banal na Kahayagan na ipinahatid ng Diyos sa daigdig ay nagsipagdanas ng kakila-kilabot na mga kahirapan at mga pagdurusa dahil lamang sa isang pag-asang mapalalaganap ang katotohanan, pagkakaisa at pagkakasundo sa mga tao. Si Kristo ay nagtiis ng isang buhay sa dalamhati, sakit at himutok, upang makapagdulot lamang ng isang ulirang halimbawa ng pag-ibig dito sa mundo—at sa kabila nito, patuloy tayong humahakbang sa diwang salungat sa isa't isa.
Love is the fundamental principle of God's purpose for man, and He has commanded us to love each other even as He loves us. All these discords and disputes which we hear on all sides only tend to increase materiality.	Ang pag-ibig ay siyang pangunahing simulain ng layunin ng Diyos ukol sa tao, at Kaniyang iniutos sa ating mag-ibigan tayo sa isa't isa kagaya ng pag-ibig Niya sa atin. Ang lahat ng mga di-pagkakasundo at paglalabanang naririnig natin sa lahat ng mga panig ay nakapagpaparami lamang ng materyalidad.
The world for the most part is sunk in materialism, and the blessings of the Holy Spirit are ignored. There is so little real spiritual feeling, and the progress of the world is for the most part merely material. Men are becoming like unto beasts that perish, for we know that they have no spiritual feeling—they do not turn to God, they have no religion! These things belong to man alone, and if he is without them he is a prisoner of nature, and no whit better than an animal.	Ang malaking bahagi ng daigdig ay nakalubog sa materyalismo, at ang mga pagpapala ng Espiritu Santo ay hindi pinahalalagan. Kakaunti lamang ang tunay na damdaming espiritwal, at ang malaking bahagi ng pag-unlad ng daigdig ay materyal lamang. Ang mga tao ay nagiging kaparis ng mababangis na mga hayop na nangamatay, sapagkat alam natin na ang mga iyon ay walang-damdaming espiritwal—ang mga iyon ay hindi bumabaling sa Diyos, ang mga iyon ay walang relihiyon! Ang mga bagay na ito ay pag-aari lamang ng tao, at kung siya ay wala ng mga ito, siya ay isang bilanggo ng kalikasan, at ni kaunti ay hindi hihigit pa sa isang hayop.
How can man be content to lead only an animal existence when God has made him so high a creature? All creation is made subject to the laws of nature, but man has been able to conquer these laws. The sun, in spite of its power and glory, is bound by the laws of nature, and cannot change its course by so much as a hair's breadth. The great and mighty ocean is powerless to change the ebb and flow of its tides—nothing can stand against nature's laws but man!	Papaanong ang tao ay masisiyahang mamuhay na kagaya lamang ng isang hayop samantalang siya ay nilikha ng Diyos na isang lubhang mataas na nilalang? Ang lahat ng mga nilikha ay nasasaklaw ng mga batas ng kalikasan ngunit ang tao ay nangyaring masugpo ang mga batas na ito. Ang araw, sa kabila ng kapangyarihan at luwalhati nito, ay nagagapos ng mga batas ng kalikasan, at hindi makapagbabago at ng lakad nito ng lahi at na gabuhok. Ang malawak at makapangyarihang dagat ay walang-kapangyarihang bumago sa pagkati at daraanan ng mga agos nito—walang makahahadlang sa batas ng kalikasan kundi ang tao!
But to man God has given such wonderful power that he can guide, control and overcome nature.	Datapwat sa tao ay ibinigay ng Diyos ang isang kahanga-hangang kapangyarihan upang siya ay makapatnubay, makasupil at makapangyari sa kalikasan.
The natural law for man is to walk on the earth, but he makes ships and flies in the air! He is created to live on dry land, but he rides on the sea and even travels under it!	Ang batas ng kalikasan para sa tao ay ang lumakad siya sa lupa, ngunit gumawa siya ng mga barko at lumipad sa hangin! Nilikha siya upang mamuhay sa lupang tigang, subalit sumasakay siya sa dagat at naglalakbay pa sa ilalim niyon!
He has learnt to control the power of electricity, and he takes it at his will and imprisons it in a lamp! The human voice is made to speak across short distances, but man's power is such that he has made instruments and can speak from East to West! All these examples show you how man can govern nature, and how, as it were, he wrests a sword from the hand of nature and uses it	Natutunan niyang supilin ang kapangyarihan ng elektrisidad, at pinasusunod niya iyon sa kaniyang nais at ikinukulong sa isang lampara! Ang tinig ng tao ay ginawa upang makapagsalita sa pagitan ng maikling agwat lamang, datapwat sa kapangyarihan ng tao ay nakagawa siya ng mga instrumento at siya ay maaaring makipag-usap mula sa Silangan hanggang sa Kanluran!

against herself. Seeing that man has been created master of nature, how foolish it is of him to become her slave! What ignorance and stupidity it is to worship and adore nature, when God in His goodness has made us masters thereof. God's power is visible to all, yet men shut their eyes and see it not. The Sun of Truth is shining in all His splendor, but man with fast shut eyes cannot behold His glory! It is my earnest prayer to God that by His Mercy and Loving Kindness you may all be united, and filled with the utmost joy.	Ang lahat ng mga halimbawang ito ay nagpapakita sa inyo kung paano mapamamahalaan ng tao ang kalikasan, at kung paano, gaya ng nasaksihan, kaniyang naagaw ang isang espada sa kamay ng kalikasan at ginamit iyon laban sa kalikasan na rin. Nakita natin na ang tao nilikhang panginoon ng kalikasan, anong kabaliwan manding siya ay maging alipin ng kalikasang iyan! Anong laking kamangmangan at kahangalan ang sumamba at humanga sa kalikasan, samantalang ginawa tayong mga panginoon niyan ng Diyos sa Kaniyang kabutihan. Ang kapangyarihan ng Diyos ay nakikita ng lahat, gayumpaman, ang mga tao ay nagpipikit ng kanilang mga mata at hindi nila nakikita iyon. Ang Araw ng Katotohanan ay sumikat sa lahat ng Kaniyang kaningningan, subalit ang taong nakapikit na mabuti ang mga mata ay hindi mangyaring makakita sa Kaniyang luwalhati! Mataimtim kong dalangin sa Diyos na sa pamamagitan ng Kaniyang Habag at Masintahing Kagandahang-loob ay mangyari sanang kayong lahat ay magkaisa, at mapuspos ng walang-hanggang ligaya.
I beseech you, one and all, to add your prayers to mine to the end that war and bloodshed may cease, and that love, friendship, peace and unity may reign in the world.	Hinihingi ko sa inyo, isa at lahat, na idagdag ang inyong mga panalangin sa aking mga dasalin na mangyari sanang ang digmaan at pagbaha ng dugo ay matigil, at ang pag-ibig, pagkakaibigan, kapayapaan at pagkakaisa ay siya nawang maghari sa mundo.
All down the ages we see how blood has stained the surface of the earth; but now a ray of greater light has come, man's intelligence is greater, spirituality is beginning to grow, and a time is surely coming when the religions of the world will be at peace. Let us leave the discordant arguments concerning outward forms, and let us join together to hasten forward the Divine Cause of unity, until all humanity knows itself to be one family, joined together in love.	Sa lahat ng panahon ay nakita natin kung paanong binahiran ng dugo ang mukha ng lupa; subalit ngayon ang isang sinag ng dakilang liwanag ay dumatal, ang talino ng tao ay lalong dakila, ang espirituwalidad ay nagsimulang lumago, at <i>tiyak</i> na darating na ang isang panahong ang lahat ng mga relihiyon sa daigdig ay malalagay na sa kapayapaan. Iwan natin ang hidwaang mga pagtatalo hinggil sa panlabas na mga anyo, at tayong lahat ay magsama-sama sa pagtataguyod sa Banal na Kapakanan ng pagkakaisa, hanggang sa matalastas ng buong sangkatauhan sa sarili nito na ito ay isang pamilya, nabubuklod na sama-sama sa pag-ibig.
• • •	
Part Two	BAHAGI II
The Eleven Principles out of the Teaching of Bahá'u'lláh, Explained by 'Abdu'l-Bahá in Paris.	Ang Labing-isang Simulain mula sa mga Aral ni Bahá'u'lláh, ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá sa Paris.
<i>The Search after Truth.</i> <i>The Unity of Mankind.</i> <i>Religion ought to be the Cause of Love and Affection</i> (Not given separately). <i>The Unity of Religion and Science.</i> <i>Abolition of Prejudices.</i> <i>Equalization of Means of Existence.</i> <i>Equality of Men before the Law.</i>	<i>Ang Paghahanap sa Katotohanan.</i> <i>Ang Pagkakaisa ng mga Tao.</i> <i>Ang Relihiyon ay dapat na siyang maging Sanhi ng Pag-ibig at Pagmamahal.</i> (Hindi ibinigay nang hiwalay). <i>Ang Pagkakaisa ng Relihiyon at Agham.</i> <i>Pag-aalis ng mga Paniniwalang walang batayan.</i>

<i>Universal Peace.</i> <i>Noninterference of Religion and Politics.</i> <i>Equality of Sex—Education of Women.</i> <i>The Power of the Holy Spirit.</i>	<i>Pagpapantay ng mga Paraan ng Ikabubuhay.</i> <i>Pagkakapantay-pantay ng mga Tao sa harap ng Batas.</i> <i>Pandaigdig na Kapayapaan.</i> <i>Di-pakialamanan ng Relihiyon at Politika.</i> <i>Pagkakapantay-pantay ng Kasarian—Edukasyon ng mga Babae.</i> <i>Ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo.</i>
– 40 –	40
Theosophical Society, Paris	Samahang Teosopiko, Paris
Since my arrival in Paris, I have been told of the Theosophical Society, and I know that it is composed of honored and respected men. You are men of intellect and thought, men with spiritual ideals, and it is a great pleasure for me to be among you.	Mula pa ng pagdating ko sa Paris ay nasabihan na ako tungkol sa Samahang Teosopikal, at batid kong iyon ay binubuo ng mararantal at iginagalang na mga tao. Kayo ay mga taong may talino at kaisipan, mga taong may mga simulaing espirital, at isang malaking kasiyahan para sa akin ang mapasainyong piling.
Let us thank God who has drawn us together this evening. It gives me great joy, for I see that you are seekers after truth. You are not held in bondage by the chains of prejudice, and your greatest longing is to know the truth. Truth may be likened to the sun! The sun is the luminous body that disperses all shadows; in the same way does truth scatter the shadows of our imagination. As the sun gives life to the body of humanity so does truth give life to their souls. Truth is a sun that rises from different points on the horizon.	Ating pasalamatan ang Diyos na siyang nagtipon sa atin ngayong gabi. Ito ay nagdulot sa akin ng malaking kagalakan, sapagkat nakikita kong kayo ay nagsisipaghanap ng katotohanan. Kayo ay hindi nagagapos ng mga tanikalang mga paniniwalang walang batayan at ang inyong dakilang hangarin ay ang malaman ang katotohanan. Ang katotohanan ay maihahalintulad sa araw! Ang araw ay siyang maluningning na katawang pumapawi sa lahat ng mga anino ng karimlan; sa gayunding paraan, ang katotohanan ay nagpapasabog sa mga anino ng ating paghahaka. Kung papaanong ang araw ay nagbibigay-buhay sa katawan ng sangkatauhan, sa gayunding kaparaanan ang katotohanan ay nagbibigay-buhay sa kanilang mga kaluluwa. Ang katotohanan ay isang araw na sumisikat mula sa iba't ibang dako ng tagpuang-guhit.
Sometimes the sun rises from the center of the horizon, then in summer it rises farther north, in winter farther south—but it is always the self-same sun, however different are the points of its rising.	Kung minsan ang araw ay sumisikat mula sa kalagitnaan ng tagpuang-guhit, sa tag-init ito ay sumisikat sa malayong hilaga, sa taglamig, sa malayong timog—subalit ito ay ang lagi nang ang dating araw, gaano man ang pagkakaiba ng mga dakong sinisikatan nito.
In like manner truth is one, although its manifestations may be very different. Some men have eyes and see. These worship the sun, no matter from which point on the horizon it may dawn; and when the sun has left the winter sky to appear in the summer one, they know how to find it again. Others there are who worship only the spot from which the sun arose, and when it arises in its glory from another place they remain in contemplation before the spot of its former rising. Alas! these men are deprived of the blessings of the sun. Those who in truth adore the sun itself will recognize it from whatsoever dawning-place it may appear, and will straightway turn their faces towards its radiance.	Sa gayunding kaparaanan, ang katotohanan ay iisa, bagaman ang mga pagpapakilala nito ay maaaring lubhang magkakaiba. Ang ilang mga tao ay may mga mata at nakakikita. Ang mga taong ito ay sumasamba sa araw, maging saan mang dako ng tagpuang-guhit ito magliwayway; at kapag ang araw ay lumisan sa taglamig na kalangitan upang lumitaw sa isang katag-arawan, nababatid nila kung papaanong ito ay muling matatagpuan. May mga iba namang sumasamba lamang sa pook na sinisikatan ng araw, at kapag ito ay sumikat sa kaluwalhatian mula sa ibang lugar, sila ay nananatili sa pagnunuyoy sa pook na dating sinisikatan nito. At sa wakas! Ang mga taong ito ay pinagkaitan ng mga

	pagpapala ng araw. Yaong sa katotohanan ay sumasamba lamang sa araw ay kikilala rito sa maging saan mang sinisikatang-dako ito lumitaw, at tuwirang ibabaling nila ang kanilang mga mukha paharap sa aluningningan nito.
We must adore the sun itself and not merely the place of its appearance. In the same way men of enlightened heart worship truth on whatever horizon it appears. They are not bound by personality, but they follow the truth, and are able to recognize it no matter from whence it may come. It is this same truth which helps humanity to progress, which gives life to all created beings, for it is the Tree of Life!	Dapat nating sambahin ang araw at hindi lamang ang lugar na kaniyang pinamimitakan. Sa gayunding paraan ang mga tao na may naliliwanagang puso ay sumasamba sa katotohanan sa maging saan mang tagpuang-guhit ito lumitaw. Hindi sila nahahangganan ng personalidad kundi sinusundan nila ang katotohanan, at nangyayaring kanilang nakikilala ito saanman ito nagmula. Iyon din ang dating katotohanang tumulong sa sangkatauhan sa pag-unlad, na nagbibigay-buhay sa lahat ng mga lalang na nilikha, sapagkat iyon ang Punongkahoy ng Buhay!
In His teaching Bahá'u'lláh gives us the explanation of truth, and I wish to speak to you briefly about this, for I see that you are capable of understanding.	Sa Kaniyang mga aral ay ibinigay sa atin ni Bahá'u'lláh ang paliwanag ng katotohanan, at nais kong magsalita sa inyo nang maikli hinggil dito, sapagkat nakikita kong kayo ay may kakayahang umunawa.
The first principle of Bahá'u'lláh is:	Ang unang simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>The Search for Truth</i>	<i>Ang Paghahanap sa Katotohanan</i>
Man must cut himself free from all prejudice and from the result of his own imagination, so that he may be able to search for truth unhindered. Truth is one in all religions, and by means of it the unity of the world can be realized.	Ang tao ay dapat na maglayo ng kaniyang sarili sa lahat ng mga walang-batayang paniniwala at mula sa bunga ng kaniyang sariling haka, upang mangyaring mahanap niya ang katotohanan nang walang sagabal. Ang katotohanan ay iisa sa lahat ng relihiyon, at sa pamamagitan nito, ang pagkakaisa ng daigdig ay maaaring maganap.
All the peoples have a fundamental belief in common. Being one, truth cannot be divided, and the differences that appear to exist among the nations only result from their attachment to prejudice. If only men would search out truth, they would find themselves united.	Ang lahat ng mga mamamayan ay may isang pangunahing paniniwalang nagkakaisa. Sa pagiging isa, ang katotohanan ay hindi mahahati, at ang mga pagkakaiba na lumilitaw na umiiral sa lahat ng mga bansa ay nagmumula lamang sa kanilang panghahawakan sa mga walang-batayang paniniwala. Kung ang mga tao lamang ay hahanap sa katotohanan. Matutuklasan nilang sila ay nangagkakaisa.
The second principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikalawang simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>The Unity of Mankind</i>	<i>Ang pagkakaisa ng mga Tao</i>
The one all-loving God bestows His divine Grace and Favor on all mankind; one and all are servants of the Most High, and His Goodness, Mercy and loving Kindness are showered upon all His creatures. The glory of humanity is the heritage of each one.	Ang tanging sa lahat na masintahing Diyos ay nagkaloob ng Kaniyang Biyaya at Paglingap sa lahat ng mga tao; ang isa at lahat ay mga tagapaglinkod ng Pinakadakila, at ng Kaniyang Kabutihan, ang Habag at masintahing Kagandahang-Loob ay isinabog sa lahat ng Kaniyang mga nilalang. Ang kaluwalhatian ng sangkatauhan ay siyang minamana ng bawat isa.
All men are the leaves and fruit of one same tree, they are all branches of the tree of Adam, they all have the same origin. The same rain has fallen upon them all, the same warm sun makes them grow, they are all refreshed by the same breeze. The only differences that exist and that keep them apart are these: there are the children who need guidance, the ignorant to be instructed, the sick to be tended and healed; thus, I say that the whole of humanity is enveloped by the Mercy and Grace of	Ang lahat ng mga tao ay siyang mga dahon at bunga ng iisa ring puno, lahat sila ay mga sanga ng puno ni Adan, lahat sila ay buhat sa isang pinagmulan. Iisang ulan ang pumatak sa kanilang lahat, iisang mainit na araw ang siyang nagpalago sa kanila, silang lahat ay pinananariwa ng iisang amihan. Ang tanging mga pagkakaibang umiiral at nagwawalay sa kanila ay ang mga ito: mayroong mga batang nangangailangan ng patnubay; mga mangmang na kailangang turuan, mga maysakit na

God. As the Holy Writings tell us: All men are equal before God. He is no respecter of persons.	kailangang alagaan at pagalingin; anupa't sinabi kong ang buong sangkatauhan ay nalulukuban ng Awa at Biyaya ng Diyos. Gaya ng sinasabi sa atin ng mga Banal na Kasulatan: Ang lahat ng mga tao ay pantay-pantay sa harap ng Diyos. Siya ay walang itinatanging mga tao.
The third principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikatlong simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>Religion should be the Cause of Love and Affection</i>	<i>Ang Relihiyon ay siyang dapat na maging Sanhi ng Pag-ibig at Pagmamahal</i>
Religion should unite all hearts and cause wars and disputes to vanish from the face of the earth, give birth to spirituality, and bring life and light to each heart. If religion becomes a cause of dislike, hatred and division, it were better to be without it, and to withdraw from such a religion would be a truly religious act. For it is clear that the purpose of a remedy is to cure; but if the remedy should only aggravate the complaint it had better be left alone. Any religion which is not a cause of love and unity is no religion. All the holy prophets were as doctors to the soul; they gave prescriptions for the healing of mankind; thus any remedy that causes disease does not come from the great and supreme Physician.	Dapat na pagkaisahin ng relihiyon ang lahat ng mga puso at alisin ang lahat ng mga digmaan at paglalaban-laban nang mawala sa mukha ng sangkalupaan, magbigay-daan sa pagsilang ng espiritalidad, at magbigay-buhay at liwanag sa bawat puso. Kapag ang relihiyon ay naging isang dahilan ng pagkamuhi, pagkapoot at pagkakawatak-watak, mabuti pang nawala na ito, at ang paghiwalay sa ganiyang relihiyon ay maituturing na isa pa ngang tunay na hakbang na relihiyoso. Sapagkat maliwanag na ang layunin ng isang panlunas ay ang magpagaling; ngunit kung ang panlunas ay magpapalubha lamang sa idinadaing na sakit, mabuti pa ngang ang karamdamang iyon ay pabayaang na lamang. Alinmang relihiyong hindi maaaring maging dahilan ng pag-ibig at pagkakaisa ay hindi relihiyon. Ang lahat ng mga banal na propeta ay kagaya ng mga manggagamot sa mga kaluluwa; nagbibigay sila ng mga reseta sa ikagagaling ng mga tao; anupa't ang alinmang panlunas na nagbubunga ng sakit ay hindi nagmumula sa dakila at katas-taasang Manggagamot.
The fourth principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikaapat na simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>The Unity of Religion and Science</i>	<i>Ang Pagkakaisa ng Relihiyon at Agham</i>
We may think of science as one wing and religion as the other; a bird needs two wings for flight, one alone would be useless. Any religion that contradicts science or that is opposed to it, is only ignorance—for ignorance is the opposite of knowledge.	Maaaring isipin natin ang agham bilang isang bagwis at ang relihiyon ang isa pang bagwis; ang isang ibon ay nangangailangan ng dalawang bagwis upang makalipad, ang isa lamang ay magiging walang kabuluhan. Ang alinmang relihiyon na sumasalungat sa agham o laban dito, ay isa lamang kamangmangan—sapagkat ang kamangmangan ay siyang katuwas ng karunungan.
Religion which consists only of rites and ceremonies of prejudice is not the truth. Let us earnestly endeavor to be the means of uniting religion and science.	Ang relihiyon na binubuo lamang ng mga ritwal at mga seremonya ng walang-batayang paniniwala ay hindi siyang katotohanan. Masigasig na pakasikapin nating maging daan tayo ng pagbubuklod ng relihiyon at agham.
‘Alí, the son-in-law of Muḥammad, said: “That which is in conformity with science is also in conformity with religion.” Whatever the intelligence of man cannot understand, religion ought not to accept. Religion and science walk hand in hand, and any religion contrary to science is not the truth.	Si ‘Alí, ang manugang ni Muḥammad, ay nagsabi: “Anumang naaalinsunod sa agham ay naaalinsunod rin sa relihiyon.” Anumang hindi maunawaan ng katalinuhan ng tao ay hindi dapat tanggapin ng relihiyon. Ang relihiyon at ang agham ay lumalakad nang magkaakbay, at ang alinmang relihiyong laban sa agham ay hindi siyang katotohanan.
The fifth principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikalimang simulain ni Bahá'u'lláh ay:

<i>Prejudices of Religion, Race or Sect destroy the foundation of Humanity</i>	<i>Ang Walang Batayang mga Pagkiling ukol sa Relihiyon, Lahi o Sekta ay winawasak ng pundasyon ng Sangkatauhan</i>
All the divisions in the world, hatred, war and bloodshed, are caused by one or other of these prejudices.	Ang lahat ng mga pagkakahati-hati sa daigdig, pag-aalitan, digmaan at pagbaha ng dugo, ay bunga ng isa o alinman sa mga walang-batayang pagkiling na ito.
The whole world must be looked upon as one single country, all the nations as one nation, all men as belonging to one race. Religions, races, and nations are all divisions of man's making only, and are necessary only in his thought; before God there are neither Persians, Arabs, French nor English; God is God for all, and to Him all creation is one. We must obey God, and strive to follow Him by leaving all our prejudices and bringing about peace on earth.	Ang buong daigdig ay dapat na ituring bilang iisang bayan, ang lahat ng mga bansa bilang iisang bansa, ang lahat ng mga tao bilang nabubuo ng isang lahi. Ang mga relihiyon, mga lahi, at mga bansa ay para-parang paghahating gawa lamang ng tao, at kinakailangan lamang ayon sa kaniyang kaisipan; sa harap ng Diyos ay wala niyang mga Persiyano, mga Arabe, nga Pranses ni Ingles; ang Diyos ay Diyos para sa lahat, at sa Kaniya ang lahat ng sangnilikha ay iisa. Kailangang sumunod tayo sa Diyos, at maglunggating sundin Siya sa pamamagitan ng pagtatakwil sa lahat ng mga walang-batayang paniniwala at pagdadala ng kapayapaan sa lupa.
The sixth principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikaanim na simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>Equal opportunity of the means of Existence</i>	<i>Pantay na pagkakataon ng mga paraan ng ikabubuhay</i>
Every human being has the right to live; they have a right to rest, and to a certain amount of well-being. As a rich man is able to live in his palace surrounded by luxury and the greatest comfort, so should a poor man be able to have the necessities of life. Nobody should die of hunger; everybody should have sufficient clothing; one man should not live in excess while another has no possible means of existence.	Ang bawat nilikha ay may karapatang mabuhay; may karapatan siyang mamahinga, at sa isang bahagi ng kagalingan sa buhay. Kung papaanong ang isang taong mayaman ay nangyayaring mabuhay sa kaniyang palasyong naliligid ng karangyaan at ng sukdulang kaginhawahan, sa gayunding paraan, ang isang taong mahirap ay dapat mangyaring makapagtamo ng mga pangangailangan niya sa buhay. Wala sinumang dapat na mamatay ng gutom; ang bawat isa ay dapat magkaroon ng sapat na pananamit; ang isang tao ay hindi dapat mamuhay nang labis samantalang ang iba ay walang maaaring pagkunan ng ikabubuhay.
Let us try with all the strength we have to bring about happier conditions, so that no single soul may be destitute.	Sikapin natin sa abot ng ating kaya na makapagdulot ng mabuti-buting mga kalagayan, upang wala isa mang kaluluwang maging abang-aba.
The seventh principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikapitong simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>The Equality of Men—equality before the Law</i>	<i>Ang Pagkakapantay-pantay ng mga Tao—pagkakapantay-pantay sa harap ng Batas</i>
The Law must reign, and not the individual; thus will the world become a place of beauty and true brotherhood will be realized. Having attained solidarity, men will have found truth.	Ang Batas ay dapat na makapangyari, at hindi ang tao; anupa't sa ganiyang paraan ang daigdig ay magiging isang pook na karikitan at ang totooanang pagkakapatiran ay makikilala. Sa pagtatamo ng pagkakaisa, ang mga tao ay makatatagpo ng katotohanan.
The eighth principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikawalong simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>Universal Peace</i>	<i>Pandaigdig na Kapayapaan</i>
A Supreme Tribunal shall be elected by the peoples and governments of every nation, where members from each country and government shall assemble in unity. All	Isang Kataas-taasang Hukuman ang ihahalal ng mga mamamayan at mga pamahalaan ng bawat bansa, at dito ang mga kagawad buhat sa bawat bansa at pamahalaan ay magtitipun-tipon sa pagkakaisa. Ang lahat ng mga

disputes shall be brought before this Court, its mission being to prevent war.	sigalot ay ihaharap sa Hukumang ito na ang misyon ay ang pag-iwas sa digma.
The ninth principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikasiyam na simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>That Religion should not concern itself with Political Questions</i>	<i>Na ang Relihiyon ay hindi dapat makialam sa mga Suliraning Pampolitika</i>
Religion is concerned with things of the spirit, politics with things of the world. Religion has to work with the world of thought, whilst the field of politics lies with the world of external conditions.	Ang relihiyon ay may kinalaman sa mga bagay ng espiritu, ang politika sa mga bagay ng daigdig. Ang relihiyon ay kailangang gumawang kaabay ang daigdig ng kaisipan, samantalang ang larangan ng politika ay nababatay sa daigdig ng panlabas na mga kalagayan.
It is the work of the clergy to educate the people, to instruct them, to give them good advice and teaching so that they may progress spiritually. With political questions they have nothing to do.	Tungkulin ng mga pari ang magpanuto sa mga mamamayan, magturo sa kanila, magbigay sa kanila ng mabubuting payo at aral upang sila ay umunlad sa espiritu. Sa mga suliraning pampolitika, sila ay walang kinalaman.
The tenth principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikasampung simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>Education and Instruction of Women</i>	<i>Kapanutuhan at Pagtuturo sa mga Babae</i>
Women have equal rights with men upon earth; in religion and society they are a very important element. As long as women are prevented from attaining their highest possibilities, so long will men be unable to achieve the greatness which might be theirs.	Ang mga babae ay may pantay na mga karapatan sa mga lalaki sa ibabaw ng lupa; sa relihiyon at sa lipunan ay lubhang mahalaga silang sangkap. Habang ang mga babae ay hinahadlangan sa pagtatamo ng kanilang pinakamataas na mga hangarin, ang mga lalaki ay hindi mangyayaring makamit ang kadakilaang maaaring maging kanila.
The eleventh principle of Bahá'u'lláh is:	Ang ikalabing-isang simulain ni Bahá'u'lláh ay:
<i>The Power of the Holy Spirit, by which alone Spiritual Development is achieved</i>	<i>Ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo na sa pamamagitan lamang nito maaaring makamit ang Pagpapaunlad na Espiritwal</i>
It is only by the breath of the Holy Spirit that spiritual development can come about. No matter how the material world may progress, no matter how splendidly it may adorn itself, it can never be anything but a lifeless body unless the soul is within, for it is the soul that animates the body; the body alone has no real significance. Deprived of the blessings of the Holy Spirit the material body would be inert.	Tanging sa pamamagitan lamang ng hininga ng Espiritu Santo maaaring ang pagpapaunlad na espirital ay matamo. Sa paano mang paraang ang daigdig na materyal ay umunlad, sa paano mang ito ay kahanga-hangang magpalamuti sa sarili nito, ito ay hindi mangyayaring kailanmang maging isang bagay na hihigit pa sa isang katawang walang buhay maliban kung ang kaluluwa ay nasa loob, sapagkat ang kaluluwa ang siyang nagbibigay-buhay sa katawan; ang katawan lamang ay walang tunay na kabuluhan. Kapag pinagkaitan ng mga biyaya ng Espiritu Santo, ang katawang materyal ay magiging walang buhay.
Here are, very briefly explained, some of the principles of Bahá'u'lláh.	Narito, sa maikling paliwanag, ang ilan sa mga simulain ni Bahá'u'lláh.
In short, it behooves us all to be lovers of truth. Let us seek her in every season and in every country, being careful never to attach ourselves to personalities. Let us see the light wherever it shines, and may we be enabled to recognize the light of truth no matter where it may arise. Let us inhale the perfume of the rose from the midst of thorns which surround it; let us drink the running water from every pure spring.	Sa maikling sabi, hinihingi sa ating lahat na tayo ay maging tagapagmahal ng katotohanan. Hanapin natin ito sa bawat panahon at sa bawat bansa, at pag-ingatang kailanman ay huwag tayong makapanghawakan sa mga personalidad. Malasin natin ang liwanag saan man ito sumikat, at mangyari sanang makilala natin ang liwanag ng katotohanan maging saan man ito lumitaw. Ating samyuin ang pabango ng rosas mula sa sinapupunan ng

	mga tinik na nakapaligid rito; ating inumin ang tubig na dumadaloy mula sa bawat batisang malinis.
Since I arrived in Paris, it has given me much pleasure to meet such Parisians as you are, for praise be to God, you are intelligent, unprejudiced, and you long to know the truth. You have in your hearts the love of humanity, and as far as you are able, you exert yourselves in the cause of charitable work and in the bringing about of unity; this is especially what Bahá'u'lláh desired.	Buhat ng ako ay dumating sa Paris, nasisiyahan akong labis sa pakikipagtagpo ko sa mga Parisiyanong katulad ninyo, 'pagkat salamat sa Diyos, kayo ay matatalino, di-pinananaigan ng walang-batayang paniniwala, at kayo ay nagsisipagmithing makaalam ng katotohanan. Nasa inyong mga puso ang pag-ibig sa sangkatauhan, at sa abot ng inyong kaya, sinisikap ninyo sa inyong mga sarili na makagawa sa kapakanan ng kawanggawa at sa pagdudulot ng pagkakaisa; ito ang higit sa lahat ay siyang ninanais ni Bahá'u'lláh.
It is for this reason that I am so happy to be among you, and I pray for you, that you may be receptacles for the Blessings of God, and that you may be the means of spreading spirituality throughout this country.	Sa dahilang ito kung kaya ako ay naliligayahan sa inyong piling, at nananalangin ako para sa inyo, na ako ay maging sisidlan para sa mga Pagpapala ng Diyos, at kayo sana ay maging daan ng pagpapalaganap ng espiritalidad sa buong bansa.
You already have a wonderful material civilization and in like manner shall spiritual civilization be yours.	Kayo ay mayroon nang isang kahanga-hangang kabihasnang materyal at sa gayunding kaparaanan ang kabihasnang espirital ay sasainyo.
<i>Monsieur Bleck thanked 'Abdu'l-Bahá, and He replied:</i>	<i>Si Ginoong Bleck ay nagpapasalamat kay 'Abdu'l-Bahá, at Siya ay tumugon:</i>
"I am very grateful to you for the kind sentiments which you have just uttered. I hope that these two movements will erelong be spread all over the earth. Then will the unity of humanity have pitched its tent in the center of the world."	"Ako ay labis na nagpapasalamat sa iyo dahil sa iyong magagandang damdaming kababanggit pa lamang. Inaasahan kong ang dalawang kilusang ito ay hindi malalaunan at mapalalaganap sa buong kalupaan. Kung magkagayon na, ang pagkakaisa ng sangkatauhan ay makapagtatayo na ng tolda sa kalagitnaan ng daigdig."
– 41 –	41
The First Principle—Search after Truth	Ang Unang Simulain—Ang Paghanap sa Katotohanan
4 Avenue de Camoëns, Paris,	4 Avenue de Camoëns, Paris,
November 10th	<i>Nobyembre 10</i>
The first principle of the Teaching of Bahá'u'lláh is:	Ang unang simulain ng Aral ni Bahá'u'lláh ay:
<i>The Search after Truth</i>	<i>Ang Paghahanap sa Katotohanan</i>
If a man would succeed in his search after truth, he must, in the first place, shut his eyes to all the traditional superstitions of the past.	Upang ang isang tao ay magtagumpay sa kaniyang paghahanap sa katotohanan, kailangan niya, sa unang dako, na ipikit ang kaniyang mga mata sa lahat ng mga kinagisnang pamahiin ng lumipas na panahon.
The Jews have traditional superstitions, the Buddhists and the Zoroastrians are not free from them, neither are the Christians! All religions have gradually become bound by tradition and dogma.	Ang mga Hudyo ay may kinamulang mga pamahiin, ang mga Budista at ang mga Zoroastriyano ay hindi ligtas sa mga iyon, maging ang mga Kristiyanong man! Ang lahat ng mga relihiyon ay unti-unting mapaligiran ng tradisyon at dogma.

All consider themselves, respectively, the only guardians of the truth, and that every other religion is composed of errors. They themselves are right, all others are wrong! The Jews believe that they are the only possessors of the truth and condemn all other religions. The Christians affirm that their religion is the only true one, that all others are false. Likewise the Buddhists and Muhammadans; all limit themselves. If all condemn one another, where shall we search for truth? All contradicting one another, all cannot be true. If each believe his particular religion to be the only true one, he blinds his eyes to the truth in the others. If, for instance, a Jew is bound by the external practice of the religion of Israel, he does not permit himself to perceive that truth <i>can</i> exist in any other religion; it must be <i>all</i> contained in his own!	Ang lahat ay nagtuturing sa kanilang mga sarili, sa kaukulan, na tanging mga tagapangalaga ng katotohanan, at ang bawat ibang relihiyon ay binubuo ng mga kamalian. Sila lamang ang tama, ang lahat ng iba ay mali! Ang mga Hudyo ay naniniwalang sila lamang ang tanging nag-aangkin ng katotohanan at isinusumpa ang lahat ng iba pang mga relihiyon. Ang mga Kristiyano ay nagpapatunay na ang kanilang relihiyon ay siyang tanging totoo, na ang lahat ng iba pa ay hindi totoo. Gayundin, ang mga Budista at mga Muhammadan; ang lahat ay nagbibigay-hanggan sa kanilang mga sarili. Kung ang lahat ay magsusumpa sa isa't isa, saan tayo hahanap ng katotohanan? Ang lahat ay naglalaban-laban sa isa't isa, ang lahat ay hindi maaaring maging totoo. Kung ang bawat isa ay naniniwala na ang kaniya lamang relihiyon ang siyang tanging totoo, binubulag niya ang kaniyang mga mata sa katotohanang nasa mga iba. Kung, halimbawa, ang isang Hudyo ay nagagapos ng panlabas na gawi ng relihiyon ng Israel, hindi niya tinutulutan ang kaniyang sarili na mahulo na ang katotohanan ay <i>maaaring</i> umiral sa iba pang relihiyon; iyon ay dapat na mapalaman lahat sa kaniyang sariling relihiyon lamang.
We should, therefore, detach ourselves from the external forms and practices of religion. We must realize that these forms and practices, however beautiful, are but garments clothing the warm heart and the living limbs of Divine truth. We must abandon the prejudices of tradition if we would succeed in finding the truth at the core of all religions. If a Zoroastrian believes that the Sun is God, how can he be united to other religions? While idolaters believe in their various idols, how can they understand the oneness of God?	Samakatwid ay dapat nating iwalay ang ating mga sarili sa panlabas na mga anyo at mga kalakaran o gawi ng relihiyon. Dapat nating matanto na nag mga anyo at gawaing ito, gaano man kaganda, ay mga kasuotang dumadamit lamang sa masiglang puso at sa buhay na mga paa't kamay ng Banal na katotohanan. Dapat nating talikdan ang walang-batayang paniniwala ng tradisyon kung nais nating pagtagumpayan ang pagtuklas sa katotohanan at sa ubod ng lahat ng mga relihiyon. Kung ang isang Zoroastriano ay naniniwala na ang Araw ay Diyos, papaano siya maaaring isanib sa ibang relihiyon? Samantalang ang mga sumasamba sa mga diyos-diyusan ay naniniwala sa kanilang iba't ibang diyos-diyusan, paano nila mauunawaan ang kaisahan ng Diyos?
It is, therefore, clear that in order to make any progress in the search after truth we must relinquish superstition. If all seekers would follow this principle they would obtain a clear vision of the truth.	Maliwanag, samakatwid, na upang makagawa ng anumang pag-unlad sa paghanap sa katotohanan ay nararapat nating iwaksi ang pamahiin. Kung ang lahat ng mga nagsisipaghanap ay susunod sa simulaing ito, makatatagpo sila ng isang maliwanag na haraya ng katotohanan.
If five people meet together to seek for truth, they must begin by cutting themselves free from all their own special conditions and renouncing all preconceived ideas. In order to find truth we must give up our prejudices, our own small trivial notions; an open receptive mind is essential. If our chalice is full of self, there is no room in it for the water of life. The fact that we imagine ourselves to be right and everybody else wrong is the greatest of all obstacles in the path towards unity, and unity is necessary if we would reach truth, for truth is <i>one</i>.	Kapag ang limang tao ay nagsama-sama sa paghanap sa katotohanan, kailangang magsimula sila sa pamamagitan ng pagpapalaya sa kanilang mga sarili sa lahat ng kanilang sariling tanging mga kalagayan at pagtalikod sa lahat ng kanilang dating mga palagay. Upang matagpuan ang katotohanan ay kailangang kalimutan ang ating mga walang-batayang paniniwala, ang ating sariling muni-muni at walang-saysay na mga haka-haka, ang isang bukas na kaisipan ay lubhang mahalaga. Kung ang ating kalis ay puno ng ating sarili, walang silid para sa tubig ng buhay. Ang pangyayaring dinadalumat natin na mali ay siyang pinakamali sa lahat ng mga sagwil sa landas na patungo sa pagkakaisa, at ang pagkakaisa ay kailangan kung nais nating marating ang katotohanan, sapagkat ang katotohanan ay iisa.

Therefore it is imperative that we should renounce our own particular prejudices and superstitions if we earnestly desire to seek the truth. Unless we make a distinction in our minds between dogma, superstition and prejudice on the one hand, and truth on the other, we cannot succeed. When we are in earnest in our search for anything we look for it everywhere. This principle we must carry out in our search for truth.	Samakatwid, kinakailangang talikuran natin ang ating sariling tanging walang-batayang paniniwala at mga pamahiin kung sadyang nais nating hanapin ang katotohanan. Maliban na lamang kung makikilala natin sa ating mga isipan ang pagkakaiba ng dogma, pamahiin at walang-batayang paniniwala sa isang dako, at ng katotohanan sa kabilang dako, tayo ay hindi makapagtatagumpay. Kapag tayo ay talagang masigasig sa ating paghanap sa anumang bagay, hinahanap natin iyon sa bawat panig. Ang simulaing ito ay dapat nating taglayin sa paghahanap natin ng katotohanan.
Science must be accepted. No one truth can contradict another truth. Light is good in whatsoever lamp it is burning! A rose is beautiful in whatsoever garden it may bloom! A star has the same radiance if it shines from the East or from the West. Be free from prejudice, so will you love the Sun of Truth from whatsoever point in the horizon it may arise! You will realize that if the Divine light of truth shone in Jesus Christ it also shone in Moses and in Buddha. The earnest seeker will arrive at this truth. This is what is meant by the “Search after Truth.”	Ang agham ay dapat na tanggapin. Walang isang katotohanang makasasalungat sa ibang katotohanan. Ang ilaw ay mabuti maging sa alinmang lampara ito nagniningas! Ang isang rosas ay maganda maging sa alinmang halaman ito namumukadkad! Ang isang bituin ay nag-aangkin ng iisang luningning kung ito man ay sumikat mula sa Silangan o mula sa Kanluran. Lumayo sa walang-batayang paniniwala sa gayon ay iibigin ninyo ang Araw ng Katotohanan maging sa alinmang panig ng tagpuang-guhit ito mamitak! Maaalagata ninyo na kung ang Banal na Liwanag ng katotohanan ay suminag kay Hesukristo, iyon ay suminag din kay Moises at kay Buddha. Ang masigasig na naghahanap ay makasasapit sa katotohanang ito. Ito ang ibig kahulugan sa “Paghahanap ng Katotohanan.”
It means, also, that we must be willing to clear away all that we have previously learned, all that would clog our steps on the way to truth; we must not shrink if necessary from beginning our education all over again. We must not allow our love for any one religion or any one personality to so blind our eyes that we become fettered by superstition! When we are freed from all these bonds, seeking with liberated minds, then shall we be able to arrive at our goal.	Nangangahulugan ding dapat tayo ang maging daan sa pagliwanag sa lahat ng ating natutunan, lahat ng makasasagabal sa ating mga hakbang sa landas na patungo sa katotohanan, hindi tayo dapat mag-atubili kung kinakailangan, sa pagsisimulang muli ng ating kapanutuhan. Hindi natin dapat tulutan ang ating pag-ibig para sa alinmang isang relihiyon o alinmang isang personalidad na bulagin ang ating mga mata at matalian ng pamahiin! Kapag tayo ay nakahulagpos sa lahat ng mga pagkakagapos na ito, maghahanap tayo ng may malayang mga kaisipan, saka pa lamang mangyayaring tayo ay makasasapit sa ating hantungan.
“Seek the truth, the truth shall make you free.” So shall we see the truth in all religions, for truth is in all and truth is one!	“Hanapin ang katotohanan, ang katotohanang siyang magpapalaya sa inyo.” Sa gayon ay makikita natin ang katotohanan sa lahat ng mga relihiyon, sapagkat ang katotohanan ay nasa lahat at ang katotohanan ay iisa!
– 42 –	42
The Second Principle—The Unity of Mankind	Ang Ikalawang Simulain—Ang Pagkakaisa ng mga Tao
November 11th	<i>Nobyembre 11</i>
I spoke yesterday of the first principle of the Teaching of Bahá'u'lláh, “The Search for Truth”; how it is necessary for a man to put aside all in the nature of superstition, and every tradition which would blind his eyes to the	Ako ay nagsalita kahapon tungkol sa unang simulain ng Aral ng Bahá'u'lláh, “Ang Paghanap sa Katotohanan”; kung paanong kailangan para sa isang tao ang isantabi ang lahat ng uri ng pamahiin, at ang bawat tradisyon na

existence of truth in all religions. He must not, while loving and clinging to one form of religion, permit himself to detest all others. It is essential that he search for truth in all religions, and, if his seeking be in earnest, he will assuredly succeed.	nakabubulag sa kaniyang mga mata sa pagkakaroon ng katotohanan sa lahat ng relihiyon. Siya ay hindi nararapat, samantalang nagmamahal ay nanghahawakan sa isang anyo ng relihiyon, na magpahintulot sa kaniyang sariling kamuhian ang lahat ng iba. Mahalagang hanapin niya ang katotohanan sa lahat ng mga relihiyon, at kung ang kaniyang paghahanap ay masigasig, siya ay tiyak na magtatagumpay.
Now the first discovery which we make in our “Search after Truth,” will lead us to the second principle, which is the “Unity of Mankind.” All men are servants of the One God. One God reigns over all the nations of the world and has pleasure in all His children. All men are of one family; the crown of humanity rests on the head of every human being.	Ngayon, ang unang pagtuklas na ating ginagawa sa ating “Paghanap sa Katotohanan,” ay aakay sa atin sa ikalawang simulain, ang “Pagkakaisa ng mga Tao.” Ang lahat ng tao ay mga tagapaglingkod ng Iisang Diyos. Iisang Diyos ang naghahari sa lahat ng mga bansa ng daigdig at may kasiyahan sa lahat ng Kaniyang mga anak. Ang lahat ng mga tao ay nabibilang sa iisang angkan, ang korona ng sangkatauhan ay nakaputong sa ulo ng bawat nilalang.
In the eyes of the Creator all His children are equal; His goodness is poured forth on all. He does not favor this nation nor that nation, all alike are His creatures. This being so, why should we make divisions, separating one race from another? Why should we create barriers of superstition and tradition bringing discord and hatred among the people?	Sa mga mata ng Lumikha ang lahat ng Kaniyang mga anak ay pantay-pantay; ang Kaniyang kabutihan ay ibinuhos sa lahat. Hindi Niya kinikilingan ang bansang ito o ang bansang iyon, ang lahat ay para-parang mga nilalang Niya. Sapagkat ito ang totoo, bakit tayo gagawa ng mga paghahati-hati, iwawalay ang isang lahi sa iba? Bakit tayo lilikha ng mga hadlang ng pamahin at tradisyon na magdudulot ng hidwaan at pagkamuhi sa mga mamamayan?
The only difference between members of the human family is that of degree. Some are like children who are ignorant, and must be educated until they arrive at maturity. Some are like the sick and must be treated with tenderness and care. None are bad or evil! We must not be repelled by these poor children. We must treat them with great kindness, teaching the ignorant and tenderly nursing the sick.	Ang tanging pagkakaiba sa pagitan ng mga kagawad ng isang mag-anak na tao ay yaong nahihinggil sa antas. Ang ilan ay katulad ng mga batang mangmang, at dapat na turuan hanggang sa makasapit sila sa kagulangan. Ang ilan ay kagaya ng maysakit at dapat na gamutin nang buong paglingap at alagaan. Walang mali o masama! Hindi tayo dapat masuklam sa kawawang mga batang ito. Kailangan pakitunguhan natin sila ng buong kabaitan, turuan ang mangmang at magiliw na alagaan ang maysakit.
Consider: Unity is necessary to existence. Love is the very cause of life; on the other hand, separation brings death. In the world of material creation, for instance, all things owe their actual life to unity. The elements which compose wood, mineral, or stone, are held together by the law of attraction. If this law should cease for one moment to operate these elements would not hold together, they would fall apart, and the object would in that particular form cease to exist. The law of attraction has brought together certain elements in the form of this beautiful flower, but when that attraction is withdrawn from this center the flower will decompose, and, as a flower, cease to exist.	Alagatain: Ang pagkakaisa ay kailangan sa pagkabuhay. Ang pag-ibig ay siyang pinakadahilan ng buhay; sa kabilang dako, ang paghihiwalay ay nagbubunga ng kamatayan. Sa daigdig ng sangnilikhang materyal, halimbawa, ang lahat ng mga bagay ay utang ang angking buhay sa pagkakaisa. Ang mga sangkap na bumubuo sa kahoy, mineral, o bato, ay nagsasanib-sanib sa pamamagitan ng batas na pang-akit. Kung ang batas na ito ay mawawala nang kahit isang saglit, ang mga sangkap na ito ay hindi na magkakadikit-dikit, ang mga ito ay maghihiwalay, at ang kabagayan sa gayong naturang anyo ay hindi mananatili. Ang batas ng pang-akit ang nagbubuklod sa ilang sangkap sa anyo ng magandang bulaklak na ito, ngunit kapag ang pag-akit na iyon ay nawala sa ubod, ang bulaklak ay mangungulunttoy, at bilang isang bulaklak, ito ay mawawala na.
So it is with the great body of humanity. The wonderful Law of Attraction, Harmony and Unity, holds together this marvelous Creation.	Ganiyan din ang mangyayari sa dakilang katawan ng tao. Ang kahanga-hangang Batas ng Pang-akit, Pagkakasundo at Pagkakaisa ang siyang nagsasanib sa kataka-takang Sangnilikha.

As with the whole, so with the parts; whether a flower or a human body, when the attracting principle is withdrawn from it, the flower or the man dies. It is therefore clear that attraction, harmony, unity and Love, are the cause of life, whereas repulsion, discord, hatred and separation bring death.	Kagaya rin ng sa kabuuan, gayundin ang sa mga bahagi; maging isang bulaklak o isang katawang-tao, kapag ang simulaing umaakit ay binawi rito, ang bulaklak o ang tao ay mamamatay. Maliwanag, samakatwid, na ang pang-akit, pagkakasundo, pagkakaisa at Pag-ibig ay siyang dahilan ng buhay, samantalang ang pagkakagalit, paghihiidwaan, pagkapoot at paghihiwalay ay nagbubunga ng kamatayan.
We have seen that whatever brings division into the world of existence causes death. Likewise in the world of the spirit does the same law operate.	Nakita natin na anuman ang magdala ng paghahati-hati sa daigdig ng pagkabuhay ay nagbubunga ng kamatayan. Sa daigdig man ng espiritu ang batas na iyan ay siya ring umiiral.
Therefore should every servant of the One God be obedient to the law of love, avoiding all hatred, discord, and strife. We find when we observe nature, that the gentler animals group themselves together into flocks and herds, whereas the savage, ferocious creatures, such as the lion, the tiger, and the wolf, live in wild forests, apart from civilization. Two wolves, or two lions, may live amicably together; but a thousand lambs may share the same fold and a large number of deer can form one herd. Two eagles can dwell in the same place, but a thousand doves can gather into one habitation.	Samakatwid, ang bawat tagapaglingkod ng Iisang Diyos ay dapat maging masunurin sa batas ng pag-ibig, umiwas sa lahat ng pagkamuhi, sigalot at tunggalian. Makikita natin kapag ating minamasdan ang kalikasan, na ang maamong hayop ay nagtitipong sama-sama sa mga kawan at mga pastulin, samantalang ang mababangis, mapanilang mga nilikha, tulad ng leon, ng tigre, at ng lobo, ay naninirahan sa masukal na mga kagubatan, malayo sa kabihasan. Ang dalawang lobo, o dalawang leon, ay maaaring magsamang maayos, datapwat ang isang libong tupa ay maaaring magsama-sama sa iisang kawan at ang isang malaking bilang ng mga usa ay maaaring bumuo ng isang pastulin. Ang dalawang agila ay maaaring manahan sa iisang lugar, subalit ang isang libong kalapati ay maaaring magtipon sa isang tirahan.
Man should, at least, be numbered among the gentler animals; but when he becomes ferocious he is more cruel and malicious than the most savage of the animal creation!	Ang tao ay dapat, sana man lamang, na mapabilang sa maaamong hayop; ngunit kapag siya ay nagiging mabangis, siya ay higit na malupit at mapag-imbot kaysa sa pinakamabangis ng sangnilikhang hayop!
Now Bahá'u'lláh has proclaimed the "Unity of the World of Mankind." All peoples and nations are of one family, the children of one Father, and should be to one another as brothers and sisters! I hope that you will endeavor in your lives to show forth and spread this teaching.	Ngayon ay ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang "Pagkakaisa ng Daigdig ng Sangkatauhan." Ang lahat ng mga mamamayan at mga bansa ay kabilang sa iisang mag-aanak, mga anak ng iisang Ama, at dapat na sa isa't isa ay magkakapatid na lalaki at magkakapatid na babae! Inaasahan ko na magsisikap kayo sa inyong mga buhay na ipakita at palaganapin ang aral na ito.
Bahá'u'lláh said that we should love even our enemies and be to them as friends. If all men were obedient to this principle, the greatest unity and understanding would be established in the hearts of mankind.	Sinabi ni Bahá'u'lláh na dapat nating ibigin pati ang ating mga kaaway at sa kanila ay maging mga kaibigan tayo. Kung ang lahat ng tao ay aalinsunod sa simulaing ito, ang pinakadakilang pagkakaisa at pagkakaunawaan ay maitatatag sa mga puso ng tao
– 43 –	43
The Third Principle—Love and Affection	Ikatlong Simulain—Pag-ibig at Pagmamahal
["That <i>religion ought to be a Cause of Love and Affection</i> " is much emphasized in many of the Discourses of which the Notes are given in this book, as	["Na ang <i>relihiyon ay dapat na maging Dahilan ng Pag-ibig at Pagmamahal</i> " ay lubhang binibigyang-diin sa marami sa mga Talumpati, na iginawa ng mga Tala sa

well as in the explanation of several of the other Principles.]	aklat na ito, at gayundin sa paliwanag ng ilan sa ibang mga Simulain.]
– 44 –	44
The Fourth Principle—The Acceptance of the Relation between Religion and Science	Ikaapat na Simulain—Ang Pagtanggap ng Pagkakaugnay ng Relihiyon at Agham
4 Avenue de Camoëns, Paris,	4 Avenue de Camoëns, Paris,
November 12th	Nobyembre 12
‘Abdu’l-Bahá said:	Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:
I have spoken to you of some of the principles of Bahá’u’lláh: <i>The Search after Truth</i> and <i>The Unity of Mankind</i> . I will now explain the <i>Fourth Principle</i> , which is <i>The Acceptance of the Relation between Religion and Science</i> .	Nakapagsalita ako sa inyo tungkol sa ilan sa mga simulain ni Bahá’u’lláh: <i>Ang Paghahanap sa Katotohanan</i> at <i>Ang Pagkakaisa ng mga Tao</i> . Ngayon ay ipaliliwanag ko ang <i>Ikaapat na Simulain</i> , na iyon ay <i>Ang Pagtanggap ng Pagkakaugnay ng Relihiyon at Agham</i> .
There is no contradiction between true religion and science. When a religion is opposed to science it becomes mere superstition: that which is contrary to knowledge is ignorance.	Walang pagkakasalungatan sa pagitan ng tunay na relihiyon at ng agham. Kapag ang isang relihiyon ay taliwas sa agham, iyon ay nagiging isang pamahiin lamang: ang bagay na taliwas sa karunungan ay kamangmangan.
How can a man believe to be a fact that which science has proved to be impossible? If he believes in spite of his reason, it is rather ignorant superstition than faith. The true principles of all religions are in conformity with the teachings of science.	Papaanong mangyayaring ang isang tao ay maniniwala sa isang bagay na pinatutunayan ng agham na hindi maaaring mangyari? Kung siya ay maniniwala sa kabila ng kaniyang katwiran, ang gayon ay higit na maituturing na mangmang na pamahiin kaysa sa pananampalataya. Ang tunay na simulain ng lahat ng mga relihiyon ay naaayon sa mga aral ng agham.
The Unity of God is logical, and this idea is not antagonistic to the conclusions arrived at by scientific study.	Ang Pagkakaisa ng Diyos ay makatwiran, at ang kaisipang ito ay hindi sumasalungat sa mga kinalabasang palagay na natamo sa pamamagitan ng pang-agham na pag-aaral.
All religions teach that we must do good, that we must be generous, sincere, truthful, law-abiding, and faithful; all this is reasonable, and logically the only way in which humanity can progress.	Ang lahat ng relihiyon ay nagtuturong tayo ay dapat gumawa ng mabuti, magsabi ng totoo, masunurin sa batas, at matapat; ang lahat ng ito ay makatwiran, at karampatang siyang tanging paraan na ang sangkatauhan ay maaaring umunlad.
All religious laws conform to reason, and are suited to the people for whom they are framed, and for the age in which they are to be obeyed.	Ang lahat ng mga batas ng relihiyon ay umaalinsunod sa katwiran, at naangkop sa mga mamamayang kainauukulan, at para sa loob ng panahong ang mga ito ay dapat sundin.
Religion has two main parts:	Ang relihiyon ay may dalawang pangunahing bahagi:
(1) The Spiritual. (2) The Practical.	(1) Ang Espiritwal. (2) Ang Praktikal.
The spiritual part never changes. All the Manifestations of God and His Prophets have taught the same truths and given the same spiritual law. They all teach the one code of morality. There is no division in the truth. The Sun	Ang bahaging espirital ay hindi kailanman nagbabago. Ang lahat ng mga Kahayagan ng Diyos at ng Kaniyang mga Propeta ay nangaral ng gayunding mga katotohanan at nagbigay ng gayunding batas na espirital. Silang lahat ay nangaral ng iisang kodigo o alituntunin ng

has sent forth many rays to illumine human intelligence, the light is always the same.	kalinisang-asal o moralidad. Walang paghahati-hati sa katotohanan. Ang Araw ay nagsabog ng maraming mga sinag upang tanglawan ang katalinuhan ng tao, ang liwanag ay lagi nang gaya ng dati.
The practical part of religion deals with exterior forms and ceremonies, and with modes of punishment for certain offences. This is the material side of the law, and guides the customs and manners of the people.	Ang bahaging praktikal ng relihiyon ay may kinalaman sa panlabas na mga anyo at mga seremonya, at sa pamamaraan ng pagpaparusa para sa ilang mga pagkakasala. Ito ang panig na materyal ng batas, at pumapatnubay sa mga kaugalian at mga asalin ng mga mamamayan.
In the time of Moses, there were ten crimes punishable by death. When Christ came this was changed; the old axiom “an eye for an eye, and a tooth for a tooth” was converted into “Love your enemies, do good to them that hate you,” the stern old law being changed into one of love, mercy and forbearance!	Sa panahon ni Moises ay may sampung krimen o pagkakasalang nilalapatan ng parusang kamatayan. Nang si Kristo ay dumating, ito ay nabago; ang matandang kasabihang “mata sa mata, at ng ngipin sa ngipin” ay nauwi sa “Ibigin mo ang iyong kaaway, gumawa ng mabuti sa kanila na nagagalit sa iyo,” at ang mahigpit na lumang batas ay napalitan ng isang nahihihingi sa pag-ibig, awa at pagpapakasakit!
In the former days the punishment for theft was the cutting off of the right hand; in our time this law could not be so applied. In this age, a man who curses his father is allowed to live, when formerly he would have been put to death. It is therefore evident that whilst the spiritual law never alters, the practical rules must change their application with the necessities of the time. The spiritual aspect of religion is the greater, the more important of the two, and this is the same for all time. It never changes! It is the same, yesterday, today, and forever! “As it was the beginning, is now, and ever shall be.”	Noong mga unang araw, ang parusa sa pagnanakaw ay ang pagputol sa kanang kamay; sa ating panahon, ang batas na ito ay hindi na maaaring pairalin. Sa panahong ito, ang isang taong sumumpa sa kaniyang ama ay tinutulutan pang mabuhay, samantalang noong una, siya ay pinarurusahan ng kamatayan. Maliwanag, samakatwid, na samantalang ang batas na espirital ay hindi kailanman nababago, ang mga tuntuning praktikal ay dapat magbago ng pagpapairal alinsunod sa mga pangangailangan ng panahon. Ang kalagayang espirital ng relihiyon ay siyang nakahihigit, ang lalong mahalaga sa dalawa, at ito ay ito rin sa lahat ng panahon, hindi ito kailanman nagbabago! Ito ay ito rin, kahapon, ngayon, at kailanman! “Kagaya rin ng sa simula, gayundin ngayon, at mananatiling gayon habang panahon.”
Now, all questions of morality contained in the spiritual, immutable law of every religion are logically right. If religion were contrary to logical reason then it would cease to be a religion and be merely a tradition. Religion and science are the two wings upon which man’s intelligence can soar into the heights, with which the human soul can progress. It is not possible to fly with one wing alone! Should a man try to fly with the wing of religion alone he would quickly fall into the quagmire of superstition, whilst on the other hand, with the wing of science alone he would also make no progress, but fall into the despairing slough of materialism. All religions of the present day have fallen into superstitious practices, out of harmony alike with the true principles of the teaching they represent and with the scientific discoveries of the time. Many religious leaders have grown to think that the importance of religion lies mainly in the adherence to a collection of certain dogmas and the practice of rites and ceremonies! Those whose souls they profess to cure are taught to believe likewise, and these cling tenaciously to the outward forms, confusing them with the inward truth.	Ngayon, ang lahat ng mga suliranin ng moralidad ay napapaloob sa batas na palagian at espirital ng bawat relihiyon ay karampatang tumpak. Kung ang relihiyon ay salungat sa karampatang katwiran, ito ay hindi dapat na naging isang relihiyon kundi isa lamang tradisyon. Ang relihiyon at agham ay dalawang bagwis na sa pamamagitan nito ay maaaring makapaimbulog sa karurukan ng katalinuhan ang tao at kasama noon ay makaunlad naman ang kaluluwa ng tao. Hindi maaaring makalipad sa pamamagitan ng isang bagwis lamang! Sakaling ang isang tao ay sumubok na lumipad sa pamamagitan lamang ng bagwis ng relihiyon, siya ay madaling lalagpak sa kumunoy ng mga pamahiin, samantalang sa kabilang dako, kung sa pamamagitan lamang ng bagwis ng agham, hindi rin siya makagagawa ng anumang pag-unlad, at mahuhulog sa walang pag-asang lusak ng materyalismo. Ang lahat ng mga relihiyon sa kasalukuyan ay nangabulid na sa mga pamahiing paraparang salungat sa mga tunay na simulain ng aral na kanilang kinakatawan at kasama na ang mga tuklas pang-agham ng panahong ito. Maraming lider ng relihiyon ang nabunsod sa paniniwala na ang halaga ng relihiyon ay tanging nakasalalay sa panghahawakan sa isang katipunan ng ilang dogma at sa

	pagpapairal ng mga ritwal at mga seremonya! Ang mga taong ang kaluluwa ay nais nilang gamutin ay tinuturuan din nilang maniwala, at ang mga ito ay mahigpit na kumakapit sa panlabas na anyo, na lumilito sa kanila sa panloob na katotohanan.
Now, these forms and rituals differ in the various churches and amongst the different sects, and even contradict one another; giving rise to discord, hatred, and disunion. The outcome of all this dissension is the belief of many cultured men that religion and science are contradictory terms, that religion needs no powers of reflection, and should in no wise be regulated by science, but must of necessity be opposed, the one to the other. The unfortunate effect of this is that science has drifted apart from religion, and religion has become a mere blind and more or less apathetic following of the precepts of certain religious teachers, who insist on their own favorite dogmas being accepted even when they are contrary to science. This is foolishness, for it is quite evident that science is the light, and, being so, religion <i>truly</i> so-called does not oppose knowledge.	Ngayon, ang mga anyong ito at mga ritwal ay nagkakaiba sa iba't ibang simbahan at sa iba't ibang sekta, at ang mga ito ay nagkakatuwas pa sa isa't isa, bagay na nagiging dahilan tuloy ng hidwaan, alitan, at pagkakawatak-watak. Ang bunga ng lahat ng di-pagkakaayong ito ay nagbubunsod sa paniwala ng maraming linang na tao na ang relihiyon at ang agham ay mga katawang magkasalungat, na ang relihiyon ay hindi nangangailangan ng mga kapangyarihan ng pagbubulay-bulay, at hindi kailanman dapat pakialaman ng agham; kailangang ituring na magkasalungat, ang isa sa isa. Ang malungkot na bisa nito ay ang pagkakaanod nang malayo ng agham sa relihiyon, at ang relihiyon ay naging isa na lamang bulag at humigit-kumulang ay hangal na pag-alinsunod sa mga simulain ng ilang mga guro ng relihiyon na naggigiit ng sariling itinatanging mga dogma o doktrina na kanilang tinatanggap kahit na ang mga iyon ay salungat sa agham. Ito ay isang kaululan, sapagkat malinaw namang ang agham ay siyang ilaw, at, sa pagkakagayon, ang relihiyon <i>sa tunay na kahulugan nito</i> , ay hindi salungat sa karunungan.
We are familiar with the phrases "Light and Darkness," "Religion and Science." But the religion which does not walk hand in hand with science is itself in the darkness of superstition and ignorance.	Tayo ay may lubos na pagkaunawa sa mga pariralang "Liwang at Karimlan," "Relihiyon at Agham." Subalit ang relihiyon na hindi lumalakad nang kaagapay ng agham ay maituturing na nasa karimlan ng pamahiin at kamangmangan.
Much of the discord and disunion of the world is created by these man-made oppositions and contradictions. If religion were in harmony with science and they walked together, much of the hatred and bitterness now bringing misery to the human race would be at an end.	Lubhang marami sa mga hidwaan at di-pagkakaisa ng daigdig ay likha ng mga paglalaban-laban at pagsasalungatang nagawa ng tao. Kung ang relihiyon ay nasa pagkakaayon sa agham at ang mga ito ay lumalakad nang magkasama, marami sa mga poot at saklap na ngayon ay nagdudulot ng karukhaan sa sangkalahian ng tao ang makakaroon ng katapusan.
Consider what it is that singles man out from among created beings, and makes of him a creature apart. Is it not his reasoning power, his intelligence? Shall he not make use of these in his study of religion? I say unto you: weigh carefully in the balance of reason and science everything that is presented to you as religion. If it passes this test, then accept it, for it is truth! If, however, it does not so conform, then reject it, for it is ignorance!	Alagatain na lamang kung ano ang nagtatangi sa tao sa buntong ng mga nilikha, at gumawa sa kaniyang isang hiwalay sa kinapal. Hindi бага iyon ay ang kaniyang kapangyarihan sa pagmamatuwid, ang kaniyang katalinuhan? Hindi бага niya gagamitin ang mga ito sa kaniyang pag-aaral ng relihiyon? Sinasabi ko sa inyo: timbanging maingat sa talaro ng katwiran at ng agham ang bawat bagay na iniharap sa inyo bilang relihiyon. Kapag iyon ay nakasulit sa pagsubok, tanggapin ninyo, sapagkat iyon ay katotohanan! Kapag, sa kabilang dako, iyon ay hindi umalinsunod, iyon ay tanggihan ninyo sapagkat iyon ay kamangmangan!
Look around and see how the world of today is drowned in superstition and outward forms!	Tumingin sa paligid at malasin kung paanong ang kasalukuyang santinakpan ay nalulunod sa pamahiin at mga panlabas na anyo!
Some worship the product of their own imagination: they make for themselves an imaginary God and adore this, when the creation of their finite minds cannot be the Infinite Mighty Maker of all things visible and invisible!	Ang ilan ay sumasamba sa likha ng kanilang mga sariling hinagap: gumawa sila para sa kanilang sarili ng isang hininagap ng Diyos at sinasamba ito, gayong ang likha ng kanilang mga natakandang isipan ay hindi

Others worship the sun or trees, also stones! In past ages there were those who adored the sea, the clouds, and even clay!	maaaring siyang maging Walang-hanggang Makapangyarihang Lumikha ng lahat ng mga bagay na nakikita at hindi nakikita! Ang iba ay sumasamba sa araw o sa mga punongkahoy, gayundin sa mga bato! Sa lumipas na mga panahon, mayroon niyong mga sumasamba sa dagat, sa mga ulap, at kahit sa putik!
Today, men have grown into such adoring attachment to outward forms and ceremonies that they dispute over this point of ritual or that particular practice, until one hears on all sides of wearisome arguments and unrest. There are individuals who have weak intellects and their powers of reasoning have not developed, but the strength and power of religion must not be doubted because of the incapacity of these persons to understand.	Sa panahong ito, ang tao ay nagawing lubha sa gayong pagsamba sa mga panlabas na anyo at mga seremonya na pinagtatalunan tuloy sa katumpakan o di-katumpakan ng gayo't ganitong ritwal o seremonya, o ng isang tiyak na kapalakaran, hanggang sa maririnig sa lahat ng panig ang nakapagnihinawang mga pangangatwiran at kaguluhan. May mga taong may mahihinang isipan at ang kanilang kapangyarihan sa pagmamatuwid ay hindi gaanong maunlad, datapwat ang lakas at kapangyarihan ng relihiyon ay hindi dapat pag-alinlanganan dahil lamang sa di-kakayahan ng mga taong ito sa pag-unawa.
A small child cannot comprehend the laws that govern nature, but this is on account of the immature intellect of that child; when he is grown older and has been educated he too will understand the everlasting truths. A child does not grasp the fact that the earth revolves round the sun, but, when his intelligence is awakened, the fact is clear and plain to him.	Ang isang batang munti ay hindi makauunawa ng mga batas na namamahala sa kalikasan, ngunit ito ay dahil sa musmos pang isipan ng nasabing bata; kapag siya ay tumanda-tanda at nakapag-aral na, kaniya na ring mauunawaan ang walang-hanggang mga katotohanan. Hindi nasasakyan ng isang bata na ang sangkalupaan ay umiinog sa paligid ng araw, subalit kapag ang kaniyang isipan ay namulat na, ang bagay na ito ay nagiging maliwanag at malinaw sa kaniya.
It is impossible for religion to be contrary to science, even though some intellects are too weak or too immature to understand truth.	Hindi maaari para sa relihiyon ang maging salungat sa agham, bagaman ang ilang mga isipan ay lubhang mapurolo o lubhang pahat pa upang maunawaan ang katotohanan.
God made religion and science to be the measure, as it were, of our understanding. Take heed that you neglect not such a wonderful power. Weigh all things in this balance.	Ginawa ng Diyos ang relihiyon at ang agham na maging sukatan ng ating pang-unawa, gaya ng nangyayari na nga. Pakaingatang hindi ninyo napababayaan ang gayong isang kahanga-hangang kapangyarihan. Timbangin ang lahat ng mga bagay sa talarong ito.
To him who has the power of comprehension religion is like an open book, but how can it be possible for a man devoid of reason and intellectuality to understand the Divine Realities of God?	Sa kaniya na nag-aangkin ng kapangyarihan ng pag-unawa, ang relihiyon o pananampalataya ay kagaya ng isang bukas na aklat, ngunit papaanong mangyayaring ang isang taong walang kakayahan sa pagmamatuwid at katalinuhan ay makauunawa ng Banal na mga Katotohanan ng Diyos?
Put all your beliefs into harmony with science; there can be no opposition, for truth is one. When religion, shorn of its superstitions, traditions, and unintelligent dogmas, shows its conformity with science, then will there be a great unifying, cleansing force in the world which will sweep before it all wars, disagreements, discords and struggles—and then will mankind be united in the power of the Love of God.	Ilagay ang lahat ninyong mga paniwala sa pagkakaayon sa agham; hindi magkakaroon ng pagkakasalungatan, sapagkat ang katotohanan ay iisa. Kapag ang relihiyon, hubad sa mga pamahiin, kaugalian, at walang-tutong mga doktrina, ay kinamalasan ng pagkakaayon sa agham, siya ang pagkakaroon ng dakilang lakas ang pagsasanib-sanib at paglilinis sa daigdig na siyang magtataboy sa lahat ng mga digma, di-pagkakasundo, alitan at tunggalian—at sa pagkagayon ay magkakaisa na ang sangkatauhan sa kapangyarihan ng Pag-ibig ng Diyos.
– 45 –	45

The Fifth Principle—The Abolition of Prejudices	Ang Ikalimang Simulain—Ang Pag-aalis ng mga Paniniwalang Walang Batayan
4 Avenue de Camoëns, Paris,	4 Avenue de Camoëns, Paris,
November 13th	Nobyembre 13
All prejudices, whether of religion, race, politics or nation, must be renounced, for these prejudices have caused the world's sickness. It is a grave malady which, unless arrested, is capable of causing the destruction of the whole human race. Every ruinous war, with its terrible bloodshed and misery, has been caused by one or other of these prejudices.	Ang lahat ng mga paniniwalang walang batayan, maging ukol sa relihiyon, lahi, politika o bansa, ay dapat na talikdan, sapagkat ang mga paniniwalang walang batayan ay nagdulot ng kapansanan sa daigdig. Ito ay isang malubhang sakit na kung hindi masusugpo ay maaaring magbunga ng pagkawasak ng buong sangkalikhaan ng tao. Bawat mapaminsalang digma, kaagapay nito ang nakapangingilabot na pagbaha ng dugo at pagsasalat, ay bunga ng alinman sa mga paniniwalang walang batayan na ito.
The deplorable wars going on in these days are caused by the fanatical religious hatred of one people for another, or the prejudices of race or color.	Ang nakalulungkot na mga digmaang nangyayari sa mga araw na ito ay bunga ng bulag na alitan sa pananampalataya ng mga tao sa isa't isa, o ng mga paniniwalang walang batayan sa lahi o kulay.
Until all these barriers erected by prejudice are swept away, it is not possible for humanity to be at peace. For this reason Bahá'u'lláh has said, "These Prejudices are destructive to mankind."	Hangga't hindi naaalis ang mga hadlang na itinayo ng paniniwalang walang batayan o masamang pagpapalagay sa kapwa, hindi maaaring magkaroon ng kapayapaan ang sangkatauhan. Dahil dito, si Bahá'u'lláh ay nagsabi: "Ang mga Paniniwalang Walang Batayan na ito ay mapaminsala sa sangkatauhan."
Contemplate first the prejudice of religion: consider the nations of so-called religious people; if they were truly worshippers of God they would obey His law which forbids them to kill one another.	Nuynuyin muna natin ang paniniwalang walang batayan ng relihiyon: isaalang-alang ang mga bansa ng tinatawag na mga mamayang relihiyoso; kung sila ay mga tunay na sumasamba sa Diyos, susundin nila ang Kaniyang batas na nagbabawal sa kanila na magpatayan sa isa't isa.
If priests of religion really adored the God of love and served the Divine Light, they would teach their people to keep the chief Commandment, "To be in love and charity with all men." But we find the contrary, for it is often the priests who encourage nations to fight. Religious hatred is ever the most cruel!	Kung ang mga pari ng pananampalataya ay sadyang sumasamba sa Diyos ng pag-ibig at naglilingkod sa Banal na Liwanag, ituturo sa kanilang mga mamamayan na sundin ang pangunahing Kautusang, "Umibig at magkawanggawa sa kapwa." Datapwat nakita natin ang kabaligtaran, sapagkat malimit na ang mga pari pa ang nagbubuyo sa mga bansa na mag-away. Ang pagkamuhing panrelihiyon ay lagi nang pinakamalupit!
All religions teach that we should love one another; that we should seek out our own shortcomings before we presume to condemn the faults of others, that we must not consider ourselves superior to our neighbors! We must be careful not to exalt ourselves lest we be humiliated.	Ang lahat ng relihiyon ay nagtuturo na tayo ay dapat mag-ibigan, na atin munang siyasatin ang ating mga sariling pagkukulang bago natin isumpa ang mga pagkakamali ng iba, na hindi natin dapat ituring ang ating mga sarili na nakahihigit sa ating mga kapitbahay! Ingatan nating huwag magpakatayog at baka tayo ay mapahiya.
Who are <i>we</i> that we should judge? How shall <i>we</i> know who, in the sight of God, is the most upright man? God's thoughts are not like our thoughts! How many men who have seemed saint-like to their friends have fallen into the greatest humiliation. Think of Judas Iscariot; he began well, but remember his end! On the other hand, Paul, the Apostle, was in his early life an enemy of	Sino <i>tayo</i> na dapat humatol? Papaano <i>natin</i> makikilala kung sino, sa paningin ng Diyos, ang lalong marangal na tao? Ang kaisipan ng Diyos ay hindi katulad ng ating mga kaisipan! Ilan na ang mga taong nagkunwaring mga banal sa kanilang mga kaibigan ang bumagsak sa malabis na pagkapahiya. Isipin si Hudan Iskaryote; nagsimula siya nang maigi ngunit tandaan ang kaniyang naging wakas! Sa kabilang dako, si Pablo, ang Apostol,

Christ, whilst later he became His most faithful servant. How then can we flatter ourselves and despise others?	ay isang kaaway ni Kristo noong unang dako ng kaniyang buhay, subalit nang lumaon ay naging pinakamatapat na tagapaglingkod Niya. Papaano natin maaaring papurihang labis ang ating mga sarili at hamakin ang iba?
Let us therefore be humble, without prejudices, preferring others' good to our own! Let us never say, "I am a believer but he is an infidel," "I am near to God, whilst he is an outcast." We can never know what will be the final judgment! Therefore let us help all who are in need of any kind of assistance.	Tayo, samakatwid, ay dapat na magpakumbaba, maging hubad sa mga paniniwalang walang batayan, may pagpapahalaga sa kabutihan ng iba kaysa sa ating sarili! Huwag nating sabihin kailanman, "Ako ay isang mananampalataya ngunit siya ay isang taksil," "Ako ay malapit sa Diyos, samantalang siya ay isang itinapon." Hindi natin kailanman malalaman kung ano ang magiging huling kahatulan! Samakatwid, tulungan natin ang lahat ng nangangailangan ng anumang uri ng tulong.
Let us teach the ignorant, and take care of the young child until he grows to maturity. When we find a person fallen into the depths of misery or sin we must be kind to him, take him by the hand, help him to regain his footing, his strength; we must guide him with love and tenderness, treat him as a friend not as an enemy.	Turuan natin ang mga mangmang, at pangalagaan ang maliliit na bata hanggang sa siya ay makasapit sa hustong kaisipan. Kapag nakakita tayo ng isang taong nahulog sa bangin ng karukhaan o pagkakasala, tayo ay maging mabuti sa kaniya, akayin natin siya, tulungan natin siyang makatayong muli sa sariling paa, mapanumbalik ang dating lakas; patnubayan natin siyang lakip ang pag-ibig at habag, pakitunguhan siyang kagaya ng isang kaibigan at hindi ng isang kaaway.
We have no right to look upon any of our fellow-mortals as evil.	Wala tayong karapatang ituring na masama ang sinuman sa ating kapwa-tao.
Concerning the prejudice of race: it is an illusion, a superstition pure and simple! For God created us all of one race. There were no differences in the beginning, for we are all descendants of Adam. In the beginning, also, there were no limits and boundaries between the different lands; no part of the earth belonged more to one people than to another. In the sight of God there is no difference between the various races. Why should man invent such a prejudice? How can we uphold war caused by an illusion?	Hinggil sa paniniwalang walang batayan sa lahi: iyan ay isang kahibangan, isang pamahiing ganap. Sapagkat nilikha tayong lahat ng Diyos na isang lahi. Walang pagkakaiba sa pasimula, sapagkat tayong lahat ay mga inapo ni Adan. Sa simula ay wala ring takda o hangganan ang iba't ibang panig ng sangkalupaan; walang bahagi ng lupang ari ng higit ng isang tao kaysa iba. Sa paningin ng Diyos ay walang pagkakaiba ang mga lahi. Bakit nilikha ng tao ang ganiyang paniniwalang walang batayan? Paano natin mapaninindigan ang digmaang bunga ng isang kahibangan?
God has not created men that they should destroy one another. All races, tribes, sects and classes share equally in the Bounty of their Heavenly Father.	Hindi nilikha ng Diyos ang mga tao upang sila ay magsiraan lamang sa isa't isa. Ang lahat ng mga lahi, lipi, sekta at mga uri ay pantay-pantay na nakikinabang sa Kagandahang-loob ng kanilang Makalangit na Ama.
The only difference lies in the degree of faithfulness, of obedience to the laws of God. There are some who are as lighted torches, there are others who shine as stars in the sky of humanity. The lovers of mankind, these are the superior men, of whatever nation, creed, or color they may be. For it is they to whom God will say these blessed words, "Well done, My good and faithful servants." In that day He will not ask, "Are you English, French, or perhaps Persian? Do you come from the East, or from the West?"	Ang tanging pagkakaiba ay nasa antas ng pagiging matapat, ng pagiging masunurin sa mga batas ng Diyos. May ilang kaparis ng may-sinding mga sulo, ang iba naman ay nagniningning na kagaya ng mga bituin sa langit ng sangkatauhan. Ang mga mangingibig sa sangkatauhan, ang mga ito ang mga dakilang tao, maging saan mang bansa, pananalig, o kulay sila nabibilang. Sapagkat sila ang pag-uukulan ng Diyos ng mga pinagpalang salitang, "Mahusay na pagkaganap, butihin at matapat Kong mga tagapaglingkod." Sa araw na iyon ay hindi Niya itatanong, "Kayo ba ay Ingles, Pranses, o marahil, Persiyano? Kayo ba ay mula sa Silangan, o mula sa Kanluran?"
The only division that is real is this: There are heavenly men and earthly men; self-sacrificing servants of humanity in the love of the Most High, bringing	Ang tanging paghahating tunay ay ito: may mga taong makalupa; ang mga nagpapakasakit sa sarili ay mga tagapaglingkod ng sangkatauhan sa pag-ibig ng

harmony and unity, teaching peace and goodwill to men. On the other hand there are those selfish men, haters of their brethren, in whose hearts prejudice has replaced loving kindness, and whose influence breeds discord and strife.	Pinakadakila, nagdudulot ng pagkakaayon at pagkakaisa, nagtuturo ng kapayapaan at kagandahang-loob sa kapwa. Sa kabilang panig, mayroon naman noong mga mapag-imbot na tao, namumuhi sa kanilang mga kapatid, sa puso ay pinamamahayan ng paniniwalang walang batayan sa halip ng masintahing kabutihan, at nag-aangkin ng lakas na nagbibinhi ng kaguluhan at tunggalian.
To which race or to which color belong these two divisions of men, to the White, to the Yellow, to the Black, to the East or to the West, to the North or to the South? If these are God's divisions, why should we invent others? Political prejudice is equally mischievous, it is one of the greatest causes of bitter strife amongst the children of men. There are people who find pleasure in breeding discord, who constantly endeavor to goad their country into making war upon other nations—and why? They think to advantage their own country to the detriment of all others. They send armies to harass and destroy the land, in order to become famous in the world, for the joy of conquest. That it may be said: "Such a country has defeated another, and brought it under the yoke of their stronger, more superior rule." This victory, bought at the price of much bloodshed, is not lasting! The conqueror shall one day be conquered; and the vanquished ones victorious! Remember the history of the past: did not France conquer Germany more than once—then did not the German nation overcome France?	Sa aling lahi kaya o sa aling kulay nabibilang ang dalawang hating ito ng tao, sa mga Puti, sa mga Dilaw, sa mga Itim, sa Silangan o sa Kanluran, sa Hilaga o sa Timog? Kung ang mga paghahating ito ay gawa ng Diyos, bakit tayo nilikha ng mga iba pa? Ang mga paniniwalang walang batayan sa politika ay paraparang masama, ito ay isa sa malalaking dahilan ng masaklap na tunggalian ng mga anak ng tao. May mga taong tumatago ng kasiyahan sa paghahasik ng ligalig, na lagi nang nagsisikap na maibuyo ang kanilang mga bansa sa pakikidigma sa ibang mga bansa—at bakit? Iniisip nilang makalamang ang kanilang mga sariling bansa sa kapinsalaan ng iba. Nagpapadala sila ng mga hukbo upang guluhin at wasakin ang lupa, upang maging bantog sa daigdig, at dahil lamang sa kasiyahan sa panlulupig. Nang sa gayon ay masabi lamang: "Ang gayong bansa ay tumalo roon sa isa, at naipailalim iyon sa lalong malakas at lalong makapangyarihang pagmamahala." Ang tagumpay na ito, binili sa halaga ng labis na pagbaha ng dugo, ay hindi panghabang-panahon! Ang manlulupig ay siya namang malulupig sa ibang araw; at ang nilupig ang siya namang magtatagumpay! Alalahanin ang kasaysayan ng nakalipas: hindi ba't nalupig ng Pransiya ang Alemanya nang higit pa sa minsan—pagkatapos, hindi ba't nagahis ng bansang Alemanya ang Pransiya?
We learn also that France conquered England; then was the English nation victorious over France!	Napag-alaman din nating nalupig ng Pransiya ang Inglatera; pagkatapos ay nalupig ng bansang Ingles ang Pransiya!
These glorious conquests are so ephemeral! Why attach so great importance to them and to their fame, as to be willing to shed the blood of the people for their attainment? Is any victory worth the inevitable train of evils consequent upon human slaughter, the grief and sorrow and ruin which must overwhelm so many homes of both nations? For it is not possible that one country alone should suffer.	Ang maluluwahlating panlulupig na ito ay mga panadalian lamang! Ano't bibigyan ng labis na pagpapahalaga ang mga ito at ang kanilang kabantugan na wari ay pagnanais lamang na ibubo ang dugo ng kanilang mga mamamayan alang-alang sa kanilang mga hangarin? Ang alinman kayang tagumpay ay singhalaga ng di-maiiwasang pagbuhos ng kasamaang bungang lagi ng pagpapatayan ng tao, ng pamimighati at dalamhati at guho na sumasapit sa maraming tahanan ng mga bansang naglalaban? Sapagkat hindi maaaring tanging isa lamang bansa ang maghihirap.
Oh! why will man, the disobedient child of God, who should be an example of the power of the spiritual law, turn his face away from the Divine Teaching and put all his effort into destruction and war?	O! bakit kaya ang tao, ang masuwaying anak ng Diyos, na siyang dapat maging halimbawa ng kapangyarihan ng bansa na espirital, ay nag-aalis ng kaniyang mukha sa Banal na Aral at nag-uukol ng lahat ng kaniyang pagsisikap sa pagwasak at digmaan?
My hope is that in this enlightened century the Divine Light of love will shed its radiance over the whole world, seeking out the responsive heart's intelligence of every human being; that the light of the Sun of Truth will lead politicians to shake off all the claims of	Ang pag-asa ko ay sa loob ng natanglawang siglong ito ay magsasabog ng ringal sa buong daigdig ang banal na Liwanag ng pag-ibig, hahanap sa matuguning kaisipan ng puso ng bawat nilalang, na ang ilaw ng Araw ng Katotohanan ay mag-aakay sa mga politika upang

prejudice and superstition, and with freed minds to follow the Policy of God: for Divine Politics are mighty, man's politics are feeble! God has created all the world, and bestows His Divine Bounty upon every creature.	sugpuin ang lahat ng mga paghahabol ng walang-batayang paniniwala at pamahiin, at lakip ang malalayang isipan ay susunod sa Patakaran ng Diyos: sapagkat ang Banal na Politika ay makapangyarihan, ang politika ng tao ay marupok! Nilikha ng Diyos ang buong santinakpan, at Kaniyang ipinagkaloob ang Banal na Kagandahang-loob sa bawat kinapal.
Are we not the servants of God? Shall we neglect to follow our Master's Example, and ignore His Commands?	Hindi бага tayo ang mga tagapaglingkod ng Diyos! Atin bagang kalilimutang alinsunurin ang Halimbawa ng ating Guro, at tatalikdan ang Kaniyang mga Utos?
I pray that the Kingdom shall come on Earth, and that all darkness shall be driven away by the effulgence of the Heavenly Sun.	Idadalangin kong ang Kaharian ay sumalupa, at ang buong karimlan ay maitaboy ng luningning ng Makalangit na Araw.
– 46 –	46
The Sixth Principle—Means of Existence	Ang Ikaanim na Simulain—Mga Paraan ng Pagkabuhay
4 Avenue de Camoëns, Paris	<i>4 Avenue de Camoëns, Paris</i>
One of the most important principles of the Teaching of Bahá'u'lláh is:	Isa sa mga pinakamahalagang simulain ng Aral ni Bahá'u'lláh ay:
The right of every human being to the daily bread whereby they exist, or the equalization of the means of livelihood.	Ang karapatan ng bawat nilikha sa pang-araw-araw na tinapay na siyang ikinabubuhay niya, o ang pagkakapantay-pantay ng mga paraan ng pagkabuhay.
The arrangements of the circumstances of the people must be such that poverty shall disappear, that everyone, as far as possible, according to his rank and position, shall share in comfort and well-being.	Ang pagkakaayos ng mga kalagayan ng mga tao ay kailangan sa isang paraan na ang kahirapan ay mawala, na ang bawat isa, hanggang maaari, nababatay sa kaniyang ranggo at kinatatayuan ay kailangang makinabang sa kaginhawahan at kagalingan.
We see amongst us men who are overburdened with riches on the one hand, and on the other those unfortunate ones who starve with nothing; those who possess several stately palaces, and those who have not where to lay their head. Some we find with numerous courses of costly and dainty food; whilst others can scarce find sufficient crusts to keep them alive. Whilst some are clothed in velvets, furs and fine linen, others have insufficient, poor and thin garments with which to protect them from the cold.	Nakikita natin sa ating sinapupunan na may mga taong nananagana sa kayamanan sa isang panig, at sa kabilang dako ang ibang mga kapos-palad na nagugutom; ang mga nagmamay-ari ng magagarang palasyo, at ang mga iba na hindi malaman kung saan ihihiga ang kanilang mga ulo. Namamasdan natin na ang ilan ay sagana sa iba't ibang uri ng mga mamahalin at malinamnam na pagkain; samantalang ang mga iba ay ni hindi makapulot ng sapat na pinagbalatan na maaaring mapagdagisunman nila upang ikabuhay. Samantalang ang ilan ay nadaramtan ng pelus, mga balahibuhin at pinong linso, ang iba naman ay wala man lamang sapat, dukha at manipis na kasuotang makapagsanggalang sa kanila laban sa lamig.
This condition of affairs is wrong, and must be remedied. Now the remedy must be carefully undertaken. It cannot be done by bringing to pass absolute equality between men.	Ang kalagayang ito ng buhay ay mali, at dapat lunasan. Ngayon ang lunas ay kailangang maingat na maisagawa. Ito ay hindi maaaring gawin sa pamamagitan ng pagtatakda ng lubos na pagkakapantay-pantay ng mga tao.
Equality is a chimera! It is entirely impracticable! Even if equality could be achieved it could not continue—and	Ang pagkakapantay-pantay ay isang kabalintunaan! Ito ay lubusang hindi maisasagawa. Maging ang

if its existence were possible, the whole order of the world would be destroyed. The law of order must always obtain in the world of humanity. Heaven has so decreed in the creation of man.	pagkakapantay-pantay man ay maaaring matamo, iyon ay hindi maaaring magpatuloy—at kung ang pag-iral niyon ay maaari, ang buong kaayusan ng daigdig ay mawawasak. Ang batas ng kaayusan ay lagi nang dapat manatili sa daigdig ng sangkatauhan. Iyan ay itinadhana ng Langit sa pagkakalikha sa tao.
Some are full of intelligence, others have an ordinary amount of it, and others again are devoid of intellect. In these three classes of men there is order but not equality. How could it be possible that wisdom and stupidity should be equal? Humanity, like a great army, requires a general, captains, under-officers in their degree, and soldiers, each with their own appointed duties. Degrees are absolutely necessary to ensure an orderly organization. An army could not be composed of generals alone, or of captains only, or of nothing but soldiers without one in authority. The certain result of such a plan would be that disorder and demoralization would overtake the whole army.	Ang ilan ay puspos ng talino, ang iba ay nag-aangkin ng pangkaraniwang talino lamang, at ang iba pa ay dahop sa katalinuhan. Sa tatlong uring ito ng tao ay may kaayusan subalit walang pagkakapantay-pantay. Paanong maaaring mangyari na ang karunungan at katangahan ay maaaring magkapantay? Ang sangkatauhan, kagaya ng isang malaking hukbo, ay kailangang magkaroon ng isang heneral, kapitan, mga pang-ilalim na pinuno sa kanilang antas, at mga kawal, ang bawat isa sa kanilang sariling tungkulin. Ang mga antas ay lubhang kailangan upang matiyak ang isang maayos na katatagan. Ang isang hukbo ay hindi maaaring mabuo lamang ng mga heneral, o ng mga kapitan lamang, o nang wala kundi mga kawal na wala isa mang namumuno. Ang tiyak na kalalabasan ng ganiyang balangkas ay ang pamamayani ng kaguluhan at pagkawala ng pagsasakit sa buong hukbo.
King Lycurgus, the philosopher, made a great plan to equalize the subjects of Sparta; with self-sacrifice and wisdom was the experiment begun. Then the king called the people of his kingdom, and made them swear a great oath to maintain the same order of government if he should leave the country, also that nothing should make them alter it until his return. Having secured this oath, he left his kingdom of Sparta and never returned. Lycurgus abandoned the situation, renouncing his high position, thinking to achieve the permanent good of his country by the equalization of the property and of the conditions of life in his kingdom. All the self-sacrifice of the king was in vain. The great experiment failed. After a time all was destroyed; his carefully thought-out constitution came to an end.	Ang Haring Lycurgus, ang pilosopo, ay gumawa ng isang dakilang plano na pagpantay-pantayin ang mga mamamayan ng Esparta; sa ibabaw ng pagpakasakit sa sarili at ng karunungan ay pinasimulan ang pagsubok. Pagkatapos ay tinawag ng hari ang mga mamamayan ng kaniyang kaharian, at pinapanumpa silang kanilang pairalin ang gayunding kaayusang, na walang anumang bagay na dapat bagang magbunsod sa kanila upang baguhin ang mga iyon hanggang sa kaniyang pagbabalik. Matapos ang gayong panunumpa ay iniwan na niya ang kaniyang kaharian ang Esparta at hindi na bumalik kailanman. Tuluyan nang pinabayaan ni Lycurgus ang kalagayang iyon, itinakwil ang kaniyang mataas na tungkulin sa pag-asang matamo ang palagiang kabutihan ng kaniyang lupang tinubuan sa pamamagitan ng pagpapantay-pantay ng ari-arian at mga kalagayan ng buhay sa kaniyang kaharian. Ang lahat ng pagpapakasakit sa sarili ng hari ay nabigo. Ang dakilang pagsubok ay bumagsak. Pagkalipas ng isang panahon, ang lahat ay nawasak; ang saligang-batas na buong ingat na kaniyang pinag-isipan ay nagwakas.
The futility of attempting such a scheme was shown and the impossibility of attaining equal conditions of existence was proclaimed in the ancient kingdom of Sparta. In our day any such attempt would be equally doomed to failure.	Ang kabiguan ng pagtatangka ng ganiyang pagbabalak ay nakita na at ang di-kaarian ng pagtatamo ng pantay na mga kalagayan ng pagkabuhay ay nahayag sa matandang kaharian ng Esparta. Sa ating kapanahunan, ang anumang ganiyang pagtatangka ay titikim din ng gayong kabiguan.
Certainly, some being enormously rich and others lamentably poor, an organization is necessary to control and improve this state of affairs. It is important to limit riches, as it is also of importance to limit poverty. Either extreme is not good. To be seated in the mean¹ is most desirable. If it be right for a capitalist to possess a large fortune, it is equally just that his workman should have a sufficient means of existence.	Tiyak na, samantalang ang ilan ay puspos ng kayamanan at ang iba naman ay nasa kahabag-habag na kahirapan, ang isang katatagan ay kailangan upang supilin at pabutihin ang kalagayang ito ng mga bagay-bagay. Mahalagang lubha ang takdaang kayamanan, kagaya rin ng kahalagahan ng pagtatakdang sa kahirapan. Ang alinman sa mga sukdulang ito ay hindi mabuti. Ang malagay sa kalagitnaan¹³ ay siyang lalong kanais-nais.

	Kung makatwiran para sa isang mamumuhunang mag-angkin ng isang malaking kayamanan, makatwiran din naman na ang kaniyang manggagawa ay magkaroon ng isang sapat na ikabubuhay.
A financier with colossal wealth should not exist whilst near him is a poor man in dire necessity. When we see poverty allowed to reach a condition of starvation it is a sure sign that somewhere we shall find tyranny. Men must bestir themselves in this matter, and no longer delay in altering conditions which bring the misery of grinding poverty to a very large number of the people. The rich must give of their abundance, they must soften their hearts and cultivate a compassionate intelligence, taking thought for those sad ones who are suffering from lack of the very necessities of life.	Ang isang mamumuhunang may malaking kayamanan ay hindi dapat mabuhay samantalang sa tabi niya ay isang mahirap na lubhang nangangailangan. Kapag nakakikita tayo ng kahirapang tinutulutang makasapit sa isang kalagayan ng pagkagutom, yaon ay isang tiyak na palatandaang sa isang dako ay makatatagpo tayo ng paniniil. Ang mga tao ay dapat na magpakasigasig sa bagay na ito, at huwag nang antalihin pa ang pagpapabago sa mga kalagayang naghahatid ng sukdulang hira ng gumigiling na karukhaan sa isang lubhang malaking bilang ng mga mamamayan. Ang mayayaman ay dapat magbigay mula sa kanilang mga puso at papag-angkinin ng maawaing damdamin, maging maalalahanin sa kapwang nagdurusa sa kakulangan ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay.
There must be special laws made, dealing with these extremes of riches and of want. The members of the Government should consider the laws of God when they are framing plans for the ruling of the people. The general rights of mankind must be guarded and preserved.	Dapat na lumikha ng mga tanging batas na tungkol sa dalawang sukdulang ng kayamanan at ng kahirapan. Ang mga kagawad ng Pamahalaan ay nararapat magsaalang-alang ng mga batas ng Diyos kapag sila ay bumabalangkas ng mga panukala ukol sa pamamahala sa mga mamamayan. Ang pangkalahatang mga karapatan ng tao ay nararapat tanuran at pangalagaan upang manatili.
The government of the countries should conform to the Divine Law which gives equal justice to all. This is the only way in which the deplorable superfluity of great wealth and miserable, demoralizing, degrading poverty can be abolished. Not until this is done will the Law of God be obeyed.	Ang pamahalaan ng mga bansa ay dapat na umalinsunod sa Banal na Batas na nagkakaloob ng pantay na katarungan sa lahat. Ito lamang ang tanging paraan upang ang mga kalunus-lunos na kalabisan ng malalaking kayamanan at ang kahabag-habag, nakawawala ng pagsasakit, at nakapagpapaabang karukhaan ay mawala. Kung ito ay mangyari na ay saka pa lamang masusunod ang Batas ng Diyos.
– 47 –	47
The Seventh Principle—Equality of Men	Ikapitong Simulain—Pagkakapantay-pantay ng Tao
“The Laws of God are not imposition of will, or of power, or pleasure, but the resolutions of truth, reason and justice.”	“Ang mga Batas ng Diyos ay hindi pagpapataw ng kalooban, o ng kapangyarihan, o ng kagustuhan, kung hindi mga kapasiyahan ng katotohanan, katwiran at katarungan.”
All men are equal before the law, which must reign absolutely.	Ang lahat ng mga tao ay pantay-pantay sa harap ng batas na siyang dapat magharing lubos.
The object of punishment is not vengeance, but the prevention of crime.	Ang layunin ng parusa ay hindi paghihiganti kundi pagpipigil ng malubhang pagkakasala.
Kings must rule with wisdom and justice; prince, peer and peasant alike have equal rights to just treatment, there must be no favor shown to individuals. A judge	Ang mga hari ay dapat mamahala nang buong talino at makatarungan; ang mga prinsipe, kasama at magsasaka man ay nag-aangkin ng pantay na mga karapatan sa

must be no “respector of persons,” but administer the law with strict impartiality in every case brought before him.	makatarungang pagpapasunod, hindi dapat magpakita ng pagpanig sa mga tao. Ang isang hukom ay hindi dapat na maging “tagapamagitan ng mga tao,” kundi tagapangasiwa ng batas nang buong higpit at walang-kiling sa bawat usapang idulog sa kaniya.
If a person commit a crime against you, you have not the right to forgive him; but the law must punish him in order to prevent a repetition of that same crime by others, as the pain of the individual is unimportant beside the general welfare of the people.	Kung ang isang tao ay gumawa ng isang pagkakasala laban sa inyo, wala kayong karapatang magpatawad sa kaniya; subalit ang batas ay dapat magparusa sa kaniya upang mahadlangan ang pagkaulit ng gayunding pagkakasala na maaaring gawin naman ng iba, sapagkat ang pagdaramdam ng taong iyon ay walang halaga kung isasaalang-alang ang pangkalahatang kagalingan ng mga mamamayan.
When perfect justice reigns in every country of the Eastern and Western World, then will the earth become a place of beauty. The dignity and equality of every servant of God will be acknowledged; the ideal of the solidarity of the human race, the true brotherhood of man, will be realized; and the glorious light of the Sun of Truth will illumine the souls of all men.	Kapag ang sakdal na katarungan ay siya nang naghahari sa bawat bansa ng Silangan at Kanlurang Daigdig, ang sangkatauhan ay saka pa lamang magiging isang pook ng kariktang. Ang dangal at pakakapantay ng bawat tagapaglinkod ng Diyos ay kikilanlin; ang mithiin ng kaisahan ng lahi ng tao, ang tunay na pagkakapatiran ng tao, ay magaganap; at ang maluwalhating liwanag ng Araw ng Katotohanan ay tatanglaw sa mga kaluluwa ng lahat ng tao.
– 48 –	48
The Eighth Principle—Universal Peace	Ang Ikawalong Simulain—Kapayapaang Pandaigdig
4 Avenue de Camoëns, Paris	<i>4 Avenue de Camoëns, Paris</i>
A Supreme Tribunal shall be established by the peoples and Governments of every nation, composed of members elected from each country and Government. The members of this Great Council shall assemble in unity. All disputes of an international character shall be submitted to this Court, its work being to arrange by arbitration everything which otherwise would be a cause of war. The mission of this Tribunal would be to prevent war.	Ang isang Kataas-taasang Hukuman ay ititindig ng mga mamamayan at mga pamahalaan ng bawat bansa, bubuuin ng mga halal na kagawad mula sa bawat bansa at Pamahalaan. Ang mga kagawad ng Dakilang Sangguniang ito ay magpupulong nang may pagkakaisa. Ang lahat ng mga sigalot na may uring pandaigdig ay ihaharap sa Hukumang ito, sapagkat ang gawain nito ay ang mag-ayos sa pamamagitan ng paglilitis ng bawat bagay na kung magkabisala ay maaaring maging isang dahilan ng digmaan. Ang misyon ng Hukumang ito ay ang mahadlangan ang digmaan.
One of the great steps towards universal peace would be the establishment of a universal language. Bahá'u'lláh commands that the servants of humanity should meet together, and either choose a language which now exists, or form a new one. This was revealed in the Kitáb-i-Aqdas forty years ago. It is there pointed out that the question of diversity of tongues is a very difficult one. There are more than eight hundred languages in the world, and no person could acquire them all.	Isa sa dakilang mga hakbang tungo sa kapayapaang pandaigdig ay ang pagkakaroon ng isang wikang pandaigdig. Iniutos ni Bahá'u'lláh na ang mga tagapaglinkod ng sangkatauhan ay magsipagpulong, at pumili ng isang wikang umiiral na o dili kaya ay bumuo ng isang bagong wika. Ito ay nahayag sa Kitáb-i-Aqdas may apatnapung taon na ang nakalilipas. Doon ay isinaad na ang suliranin ng pagkakaiba-iba ng mga wika ay isang lubhang napakahirap na bagay. May mahigit na walong daang mga wika sa daigdig, at walang taong maaaring makaalam ng lahat ng mga iyon.
The races of mankind are not isolated as in former days. Now, in order to be in close relationship with all	Ang mga lahi ng sangkatauhan ay hindi natitipon sa isang pook kagaya noong araw. Sa ngayon, upang mapalapit sa pakikipag-ugnay sa ibang mga bansa ay

countries it is necessary to be able to speak their tongues.	kailangang tayo ay makapagsalita ng kanilang mga wika.
A universal language would make intercourse possible with every nation. Thus it would be needful to know two languages only, the mother tongue and the universal speech. The latter would enable a man to communicate with any and every man in the world!	Ang isang wikang pangdaigdig ay makapagsasagawa ng pakikiugnay sa bawat bansa. Anupa't kailangan makaalam tayo ng dalawang wika lamang, ang inang wika at ang wikang pandaigdig. Itong huli ay magagawang ang isang tao ay makipagbalitaan sa sinuman o bawat tao sa daigdig!
A third language would not be needed. To be able to talk with a member of any race and country without requiring an interpreter, how helpful and restful to all!	Ang isang pangatlong wika ay hindi na kakailanganin. Mangyaring makipag-usap sa isang kagawad ng alinmang lahi at bansa nang hindi na mangangailangan ng isang tagapagsalin o interpreter ay anong laking tulong at ginhawa para sa lahat!
Esperanto has been drawn up with this end in view: it is a fine invention and a splendid piece of work, but it needs perfecting. Esperanto as it stands is very difficult for some people.	Ang Esperanto ay ipinanukala sa layuning ito: Ito ay isang mainam na likha at isang kahanga-hangang piraso ng gawain, subalit nangangailangan ng kasakdalan. Ang Esperanto, gaya ng masasaksihan, ay lubhang mahirap para sa ilang mamamayan.
An international Congress should be formed, consisting of delegates from every nation in the world, Eastern as well as Western. This Congress should form a language that could be acquired by all, and every country would thereby reap great benefit.	Ang isang Kapulungang pandaigdig ay dapat na itatag, bubuuin ng mga kinatawan mula sa bawat bansa sa mundo, Silangan at Kanluranin man. Ang Kapulungang ito ay dapat bumuo ng isang wikang maaaring matutunan ng lahat, at bawat bansa ay aani ng malaking pakinabang sa ganiyang paraan.
Until such a language is in use, the world will continue to feel the vast need of this means of intercourse. Difference of speech is one of the most fruitful causes of dislike and distrust that exists between nations, which are kept apart by their inability to understand each other's language more than by any other reason.	Hangga't hindi tayo nagkakaroon ng isang ganiyang wika, ang daigdig ay patuloy na makararamdam ng malaking pangangailangan natin ng paraang ito ng pakikipag-ugnayan. Ang pagkakaiba ng wika ay isa sa pinakamalubhang dahilan ng pagkamuhi at kawalan ng tiwala na umiiral sa pagitan ng mga bansa, sa pinapamamalaging magkalayo ng hindi nila kakayahang maunawaan ang wika ng isa't isa higit kaysa alinmang ibang dahilan.
If everybody could speak one language, how much more easy would it be to serve humanity!	Kung ang bawat tao ay maaari lamang magsalita ng isang wika, anong dali sanang makapaglingkod sa sangkatauhan!
Therefore appreciate "Esperanto," for it is the beginning of the carrying out of one of the most important of the Laws of Bahá'u'lláh, and it must continue to be improved and perfected.	Samakatwid ay pahalagahan ang "Esperanto," sapagkat iyan ang simula ng pagasasakatuparan ng isa sa pinakamahalagang mga Batas ni Bahá'u'lláh, at dapat ipagpatuloy ang pagpapabuti at pagpapasakdal niya.
– 49 –	49
The Ninth Principle—The Noninterference of Religion with Politics	Ikasiyam na Simulain—Ang Hindi Panghihimasok ng Relihiyon sa Politika
4 Avenue de Camoëns, Paris,	4 Avenue de Camoëns, Paris,
November 17th	Nobyembre 17

In the conduct of life, man is actuated by two main motives: "The Hope for Reward" and "The Fear of Punishment."	Sa takbo ng buhay, ang tao ay pinakikilos ng dalawang pangunahing dahilan: "Ang Pag-asa ng Gantimpala" at "Ang Pangamba sa Parusa."
This hope and this fear must consequently be greatly taken into account by those in authority who have important posts under Government. Their business in life is to consult together for the framing of laws, and to provide for their just administration.	Ang pag-asang ito at ang pangambang ito ay dapat sanang isaalang-alang na lubha ninyo na mga maykapangyarihang may mahahalagang tungkulin sa ilalim ng Pamahalaan. Ang kanilang gawain ay ang magsangguniang sama-sama sa pagbalangkas ng mga batas, at magtadhana para sa kanilang makatarungang pamamahala.
The tent of the order of the world is raised and established on the two pillars of "Reward and Retribution."	Ang tolda ng kaayusan ng daigdig ay itinayo at itinindig sa dalawang mga haligi ng "Gantimpala at Parusa."
In despotic Governments carried on by men without Divine faith, where no fear of spiritual retribution exists, the execution of the laws is tyrannical and unjust.	Sa mapaniil na mga Pamahalaang itinataguyod ng mga taong walang Banal na pananampalataya, hindi pinaghaharian ng takot sa parusang espiritwal, ang pagsasakatuparan ng mga batas ay malupit at hindi makatwiran.
There is no greater prevention of oppression than these two sentiments, hope and fear. They have both political and spiritual consequences.	Wala nang hihigit pang paghadlang sa pang-aapi ditulad ng dalawang damdaming ito, pag-asa at pangamba. Kapuwa ito nag-aangkin ng mga bungang politikal at espiritwal.
If administrators of the law would take into consideration the spiritual consequences of their decisions, and follow the guidance of religion, "They would be Divine agents in the world of action, the representatives of God for those who are on earth, and they would defend, for the love of God, the interests of His servants as they would defend their own." If a governor realizes his responsibility, and fears to defy the Divine Law, his judgments will be just. Above all, if he believes that the consequences of his actions will follow him beyond his earthly life, and that "as he sows so must he reap," such a man will surely avoid injustice and tyranny.	Kung ang mga tagapamahala ng batas ay magsasaalang-alang lamang ng mga bungang espiritwal ng kanilang mga pagpapasiya, ay susundin ang patnubay ng relihiyon, "Sila ay magiging mga kinatawang Banal sa daigdig na gawa, mga kinatawan ng Diyos para sa mga naririto sa ibabaw ng lupa, at kanilang ipagtatanggol, para sa pag-ibig ng Diyos, ang mga kapakanan ng Kaniyang mga tagapaglingkod, kagaya rin ng pagtatanggol nila sa kanilang sarili." Kapag ang isang gobernador ay nakahuhulo ng kaniyang kapanagutan, at natatakot na sumuway sa Banal na Batas, ang kaniyang mga hatol ay magiging makatarungan. Sa ibabaw ng lahat, kapag siya ay naniniwalang ang mga bunga ng kaniyang mga ginagawa ay susunod sa kaniya sa kabilang ibayo ng kaniyang makalupang buhay, at "kung ano ang kaniyang inihasik ay siya rin niyang aanihin," ang kaniyang tao ay tiyak na iiwas sa kawalang-katarungan at paniniil.
Should an official, on the contrary, think that all responsibility for his actions must end with his earthly life, knowing and believing nothing of Divine favors and a spiritual kingdom of joy, he will lack the incentive to just dealing, and the inspiration to destroy oppression and unrighteousness.	Kung ang isang pinuno, sa kabaligtaran nito, ay nag-aakala na ang lahat ng kapanagutan sa kaniyang mga ginagawa ay natatapos na rin na kasama ng kaniyang makalupang buhay, walang natatalos at pinaniniwalaan, bagay sa mga banal na paglingap at isang espiritwal na kaharian ng tuwa, hindi siya makakaroon ng sigla sa makatarungang pakikitungo at hindi magkakaroon ng inspirasyong wasakin ang paniniil at kalinsilan.
When a ruler knows that his judgments will be weighed in a balance by the Divine Judge, and that if he be not found wanting he will come into the Celestial Kingdom and that the light of the Heavenly Bounty will shine upon him, then will he surely act with justice and equity. Behold how important it is that Ministers of State should be enlightened by religion!	Kapag ang isang namumuno ay nakababatid na ang kaniyang mga hatol ay titimbangin sa isang talaro ng Banal na Hukom, at kung matuklasang siya ay hindi naging salat sa katarungan ay makapapasok siya sa Makalangit na Kaharian at ang liwanag na Makalangit na Kagandahang-loob ay sisilay sa kaniya, tiyak na siya ay hahakbang na lakip ang katarungan at walang kiling.

	Tingnan kung gaano kahalaga na ang mga Ministro ng Bansa ay matanglawan ng relihiyon!
With political questions the clergy, however, have nothing to do! Religious matters should not be confused with politics in the present state of the world (for their interests are not identical).	Bagay sa mga suliranin sa politika, ang mga pari, gayunman, ay walang mga kinalaman! Ang mga bagay na panrelihiyon ay hindi dapat ipagkamali sa politika, sa kasalukuyang kalagayan ng daigdig (sapagkat ang kanilang mga kapakanan ay hindi magkatulad.)
Religion concerns matters of the heart, of the spirit, and of morals.	Ang relihiyon ay may kinalaman sa mga bagay na nauukol sa puso, sa espiritu, at sa mga magandang asal.
Politics are occupied with the material things of life. Religious teachers should not invade the realm of politics; they should concern themselves with the spiritual education of the people; they should ever give good counsel to men, trying to serve God and humankind; they should endeavor to awaken spiritual aspiration, and strive to enlarge the understanding and knowledge of humanity, to improve morals, and to increase the love for justice.	Ang politika ay abala sa mga bagay na materyal sa buhay. Ang mga guro ng relihiyon ay hindi dapat pumasok sa kaharian ng politika; dapat nilang iukol ang kanilang mga sarili sa pagbibigay ng kapanutuhang espiritwal sa mga mamamayan; nararapat siyang lagi nang magbigay ng mabuting payo sa mga tao, magsikap na makapaglingkod sa Diyos at sa tao; magpakasakit na gumising sa hangaring espiritwal, at maglunggating mapalawak ang pang-unawa at katarungan ng sangkatauhan upang pabutihin ang magagandang kaasan at maragdagan ang pag-ibig sa katarungan.
This is in accordance with the Teaching of Bahá'u'lláh. In the Gospel also it is written, "Render unto Caesar the things which are Caesar's, and unto God the things which are God's."	Ito ay alinsunod sa Aral ni Bahá'u'lláh. Sa Ebanghelyo ay nasusulat din, "Ibigay kay Caesar ang mga bagay na nauukol kay Caesar, at sa Diyos ang mga bagay na nauukol sa Diyos."
In Persia there are some amongst the important Ministers of State who are religious, who are exemplary, who worship God, and who fear to disobey His Laws, who judge justly and rule their people with Equity. Other Governors there are in this land who have no fear of God before their eyes, who think not of the consequences of their actions, working for their own desires, and these have brought Persia into great trouble and difficulty.	Sa Persiya ay may ilan sa mahahalagang Ministro ng Bansa na mga relihiyoso, mga uliran, sumasamba sa Diyos, at natatakot sumuway sa Kaniyang mga Batas, makatarungang humahatol at namamahala sa kanilang mga mamamayan nang pantay-pantay. May iba namang mga Gobernador sa lupang ito na walang takot sa Diyos sa kanilang paningin, hindi nag-iisip ng ibubunga ng kanilang mga ginagawa, gumagawa pa dala sa Persiya sa isang malaking kaguluhan at kahirapan.
Oh, friends of God, be living examples of justice! So that by the Mercy of God, the world may see in your actions that you manifest the attributes of justice and mercy.	O, mga kaibigan ng Diyos, maging buhay na mga halimbawa kayo ng katarungan! Upang sa pamamagitan ng Awa ng Diyos, makita ng daigdig sa inyong mga ginawa na ipinakita ninyo ang mga katangian ng katarungan at habag.
Justice is not limited, it is a universal quality. Its operation must be carried out in all classes, from the highest to the lowest. Justice must be sacred, and the rights of all the people must be considered. Desire for others only that which you desire for yourselves. Then shall we rejoice in the Sun of Justice, which shines from the Horizon of God.	Ang katarungan ay hindi natatakdaan, iyon ay isang pangkalahatang katangian. Ang kilusin niyon ay dapat na maganap sa lahat ng mga uri, mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa. Ang katarungan ay dapat na maging sagrado, at ang mga karapatan ng lahat ng mga mamamayan ay dapat na maisaalang-alang. Hangarin lamang para sa iba ang nais ninyong hangarin para sa inyong mga sarili. Sa ganiyang paraan ay maliligayahan tayo sa Araw ng katarungan na sumisinag sa atin mula sa Tagpuang-guhit ng Diyos.
Each man has been placed in a post of honor, which he must not desert. A humble workman who commits an injustice is as much to blame as a renowned tyrant. Thus we all have our choice between justice and injustice.	Ang bawat tao ay inihimpil sa isang bantayan ng dangal na hindi niya dapat lisanin. Ang isang abang manggagawa na gumawa ng isang paglabag sa katarungan ay dapat na sisisihing kagaya rin ng isang bantog na maniniil. Anupa't tayong lahat ay makapamimili sa katarungan at sa kalinsilan.

I hope that each one of you will become just, and direct your thoughts towards the unity of mankind; that you will never harm your neighbors nor speak ill of anyone; that you will respect the rights of all men, and be more concerned for the interests of others than for your own. Thus will you become torches of Divine justice, acting in accordance with the Teaching of Bahá'u'lláh, who, during His life, bore innumerable trials and persecutions in order to show forth to the world of mankind the virtues of the World of Divinity, making it possible for you to realize the supremacy of the spirit, and to rejoice in the Justice of God.	Inaasahan ko na ang bawat isa sa inyo ay magiging makatarungan, at itutungo ang inyong mga kaisipan sa pagkakaisa ng sangkatauhan; na hindi ninyo kailanman pipinsalain ang inyong mga kapitbahay ni hindi kayo magsasalita ng masama tungkol kaninuman; na inyong igagalang ang mga karapatan ng lahat ng mga tao, at higit ninyong pahahalagahan ang mga kapakanan ng iba kaysa sa inyong sarili. Sa gayon ay magiging mga sulo kayo ng Banal na katarungan, gumagawa alinsunod sa Katuruan ni Bahá'u'lláh, na, sa panahon ng Kaniyang buhay ay nagbata ng katakut-takot na mga pagsubok at mga pag-uusig upang maipakita sa daigdig ng sangkatauhan ang mga kapurihan ng Daigdig ng Kabanalan, at pinapangyaring maalagata ninyo ang kapangyarihan ng espiritu, at makapagdiwang sa Katarungan ng Diyos.
By His Mercy, the Divine Bounty will be showered upon you, and for this I pray!	Sa pamamagitan ng Kaniyang Awa, ang Banal na Kagandahang-loob ay isasaboy sa inyo, at para sa bagay na ito, ako ay nananalangin!
– 50 –	50
The Tenth Principle—Equality of Sex	Ang Ikasampung Simulain—Pagkakapantay-pantay ng Kasarian
4 Avenue de Camoëns, Paris,	<i>4 Avenue de Camoëns, Paris,</i>
November 14th	<i>Nobyembre 14</i>
The Tenth Principle of the teaching of Bahá'u'lláh is the equality of the sexes.	Ang Ikasampung Simulain ng aral ni Bahá'u'lláh ay ang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian.
God has created all creatures in couples. Man, beast, or vegetable, all the things of these three kingdoms are of two sexes, and there is absolute equality between them.	Nilikha ng Diyos ang lahat ng nilalang nang dala-dalawa. Ang tao, hayop, o halaman, ang lahat ng mga bagay ng tatlong kahariang ito ay paraparang nabubuo ng dalawang kasarian, at may lubos na pagkakapantay-pantay ang mga ito.
In the vegetable world there are male plants and female plants; they have equal rights, and possess an equal share of the beauty of their species; though indeed the tree that bears fruit might be said to be superior to that which is unfruitful.	Sa daigdig ng halaman ay may mga halamang lalaki at may halamang babae; may pantay na mga karapatan ang mga ito, at nag-aangkin ng pantay na pakinabang sa kariktan ng taglay na uri; bagaman totoo na ang punong namumunga ay maaaring masabing nakahihigit kaysa punong hindi namumunga.
In the animal kingdom we see that the male and the female have equal rights; and that they each share the advantages of their kind.	Sa kaharian ng hayop ay makikita natin na ang lalaki at mga babae may pantay na mga karapatan; at ang bawat isa ay may bahagi sa mga kahigitan ng kanilang uri.
Now in the two lower kingdoms of nature we have seen that there is no question of the superiority of one sex over the other. In the world of humanity we find a great difference; the female sex is treated as though inferior, and is not allowed equal rights and privileges. This condition is due not to nature, but to education. In the Divine Creation there is no such distinction. Neither sex is superior to the other in the sight of God. Why then should one sex assert the inferiority of the other,	Ngayon, sa dalawang mabababang kaharian ng kalikasan ay nakita natin na walang suliranin ng kahigitan ng isang kasarian sa ibabaw ng kasamang kasarian. Sa daigdig ng sangkatauhan ay nasumpungan natin ang isang malaking kaibahan; ang kasariang babae ay itinuring na para bagang nakabababa, at hindi pinag-uukulan ng pantay na mga karapatan at mga pribilehiyo o kaluwagan. Ang kalagayang ito ay sanhi hindi ng kalikasan kundi ng edukasyon. Sa Banal na Kalikhaan ay wala ng ganiyang

withholding just rights and privileges as though God had given His authority for such a course of action? If women received the same educational advantages as those of men, the result would demonstrate the equality of capacity of both for scholarship.	pagkakaiba. Walang-alinmang kasariang nakahihigit doon sa isa sa paningin ng Diyos. Bakit kung gayon maninindigan ang isang kasarian ng pagiging mababa ng ibang kasarian, pipigil sa mga karapatan at mga kaluwagan na para bang ang Diyos ay nagbigay sa kaniya ng kapangyarihang magsagawa ng gayong hakbang? Kapag ang kababaihan ay tumanggap ng mga kapakinabangan sa pag-aaral na kagaya rin ng kapantayan sa kakayahan ng dalawa sa kaalaman.
In some respects woman is superior to man. She is more tenderhearted, more receptive, her intuition is more intense.	Sa ilang kabagayan ay nakahihigit ang babae sa lalaki. Siya ay higit na malambot ang puso, lalong handang tumanggap, higit na marubdob ang damdamin.
It is not to be denied that in various directions woman at present is more backward than man, also that this temporary inferiority is due to the lack of educational opportunity. In the necessity of life, woman is more instinct with power than man, for to her he owes his very existence.	Hindi maikakaila na sa iba't ibang mga tunguhin, ang mga babae ngayon ay higit na nahuhuli kaysa sa lalaki, gayundin, na ang pansamantalang pagkaabang ito ay dahil sa kakulangan ng pagkakataong magkaroon ng edukasyon. Sa pangangailangan ng buhay, ang babae ay higit ang simbuho sa kapangyarihan kaysa sa lalaki, sapagkat sa kaniya utang ng lalaki ang pagkabuhay niya.
If the mother is educated then her children will be well taught. When the mother is wise, then will the children be led into the path of wisdom. If the mother be religious she will show her children how they should love God. If the mother is moral she guides her little ones into the ways of uprightness.	Kung ang isang ina ay nakapag-aral, ang kaniyang anak ay mangatututong mabuti. Kapag ang ina ay matalino, ang kaniyang mga anak ay maaakay sa landas ng katalinuhan. Kung ang ina ay relihiyosa, ipakikita niya sa kaniyang mga anak kung paano pinapatnubayan niya ang kaniyang maliliit na supling sa mga kaparaanan ng matuwid na pamumuhay.
It is clear therefore that the future generation depends on the mothers of today. Is not this a vital responsibility for the woman? Does she not require every possible advantage to equip her for such a task?	Maliwanag, samakatwid, na ang darating na salinlahi ay nasasalalay sa mga ina ng kasalukuyang panahon. Hindi бага ito isang mahalagang kapanagutan para sa kababaihan? Hindi бага kinakailangan niya ang bawat maaaring matamong kapakinabangan upang magamit niyang kasangkapan sa pagganap ng gayong tungkulin?
Therefore, surely, God is not pleased that so important an instrument as woman should suffer from want of training in order to attain the perfections desirable and necessary for her great life's work! Divine Justice demands that the rights of both sexes should be equally respected since neither is superior to the other in the eyes of Heaven. Dignity before God depends, not on sex, but on purity and luminosity of heart. Human virtues belong equally to all!	Samakatwid, tiyak na ang Diyos ay hindi nasisiyahan na ang isang mahalagang kasangkapang tulad ng babae ay magtiis ng kawalan ng pagsasanay upang makapagtamo ng mga kasakdalang kanais-nais at kailangan para sa kaniyang dakilang gawain sa buhay. Hinihingi ng Banal na Katarungan na pantay na igalang ang mga karapatan ng dalawang kasarian yayamang wala ni isa sa dalawa ang nakahihigit sa kabila sa mga mata ng Langit. Ang dangal sa harap ng Diyos ay nakasalalay, hindi sa kasarian, kundi sa kalinisan at kaningningan ng puso. Ang mga kapurihan ng tao ay nauukol nang pantay sa lahat!
Woman must endeavor then to attain greater perfection, to be man's equal in every respect, to make progress in all in which she has been backward, so that man will be compelled to acknowledge her equality of capacity and attainment.	Anupa't ang babae ay dapat magsumikap upang makapagtamo ng higit na kasakdalan, upang maging kapantay ng lalaki sa bawat bagay, upang umunlad sa lahat ng bagay na hindi pa niya naaabot, sa gayon, ang lalaki ay mapipilitang kumilala sa kaniyang kapantay sa kakayahan at naaabot.
In Europe women have made greater progress than in the East, but there is still much to be done! When students have arrived at the end of their school term an examination takes place, and the result thereof determines the knowledge and capacity of each student. So will it be with woman; her actions will show her	Sa Europa ang kababaihan ay nakapagtamo na ng higit na kaunlaran kaysa sa Silangan, subalit marami pa ring bagay ang dapat na gawin! Kapag ang mga mag-aaral ay nakasapit na sa pagwawakas ng kanilang pag-aaral, isang pagsusulit ang idinaraos, at ang kinalabasan niyon ay nagpapasiya sa karunungan at kakayahan ng bawat mag-aaral. Gayundin ang mangyayari sa babae; ang

power, there will no longer be any need to proclaim it by words.	kaniyang mga hakbang ay nagpapakilala ng kaniyang kapangyarihan, hindi na kakailanganin pang ipahayag iyon sa pamamagitan ng mga salita.
It is my hope that women of the East, as well as their Western sisters, will progress rapidly until humanity shall reach perfection.	Inaasahan ko na ang mga babae sa Silangan, gayundin ang kanilang mga kapatid na Kanluran, ay magsisiunlad ng mabilis hanggang ang sangkatauhan ay makasapit sa kasakdalan.
God's Bounty is for all and gives power for all progress. When men own the equality of women there will be no need for them to struggle for their rights! One of the principles then of Bahá'u'lláh is the equality of sex.	Ang Kagandahang-loob ng Diyos ay para sa lahat at nagbibigay ng kapangyarihan para sa lahat ng pag-unlad. Kapag inamin ng lalaki ang kapantayan ng babae, hindi na kakailangin ng mga babae ang makipaglaban pa para sa kanilang mga karapatan. Anupa't ang isa sa mga simulain ni Bahá'u'lláh ay ang pagkakapantay-pantay ng kasarian.
Women must make the greatest effort to acquire spiritual power and to increase in the virtue of wisdom and holiness until their enlightenment and striving succeeds in bringing about the unity of mankind. They must work with a burning enthusiasm to spread the Teaching of Bahá'u'lláh among the peoples, so that the radiant light of the Divine Bounty may envelop the souls of all the nations of the world!	Ang kababaihan ay dapat na magsagawa ng sukdulang pagsisikap ng makapagtamo ng kapangyarihang espirituwal at makapagdagdag sa kapurihan ng katalinuhan at kabanalan hanggang ang kanilang kapanutuhan at paglulungati ay magtagumpay sa pagbubunsod ng pagkakaisa ng sangkatauhan. Sila ay sapat na gumawa ng taglay ang isang nag-aalab na hangaring mapalaganap ang Araw ni Bahá'u'lláh sa lahat ng mga mamamayan upang ang maringal na liwanag ng Banal na Kagandahang-loob ay lumukob sa lahat ng mga kaluluwa sa lahat ng mga bansa sa santinakpan!
– 51 –	51
The Eleventh Principle—The Power of the Holy Spirit	Ang Ikalabing-isang Simulain—Ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo
4 Avenue de Camoëns, Paris,	<i>4 Avenue de Camoëns, Paris,</i>
November 18th	<i>Nobyembre 18</i>
In the teaching of Bahá'u'lláh, it is written: "By the Power of the Holy Spirit alone is man able to progress, for the power of man is limited and the Divine Power is boundless." The reading of history brings us to the conclusion that all truly great men, the benefactors of the human race, those who have moved men to love the right and hate the wrong and who have caused real progress, all these have been inspired by the force of the Holy Spirit.	Sa aral ni Bahá'u'lláh ay nasusulat: 'Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo lamang maaaring ang tao ay umunlad, sapagkat ang kapangyarihan ng tao ay natatakdaan at ang Banal na Kapangyarihan ay walang hangganan'. Ang pagtunghay sa kasaysayan ay nagdadala sa atin sa paniwala na ang lahat ng tunay na dakilang tao, ang tagatangkilik ng sangkalahian ng tao, yaong mga nagbunsod sa mga tao na ibigin ang katwiran at kamuhian ang kamalian at yaong mga nagtaguyod ng tunay na kaunlaran, ang lahat ng mga ito ay pinasigla ng lakas ng Espiritu Santo.
The Prophets of God have not all graduated in the schools of learned philosophy; indeed they were often men of humble birth, to all appearance ignorant, unknown men of no importance in the eyes of the world; sometimes even lacking the knowledge of reading and writing.	Ang mga Propeta ng Diyos ay hindi lahat nagsipagtapos sa mga paaralan ng matayog na pilosopiya; tunay, Sila ay karaniwang mga tao na nagmula sa mababang kinamulatan, sa lahat ng kaanyuan ay mangmang, mga di-kilalang tao na walang kahala-halaga sa mga mata ng daigdig; kung minsan ay salat pa nga sa karunungan sa pagbasa at pagsulat.

That which raised these great ones above men, and by which they were able to become Teachers of the truth, was the power of the Holy Spirit. Their influence on humanity, by virtue of this mighty inspiration, was great and penetrating.	Ang nagtataas sa mga dakilang ito sa ibabaw ng mga tao, at sa paraang iyan ay nangyayaring sila ay maging Guro ng katotohanan, ay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang kanilang lakas sa sangkatauhan, sa bisa ng makapangyarihang inspirasyong ito, ay malabis at nakapanunuot.
The influence of the wisest philosophers, without this Spirit Divine, has been comparatively unimportant, however extensive their learning and deep their scholarship.	Ang lakas ng pinakamatalinong mga pilosopo, kung wala nitong Espiritu Santo, ay pahambing na masasabing hindi mahalaga gaano man kalawak ang kanilang karunungan at kalalim ang kanilang pinag-aralan.
The unusual intellects, for instance, of Plato, Aristotle, Pliny and Socrates, have not influenced men so greatly that they have been anxious to sacrifice their lives for their teachings; whilst some of those simple men so moved humanity that thousands of men have become willing martyrs to uphold their words; for these words were inspired by the Divine Spirit of God! The prophets of Judah and Israel, Elijah, Jeremiah, Isaiah and Ezekiel, were humble men, as were also the apostles of Jesus Christ.	Ang mga di-pangkaraniwang kaisipan, halimbawa, nina Plato, Aristotle, Pliny at Socrates, ay hindi lubhang nakaimpluwensiya sa mga tao sa paraang buong kasabikang ipinagpakasakit nila ang kanilang buhay para sa kanilang mga pangangaral; samantalang ang ilan sa mga pangkaraniwang taong iyon ay nangyaring mapaniwala ang sangkatauhan hanggang ang libo-libong mga tao ay kusang-loob na nagsipagmartir upang panindigan lamang ang kanilang mga salita; sapagkat ang mga salitang ito ay pinasigla ng Espiritu Santo ng Diyos! Ang mga propeta ng Hudeya at Israel, Elijah, Jeremiah, Isiah, at Ezekiel, ay mga taong mapagpakumbaba, gaya rin ng mga alagad ni Hesukristo.
Peter, the chief of the apostles, used to divide the proceeds of his fishing into seven parts, and when, having taken one part for each day's use, he arrived at the seventh portion, he knew it was the Sabbath day. Consider this! and then think of his future position; to what glory he attained because the Holy Spirit wrought great works through him.	Si Pedro, ang pangunahin sa mga alagad, ay hinahati sa pitong bahagi ang kaniyang mga pakinabang mula sa pangangisda, at kung, sa pagkakagamit ng isang bahagi sa bawat isang araw, siya't sumasapit sa ikapitong bahagi, nababatid niyang iyon ang araw ng Sabbath. Isaalang-alang ito! At pagkatapos ay isipin ang kaniyang kalagayang hinaharap; ang kaluwalhatiang kaniyang naaabot sapagkat ang Espiritu Santo ay naghubog ng mga dakilang gawain sa pamamagitan niya.
We understand that the Holy Spirit is the energizing factor in the life of man. Whosoever receives this power is able to influence all with whom he comes into contact.	Nauunawaan natin na ang Espiritu Santo ay siyang nagpapasiglang bagay sa buhay ng tao. Sinumang tumatanggap ng kapangyarihang ito ay nangyayaring makaimpluwensiya sa lahat ng kaniyang nakakasama.
The greatest philosophers without this Spirit are powerless, their souls lifeless, their hearts dead! Unless the Holy Spirit breathes into their souls, they can do no good work. No system of philosophy has ever been able to change the manners and customs of a people for the better. Learned philosophers, unenlightened by the Divine Spirit, have often been men of inferior morality; they have not proclaimed in their actions the reality of their beautiful phrases.	Ang pinakadakilang mga pilosopo kung wala ng Espiritung ito ay walang kapangyarihan, ang mga kaluluwa nila ay walang buhay, ang kanilang mga puso ay patay! Maliban kung ang Espiritu Santo ay magbibigay-hininga sa kanilang mga kaluluwa, hindi sila makagagawa ng mabuting gawain. Walang paraan ng pilosopiya na mangyayaring makabago sa mga asal at kaugalian ng isang sambayanan ukol sa lalong mabuti. Ang matatalinong pilosopo, kung hindi natataglwan ng Espiritu Santo, ay malimit na maging mga tao ng mababang moralidad; hindi nila maipahayag sa kanilang mga kilos ang katunayan ng kanilang magagandang parirala.
The difference between spiritual philosophers and others is shown by their lives. The Spiritual Teacher shows His belief in His own teaching, by Himself <i>being</i> what He recommends to others.	Ang kaibahan ng mga pilosopong espiritwal sa iba ay ipinakikita ng kanilang mga buhay. Ipinamamalas ng Gurong Espiritwal ang Kaniyang paniwala sa Kaniyang sariling aral, ginagawa Niya ang bagay na Kaniyang itinatagubilin sa iba.

A humble man without learning, but filled with the Holy Spirit, is more powerful than the most nobly-born profound scholar without that inspiration. He who is educated by the Divine Spirit can, in his time, lead others to receive the same Spirit.	Ang isang mapagpakumbabang taong walang karunungan, subalit puspos ng Espiritu Santo, ay higit na makapangyarihan kaysa sa pinakamarangal na isinilang at mataimtim na palaaral na wala ng gayon inspirasyon. Siya na tinuruan sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay maaari, sa kaniyang panahon, na makapamatnubay sa iba upang tumanggap ng gayunding Espiritu.
I pray for you that you may be informed by the life of the Divine Spirit, so that you may be the means of educating others. The life and morals of a spiritual man are, in themselves, an education to those who know him.	Nananalangin ako para sa inyo at nang kayo ay makaalam sa pamamagitan ng Banal ng Espiritu, upang kayo ay siyang maging kasangkapan ng pagtuturo sa iba. Ang buhay at mga moralidad ng isang taong espiritwal ang sa kabuuan ay isang edukasyon para doon sa makakilala sa kaniya.
Think not of your own limitations, dwell only on the welfare of the Kingdom of Glory. Consider the influence of Jesus Christ on His apostles, then think of their effect upon the world. These simple men were enabled by the power of the Holy Spirit to spread the glad tidings!	Huwag isipin ang inyong sariling katakdaan, mamantungan lamang sa kagalingan ng Kaharian ng Luwalhati. Isaalang-alang ang lakas ni Hesukristo sa Kaniyang mga alagad, pagkatapos ay alalahanin ang bisa nila sa daigdig. Ang mga karaniwang taong ito ay nangyaring sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay mapalaganap ang masayang mga balita!
So may you all receive Divine assistance! No capacity is limited when led by the Spirit of God!	Nawa ay tumanggap kayong lahat ng Banal na tulong! Walang-kakayahang natatakdaan kung akay ng Espiritu ng Diyos!
The earth of itself has no properties of life, it is barren and dry, until fertilized by the sun and the rain; still the earth need not bewail its own limitations.	Ang lupa sa sarili nito ay walang mga sangkap ng buhay, ito ay basal at tuyot, hanggang sa patabain ng araw at ng ulan; gayunman ay hindi kailangang itangis ng lupa ang gayong katakdaan.
May you be given life! May the rain of the Divine Mercy and the warmth of the Sun of Truth make your gardens fruitful, so that many beautiful flowers of exquisite fragrance and love may blossom in abundance. Turn your faces away from the contemplation of your own finite selves and fix your eyes upon the Everlasting Radiance; then will your souls receive in full measure the Divine Power of the Spirit and the Blessings of the Infinite Bounty.	Kayo sana ay mangabigyan ng buhay! Mangyari sanang ang ulan ng Banal na Habag at ang init ng Araw ng Katotohanan ay magawang mabunga ang inyong mga halaman, upang ang maraming magagandang bulaklak na puspos ng katangi-tanging halimuyak at pag-ibig ay mamukadkad sa kasaganaan. Ipihit ng malayo ang inyong mga mukha sa pag-alala sa inyong mga sariling may hanggan at ituon ang inyong mga mata sa Luningning na Walang-hanggan; sa gayon ay tatanggaping lubos ng inyong mga kaluluwa ang Banal na Kapangyarihan ng Espiritu at ang Pagpapala ng Walang-katapusang Kagandahang-loob.
If you thus keep yourselves in readiness, you will become to the world of humanity a burning flame, a star of guidance, and a fruitful tree, changing all its darkness and woe into light and joy by the shining of the Sun of Mercy and the infinite blessings of the Glad Tidings.	Kung inyo ngang ihahanda ang inyong mga sarili, kayo ay magiging nag-aalab na ningas sa daigdig ng sangkatauhan, isang bituin ng patnubay, at isang mabungang punongkahoy, nagpapalit sa buong karimlan at kasakitan nito sa liwanag at tuwa sa pamamagitan ng sumisikat na Araw ng habag at ng walang-katapusang pagpapala ng Masayang mga Balita.
This is the meaning of the power of the Holy Spirit, which I pray may be bountifully showered upon you.	Ito ang kahulugan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na ipinanalangin kong masaganang sana ang sumainyo.
– 52 –	52

This Great and Glorious Cause	Itong Kapakanang Dakila at Maluwalhati
4 Avenue de Camoëns, Paris,	4 Avenue de Camoëns, Paris,
November 28th	Nobyembre 28
In these gatherings where we have met and spoken together you have all become acquainted with the principles of this dispensation, and with the <i>reality of facts</i> . Unto you it has been given to know these things, but there are many still unenlightened and submerged in superstition. They have heard but little of this great and glorious Cause, and the knowledge they have is for the most part based only on hearsay. Alas, poor souls, the knowledge they have is not based on truth, the foundation of their belief is not the teaching of Bahá'u'lláh! There is, assuredly, a certain amount of truth in what they have been told, but for the most part their information has been inaccurate.	Sa mga pagtitipong ito na ating kinatapuan at kinapahayagang magkakasama ay nalaman ninyong lahat ang mga simulain ng kapanahunang ito, at lakip ang mga katotohanan ng mga bagay. Sa inyo ay ipinagkaloob na maunawaan ang mga ito, subalit marami pa ring hindi naliliwanagan at nakalubog pa rin sa pamahiin. Kaunti pa lamang ng dakila at maluwalhating Kapakanang ito ang kanilang naririnig, at ang katalusan nila sa malaking bahagi ay nasasalig lamang sa sabi-sabi. Sa wakas, kawawang mga kaluluwa, ang kaalaman nila ay hindi na babatay sa katotohanan, ang pundasyon ng kanilang paniniwala ay hindi ang aral ni Bahá'u'lláh! Kung sa bagay ay may kaunting katotohanan sa kanilang natalos, datapwat sa malaking bahagi, ang naipaalam sa kanila ay hindi tama.
The true principles of the blessed Cause of God are the eleven rules which I have given you, and I have carefully explained these, one by one.	Ang tunay na mga simulain ng pinagpalang kapakanan ng Diyos ay ang labing-isang tuntuning ibinigay ko sa inyo, at buong ingat na ipinaliwanag ko ang ito sa inyo, isa-isa.
You must endeavor always to live and act in direct obedience to the teachings and laws of Bahá'u'lláh, so that every individual may see in all the acts of your life that in word and in deed you are followers of the Blessed Perfection.	Sikapang lagi ninyong mamuhay at gumawa nang alinsunod sa mga aral at mga batas ni Bahá'u'lláh upang ang bawat isa sa inyo ay makita sa lahat ng mga ginawa ninyo sa buhay na sa salita ay sa gawa ay kayo ang mga tagasunod ng Pinagpalang Kasakdalan.
Exert yourselves so that this glorious teaching may encircle the globe, and that spirituality may be infused into the hearts of men.	Magpunyagi kayo upang ang maluwalhating araw na ito ay pumaligid sa sanlibutan, at ang espiritwalidad ay manuot sa mga puso ng tao.
The breath of the Holy Spirit shall confirm you, and although many will arise against you, they shall not prevail!	Ang hininga ng Espiritu Santo ay magpapatibay sa inyo, at bagama't marami ang titindig laban sa inyo, sila ay hindi mananaig!
When the Lord Christ was crowned with thorns, He knew that all the diadems of the world were at His feet. All earthly crowns, however brilliant, powerful and resplendent, bowed in adoration before the crown of thorns! It was from this sure and certain knowledge He spoke, when He said: "All power is given unto Me, in Heaven and in earth." ¹	Nang ang Panginoong Hesukristo ay putungan ng tinik, batid Niyang ang lahat ng mga korona ng daigdig ay nasa Kaniyang paanan. Ang lahat ng mga koronang pangkalupaan, sanggano mang ningning, kapangyarihan at kinang, ay yumukong sumasamba sa korona ng mga tinik! Mula sa tiyak at tanging kaalamang ito Siya nagsasalita nang Kaniyang sabihin: 'Lahat ng kapangyarihan ay ipinagkaloob sa Akin, sa Langit at sa Lupa'. ¹⁴
Now I say unto you, bear this on your hearts and in your minds. Verily your light shall illumine the whole world, your spirituality shall affect the heart of things. You shall in truth become the lighted torches of the globe. Fear not, neither be dismayed, for your light shall penetrate the densest darkness. This is the Promise of God, which I give unto you. Rise! and serve the Power of God!	Ngayon ay sinasabi ko sa inyo, ikintal sa inyong mga puso at sa inyong mga isipan. Tunay, ang inyong liwanag ay magpapaningning sa buong daigdig, ang inyong espiritwalidad ay magkakabisa sa puso ng mga bagay. Kayo sa katotohanan ang magiging nagniningas na mga sulo ng sanlibutan. Huwag mangamba, ni manlumo, sapagkat ang inyong liwanag ay manunuot hanggang sa pinakamakapal na karimlan. Ito ang Pangako ng Diyos, na ibinibigay ko sa inyo. Tumindig! at maglingkod sa Kapangyarihan ng Diyos!

– 53 –	53
The Last Meeting	Ang Huling Pulong
15 Rue Greuze, Paris,	<i>15 Rue Greuze, Paris,</i>
December 1st	<i>Disyembre 1</i>
When I arrived in Paris some time ago for the first time, I looked around me with much interest, and in my mind I likened this beautiful city to a large garden.	Nang dumating ako sa Paris kamakailan sa unang pagkakataon, ako ay tumingin sa aking paligid, at sa aking isipan ay itinulad ko ang magandang lungsod na ito sa isang malaking halamanan.
With loving care and much thought I examined the soil, and found it to be very good and full of possibility for steadfast faith and firm belief, for a seed of God's love has been cast into the ground.	Lakip ang masintahing pag-iingat at labis na pag-alaala ay sinuri ko ang lupa, at napag-alaman kong iyon ay lubhang mabuti at maaaring lubos na pagyabungan ng matatag na pananalig at mahigpit na paniwala, sapagkat ang isang binhi ng pag-ibig ng Diyos ay inihasik na sa lupa.
Clouds of Heavenly Mercy showered their rain upon it, and the Sun of Truth fell warmly upon the young seeds, and today one can see in your midst the birth of belief. The seed cast into the ground has begun to spring up, and day by day you will see it grow. The bounties of the Kingdom of Bahá'u'lláh shall indeed bring forth a wondrous harvest!	Ang mga ulap ng Makalangit na Habag ay nagpaaambon dito ng ulan, at ang Araw ng Katotohanan ay naghulog nang buong init sa mga murang binhi, at ngayon ay makikita na ng kahit sino sa inyong sinapupunan ang pagsilang ng pananalig. Ang binhing napatanim sa lupa ay nagsimula nang lumitaw, at sa araw-araw, makikita ninyong iyon ay lalaki. Ang kagandahang-loob ng Kaharian ni Bahá'u'lláh ay tunay na magdadala sa inyo ng isang kahanga-hangang ani!
Behold! I bring you glad and joyful tidings! Paris will become a garden of roses! All kinds of beautiful flowers will spring up and flourish in this garden, and the fame of their fragrance and beauty will be spread in all lands. When I think of Paris in the future, I seem to see her bathed in the light of the Holy Spirit! Verily, the day is dawning when Paris will receive her illumination, and the Goodness and Mercy of God will be visible to every living creature.	Masdan! Dinadalhan ko kayo ng masaya at nakatutuwang mga balita! Ang Paris ay magiging isang halamanan ng mga rosas! Ang lahat ng mga uri ng magagandang bulaklak ay susulpot at mananagana sa halamanang ito, at ang kabantugan ng kanilang halimuyak at kariktan ay palalaganapin sa lahat ng mga lupa. Kung aking dalumatin ang Paris sa kinabukasan, para bagang nakikita ko itong naliligo sa liwanag ng Espiritu Santo! Tunay, ang araw ay unti-unti nang nagliliwanag kapag ang Paris ay tumatanggap na ng luningning, at ang Kabutihan at Habag ng Diyos ay napakikita na sa bawat nabubuhay na nilikha.
Do not allow your minds to dwell on the present, but with eyes of faith look into the future, for in truth the Spirit of God is working in your midst.	Huwag tulutan ang inyong mga isipang mamahay na lamang sa kasalukuyan, kundi sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya ay tumingin kayo sa hinaharap, sapagkat sa katotohanan ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa inyong kalagitnaan.
Since my arrival a few weeks ago, I can see the growth of spirituality. At the beginning only a few souls came to me for Light, but during my short sojourn among you the numbers have increased and doubled. This is a promise for the future!	Sapul noong aking pagdatal may ilang linggo na ang nakararaan, nakikita ko ang paglago ng espiritwalidad. At sa pasimula ilang mga kaluluwa pa lamang ang lumapit sa akin dahil sa Liwanag, datapwat sa loob ng maikli kong pananahan sa piling ninyo ang mga bilang ay naragdagan at nagdalawang ibayo. Ito ay isang pangako para sa kinabukasan!
When Christ was crucified and left this world, He had only eleven disciples and a very few followers; but as He served the Cause of truth, look today at the result of	Nang si Kristo ay ibayubay sa krus at iwan ang daigdig, Siya ay mayroon lamang labing-isang mga alagad at kakaunti pa lamang na mga tagasunod; ngunit habang

His life's work! He has illumined the world, and given life to dead humanity. After His ascension little by little His Cause grew, the souls of His followers became more and more luminous, and the exquisite perfume of their saintly lives spread on all sides.	Kaniyang pinaglilingkuran ang Sanhi ng Katotohanan, masdan ngayon ang kinalabasan ng Kaniyang mga ginawa sa buhay! Tinanglawan Niya ang santinakpan, at binigyan Niya ng buhay ang patay na sangkatauhan. Pagkatapos ng Kaniyang pag-akyat, unti-unting ang Kaniyang Usapin ay lumago, ang mga kaluluwa ng Kaniyang mga tagasunod ay naging higit at higit na maringal, at ang katangi-tanging pabango ng kanilang malasantong mga buhay ay kumalat sa lahat ng panig.
Now today, thank God, a similar condition has begun in Paris. There are many souls who have turned to the Kingdom of God, and who are attracted to unity, love and truth.	Ngayon, sa araw na ito, salamat sa Diyos, ang gayon ding kalagayan ay nagsimula na sa Paris. Marami na ang mga kaluluwang bumaling sa Kaharian ng Diyos, at nangaakit na ng pagkakaisa, pag-ibig at katotohanan.
Try so to work that the goodness and mercy of the Most Glorious may enfold the whole of Paris. The Breath of the Holy Spirit will help you, the Celestial Light of the Kingdom will shine in your hearts, and the blessed angels of God from Heaven will bring you strength and will succor you. Then thank God with all your hearts that you have attained to this supreme benefit. A great part of the world is plunged in sleep, but you have been awakened. Many are blind, but you see!	Subukin ngang gumawa upang ang kabutihan at habag ng 'Abhá ay lumukob sa kabuuan ng Paris. Ang Hininga ng Espiritu Santo ay tutulong sa inyo, ang Liwanag ng Makalangit na Kaharian ay sisilahis sa inyong mga puso, at ang mapagpalang mga anghel ng Diyos sa Langit ay magdadala sa inyo ng lakas at sasaklolohan kayo. Pagkatapos ay pasalamatang ang Diyos na lakip ang inyong mga puso sa pagkakapagtamo ninyo ng dakilang kapakinabangang ito. Ang malaking bahagi ng daigdig ay nakalugmok sa pagkakahimbing, ngunit kayo ay nangapukaw na. Marami ang bulag, ngunit nakakikita kayo!
The call of the Kingdom is heard in your midst. Glory be to God, you have been born again, you have been baptized by the fire of the Love of God; you have been plunged in the Sea of Life and regenerated by the Spirit of Love!	Ang tawag ng kaharian ay naririnig sa inyong kalagitnaan. Luwalhati sa Diyos, kayo ay isinilang nang muli, kayo ay nangabinyagan na ng apoy ng Pag-ibig ng Diyos; kayo ay nilublub sa Dagat ng Buhay at muling pinasigla ng Espiritu ng Pag-ibig!
Having received such favor be thankful unto God, and never doubt His Goodness and Loving Kindness but have undying faith in the Bounties of the Kingdom. Consort together in brotherly love, be ready to lay down your lives one for the other, and not only for those who are dear to you, but for all humanity. Look upon the whole human race as members of one family, all children of God; and, in so doing, you will see no difference between them.	Sa inyong pagkakatanggap ng gayong pakinabang ay magpasalamat kayo sa Diyos, at huwag kailanman pag-alinglanganan ang Kaniyang Kabutihan at Masintahing Kagandahang-loob kundi bagkus magkaroon ng pananalig sa mga Biyaya ng Kaharian. Magsama-sama kayo sa pag-ibig na pangmagkakapatid, humandang maghandog ng inyong mga buhay para sa isa't isa, at hindi lamang para sa mga mahal sa inyo, kundi para sa lahat ng tao. Ituring ang buong sangkalahian ng tao na mga kagawad ng isang mag-anak, lahat ay mga anak ng Diyos; at, sa pagkakagayon, makikita ninyong walang pagkakaiba sa isa't isa sa kanila.
Humanity may be likened to a tree. This tree has branches, leaves, buds and fruit. Think of all men as being flowers, leaves or buds of this tree, and try to help each and all to realize and enjoy God's blessings. God neglects none: He loves all.	Ang sangkatauhan ay maaaring itulad sa ibang punongkahoy. Ang punongkahoy ay may mga sanga, mga dahon, mga usbong at mga bunga. Ipalagay na ang mga tao ay mga bulaklak, mga dahon o mga usbong ng punongkahoy na ito, at subuking magtulungan sa isa't isa at ang lahat ay dumama at magtamasa ng mga pagpapala ng Diyos. Ang Diyos ay hindi nagpapabaya kanginuman: iniibig Niya ang lahat.
The only real difference that exists between people is that they are at various stages of development. Some are imperfect—these must be brought to perfection. Some are asleep—they must be awakened; some are negligent—they must be roused; but one and all are the children of God. Love them all with your whole heart;	Ang tanging tunay na pagkakaibang umiiral sa mga tao ay ang pangyayaring sila ay nasa iba't ibang panahon ng pagkakaunlad. Ang ilan ay hindi sakdal—ang mga ito ay dapat na itaguyod sa kasakdalan. Ang ilaw ay natutulog—sila ay kailangang pukawin; ang ilan ay pabaya—sila ay kailangang pakilusin; ngunit lahat at

no one is a stranger to the other, all are friends. Tonight I come to say farewell to you—but bear this in your minds, that although our bodies may be far apart, in spirit we shall always be together.	bawat isa sa kanila ay mga anak ng Diyos. Ibigin silang lahat ng buong puso; wala isa man sa kanila na hindi nakakikilala sa iba, ang lahat ay mga kaibigan. Ngayong gabi ay naparito ako sa inyo upang magpaalam—subalit ikintal ito sa inyong mga isipan, na bagaman ang ating mga katawan ay magkakalayo, sa espiritu ay lagi tayong magkakasama.
I bear you one and all in my heart, and will forget none of you—and I hope that none of you will forget me.	Dadalhin ko ang lahat at bawat isa sa inyo sa aking puso, at hindi ko malilimot ang sinuman sa inyo—at umaasa akong wala sinuman sa inyong makalilimot sa akin.
I in the East, and you in the West, let us try with heart and soul that unity may dwell in the world, that all the peoples may become one people, and that the whole surface of the earth may be like one country—for the Sun of Truth shines on all alike.	Ako sa Silangan, at kayo sa Kanluran, ating sikaping buong puso at kaluluwa na ang pagkakaisa ay mamugad sa daigdig, na ang lahat ng mga tao ay maging isang sambayanan, at ang buong kaibabawan ng lupa ay maging isang bansa—sapagkat ang Araw ng Katotohanan ay sumisinag para sa lahat.
All the Prophets of God came for love of this one great aim.	Ang lahat ng mga Propeta ng Diyos ay pumarito para sa pag-ibig sa iisang dakilang layuning ito.
Look how Abraham strove to bring faith and love among the people; how Moses tried to unite the people by sound laws; how the Lord Christ suffered unto death to bring the light of love and truth into a darkened world; how Muḥammad sought to bring unity and peace between the various uncivilized tribes among whom He dwelt. And last of all, Bahá'u'lláh has suffered forty years for the same cause—the single noble purpose of spreading love among the children of men—and for the peace and unity of the world the Báb gave up His life.	Masdan kung paanong si Abraham ay naglunggating makapagdulot ng pananampalataya at pag-ibig sa mga tao; kung paanong si Moises ay bumuklod sa mga tao sa pamamagitan ng mabubuting mga batas; kung paanong ang Panginoong Hesukristo ay nagtiis hanggang sa mamatay upang makapagdulot ng liwanag ng pag-ibig at katotohanan sa naririmlang daigdig; kung paanong si Muḥammad ay naghangad na makapagdala ng pagkakaisa at kapayapaan sa lipon ng iba't ibang hindi pa sibilisadong mga liping Kaniyang kinapiling. At huli sa lahat, si Bahá'u'lláh ay nagtiis ng apatnapung taon ukol sa usapin ding iyan—ang kaisa-isang marangal na adhikaing mapalaganap ang pag-ibig sa lahat ng mga anak ng tao—at para sa kapayapaan at pagkakaisa ng daigdig, ang Báb ay inialay ang Kaniyang buhay.
Thus, strive to follow the example of these Divine Beings, drink from Their fountain, be illumined by Their Light, and to the world be as symbols of the Mercy and Love of God. Be unto the world as rain and clouds of mercy, as suns of truth; be a celestial army, and you shall indeed conquer the city of hearts.	Anupa't lunggatiing alinsunurin ang halimbawa ng Banal na mga Nilikhang ito, uminom mula sa Kanilang bukal, patanglaw sa Kanilang Liwanag, at sa daigdig ay maging mga sagisag kayo ng Habag at Pag-ibig ng Diyos. Kayo ay sumadaigdig na kagaya ng ulan at mga ulap ng awa, kapara ng mga araw ng katotohanan; maging isang makalangit na hukbo, at tiyak na masasakop ninyo ang lungsod ng mga puso.
Be thankful unto God that Bahá'u'lláh has given us a firm and solid foundation. He left no place for sadness in hearts, and the writings of His sacred pen contain consolation for the whole world. He had the words of truth, and anything that is contrary to His teaching is false. The chief aim of all His work was to do away with division.	Magpasalamat kayo sa Diyos at binigyan tayo ni Bahá'u'lláh ng isang matatag na buong pundasyon. Wala Siyang iniwang puwang para sa kalungkutan sa ating mga puso, at ang mga sinulat ng Kaniyang sagradong panitik ay naglalaman ng aliw para sa buong santinakpan. Taglay Niya ang mga salita ng katotohanan, at ang anumang salungat sa Kaniyang aral ay kabulaanan. Ang pangunahing pakay ng lahat ng Kaniyang gawa ay ang isantabi ang paghahati-hati.
The testament of Bahá'u'lláh is a Rain of Goodness, a Sun of Truth, Water of Life, the Holy Spirit. Thus open your hearts to receive the full power of His Beauty, and I will pray for you all that this joy may be yours.	Ang tipan ni Bahá'u'lláh ay isang Ulan ng Kabutihan, isang Araw ng Katotohanan, Tubig ng Buhay, ang Espiritu Santo. Anupa't buksan ang inyong mga puso at tanggapin ang lubos na kapangyarihan ng Kaniyang Kariktan, at nananalangin ako para sa inyong lahat na nawa ay sumainyo ang katuwaang ito.

Now I say “Good-bye.”	Ngayon ay sinasabi ko, “Paalam.”
This I say only to your outer selves; I do not say it to your souls, for our souls are always together.	Ito ay sinasabi ko lamang sa inyong panlabas na mga sarili; hindi ko sinasabi ito sa inyong mga kaluluwa, sapagkat ang ating mga kaluluwa ay mananatiling magkasama.
Be comforted, and rest assured that day and night I shall turn to the Kingdom of the Most Glorious in supplication for you, that day by day you may grow better and holier, nearer to God, and more and more illumined by the radiance of His Love.	Kayo ay mang-aaliw, at pakaasahan ninyo na araw-gabi ay tatawag ako sa Kaharian ng ‘Abhá sa paghiling para sa inyo, na araw-araw ay umunlad kayo ng lalong maigi at lalong banal, lalong malapit sa Diyos, at lalo at lalong natataglawan ng luningning ng Kaniyang Pag-ibig.
• • •	
Part Three	BAHAGI III
– 54 –	54
Address by ‘Abdu’l-Bahá at the Friends’ Meeting House, St. Martin’s Lane, London, W.C.	Talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá sa Bahay-pulungan ng mga Magkakaibigan, sa Daang San Martin, London, W.C.
Sunday, January 12th, 1913	<i>Linggo, Enero 12, 1913</i>
About one thousand years ago a society was formed in Persia called the Society of the Friends, who gathered together for silent communion with the Almighty.	Halos isang libong taon na ang nakararaan, isang kapisanan ang natayo sa Persiya tinawag na Kapisanan ng Magkakaibigan, at dito ay natipong sama-sama ang magkakaanib sa tahimik na pakikipag-usap sa Maykapal.
They divided Divine philosophy into two parts: one kind is that of which the knowledge can be acquired through lectures and study in schools and colleges. The second kind of philosophy was that of the Illuminati, or followers of the inner light. The schools of this philosophy were held in silence. Meditating, and turning their faces to the Source of Light, from that central Light the mysteries of the Kingdom were reflected in the hearts of these people. All the Divine problems were solved by this power of illumination.	Hinati nila ang banal na pilosopiya sa dalawang bahagi: ang isang uri ay yaong mapagkumkum ng karunungan sa pamamagitan ng mga pag-aaral sa mga paaralan at dalubhasaan. Ang ikalawang uri ng pilosopiya ay yaong mga natataglawan o mga tagasunod ng panloob na liwanag. Ang mga paaralan ng mga pilosopiyang ito ay idinaos sa katahimikan. Nagbubulay-bulay, at ipinipihit ang kanilang mga mukha sa Pinagmumulan ng Liwanag, mula sa panggitnang Liwanag ang mga himala ng Kaharian ay ipinalos sa mga puso ng mga tao. Ang lahat ng mga Banal na suliranin ay nilutas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng liwanag.
This Society of Friends increased greatly in Persia, and up to the present time their societies exist. Many books and epistles were written by their leaders. When they assemble in their meeting-house they sit silently and contemplate; their leader opens with a certain proposition, and says to the assembly “You must meditate on this problem.” Then, freeing their minds from everything else, they sit and reflect, and before long the answer is revealed to them. Many abstruse divine questions are solved by this illumination.	Ang Kapisanang ito ng Magkakaibigan ay lubhang naragdagan sa Persiya at hanggang sa kasalukuyan ang kanilang mga kapisanan ay umiiral. Maraming mga aklat at mga kalatas ang sinulat nang kanilang mga lider. Kapag sila ay nagkakatiapon sa kanilang bahay-pulungan, umuupo silang tahimik at nagbubulay-bulay; ang kanilang lider ay nagbubukas sa tagasunod sa pamamagitan ng isang mungkahi, at nagsasabi sa kapulungan ‘Kayo ay magmuni sa suliraning ito’. Pagkatapos, bilang pagpapalaya sa kanilang mga isipan mula sa bawat anumang bagay, sila ay nauupo at nagmumuni-muni at hindi naglalaro ay ipinahahayag ang

	kasagutan sa kanila. Maraming natatagong banal na katanungan ang nilutas sa pamamagitan ng ganitong pagtanggap ng kaliwanagan.
Some of the great questions unfolding from the rays of the Sun of Reality upon the mind of man are: the problem of the reality of the spirit of man; of the birth of the spirit; of its birth from this world into the world of God; the question of the inner life of the spirit and of its fate after its ascension from the body.	Ang ilan sa malaking katanungang naliwanagan mula sa silahis ng Araw ng Katotohanan na nauot sa isipan ng tao ay: ang suliranin ng katotohanan ng espiritu ng tao; ang pagsilang ng espiritu; ang pagsilang nito mula sa daigdig na ito tuloy sa daigdig ng Diyos; ang suliranin ng panloob na buhay ng espiritu at ng kapalaran nito pagkatapos ng pag-akyat sa katawan.
They also meditate upon the scientific questions of the day, and these are likewise solved.	Nagmuni-muni rin sila sa kasalukuyan noong pang-agham na mga katanungan, at ang mga ito ay nalulutas din.
These people, who are called “Followers of the inner light,” attain to a superlative degree of power, and are entirely freed from blind dogmas and imitations. Men rely on the statements of these people: by themselves—within themselves—they solve all mysteries.	Ang mga taong ito na tinatawag na ‘mga Tagasunod ng panloob na liwanag,’ ay nakararating sa saukdulang antas ng kapangyarihan at lubos na malaya sa mga bulag na doktrina at mga panggagagad. Ang mga tao ay nanghahawakan sa mga pahayag na mga ito; sa kanilang mga sarili—sa loob ng kanilang kaibuturan—nilulutas nila ang lahat ng mga himala.
If they find a solution with the assistance of the inner light, they accept it, and afterwards they declare it: otherwise they would consider it a matter of blind imitation. They go so far as to reflect upon the essential nature of the Divinity, of the Divine revelation, of the manifestation of the Deity in this world. All the divine and scientific questions are solved by them through the power of the spirit.	Kapag nakatagpo sila ng isang kalutasan sa tulong ng panloob na liwanag, tinatanggap nila ito, at pagkatapos ito ay ipinahahayag: dili kaya ay kanilang ituturing itong isang uri ng bulag na panggagagad. Sila ay nagpapatuloy hanggang sa pagpalos sa kinakailangang kalikasan ng kabanalan, ng Banal na pagpapahayag, ng pagpapakilala ng Diyos sa daigdig na ito. Ang lahat ng banal at pang-agham na mga suliranin ay nilulutas nila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng espiritu.
Bahá'u'lláh says there is a sign (from God) in every phenomenon: the sign of the intellect is contemplation and the sign of contemplation is silence, because it is impossible for a man to do two things at one time—he cannot both speak and meditate.	Sinabi ni Bahá'u'lláh na may isang tanda (mula sa Diyos) sa bawat kahanga-hangang bagay: ang tanda ng kaisipan ay pagnunuyon at ang tanda ng panunuyon ay katahimikan, sapagkat hindi maaaring ang isang tao ay makagawa ng dalawang bagay nang sabay—hindi siya maaaring makapagsalita at makapagbulay-bulay pa rin.
It is an axiomatic fact that while you meditate you are speaking with your own spirit. In that state of mind you put certain questions to your spirit and the spirit answers: the light breaks forth and the reality is revealed.	Isang katotohanang hindi maikakaila na samantalang kayo ay nagbubulay-bulay, nakikipag-usap kayo sa inyong sariling espiritu. Sa kalagayang iyon ng inyong isipan ay nagtatanong kayo sa inyong espiritu at ang inyong espiritu ay sumasagot: ang liwanag ay sumisilay at ang katotohanan ay nahahayag.
You cannot apply the name “man” to any being void of this faculty of meditation; without it he would be a mere animal, lower than the beasts.	Hindi ninyo maaaring ikapit ang pangalang “tao” sa alinmang nilikha na walang kapangyarihan sa pagninilay; kung wala iyan, sila ay magiging isang karaniwang hayop lamang, mababa pa kaysa mababangis na hayop.
Through the faculty of meditation man attains to eternal life; through it he receives the breath of the Holy Spirit—the bestowal of the Spirit is given in reflection and meditation.	Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagninilay, ang tao ay nagtatamo ng walang-hanggang buhay; sa pamamagitan niyan ay tumanggap siya ng hininga ng Espiritu Santo—ang pagkakaloob ng Espiritu ay ibinibigay sa pagtatanglaw at pagninilay-nilay.
The spirit of man is itself informed and strengthened during meditation; through it affairs of which man knew nothing are unfolded before his view. Through it he	Ang espiritu ng tao ay napupuspos ng kaalaman at lumalakas sa mga sandali ng pagninilay; sa pamamagitan niyon ang mga bagay na hindi talos ng tao

receives Divine inspiration, through it he receives heavenly food.	ay nahahayag sa kaniyang paningin. Sa pamamagitan niyon ay tinatanggap niya ang Banal na inspirasyon, sa pamamagitan niyon ay tumatanggap siya ng makalangit na pagkain.
Meditation is the key for opening the doors of mysteries. In that state man abstracts himself: in that state man withdraws himself from all outside objects; in that subjective mood he is immersed in the ocean of spiritual life and can unfold the secrets of things-in-themselves. To illustrate this, think of man as endowed with two kinds of sight; when the power of insight is being used the outward power of vision does not see.	Ang pagninilay ay susing nagbubukas sa mga pinto ng mga himala. Sa kalagayang iyon ang tao ay lumalayo sa kaniyang sarili; sa kalagayang iyon ang tao ay umiiwas sa kaniyang sarili mula sa lahat ng panlabas na mga bagay; sa gayong kamalayan siya ay nakalubog sa dagat ng buhay na espiritwal at kaniyang nailalahad ang mga lihim ng mga tunay na nilalaman ng mga bagay. Sa paglalarawan nito, ituring na ang tao ay nag-aangkin ng dalawang uri ng paningin; kapag ang kapangyarihan ng pagkilala sa lihim na katangian ng isang bagay ay ginagamit, ang panlabas na kapangyarihang makita ay hindi nakakikita.
This faculty of meditation frees man from the animal nature, discerns the reality of things, puts man in touch with God.	Ang kapangyarihan ng pagninilay ay nagpapalaya sa tao mula sa kalikasang-hayop, nagbibigay ng kakayahang makilala ang katotohanan ng mga bagay, iniuugnay ang tao sa Diyos.
This faculty brings forth from the invisible plane the sciences and arts. Through the meditative faculty inventions are made possible, colossal undertakings are carried out; through it governments can run smoothly. Through this faculty man enters into the very Kingdom of God.	Ang kapangyarihang ito ay naghahayag ng mga agham at mga sining mula sa kalagayang hindi nakikita. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagninilay ang mga paglikha ay nangyayari, ang matatayog na ganapin ay naisasagawa; sa pamamagitan niyon ang mga pamahalaan ay tumatakbo nang maayos. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito ang tao ay pumapasok sa Kaharian ng Diyos.
Nevertheless some thoughts are useless to man; they are like waves moving in the sea without result. But if the faculty of meditation is bathed in the inner light and characterized with divine attributes, the results will be confirmed.	Gayunman ang ilang mga kaisipan ay walang halaga sa tao; ang mga iyon ay katulad ng mga alon na gumagalaw sa dagat ng walang ibinubunga. Subalit kung ang kapangyarihan sa pagninilay ay naliligo sa panloob na liwanag at napupuspos ng mga banal na katangian, ang mga kalalabasan ay mapatitibayan.
The meditative faculty is akin to the mirror; if you put it before earthly objects it will reflect them. Therefore if the spirit of man is contemplating earthly subjects he will be informed of these.	Ang kapangyarihan sa pagninilay ay natutulad sa salamin; kapag ito ay inilalagay mo sa harap ng mga bagay na pangkalupaan, ito ay papalos sa mga naturan. Samakatwid kung ang espiritu ng tao ay nagninilay sa mga bagay na pangkalupaan, ito ang kaniyang malalaman.
But if you turn the mirror of your spirits heavenwards, the heavenly constellations and the rays of the Sun of Reality will be reflected in your hearts, and the virtues of the Kingdom will be obtained.	Datapwat kapag ang salamin ng inyong espiritu ay iniharap ninyong palangit, ang makalangit na mga buntala at mga sinag ng Araw ng Katotohanan ay papalos sa inyong mga puso, at ang mga kapurihan ng Kaniyang Kaharian ay matatamo.
Therefore let us keep this faculty rightly directed—turning it to the heavenly Sun and not to earthly objects—so that we may discover the secrets of the Kingdom, and comprehend the allegories of the Bible and the mysteries of the spirit.	Samakatwid ingatan natin na ang kapangyarihang ito ay maitunton nang wasto—iharap iyon sa makalangit na Araw at huwag sa pangkalupaang mga bagay—upang matuklasan natin ang mga lihim ng Kaharian, at maunawaan ang mga talinghaga ng Bibliya at ang mga himala ng espiritu.
May we indeed become mirrors reflecting the heavenly realities, and may we become so pure as to reflect the stars of heaven.	Sana tayo ay maging mga salamin na nagpapalos ng makalangit na katotohanan at tayo ay maging dalisay na dalisay sa pagpalos ng mga bituin ng kalangitan.

– 55 –	55
Prayer	Panalangin
97 Cadogan Gardens, London,	97 Cadogan Gardens, London,
December 26th, 1912	Disyembre 26, 1912
<i>“Should Prayer take the form of action?”</i>	<i>“Dapat bang ang Panalangin ay malagay sa anyo ng gawa?”</i>
<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Yes: In the Bahá’í Cause arts, sciences and all crafts are (counted as) worship. The man who makes a piece of notepaper to the best of his ability, conscientiously, concentrating all his forces on perfecting it, is giving praise to God. Briefly, all effort and exertion put forth by man from the fullness of his heart is worship, if it is prompted by the highest motives and the will to do service to humanity. This is worship: to serve mankind and to minister to the needs of the people. Service is prayer. A physician ministering to the sick, gently, tenderly, free from prejudice and believing in the solidarity of the human race, he is giving praise.”	<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Oo: Sa Kapakanang Bahá’í, ang mga sining, mga agham at lahat ng mga gawang kamay ay (itinuturing na) pagsamba. Ang taong gumagawa ng isang pirasong talaang-papel sa lubos ng kaniyang kaya, matamang nag-uukol ng lahat ng kaniyang lakas upang pakasakdalin iyon, ay nagbibigay-papuri sa Diyos. Sa maikling sabi ang lahat ng pagsisikap at pagpupunyagi na iniukol ng tao nang taos-puso ay pagsamba, kung iyon ay bunsod ng matatayog na mga hangarin na makapaglingkod sa sangkatauhan. Ito ay pagsamba; ang maglingkod sa sangkatauhan at mangalaga sa mga pangangailangan ng mga tao. Ang paglilingkod ay panalangin. Ang isang manggagamot na lumulunas sa maysakit, masintahin, magiliw, ligtas sa walang-batayang paniniwala at naniniwala sa pagkakabuo ng sangkatauhan ng tao, ay nagbibigay-papuri.”
<i>“What is the purpose of our lives?”</i>	<i>“Ano ang layunin ng ating mga buhay?”</i>
<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “To acquire virtues. We come from the earth; why were we transferred from the mineral to the vegetable kingdom—from the plant to the animal kingdom? So that we may attain perfection in each of these kingdoms, that we may possess the best qualities of the mineral, that we may acquire the power of growing as in the plant, that we may be adorned with the instincts of the animal and possess the faculties of sight, hearing, smell, touch and taste, until from the animal kingdom we step into the world of humanity and are gifted with reason, the power of invention, and the forces of the spirit.”	<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Upang magtamo ng mga katangian. Tayo ay nagmula sa kalupaan; bakit mula sa mineral o sangkap-lupa ay napalipat tayo sa kaharian ng mga halaman—mula sa halaman, sa kaharian ng hayop? Upang tayo ay makapagtamo ng kasakdalan sa bawat isa sa mga kahariang ito, nang tayo ay makapag-angkin ng pinakamabuting katangian ng mineral, nang tayo ay makapagkamit ng kapangyarihan ng paglago sa pagiging halaman, nang tayo ay mahiyasan ng mga simbuyo ng hayop at makapagtaglay ng mga kapangyarihan ng paningin, pandinig, pang-amoy, pandama at panlasa, hanggang sa mula sa kaharian ng hayop ay makahakbang tayong patungo sa sandaigdig ng sangkatauhan at mapagkalooban ng katwiran, ng kapangyarihan ng paglikha at ng mga lakas ng espiritu.”
– 56 –	56
Evil	Kasamaan
<i>“What is evil?”</i>	<i>“Ano ang kasamaan?”</i>

<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Evil is imperfection. Sin is the state of man in the world of the baser nature, for in nature exist defects such as injustice, tyranny, hatred, hostility, strife: these are characteristics of the lower plane of nature. These are the sins of the world, the fruits of the tree from which Adam did eat. Through education we must free ourselves from these imperfections. The Prophets of God have been sent, the Holy Books have been written, so that man may be made free. Just as he is born into this world of imperfection from the womb of his earthly mother, so is he born into the world of spirit through divine education. When a man is born into the world of phenomena he finds the universe; when he is born from this world to the world of the spirit, he finds the Kingdom.”	<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Ang kasamaan ay isang di-kasakdalan. Ang kasamaan ay siyang kalagayan ng tao sa daigdig ng kalikasang hamak, sapagkat sa kalikasan ay may mga kasiraang tulad ng kawalang-katarungan, paniniil, pagkamuhi, pagkakagalit, pagtutunggali: ang mga ito ay mga palatandaan ng mababang uri ng kalikasan. Ang mga ito ang mga pagkakasala ng daigdig, ang mga bunga ng punongkahoy na kinakunan ng kinain ni Adan. Sa pamamagitan ng edukasyon palalayain natin ang ating mga sarili mula sa mga di-kasakdalang ito. Ang mga Propeta ng Diyos ay isinugo, ang mga Banal na Aklat ay sinulat, upang ang mga tao ay magawang malaya. Kung papaanong siya ay isinilang sa daigdig na ito ng di-kasakdalan mula sa sinapupunan ng kaniyang makalupang ina, sa gayunding paraan, siya ay isinilang sa daigdig ng espiritu sa pamamagitan ng banal na pag-aaral. Kapag ang isang tao ay inianak sa daigdig ng mga kalikasang bagay, matatagpuan niya ang sansinukob; kapag siya ay inianak mula sa daigdig na ito patungo sa daigdig ng espiritu, matatagpuan niya ang Kaharian.”
– 57 –	57
The Progress of the Soul	Ang Kaunlaran ng Kaluluwa
<i>“Does the soul progress more through sorrow or through the joy in this world?”</i>	<i>“Ang kaluluwa бага ay umuunlad nang higit sa pamamagitan ng dalamhati o sa pamamagitan ng tuwa sa mundong ito?”</i>
<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “The mind and spirit of man advance when he is tried by suffering. The more the ground is ploughed the better the seed will grow, the better the harvest will be. Just as the plough furrows the earth deeply, purifying it of weeds and thistles, so suffering and tribulation free man from the petty affairs of this worldly life until he arrives at a state of complete detachment. His attitude in this world will be that of divine happiness. Man is, so to speak, unripe: the heat of the fire of suffering will mature him. Look back to the times past and you will find that the greatest men have suffered most.”	<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Ang isipan at espiritu ng tao ay sumusulong kapag siya ay sinusubok ng pagtitiis. Habang ang lupa ay lalong binubungkal ay lalo namang ang binhi ay lalago, ang ani ay lalong bubuti. Kung papaanong ang araro ay binubungkal nang malalim ang lupa, pinadadalisa ito sa mga sukal na damo at mga tinikang halaman, sa gayunding paraan, ang pagtitiis at masasaklap na karanasan ay nagpapalaya sa mga tao sa mumunting mga suliranin ng makamundong buhay na ito hanggang sa siya ay sumapit sa isang kalagayan ng ganap na pagkakawalay. Ang kaniyang saloobin sa mundong ito ay nagiging kaayon ng banal na kaligayahan. Ang tao, sabihin pa, ay hindi hinog; ang init ng apoy ng pagtitiis ang siyang nagpapahinog sa kaniya. Lingunin ang mga panahong lumipas at makikita ninyong ang mga pinakadakilang tao ay yaong nagsipagtiis ng labis.”
<i>“He who through suffering has attained development, should he fear happiness?”</i>	<i>“Siya na sa pamamagitan ng pagtiis ay nakapagtamo ng pagkaunlad, dapat ba niyang katakutan ang kaligayahan?”</i>
<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Through suffering he will attain to an eternal happiness which nothing can take from him. The	<i>‘Abdu’l-Bahá:</i> “Sa pamamagitan ng pagtitiis ay makararating siya sa walang-hanggang kaligayahan na hindi maaagaw sa kaniya ng anuman. Ang mga alagad ni

apostles of Christ suffered: they attained eternal happiness.”	Kristo ay nagsipagtiis: nakasapit sila sa walang-hanggang kaligayahan.”
“Then it is impossible to attain happiness without suffering?”	“Kung gayon ay mangyayaring makapagtamo ng kaligayahan kung walang pagtitiis?”
‘Abdu’l-Bahá: “To attain eternal happiness one must suffer. He who has reached the state of self-sacrifice has true joy. Temporal joy will vanish.”	‘Abdu’l-Bahá: “Upang makapagtamo ng walang-hanggang kaligayahan, ang tao ay dapat magtiis. Siya na nakasapit sa kalagayan ng pagpapakasakit sa sarili ay may tunay na tuwa. Ang pangkamunduhang tuwa ay mapaparam.”
“Can a departed soul converse with someone still on earth?”	“Ang isa bagang namayapang kaluluwa ay maaaring makipag-usap sa isang nabubuhay pa sa ibabaw ng lupa?”
‘Abdu’l-Bahá: “A conversation can be held, but not as our conversation. There is no doubt that the forces of the higher worlds interplay with the forces of this plane. The heart of man is open to inspiration; this is spiritual communication. As in a dream one talks with a friend while the mouth is silent, so is it in the conversation of the spirit. A man may converse with the ego within him saying: ‘May I do this? Would it be advisable for me to do this work?’ Such as this is conversation with the higher self.”	‘Abdu’l-Bahá: “Ang isang pag-uusap ay maaaring mangyari, ngunit hindi kagaya ng ating pag-uusap. Hindi mapag-aalinlangan na ang mga lakas ng lalong mataas na mga daigdig ay nakikipag-ugnayan sa mga lakas ng daigdig na ito. Ang puso ng tao ay bukas sa inspirasyon; ito ay pagpapahatirang espiritwal. Kagaya ng sa isang panaginip, ang isa ay nakikipag-usap sa isang kaibigan samantlang ang bibig ay tahimik, anupa’t gayundin sa pakikipag-usap ng espiritu. Ang isang tao ay maaaring makipag-usap sa kaniyang sariling kalooban at magsabing: ‘Maaari bang gawin ko ’to? Marapat ko bang gawin ang gawaing ito?’ Ganito rin ang pakikipag-usap sa lalong mataas na sarili.”
– 58 –	58
The Four Kinds of Love	Ang Apat na Uri ng Pag-ibig
97 Cadogan Gardens, London,	97 Cadogan Gardens, London,
Saturday, January 4th, 1913	Sabado, Enero 4, 1913
What a power is love! It is the most wonderful, the greatest of all living powers.	Gaanong kapangyarihan ang pag-ibig! Iyon ay siyang higit na kahanga-hanga, ang pinakadakila sa lahat ng nabubuhay na mga kapangyarihan.
Love gives life to the lifeless. Love lights a flame in the heart that is cold. Love brings hope to the hopeless and gladdens the hearts of the sorrowful.	Ang pag-ibig ay nagbibigay-buhay sa walang buhay. Ang pag-ibig ay nagsisindi ng isang ningas sa pusong nanlalamig. Ang pag-ibig ay naghahatid ng pag-asa sa walang pag-asa at nagpapalugod sa mga puso ng nangagdadalamhati.
In the world of existence there is indeed no greater power than the power of love. When the heart of man is aglow with the flame of love, he is ready to sacrifice all—even his life. In the Gospel it is said God is love.	Sa daigdig ng buhay ay tunay na wala nang hihigit pang kapangyarihan sa kapangyarihan ng pag-ibig. Kapag ang puso ng tao ay nag-aalab sa ningas ng pag-ibig, siya ay nahahandang magpakasakit ng lahat—kahit na ng kaniyang buhay. Sa Ebanghelyo ay sinasabing ang Diyos ay pag-ibig.
There are four kinds of love. The first is the love that flows from God to man; it consists of the inexhaustible	May apat na uri ng pag-ibig. Ang una ay ang pag-ibig na dumadaloy mula sa Diyos tungo sa tao; ito ay nabubuo

graces, the Divine effulgence and heavenly illumination. Through this love the world of being receives life. Through this love man is endowed with physical existence, until, through the breath of the Holy Spirit—this same love—he receives eternal life and becomes the image of the Living God. This love is the origin of all the love in the world of creation.	ng walang-pagkasaid na habag, ng Banal na liwanag at makalangit na tanglaw. Sa pamamagitan ng pag-ibig na ito ang sangnilikha ay tumatanggap ng buhay. Sa pamamagitan ng pag-ibig na ito, ang tao ay pinagkalooban ng pagkabuhay na pangkatawan, hanggang, sa pamamagitan ng hininga ng Espiritu Santo—ang pag-ibig ding ito—siya ay tumatanggap ng buhay na walang hanggan at nagiging larawan ng Nabubuhay na Diyos. Ang pag-ibig ay siyang simula ng lahat ng pag-ibig sa daigdig na ito ng sangnilikha.
The second is the love that flows from man to God. This is faith, attraction to the Divine, enkindlement, progress, entrance into the Kingdom of God, receiving the Bounties of God, illumination with the lights of the Kingdom. This love is the origin of all philanthropy; this love causes the hearts of men to reflect the rays of the Sun of Reality.	Ang ikalawa ay ang pag-ibig na dumadaloy mula sa tao patungo sa Diyos. Ito ay pananampalataya, pagkaakit sa Kabanalan, pagpapakaningning, kaunlaran, pagpasok sa Kaharian ng Diyos, tinatanggap ang mga kagandahang-loob ng Diyos, kaliwanagang nagmumula sa mga ilaw ng kaharian. Ang pag-ibig na ito ay siyang simula ng lahat ng pagkakawanggawa; ang pag-ibig na ito ay siyang nagbunsod sa mga puso ng tao upang ipalos ang mga sinag ng Araw ng Katotohanan.
The third is the love of God towards the Self or Identity of God. This is the transfiguration of His Beauty, the reflection of Himself in the mirror of His Creation. This is the reality of love, the Ancient Love, the Eternal Love. Through one ray of this Love all other love exists.	Ang ikatlo ay ang pag-ibig ng Diyos sa Sarili o sa Pagkakakilanlan ng Diyos. Ito ang pagbabagong-anyo ng Kaniyang Karikitan, ang pagpalos ng Sarili sa salamin ng Kaniyang Nilikha. Ito ang katotohanan ng pag-ibig, ang Matandang Pag-ibig, ang Walang-hanggang Pag-ibig. Sa pamamagitan ng isang sinag ng Pag-ibig na ito, ang lahat ng iba pang pag-ibig ay umiiral.
The fourth is the love of man for man. The love which exists between the hearts of believers is prompted by the ideal of the unity of spirits. This love is attained through the knowledge of God, so that men see the Divine Love reflected in the heart. Each sees in the other the Beauty of God reflected in the soul, and finding this point of similarity, they are attracted to one another in love. This love will make all men the waves of one sea, this love will make them all the stars of one heaven and the fruits of one tree. This love will bring the realization of true accord, the foundation of real unity.	Ang ikaapat ay ang pag-ibig ng tao sa tao. Ang pag-ibig na umiiral sa pagitan ng mga puso ng mga sumasampalataya ay ibinubuyo ng simulain ng pagkakaisa ng mga espiritu. Ang pag-ibig na ito ay natatamo sa pamamagitan ng kaalaman ng Diyos. Upang makita ng tao ang Banal na Pag-ibig na ipinapalos sa puso. Nakikita sa iba ng bawat isa ang Karikitan ng Diyos na ipinapalos sa kaluluwa, at sa pagkakawangis ay nagkakaakitan ang isa't isa sa pag-ibig. Ang pag-ibig na ito gagawing silang lahat na maging mga bituin ng isang kalangitan at mga bunga ng isang punongkahoy. Ang pag-ibig na ito ay siyang magdadala ng kaganapan ng tunay na pagkakasundo, ang saligan ng tunay na pagkakaisa.
But the love which sometimes exists between friends is not (true) love, because it is subject to transmutation; this is merely fascination. As the breeze blows, the slender trees yield. If the wind is in the East the tree leans to the West, and if the wind turns to the West the tree leans to the East. This kind of love is originated by the accidental conditions of life. This is not love, it is merely acquaintanceship; it is subject to change.	Subalit ang pag-ibig na kung minsan ay umiiral sa pagitan ng mga magkakaibigan ay hindi (tunay na) pag-ibig, sapagkat iyan ay maaaring magpabagu-bago, iyon ay isa lamang pagkaakit. Samantalang ang amihaan ay sumisimoy, ang mahihinang punongkahoy ay sumusuko. Kung ang hangin ay nasa Silangan, ang punongkahoy ay humihilig sa Silangan, at kung ang hangin ay pumipihit sa Kanluran, ang punongkahoy ay kumikiling sa Silangan. Ang uring ito ng pag-ibig ay sumulpot sa pamamagitan ng di-sinasadyang mga kalagayan ng buhay. Ito ay hindi pag-ibig, ito ay pagkikilala lamang; maaaring magbago.
Today you will see two souls apparently in close friendship; tomorrow all this may be changed. Yesterday they were ready to die for one another, today they shun one another's society! This is not love; it is the yielding of the hearts to the accidents of life. When that which	Ngayon ay makikita ninyo ang dalawang kaluluwang matalik na magkaibigan; bukas ang lahat ng ito ay maaaring magbago. Kahapon ay handa silang magpakamatay sa isa't isa, ngayon ay iniwasan nila ang pakikisalamuha sa isa't isa! Ito ay hindi pag-ibig; ito ay pagsuko lamang ng mga puso sa mga pangyayari ng

has caused this “love” to exist passes, the love passes also; this is not in reality love.	buhay. Kapag ang bagay na naging sanhi ng “pag-ibig” na ito ay lumipas, ang pag-ibig ay lilipas din; hindi ito ang sa katotohanan ay pag-ibig.
Love is only of the four kinds that I have explained. (a) The love of God towards the identity of God. Christ has said God is Love. (b) The love of God for His children—for His servants. (c) The love of man for God and (d) the love of man for man. These four kinds of love originate from God. These are rays from the Sun of Reality; these are the Breathings of the Holy Spirit; these are the Signs of the Reality.	Ang pag-ibig na tanging nabibilang sa apat na uring akin nang ipinaliwanag. (a) Ang Pag-ibig ng Diyos sa pagkakakilanlan ng Diyos. Sinabi ni Kristo na ang Diyos ay Pag-ibig. (b) Ang pag-ibig ng Diyos para sa Kaniyang mga anak—para sa Kaniyang mga tagapaglingkod. (c) Ang pag-ibig ng tao para sa Diyos at (d) ang pag-ibig ng tao para sa tao. Ang apat na uring ito ng pag-ibig ay nagbuhat sa Diyos. Ang mga ito ang mga sinag mula sa Araw ng Katotohanan; ang mga ito ang mga Hininga ng Espiritu Santo; ang mga ito ang mga Tanda ng Katotohanan.
– 59 –	59
Tablet Revealed by ‘Abdu’l-Bahá	Ang Tabletang Inihayag ni ‘Abdu’l-Bahá
August 28th, 1913	<i>Agosto 28, 1913</i>
O Thou my beloved daughter!	O Ikaw na anak kong babaeng pinakaiibig!
Thine eloquent and fluent letter was perused in a garden, under the cool shade of a tree, while the gentle breeze was wafting. The means of physical enjoyment was spread before the eyes and thy letter became the cause of spiritual enjoyment. Truly, I say, it was not a letter but a rose-garden adorned with hyacinths and flowers.	Ang iyong nangungusap at mataas na liham ay binasa ko sa loob ng isang halamanan, sa ilalim ng malamig na lilim ng punongkahoy, samantalang ang mahinhing amihan ay sumisimoy. Ang mga sanhi ng katuwaang pangkatawan ay lumaganap sa harap ng mga mata at ang iyong liham ay naging sanhi ng katuwaang espiritwal. Tunay, sinasasabi ko, iyon ay hindi isang sulat kundi isang halamanan ng mga rosas na napapalamutihan ng mga hasinta at mga bulaklak.
It contained the sweet fragrance of paradise and the zephyr of Divine Love blew from its roseate words.	Nilalaman nito ang matamis na halimuyak ng paraiso at ang hanging paraiso ng Banal na Pag-ibig na humihihip mula sa malarosas na mga salita nito.
As I have not ample time at my disposal, I will give herein a brief, conclusive and comprehensive answer. It is as follows:	Sapagkat wala akong sapat na panahon na maitutustos, nagbibigay ako rito ng isang maikli, walang- alinlangan at nakasasaklaw na kasagutan. Iyan ay gaya ng sumusunod:
In this Revelation of Bahá’u’lláh, the women go neck and neck with the men. In no movement will they be left behind. Their rights with men are equal in degree. They will enter all the administrative branches of politics. They will attain in all such a degree as will be considered the very highest station of the world of humanity and will take part in all affairs. Rest ye assured. Do ye not look upon the present conditions; in the not far distant future the world of women will become all-refulgent and all-glorious, <i>For His Holiness Bahá’u’lláh Hath Willed It so!</i> At the time of elections the right to vote is the inalienable right of women, and the entrance of women into all human departments is an irrefutable and incontrovertible question. No soul can retard or prevent it.	Sa Pagpapahayag na ito ni Bahá’u’lláh, ang kababaihan ay pumapantay sa kalalakihan. Sa anumang kilusan ay hindi sila napahuhuli. Ang kanilang mga karapatan ay pantay sa antas sa mga karapatan ng lalaki. Papasukin nila ang lahat ng mga sangay na pampangasiwaan ng politika. Kanilang tatamuhin sa anumang kaparaanan ang lalo mang pinakamataas na himpilan ng daigdig ng sangkatauhan at makikilahok sila sa lahat ng mga suliranin. Kayo ay makatitiyak. Huwag kayong masiyahan na lamang sa mga kalagayang pangkasalukuyan; sa di-nalalayong hinaharap ang daigdig ng kababaihan ay magiging puspos-kinang at puspos-luwalhati, <i>Sapagkat ang Kaniyang Kabanalan, si Bahá’u’lláh, ang Siyang Nagkaloob Niyan!</i> Sa panahon ng mga halalan, ang karapatan sa pagboto ay hindi

	maikakait na karapatan ng kababaihan, at ang pagpasok ng kababaihan sa lahat ng kagawaran ng mga tao ay isang di-masusumang at di-malalabanang usapin. Walang taong makahahadlang o makaiwas diyan.
But there are certain matters, the participation in which is not worthy of women. For example, at the time when the community is taking up vigorous defensive measures against the attack of foes, the women are exempt from military engagements. It may so happen that at a given time warlike and savage tribes may furiously attack the body politic with the intention of carrying on a wholesale slaughter of its members; under such a circumstance defense is necessary, but it is the duty of men to organize and execute such defensive measures and not the women—because their hearts are tender and they cannot endure the sight of the horror of carnage, even if it is for the sake of defense. From such and similar undertakings the women are exempt.	Subalit may ilang mga bagay, na ang pakikisalamuha sa mga naturan ay hindi karapat-dapat sa kababaihan. Halimbawa, sa panahong ang isang pamayanan ay gumagawa ng malakas na pagtatanggol laban sa paglusob ng mga kaaway, ang kababaihan ay hindi kabilang sa mga paghahamok na panghukbo. Maaaring mangyaring sa isang itinakdang oras ay buong bangis na sumalakay sa isang sambayanan ang mapandigma at mababalasik sa mga lipi sa tangkang magsagawa ng isang paglipol ng lahat ng mga kagawad ng nasabing sambayanan; sa ilalim ng ganiyang kalagayan, ang pagtatanggol ay kailangan, datapwat tungkulin ng kalalakihan na bumuo at magsakatuparan ng kinakailangang mga hakbang na nagtatanggol at hindi ang kababaihan—sapagkat ang kanilang mga puso ay mahabagin at hindi nila matatagalang panoorin ang nakapanghihilakbot na patayan, kahit na ang gayon ay alang-alang sa pagsasanggalang. Sa ganiyan at mga kauri pang gawain ay hindi saklaw ang kababaihan.
As regards the constitution of the House of Justice, Bahá'u'lláh addresses the men. He says: "O ye men of the House of Justice!"	Tungkol sa kabuuan ng House of Justice, si Bahá'u'lláh ay nagpahayag sa mga lalaki. Kaniyang sinabi: "O kayong kalalakihan ng Kapulungan ng Katarungan!"
But when its members are to be elected, the right which belongs to women, so far as their voting and their voice is concerned, is indisputable. When the women attain to the ultimate degree of progress, then, according to the exigency of the time and place and their great capacity, they shall obtain extraordinary privileges. Be ye confident on these accounts. His Holiness Bahá'u'lláh has greatly strengthened the cause of women, and the rights and privileges of women is one of the greatest principles of 'Abdu'l-Bahá. Rest ye assured! Erelong the days shall come when the men addressing the women, shall say: " <i>Blessed are ye! Blessed are ye! Verily ye are worthy of every gift. Verily ye deserve to adorn your heads with the crown of everlasting glory, because in sciences and arts, in virtues and perfections ye shall become equal to man, and as regards tenderness of heart and the abundance of mercy and sympathy ye are superior.</i> "	Ngunit kapag ang mga kagawad niyon ay ihahalal na, ang karapatang nauukol sa kababaihan kailanman at kung ang botohan at ang tinig ang pag-uusapan, ito ay hindi matututulan. Kapag ang kababaihan ay nakasapit na sa pinakahuling antas ng kaunlaran, sa pagkakagayon, alinsunod sa pangangailangan ng panahon at lunan ng kanilang malaking kakayahan, makakukuha sila ng mga pribilehiyong hindi pangkaraniwan. Kayo ay magtiwala sa mga bagay na ito. Ang Kaniyang Kabanalan, si Bahá'u'lláh, ay lubhang nagpalakas sa panig ng kababaihan, at ang mga karapatan at mga pribilehiyo ng kababaihan ay isa sa pinakadakilang simulain ni 'Abdu'l-Bahá. Makatitiyak kayo! Hindi maglalaon at ang mga araw ay darating na ang kalalakihan, sa pagpapahayag sa kababaihan, ay magsasabi: " <i>Pagpalain nawa kayo! Pagpalain nawa kayo! Tunay, kayo ay karapat-dapat sa bawat alaala. Tunay, kayo ay marapat na maputungan sa inyong mga ulo ng korona ng walang-hanggang luwalhati, sapagkat sa mga agham at mga sining, sa mga kapurihan at mga kasakdalan, kayo ay magiging pantay sa kalalakihan, at bagay sa kalambutan ng puso at sa kasaganaan ng habag at pagdamay, kayo ay nakahihigit!</i> "
• • •	
Notes and References in this Publication	MGA TALA

Part One	Bahagi I
5. God Comprehends All; He Cannot Be Comprehended	
1. John 14:11. ↩	1. Juan 14:11.
12. The Clouds That Obscure the Sun of Truth	
1. Matthew 24:30, 16:27. ↩	2. Mateo 24:30, 16:27.
2. John 3:13. ↩	3. Juan 3:13.
13. Religious Prejudices	
1. John 18:11. ↩	4. Juan 18:11.
17. The Holy Spirit, the Intermediary Power between God and Man	
1. Manifestations of God. ↩	5. Mga Kahayagan ng Diyos.
22. The Two Kinds of Light	
1. Exodus 3:2. ↩	6. Exodo 3:2.
25. Bahá'u'lláh	
1. A certain man who was present when Badi' was told he should carry the Epistle to the Sháh saw him transfigured; he became radiant. ↩	7. Isang lalaking kaharap nang sabihin kay Badi' na dalhin ang kalatas sa Sháh ay nakita siyang nagbabagong-anyo; siya ay naging makinang.
27. The True Meaning of Baptism by Water and Fire	
1. John 3:5. ↩	8. Juan 3:5.
2. Matthew 3:11. ↩	9. Mateo 3:11.
29. The Evolution of the Spirit	
1. i.e.—All good actions bring their own reward. ↩	10. yaon ay, Ang lahat ng mabubuting hakbang ay may angking pabuya.
31. Concerning Body, Soul and Spirit	
1. A small orange-tree on the table nearby. ↩	11. Isang maliit na puno ng dalandan sa kalapit na hapag.
33. On Calumny	
1. i.e.—Divine Manifestation. ↩	12. yaon ay, Banal na Kahayagan.
Part Two	
46. The Sixth Principle—Means of Existence	
1. "Give me neither poverty nor riches."—Proverbs 30:8. ↩	13. "Huwag mo akong bigyan ni karalitaan ni kayamanan"—Mga Kawikaan 30:8.
52. This Great and Glorious Cause	
1. Matthew 18:18. ↩	14. Mateo 18:19.
This document has been downloaded from the <u>Bahá'í Reference Library</u> . You are free to use its content subject to the terms of use found at www.bahai.org/legal	